

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

CORE SUBJECT

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Lendie F. Gallego, Mark Anthony M. Artis, Mariane N. Villar, Gesselle S. Cambia, Rhia C. Arapan, Sigrid F. Tibordo, Arcris Jay L. Magpantay, Alfred Mendoza, Lorenz C. Almendras, Aldimaer B. Uy, Anna Lou G. Edillon, at Willy P. Espartero

Tagasuri ng Nilalaman: Renato R. Santillan, Rowena T. Ulalan, Mary Jean P. Paller, Hilda Caasi-Dawayen, Winston N. Ros, Luvy John Abanto Flores, Maria Felomina M. Saludes, Liezl R. Borlasa, Clemence G. Andrade, Jesyl F. Avancena, at Phelma O. Camacho

Konsultant: **Theresa Madrid Rañeses**
Bicol University College of Education Integrated Laboratory School

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito [https://bit.ly/Feedback LE LAS Core](https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core) kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

MGA TAMPOK SA MODELONG BANGHAY-ARALIN NG SENIOR HIGH SCHOOL

Dinisenyo ang **Modelong Banghay-Aralin ng Senior High School** upang suportahan ang kaguruan sa paghahatid ng makabuluhan, nakagaganyak at nakasalig sa pamantayang pagtuturo na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sapagkat nakaangkla sa Senior High School Instructional Design Framework (SHS- IDF), tinitiyak na konstruktibong pagkakaayon ng modelong banghay-aralin sa mga pamantayan ng kurikulum, mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto, at kaparaanan ng pagtataya. Sa tulong ng pagkakaugnay-ugnay na ito, nabibigyang-pagkakataon ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kaalaman, kakayahan at kinakailangang kasanayan para sa kolehiyo, pagpapaunlad ng kasanayang *middle level*, pantrabaho at pangnegosyo.

Sa ubod ng modelong banghay-aralin, naroon ang daloy-instruksiyonal sa anyo ng AID, isang nakabalangkas na lapit sa pagtuturo at pagkatuto na binubuo ng tatlong magkakaugnay na yugto: **Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman, Integrasyon ng Bagong Kaalaman at Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan**. Nagsisilbing gabay ang daloy-instruksiyonal na ito sa guro sa pagbuo ng may kaisahang danas sa pagkatuto na humuhubog sa mga mag-aaral mula sa dating kaalaman, pagpapalalim ng pag-unawa sa pamamagitan ng makabuluhang pakikilahok at pagbibigay ng pagkakataon para sa awtentikong paglalapat at pagtataya.

Nagsisilbing pintuan ang yugtong **Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman** sa pagtalakay sa aralin. Umaakay ito sa mga mag-aaral upang iugnay ang nakaraang karanasan sa mga bagong konsepto, daan upang higit na maging makatuturan at makabuluhan ang pagkatuto. Pinagtitiyag ng yugtong ito, ang layunin ng aralin sa pamamagitan ng paglilinaw sa tunguhin ng pagkatuto, pagbibigay-tuon sa paglalapat sa tunay na buhay, at pagganyak sa mga mag-aaral na aktibong makibahagi sa proseso ng pagkatuto.

Nakatuon naman ang **Integrasyon ng Bagong Kaalaman** sa pagpapaunlad ng pag-unawa at kabihasaan sa mga konsepto. Dito, ipinakilala sa mga mag-aaral ang bagong idea sa pamamagitan ng mga halimbawang maingat na pinili, ginabayang pagtuklas, at tahasang pagtuturo. Sa pamamagitan ng talakayan, kolaboratibong gawain, at nakabalangkas na pagsasanay, may pag-unlad na napalalalim ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa at napagyayaman ang kinakailangang kasanayan upang matamo ang inaasahang bunga ng pagkatuto.

Nagbibigay naman ng mga oportunidad ang yugto ng **Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** sa mga mag-aaral na makapaglapat, makalikha ng bagong idea, at maipamalas ang kanilang pagkatuto. Sa tulong ng pratikal na aplikasyon, mapagnilay na gawain, ebalwasyon at pagsusog na gawaing kumikilala sa pagkakaiba-iba, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa habang tinitipon ng guro ang mga katibayan ng pagkatuto. Tinitiyak din ng yugtong ito na natatanggap ng mga mag-aaral ang kaukulang suporta sa tulong ng karagdagang pagsasanay.

Upang higit na mapaigting ng danas sa pagkatuto, nilakipan ang modelong banghay-aralin ng mga susing programa. Nakapaloob at nakapatnubay sa mga aralin ang **Integrative Performance Tasks (IPTs)** upang matiyak na unti-unting napauunlad

sa mga mag-aaral ang mga kinakailangang kasanayan nang sa gayon ay matagumpay na matapos ang awtentiko at interdisiplinaryong pagtataya sa pagganap. Sa halip na ituring bilang magkakabukod na proyekto, hinabi ang IPTs sa pansilid na pagtuturo upang maging kadluan ng mga mag-aaral ng kinakailangang kaalaman at kasanayan sa paglipas ng panahon.

Bilang pagkilala sa kahingian ng mabilis na pagbabago ng dihital na mundo, isinusulong din ng modelong banghay-aralin ang **Integrasyon ng EdTech**. Estrategikong nakapaloob dito ang educational technologies upang mapagyman ang instruksiyon, mapagting ang kolaborasyon, mahikayat ang pagkamalikhain, at mabigyan ang mag-aaral ng nakagaganyak at interaktibong danas sa pagkatuto.

Dagdag pa rito, pinalalakas ng modelong banghay-aralin ang **literacy at numeracy** sa pamamagitan ng paglalakip ng kasanayang literacy at numeracy sa mga gawaing pampagkatuto at pagtataya. Tinitiyak ng integrasyong ito ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng kasanayang kinakailangan upang mahasa sila sa pagbibigay-interpretasyon sa impormasyon, mabisang pakikipagtalastasan, pagtugon sa suliranin, gumawa ng may batayang pasiya, at lumusong sa totoong sitwasyon sa buhay nang may kumpiyansa.

Sa tulong ng mga tampok na ito, nagsisilbing pratikal at komprehensibong gabay ng guro ang Modelong Banghay-Aralin ng Senior High School, nasusuportahan ang paghahatid ng pagtuturong may mataas na kalidad na nakasentro sa mag-aaral, ingklusibo, makabuluhan, at tumutugon sa mga minimithi para sa kanila ng Senior High School, at sa kahingian ng ika-21 siglo.

GABAY SA PAGPAPADALOY NG INTEGRATIVE PERFORMANCE TASKS (IPT)

Dinisenyo ang **Integrative Performance Task (IPT)** upang magsilbing awtentikong paraan ng pagpapamalas ng pagkatuto na tumatahi sa mga kasanayan mula sa iba't ibang asignatura. Upang matiyak na ang IPT ay magiging natural na kulminasyon ng pansilid na instruksiyon, sa halip na isa-isang proyektong nakatalaga sa pagtatapos ng bawat termino, hinihikayat ang kaguruan na isabuhay ang sumusunod na simulain sa pagpapaunlad at implementasyon ng IPT.

Una, kinakailangang nakasalin ang **Pamanatayan sa Pagganap** sa kongkreto, awtentiko at produkto, pagganap, o solusyon na hango sa tunay na mundo. Malinaw na naitatakda ang inaasahang awtput upang matulungan ang kaguruan at mga mag-aaral na maunawaan ang layon ng instruksiyon at mapanatili ang tuon sa inaasahang pangwakas na mithiin sa kabuoang siklo ng pagkatuto.

Ikalawa, kinakailangang mapaghubog at komulatibo ang pagtatamo ng IPT. Kinakailangan na maingat at sistematikong nakalaan ang mga kasanayang pampagkatuto, kasanayang teknikal, at kaalamang panlarangan bilang kahingian sa pinal na awtput at naituturo sa kinaaangakupang mga aralin. Kinakailangan ding nakapagbibigay ang bawat aralin ng makabuluhang ambag tungo sa pagsasakatuparan ng IPT.

Ikatlo, sa pagtatakda ng layon ng aralin, kinakailangang nakasandig ang guro sa kaparehong paghango sa tunay na mundong konteksto o senaryo na inilahad sa IPT. Natutulungan nang maagang pagpapakilala sa senaryo ang mga mag-aaral na matukoy ang kabuluhan ng bawat aralin at nahihimok sila na tuloy-tuloy na maiugnay ang mga bagong natamong kaalaman at kasanayan sa pinal na gawain. Kinakailangang naipabatid na ito sa simula pa lamang ng termino, at palagiang nauusisa bilang punto ng sanggunian sa kabuoan ng pagtuturo.

Ikaapat, sa bahagi ng Pagtukoy ng Praktikal na Aplikasyon sa aralin, kinakailangang naidisensyo ng kaguruan ang mga gawaing pagkatuto na sumasalamín sa pangkaisipang proseso, kasanayan, o kahingian sa pagganap ng IPT. Nagsisilbing pagkakataon ang mga pormatibong pagtatayang ito sa pagsasanay at pagbibigay-puna. Sa anumang posibleng pagkakataon, kinakailangang gumamit ang guro ng pamantayan na nakaangkla sa rubrik na itinakda ng IPT upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga inaasahan sa kanila at patuloy na mapaunlad ang kanilang pagganap.

Ikalima, anumang dihital na plataporma, kinakailangan ang tahasang pagtuturo ng educational technologies, matematikal na hakbangin, mga metodo ng pananaliksik, pamamaraang panlaboratoryo, o iba pang kagamitan sa pagtalakay, ginabayang pagsasanay, at pagtatamo ng kabihasaan sa konsepto para sa matagumpay na pagsasakatuparan ng IPT. Kinakailangang may sapat na pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay sa paggamit ng mga kagamitang ito bago sila asahan sa independiyenteng aplikasyon nito sa IPT.

Ikaanim, kinakailangang tuwirang nakapag-aambag ang lagumang pagtataya sa pagsasakatuparan at pag-unlad ng IPT. Sa halip na magsilbi bilang magkakabukod na ebalwasyon, marapat na makabuo o mapaghusay ng mga mag-aaral ang kahingian ng

mga pagtatayang ito sa pagsasakatuparan ng pinal na awtput sa IPT. Pinag-iibayo ng ganitong lapit ang kaisahan sa pagitan ng pagtuturo, pagtataya at inaasahang pagganap.

Sa huli, kinakailangang nakapagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral ang pinal na modelong banghay-aralin na tipunin, paghusayin ang bawat kahingian at pagsasakatuparan ng pinal na awtput ng IPT. Maaaring mailakip sa yugtong ito ang peer review, konsultasyon, rebisyon, pagsasanay, at pinal na pagpapakinis ng mga awtput bago ang pormal na presentasyon at pagpapasa. Kinakailangang maging tapagpadaloy ang kaguruan ng pagninilay at pagbibigay-puna upang matiyak na nakapagpapamalas ang mga mag-aaral ng kabihasaan ng kasanayan at makabuluhang paglalapat ng pagkatuto.

Talaan ng Nilalaman

Modelong Banghay-Aralin 1	1
Modelong Banghay-Aralin 2	27
Modelong Banghay-Aralin 3	58
Modelong Banghay-Aralin 4	87
Modelong Banghay-Aralin 5	115
Modelong Banghay-Aralin 6	144
Modelong Banghay-Aralin 7	180
Modelong Banghay-Aralin 8	208
Modelong Banghay-Aralin 9	250
Modelong Banghay-Aralin 10	289

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

•LAYUNIN (<i>Pagtukoy sa mga Layunin</i>)	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamin sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Pagbibigay-kahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa. <p>Pakikilahok</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, turn-taking, pagbibigay ng kumpirmasyon o <i>back-channeling</i>, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan). <p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens (hal. pagtatanong, pagkukwento, paglalahad ng

	obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon). Pagninilay <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo. 	
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	Bernales, R. A., et al. (2016). <i>Mabisang Komunikasyon sa Wikang Filipino</i> . Mutya Publishing House. Constantino, E. (2019). <i>Mga piling babasahin sa wika at komunikasyon</i> . University of the Philippines Press. P., & Salazar, R. G. (2021). <i>Mabisang komunikasyon sa makabagong panahon</i> . Rex Book Store. Santos, V. S., Bernales, R. A., & Atienza, G. T. (2020). <i>Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino</i> . C & E Publishing. Sabanal, G.C at Marangi J. V, Lesson Exemplar 2025. <i>Strengthened Senior High School Mabisang Komunikasyon</i> . Department of Education. Department of Education. (2024). <i>Strengthened Senior High School Curriculum Guide: Mabisang Komunikasyon</i> . Department of Education. chatgpt.com, ang AI na ito ay ginamit sa pagbuo ng mga larawan at template ng garpikong pantulong	
<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN/ Sitwasyong Komunikatibo 	Pagpapakilala ng sarili at pagpapakilala ng ibang tao sa iba't ibang uri ng tagpuan (pormal/impormal, online/offline)	
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa. • Nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan. • Nakapagpapaliwanag ng mga sitwasyong nagpapakita ng epektibong pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal. • Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal upang matukoy ang mga gawi o asal na nakatutulong sa epektibong pakikipag-ugnayan • Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens 	
<ul style="list-style-type: none"> • PAMAMARAAN 	TALA SA GURO	
<ul style="list-style-type: none"> • Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman 	1. Paghango sa Dating Kaalaman Gawain 1. Opsiyon A: SpeakSmart Poll: Wika Ko, Repleksiyon Ko 1. Maghanda ng isang <i>digital poll</i> gamit ang Mentimeter . Gamit ang	Para sa Opsiyon A. SpeakSmart Poll: Wika Ko, Repleksiyon Ko Bago isagawa ang gawain, gumawa muna ng mentimeter account at


	<p><i>cellphone</i>, pasagutan sa mga mag-aaral ang tanong na: <i>Sa anong situwasyon mo pinakamadalas gamitin ang magagalang na pananalita?</i></p> <p>Mga pagpipilian:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bahay • Paaralan • <i>Social media</i> • Pakikipagkaibigan • Pormal na usapan <p>Pagkatapos nito ipakita ng guro ang grap ng resulta sa mga mag-aaral at pasagutan ang mga pamprosesong tanong.</p> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <p>a. Ano ang may pinakamataas na porsiyento?</p> <p>b. Bakit mahalaga ang magalang na pananalita sa bahaging ito?</p>	<p>gumawa ng <i>digital poll</i> tulad ng <i>word cloud</i>. Ilagay ang tanong na nais pasagutan sa mag-aaral (<i>Sa anong situwasyon mo pinakamadalas gamitin ang magagalang na pananalita? Ilalagay rin ang mga pagpipilian na : bahay, paaralan, social media, pakikipagkaibigan, at pormal na usapan</i>)</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa <i>Instructional Design Framework (IDF)</i> na <i>Activate Phase</i>. Dito inaalang ang dating kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral, iniugnay ang bagong aralin sa kanilang personal na karanasan.</p> <p>Sa aspeto naman ng <i>21st Century Skills</i>, ang gawain ay naiugnay sa <i>Information, Media and Literacy Skills</i> dahil sa ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang <i>cellphone</i> upang makilahok sa isang <i>online poll</i> at mabasa ang resulta nito. Ang literacy at numeracy skills ay nalinang din sa gawaing ito dahil kailangang suriin ng mga mag-aaral ang grap na result ng poll para masagutan ang mga pamprosesong tanong.</p>
--	--	---

	<p>Gawain 2. Opsiyon B: Puso at Pananaw Panuto: Magbigay ng babasahin. Hayaan ang mag-aaral na bumasa at umunawa sa daloy ng usapan sa diyalogo. Pasagutan ang mga tanong sa ibaba.</p> <p>Anak: <i>Inay, puwede po ba tayong mag-usap?</i> Ina: <i>Oo naman, anak. May problema ba?</i> Anak: <i>Gusto ko lang pong humingi ng tawad sa ginawa kong pagsagot-sagot sa inyo kagabi. Hindi ko po sinasadya, dala lang talaga ng pagod at inis ko sa school.</i> Ina: <i>Nasaktan ako sa sinabi mo, anak. Pero salamat at naisip mong humingi ng tawad.</i> Anak: <i>Naiintindihan ko po ngayon na hindi iyon tamang paraan ng pagharap sa problema. Pasensya na po talaga, Nay. Hindi ko na po uulitin.</i></p> <p>Ina: <i>Mahalaga sa akin na natututo kang humingi ng tawad at maging responsable sa iyong kilos. Pinapatawad kita, anak. Nandito lang ako palagi para sa'yo.</i></p> <p>Anak: <i>Salamat po, Inay. Mahal na mahal ko po kayo.</i></p> <p>Pamprosesong Tanong: 1. Sa palagay mo, bago humingi ng tawad ang anak, ano kaya ang mga saloobin o pagninilay ang pinagdaanan niya? 2. Anong uri ng komunikasyon ang ginamit ng anak sa pakikipag-usap sa kanyang ina? Bakit mo ito nasabi? 3. Paano mo masasabi na ito ay isang personal na komunikasyon? Ano ang mga katangian nito?</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 1</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: Puso at Pananaw Maghanda ng <i>task card</i> na naglalaman ng diyalogo. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga pamprosesong tanong.</p> <p>Ang gawaing ito ay maituring na bahagi ng Literacy Integration Framework sapagkat ginagamit ang pagbasa o pakikinig upang maunawaan ang mensahe, damdamin, at angkop na paggamit ng wika sa komunikasyon. Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.</p> <p>Sa aspeto ng <i>21st Century Skills</i>, ang gawaing ito ay nakapaloob sa Communication Skills – nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong paraan ng pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. Nililinang nito ang <i>critical thinking, communication at literacy skills</i>.</p> <p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 1, Indicator 1.4.2 "Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills."</p>
--	--	---

		<p>sapagkat gumagamit ang guro ng estratehiyang nagpapalakas sa kasanayan sa <i>literacy</i> ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabuluhang pagbasa at pakikinig.</p>
--	--	--

	<p>2. Paglalahad ng Layunin Gawain 3. Opsiyon A: Mission Possible Panuto: Ipakita at ipabasa ang mga layunin gamit ang <i>PowerPoint</i> ng aralin na may pamagat na <i>Mission Possible</i>. Ipaliwanag na ang bawat layunin ay parang “misyong” na dapat nilang maisakatuparan sa loob ng klase. Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ipaliwanag sa sariling salita kung ano ang ibig sabihin ng bawat layunin. Ipasagot sa mag-aaral ang tanong na ito. <i>Paano ko maisasakatuparan ang mga misyong ito sa aking pag-aaral at pakikipag-ugnayan?</i></p> <p>Mga mungkahing layunin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Napahahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono. 2. Nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy, at pagtatapos ng usapan. 3. Natutukoy ang iba’t ibang uri ng komunikasyon tulad ng persoal at interpersonal. 4. Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal upang matukoy ang mga gawi o asal na nakatutulong sa epektibong pakikipag-ugnay 	<p>Para sa Opsiyon A: Mission Possible Maghanda ng <i>PowerPoint</i> Presentation na nagpapakita ng mga layunin ng aralin. Ipaliwanag na ito ang inaasahang matututuhan nila sa aralin. Hayaan silang mag-isip para masagutan ang tanong na ibibigay.</p> <p>Ang gawaing “<i>Mission Possible</i>” ay nakaangkla sa <i>learner-centered</i> instructional framework sapagkat malinaw nitong inilalahad ang mga layunin ng pagkatuto at hinihikayat ang mga mag-aaral na bigyang-kahulugan ang mga ito batay sa kanilang sariling karanasan.</p> <p>Nililinang nito ang <i>communication</i>, critical thinking, initiative, at self-direction bilang bahagi ng 21st century skills.</p> <p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 2, Indicator 2.4.2 <i>Establish and maintain a learning environment that promotes fairness, respect, and care to encourage learning.</i>”</p>
--	--	---

	<p>Gawain 4. Opsiyon B: Tulay ng Ugnayan Ipakita ang layunin ng aralin sa slide. Magkaroon ng <i>interactive questioning</i> gamit ang Kahoot quiz upang matiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang layunin. Magbibigay ang guro ng sumusunod na tanong na siyang sasagutan ng mga mag-aaral gamit ang Kahoot quiz.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paano kayo nakikipag-usap sa inyong pamilya, kaklase o kaibigan sa araw-araw? • Ano-anong ugali o asal ang dapat taglayin upang maging epektibo ang pakikipag-ugnayan sa kapwa? • Ano sa tingin ninyo ang mga gawi at asal na nakatutulong upang maging mahusay na komunikador? 	<p>Para sa Opsiyon B: Tulay ng Ugnayan Gumawa ng Kahoot account at magbuo ng Kahoot Quiz, Maglagay ng mga tanong at posibleng sagot. Bago isagawa ang gawain ipakita sa mga mag-aaral ang Game pin o QR Code.</p> <p>Ang gawaing Tulay ng Ugnayan ay pagpapakita ng layunin ng aralin sa pamamagitan ng slide presentation at paggamit ng Kahoot para sa interactive questioning.</p> <p>Nililinang nito ang communication, critical thinking, ICT literacy, at social skills bilang bahagi ng 21st century skills.</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: <i>Natutukoy ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba't ibang situwasyon</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> • Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa Gawain 5. Opsiyon A: Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay Panuto: Magpapagawa ang guro ng isang bubble map na may mga halimbawa ng wika sa ibat ibang aspekto ng buhay, maaaring karanasan sa tahanan, paaralan, simbahan, at media. Gawing gabay ang dayagram sa ilalim. Pagkatapos ipaliwanag kung bakit mahalaga ang ginamit na wika sa iba't ibang situwasyon.</p>	<p>Opsiyon A: Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay Ang gawaing “Halimbawa ng Wika sa Aking Buhay” ay nakaangkla sa Constructivist at Learner-Centered Instructional Design Framework sapagkat iniiugnay ng mga mag-aaral ang konsepto ng wika sa kanilang</p>



Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos
Kumpleto ang mga halimbawa sa iba't ibang aspekto ng buhay	10
Malinaw ang pagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika	10
Kaayusan at kalinisan ng gawa	5
Pagkamalikhain at presentasyon	5
Kabuuan	30

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 2

Gawain 6. Opsiyon B: Suri-Eksena?

Panuto: Magpakita ng dalawang video clip. Ipasuri sa mga mag-aaral ang kaibahan ng dalawang video at pasagutan sa kanila ang talahanayan batay sa kanilang nauunawaan. Iguhit ang 😊 kung ang salita o wikang ginamit ay Pormal at ☹️ naman kung Di-pormal.

sariling karanasan at kapaligiran. Nililinang nito ang **communication, critical thinking, creativity, at social awareness** bilang bahagi ng 21st century skills.

Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa **Domain 1, Indicator 1.5.2** "Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills." dahil pinauunlad nito ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng pagbuo ng mind map o poster at pagpapaliwanag ng kahalagahan ng wika sa iba't ibang aspekto ng buhay.

Tumutugon ito sa hinimay na laynin na: Napapahalagahan ang wika sa pamamagitan ng tamang paggamit nang may layunin ang wika at tono.

Para sa Opsiyon B: Suri-Eksena
Pumili ng dalawang video clip sa Youtube o sa kahit anong source na nagpapakita ng: Video A. Pagpapakilala sa Job Interview at Video B. Pagpapakilala sa bagong kaklase.

	<p>Video A: Pagpapakilala sa Job Interview Video B: Pagpapakilala sa bagong kaklase</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th><u>Aspeto</u></th><th><u>Video A</u></th><th><u>Video B</u></th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td><u>Uri ng Tagpuan</u></td><td></td><td></td></tr> <tr> <td><u>Tono ng Wika</u></td><td></td><td></td></tr> <tr> <td><u>Magagalang na Pananalita</u></td><td></td><td></td></tr> <tr> <td><u>Layunin ng Komunikasyon</u></td><td></td><td></td></tr> </tbody> </table> <p>Pamprosesong Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Ano ang pagkakaiba ng dalawang sitwasyon sa aspekto ng tono ng wika, paggamit ng magalang na pananalita, at layunin ng komunikasyon? Pareho ba ang wikang ginamit? Bakit kailangang iangkop ang wika sa sitwasyon? <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 3</i></p>	<u>Aspeto</u>	<u>Video A</u>	<u>Video B</u>	<u>Uri ng Tagpuan</u>			<u>Tono ng Wika</u>			<u>Magagalang na Pananalita</u>			<u>Layunin ng Komunikasyon</u>			<p>Ang gawaing Suri-Eksena ay nakaangkla sa Constructivist, at Inquiry-Based sapagkat natututuhan ng mga mag-aaral ang konsepto ng pormal at impormal na wika sa pamamagitan ng pagsusuri at paghahambing ng mga awtentikong sitwasyong pangkomunikasyon.</p> <p>Nililinaang nito ang critical thinking, communication, media literacy, at adaptability bilang bahagi ng 21st century skills.</p> <p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 1, Indicator 1.3.2 “<i>Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i>”</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: <i>Nakapagpapaliwanag ng mga sitwasyong nagpapakita ng epektibong pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal.</i></p>
<u>Aspeto</u>	<u>Video A</u>	<u>Video B</u>															
<u>Uri ng Tagpuan</u>																	
<u>Tono ng Wika</u>																	
<u>Magagalang na Pananalita</u>																	
<u>Layunin ng Komunikasyon</u>																	

	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto BATAYANG KONSEPTO NG WIKA Kahulugan: Ang wika ay isang kalipunan ng mga salita at ang pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga ito para magkaunawaan o makipagkomyunikeyt ang isang grupo ng mga tao. (<i>Constantino & Zafra 2000</i>) .</p> <p>Kalikasan/Katangian ng Wika (Gleason 1961) Ang wika ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong kabilang sa isang kultura. Sa simpleng pagpapakahulugan, tinitingnan ni Gleason (1961) ang wika bilang isang sistematikong <i>kasangkapan</i> ng komunikasyon na hindi basta nagkataon lang, kundi isinasaayos ng mga tao sa lipunan upang mapalitan at maipasa ang kahulugan.</p> <p>Ang wika ay arbitraryo. Ito ay nagpapakita na ang wika ay hindi natural kundi panlipunang konstruksiyon. Dahil dito, iba-iba ang anyo ng wika sa bawat grupo o bansa. Ang isang salita sa isang wika ay maaaring may ibang kahulugan o konotasyon sa ibang wika. Ginagamit ang wika ng pangkat ng mga taong may iisang kultura. Ang paggamit ng wika ay hindi lamang para makipag-usap, kundi upang maisalin ang karanasan, paniniwala, tradisyon, at pagpapahalaga ng isang lipunan. Ang bawat wika ay may kakayahang bumuo at magpanatili ng kultura.</p> <p>Layunin ng Wika at Tono Sa pormal na tagpuan (hal. job interview, seminar, klase), ginagamit ang wika nang maingat, malinaw, at may respeto. <i>Halimbawa:</i> “Magandang araw po. Ako si Juan Dela Cruz, mag-aaral mula sa Grade 11.”</p>	<p>Ipakilala ang mga bagong kaalaman at bigyang linaw ang mahahalagang konsepto. Gabayan ang mga mag-aaral upang maunawaan ang paksa.</p> <p>Ang gawaing pagtalakay ng mahahalagang konsepto gamit ang PowerPoint Presentation ay nakaangkla sa Direct Instruction, at Technology-Enhanced Learning Framework.</p> <p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 1, Indicators 1.1.2 "Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas." dahil sa organisado at makabuluhang paghahatid ng nilalaman ng aralin gamit ang angkop na estratehiya sa pagtuturo</p> <p>Para sa Opsiyon A: “Komunik-Aksyon Maghanda ng mga sitwasyong maaaring gamitin sa gawain. Maaari ring sundin ang mga mungkahing sitwasyong ibinigay.</p> <p>Ang gawaing “Komunik-Aksyon!” ay nakabatay sa mga Constructivist, Collaborative, at Performance-Based Learning</p>
--	---	--

	<p>Sa impormal na tagpuan (hal. kaibigan, chat, <i>social media</i>), mas maluwag ang tono, mas personal, at mas natural. <i>Halimbawa</i>: “Hi! Ako si Juan, Grade 11. Mahilig akong mag-basketball.”</p> <p>Pagpapahalaga sa Wika Ang paggamit ng wika ay hindi lamang pagsasalita. Ito ay responsibilidad na gamitin nang:</p> <ul style="list-style-type: none"> ✓ Totoo ✓ Magalang ✓ Angkop sa sitwasyon ✓ May malinaw na layunin <p>Magalang na pananalita-ito ay tumutukoy sa paggamit ng mga salitang nagpapakita ng paggalang at mabuting asal sa pakikipag-usap.</p> <p>1. Pakiusap: Ito ay ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Maaring nagtatapos sa tuldok o tandang pananong. (./?) <i>Halimbawa</i>: “Pakiabot po ng papel.” Ginagamit sa paghingi ng tulong o bagay nang magalang.</p> <p>2. Paggalang sa Nakakatanda: Ito ay mapitagang gawi, pagpapahalaga, at pagkilala sa dignidad, damdamin o karapatan ng isang tao. <i>Halimbawa</i>: Po at Opo / Ho at Oho <i>Halimbawa</i>: “Opo, naiintindihan ko po.” Nagpapakita ng paggalang, lalo na sa matatanda o taong may awtoridad.</p> <p>3. Paghingi ng Paumanhin: <i>Halimbawa</i>: Pasensya na po / Paumanhin po. <i>Halimbawa</i>: “Pasensya na po kung ako’y nakaabala.” Para sa paghingi ng tawad o pag-ako ng pagkakamali.</p> <p>4. Paghingi ng Pahintulot: Ito ay proseso ng pagkuha ng pagsang-ayon ng isang tao bago gumawa ng aksyon.</p>	<p>Frameworks ng Senior High School.</p> <p>Pinauunlad nito ang Communication, Collaboration, Critical Thinking, at Creativity bilang mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo.</p> <p>Kaugnay ng PPST, ito ay higit na tumutugma sa Domain 1, Indicator 1.5.2 “<i>Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills</i>’.”</p>
--	---	---

	<p><i>Halimbawa:</i> Maaari po bang... / Ikinagagalak ko pong... <i>Halimbawa:</i> “Maaari po bang magsalita?” Magalang na paraan ng paghingi ng pahintulot o pag-uumpisa ng usapan.</p> <p>5. Pagpapasalamat: Ang pagkilos ng pagkilala at pagpapahalaga sa kabutihang natanggap mula sa kapwa o Maykapal. <i>Halimbawa:</i> Maraming salamat po. <i>Halimbawa:</i> “Maraming salamat po sa inyong tulong.” Para sa pagpapakita ng pasasalamat.</p> <p>6. Pagpapasimula ng usapan: Ito ay proseso ng pagbubukas ng linya ng komunikasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang tao. <i>Halimbawa:</i> “Magandang umaga po, maaari ba kitang makilala?”</p> <p>7. Pagpapalit ng paksa: Isang diskursibong estratehiya o paraan sa pakikipag-usap kung saan binabago ng nagsasalita o manunulat ang pangunahing paksa ng usapan o talakayan. <i>Halimbawa:</i> “Kung maaari, nais ko ring ibahagi ang aking hilig sa sining.”</p> <p>8. Turn-taking: Ang proseso ng salita ng mga kalahok sa isang pag-uusap o talakayan upang magkaroon ng maayos at organisadong komunikasyon. <i>Halimbawa:</i> Pagbibigay ng pagkakataon sa kausap na magsalita bago sumagot.</p> <p>9. Back-channeling: Mga maikling tugon, kilos, o pahayag ng tagapakinig na nagpapakita na siya ay nakikinig, nakauunawa, at interesado sa sinasabi ng nagsasalita kahit hindi niya inaagaw ang pagkakataong magsalita. <i>Halimbawa:</i> Paggamit ng “Ah, ganoon ba?”, “Tama ka,” bilang kumpirmasyon.</p> <p>10. Pagtatapos ng usapan: Ang maayos na paraan ng pagwawakas ng isang pag-uusap o komunikasyon matapos maipahayag ang mahahalagang impormasyon, opinyon, o damdamin ng mga kalahok. <i>Halimbawa :</i> “Maraming salamat sa oras mo. Sana’y muli tayong magkausap.”</p>	
--	--	--

	<p>Personal at Interpersonal na Komunikasyon</p> <p>Personal na komunikasyon - ay ang pakikipag-ugnayan ng isang tao sa kanyang sarili.</p> <p>Interpersonal na komunikasyon - ay ang pagpapalitan ng mensahe, idea, damdamin o impormasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang tao upang magkaunawaan.</p> <p>Mga Halimbawa:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagpapahayag ng opinyon: “Naniniwala ako na mahalaga ang respeto sa bawat usapan.” 2. Pagkukwento/pagsasalaysay: “Noong nakaraang linggo, nakilahok ako sa isang seminar tungkol sa komunikasyon.” 3. Paglalahad ng obserbasyon: “Napansin ko na mas nagiging maayos ang usapan kapag may turn-taking.” 4. Pagtatanong: “Ano ang iyong hilig sa labas ng klase?” <p>4. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Gawain 7. Opsiyon A: “Komunik-Aksyon!”</p> <p>Panuto: Pangkatin ang klase sa apat (4) na pangkat. Magpapagawa ang guro ng 2-3 minutong diyalogo sa bawat pangkat na naibabatay sa mungkahing sitwasyon. Ang diyalogo ay dapat naglalaman ng magagalang na pananalita, may malinaw na layunin, may tamang estratehiya ng pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan at gumagamit ng wastong tono . Ipaskil sa pisara ang mga nabuong diyalogo. Iproseso ng guro ang mga nabuong diyalogo.</p> <p>Sitwasyon A. Paghingi ng tulong</p> <p>Sitwasyon B. Pagbibigay ng opinyon</p> <p>Sitwasyon C. Pagtanggihan ng magalang</p> <p>Sitwasyon D. Pagpapaliwanag sa kamag-aral</p> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang layunin ng pag-uusap sa inyong sitwasyon? 2. Paano naipakita sa diyalogo ang wastong pakikipagkomunikasyon? 3. Paano sinimulan ng mga tauhan ang kanilang pag-uusap? 	
--	---	--

	<p>4. Sa inyong palagay, naging epektibo ba ang paraan ng pagpapasimula ng usapan? Bakit?</p> <p>5. Paano nakatulong ang wastong tono ng pananalita sa pagiging malinaw ng mensahe?</p> <p>6. Bakit mahalagang magkaroon ng maayos na pagtatapos ang isang pag-uusap?</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 4</i></p> <p>Gawain 8. Opsiyon B: "INTRODUCE WITH IMPACT"</p> <p>Panuto: Pangkatin ang klase sa apat na pangkat, bawat pangkat ay bubunot ng sitwasyon. Atasan ang mga mag-aaral na gumawa ng iskrip batay sa nabunot na paksa para isadula ang pagpapakilala na gumagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan. Isadula sa klase ang nabuong iskrip.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naghahanap ng trabaho (Job interview) • Nag-aapply ka bilang <i>student assistant</i> sa isang kompanya. • Ikaw ay kalahok sa isang university orientation program para sa mga incoming freshmen. • Pagdalo sa pulong sa papasukang online na negosyo. <p>Pagproseso ng Guro:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagkatapos ng bawat role play, tanungin ang klase: <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang magalang na pananalita na ginamit ng grupo? 2. Paano nakatulong ang tono at estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan?" 	<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan.</i></p> <p>Para sa Opsiyon B: "INTRODUCE WITH IMPACT"</p> <p>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang gawain. Ito ay pangkatan kaya kailangan ang kooperasyon ng bawat miyembro. Gabayan ang mag-aaral sa paghahanda ng iskrip at sa paghahanda ng dula-dulaan. Ihanda na rin ang mga paksang gagamitin.</p> <p>Ang gawaing "INTRODUCE WITH IMPACT" ay nakaangkla sa Performance-Based, Collaborative, at Experiential Learning Frameworks ng Senior High School. Sa pamamagitan ng pagbuo ng script at pagsasadula ng mga sitwasyong may kaugnayan sa trabaho, edukasyon, at negosyo, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng awtentikong karanasan sa paggamit ng wika sa tunay na konteksto.</p>
--	---	---

		<p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 2, Indicator 2.3.2 <i>Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities.</i></p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: <i>nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal upang matukoy ang mga gawi o asal na nakatutulong sa epektibong pakikipag-ugnayan.</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Gawain 9. Opsiyon A: Usapang May Respeto</p> <p><i>Panuto:</i> Magpabuo ng isang digital <i>diary</i>/ pagsusulat ng <i>journal</i> na kung saan isusulat ng mga mag-aaral kung paano magagamit ang magalang na pananalita sa pang-araw-araw na komunikasyon at magninilay kung paano maisasabuhay ang konsepto ng wika at komunikasyon. Ibigay ang pamagat ng journal entry: <i>“Paano ko magagamit ang magagalang na pananalita sa aking pang-araw-araw na komunikasyon?”</i> Bigyang-diin sa diary o journal ang pagninilay kung paano nila maisasabuhay ang konsepto ng wika at komunikasyon. Hayaan silang iugnay sa kahalagahan ng wika bilang kasangkapan sa personal at interpersonal na komunikasyon.</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 5</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: Usapang May Respeto</p> <p>Maaaring gamitin ang digital diary na gawain kung may mga gadgets at maganda ang internet connection. Maaari ring magpasulat ng journal kung walang internet. Maghanda ng malinaw na pakasa na may kaugnayan sa aralin o maaaring sundin ang iminungkahing paksa. Ipaliwanag sa mag-aaral ang gawain.</p> <p>Ang gawaing Usapang May Respeto ay nakaangkla sa <i>Reflective Learning, Constructivist Learning, at Technology-Enhanced Learning Framework ng Senior High School.</i></p>

		<p>Sa pamamagitan ng pagsulat ng replektibong journal entry/ digital diary, naiuugnay ng mga mag-aaral ang konsepto ng magalang na pananalita sa kanilang pang-araw-araw na karanasan at pakikipag-ugnayan.</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: <i>Natutukoy ang iba't ibang uri ng komunikasyon tulad ng persoal at interpersonal at Nagagamit ang angkop na magagalang na pananalita at estratehiya sa pagpapasimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng usapan</i></p>
	<p>Gawain 10. Opsiyon B: Tamang Salita, Tamang Pakikipagkapuwa <i>Panuto:</i> Magpakita ng screenshot ng <i>simulated group chat</i>. Ipasusuri sa mga mag-aaral ang naging problema sa komunikasyon. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> Mali sa paraan ng komunikasyon Di-magagalang na pahayag Epekto sa grupo <p>Pagkatapos masuri, gumawa ng rebisyon ng pag-uusap gamit ang magalang na salita, tamang tono, klarong layunin</p> <p>Sitwasyon “May hindi pagkakaunawaan sa group chat ng klase.”</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Tamang Salita, Tamang Pakikipagkapuwa Maghanda ng halimbawa ng simulated group chat na naglalamang ng di-magandang paraan ng pakikipag-komunikasyon.</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Inquiry-Based, Problem-Based, at Constructivist Learning Framework ng Senior High School.</p> <p>Nililinaang nito ang critical thinking, communication, collaboration, media literacy, at</p>

		<p><i>Constructivist, Reflective, at Collaborative Learning Framework</i> ng Senior High School. Sa pamamagitan ng paglikha at pagbabahagi ng mga natutuhan hinggil sa kahalagahan ng wika, naipapakita ng mga mag-aaral ang makabuluhang repleksyon at aktibong pakikipag-ugnayan sa kapwa.</p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba;t ibang personal at interpersonal na paksa.</i></p>
	<p>Gawain 12. Opsiyon B: Mind Map Mastery Panuto: Gumamit ng <i>MindMeister</i> app upang bumuo ng mind map na naglalaman ng:</p> <ol style="list-style-type: none"> Kahulugan ng wika Kahalagahan ng wika Kalikasan ng wika Tamang gamit ng wika sa komunikasyon 	<p>Para sa Opsiyon B: Mind Map Mastery</p> <p>Kung gagamit ng <i>digital platform</i>, gumawa muna ng account sa MindMeister Account at gumawa ng bagong template para sa gawain. Maaari ring maghanda ng offline na gawain tulad ng ipinkitang template na nakalagay sa bond paper.</p> <p>Ang gawaing “Mind Map Mastery” ay nakaangkla sa Constructivist, Cognitive, at Technology-Enhanced Learning Framework ng Senior High School. Sa pamamagitan ng paggamit ng</p>



		<p>digital mind mapping tools tulad ng Coggle at MindMeister, naipakikita ng mga mag-aaral ang malalim na pag-unawa sa kahulugan, kahalagahan, kalikasan, at gamit ng wika. Nililinang nito ang critical thinking, creativity, communication, ICT literacy, at information literacy bilang bahagi ng 21st century skills.</p> <p>Indicator 1.5.2 “<i>Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills</i>” dahil pinaunlad nito ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng organisado at biswal na representasyon ng kaalaman.</p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na layunin na: Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba’t ibang personal at interpersonal na paksa.</i></p>
	<p>3. Pagtataya Opsiyon A: Paper-Pencil Test TAMA O MALI <i>Panuto:</i> Basahin at suriing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang T kung Tama at M kung Mali ang isinasaad.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Paper-Pencil Test TAMA O MALI</p> <p>Ang Paper-pencil Test na Tama o Mali ay nakaangkla sa 21st Century Learning Skills partikular sa Critical Thinking Skills, dahil hinihikayat nito ang mga mag-</p>

	<p>_____ 1. Ang komunikasyong personal ay tumutukoy sa pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pagninilay o pag-iisip.</p> <p>_____ 2. Ang pakikipagpalitan ng idea sa pagitan ng dalawang tao o higit pa ay halimbawa ng komunikasyong interpersonal.</p> <p>_____ 3. Ang pagsulat ng personal na journal ay isang anyo ng komunikasyong interpersonal.</p> <p>_____ 4. Ang pakikipanayam sa isang kamag-aral tungkol sa kanyang mga karanasan ay isang halimbawa ng komunikasyong interpersonal.</p> <p>_____ 5. Mainam na putulin ang nagsasalita upang agad na maipahayag ang sariling opinyon.</p> <p>_____ 6. Ang paggamit ng magalang na pananalita ay nakatutulong sa pagkakaroon ng maayos na ugnayan.</p> <p>_____ 7. Ang paggalang sa opinyon ng iba ay mahalagang katangian ng isang epektibong tagapakinig at tagapagsalita.</p> <p>_____ 8. Hindi mahalaga ang tono ng boses basta tama ang nilalaman ng mensahe.</p> <p>_____ 9. Ang pagninilay sa naging karanasan sa pakikipag-usap ay isang paraan upang masuri ang sariling kasanayan sa komunikasyon.</p> <p>_____ 10. Ang pagkilala sa sariling kahinaan sa komunikasyon ay unang hakbang tungo sa pagpapahusay ng pakikipag-ugnayan sa kapwa</p> <p>4. Karagdagang Gawain Opsiyon A: Kuwento Mo, Ipapakilala Ko</p> <p><i>Panuto:</i> Bigyan ng gawain ang mga mag-aaral na magsagawa ng panayam sa isang tao sa paaralan o komunidad. Isulat ang pangalan ng kinapanayam, interes, pangarap, isang natutuhan mula sa kanya. Pagkatapos ay gumawa ng isang talatang pormal na pagpapakilala tungkol sa kanya.</p>	<p>aaral na magsuri ng mga konsepto upang matukoy ang tamang sagot. Naipapakita rin dito ang Communication Skills dahil ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa wika upang makabuo ng tamang sagot.. Tumutugon ang pagsusulit na ito sa designed, selected, organized and used diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.</p> <p>Mga Sagot: 1. T 6. T 2. T 7. T 3. M 8. M 4. T 9. T 5. M 10. T</p> <p>Para sa Opsiyon A: Kuwento Mo, Ipapakilala Ko</p> <p>Ipapaliwanag ng guro sa mag-aaral upang lubos na malinang ang kanilang kasanyan sa pakikipagkomunikasyon. Sila ay magsasagawa ng pakikipanayam at susulat ng pormal na talata. Ang kasanyang ito ay mahalaga para maisakatupran ang Integrative Performance Task (IPT) na makikita sa LE 10. Gayundin</p>
--	---	---

Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	4 Puntos (Napakahusay)	3 Puntos (Mahusay)	2 Puntos (Katamtaman)	1 Punto (Nangangailangan ng Pagsasanay)
1. Impormasyon sa Panayam (Pangalan, interes, pangarap, at natutuhan)	Naisulat nang wasto ang 4 na impormasyon.	Naisulat nang wasto ang 2-3 impormasyon.	Naisulat nang wasto ang 1 impormasyon lamang.	Walang wastong naisulat na impormasyon.
2. Paglalapat ng Magagalang na Pananalita at Estratehiya	Nakapagbigay ng 4 o higit na angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 2-3 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 1 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Walang naibigay na angkop na pananalita o estratehiya.
3. Paggamit ng Pormal na Wika	May 1 di-pormal na salita o pahayag na ginamit sa talata.	May 2-3 di-pormal na salita o pahayag na ginamit sa talata.	May 4-5 di-pormal na salita o pahayag na ginamit sa talata.	May 6 o higit pa na di-pormal na salita o pahayag na ginamit sa talata.
4. Organisasyon ng Talata	May 5 o higit pang magkakaugnay na pangungusap at may malinaw na simula, gitna, at wakas.	May 4 na magkakaugnay na pangungusap at di-masyadong malinaw ang simula, gitna, at wakas.	May 3 magkakaugnay na pangungusap at hindi malinaw ang simula, gitna, at wakas.	May 1-2 pangungusap lamang ang magkakaugnay ang mga ideya.
5. Wastong Gramatika, Bantas, at Baybay	May 0-1 pagkakamali sa gramatika, bantas, at baybay ng salita.	May 2-3 pagkakamali sa gramatika, bantas, at baybay ng salita.	May 4-5 pagkakamali sa gramatika, bantas, at baybay ng salita.	May 6 o higit pang pagkakamali sa gramatika, bantas, at baybay ng salita.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 1) Gawain Bilang 8

Opsiyon B: Komunikasyong Nagpapabago

Panuto: Magpagawa ng isang mapanuring *case analysis* sa mga mag-aaral na binubuo ng 500 na salita. Hayaan silang maghanap ng isang totoong pangyayari mula sa balita, *social media*, o sariling karanasan kung saan nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan dahil sa hindi epektibong komunikasyon. Ipasuri sa kanila ang tunay na pangyayari,

tumutugon ito sa layunin na: Nakabubuo ng maayos na personal, interpersonal, sosyal, at kultural na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens, tulad ng pag-uulat ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, pagpapahayag ng opinion.

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Experiential, Authentic, at Constructivist Learning Frameworks ng Senior High School. Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa isang tao sa paaralan o komunidad at pagbuo ng pormal na talatang pagpapakilala, nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa komunikasyon sa isang tunay na konteksto. Nililinang nito ang **communication skills, critical thinking, information literacy, social skills, at self-direction** bilang bahagi ng 21st century skills

Para sa Opsiyon B: Komunikasyong Nagpapabago

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Problem-Based Learning, Inquiry-Based Learning, Constructivist Learning, at Authentic Learning

	<p>tukuying nila ang sanhi ng hindi pagkakaunawaan. Hayaan ang mag-aaral na magbigay ng angkop na estratehiya at magagalang na pananalita upang maresolba ang suliranin.</p> <p>Pamantayan sa Pagmamarka</p> <table><tr><th>Pamantayan</th><th>4 Puntos (Napakahusay)</th><th>3 Puntos (Mahusay)</th><th>2 Puntos (Katamtaman)</th><th>1 Punto (Nangangailangan ng Pagsasanay)</th></tr><tr><td>Paglalahad ng Sitwasyon</td><td>Naisama nang malinaw ang 4 o higit pang mahahalagang detalye ng sitwasyon.</td><td>Naisama ang 2-3 mahahalagang detalye.</td><td>Isang mahahalagang detalye lamang ang naisama.</td><td>Walang naisamang mahahalagang detalye.</td></tr><tr><td>Pagsusuri sa Suliranin sa Komunikasyon</td><td>Natukoy at naipaliwanag nang wasto ang 4 na sanhi o aspekto ng suliranin.</td><td>Natukoy at naipaliwanag ang 2-3 sanhi o aspekto ng sulirsinin.</td><td>Natukoy at naipaliwanag ang isang sanhi o aspekto ng suliranin.</td><td>Walang natukoy na sanhi o aspekto ng suliranin</td></tr><tr><td>Paglalatap ng Magagalang na Pananalita at Estratehiya</td><td>Nakapagbigay ng 4 o higit na angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.</td><td>Nakapagbigay ng 2-3 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.</td><td>Nakapagbigay ng 1 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.</td><td>Walang naibigay na angkop na pananalita o estratehiya.</td></tr><tr><td>Paglutas sa Suliranin at Kritikal na Pag-iisip</td><td>Nakapagbigay ng 4 na lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.</td><td>Nakapagbigay ng 2-3 lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.</td><td>Nakapagbigay ng isang lohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.</td><td>Walang naibigay nalohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.</td></tr><tr><td>Organisasyon ng Ideya at Wastong Gamit ng Wika</td><td>May 0-2 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.</td><td>May 3-4 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.</td><td>May 5-6 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.</td><td>May 7 o higit pang pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.</td></tr></table>	Pamantayan	4 Puntos (Napakahusay)	3 Puntos (Mahusay)	2 Puntos (Katamtaman)	1 Punto (Nangangailangan ng Pagsasanay)	Paglalahad ng Sitwasyon	Naisama nang malinaw ang 4 o higit pang mahahalagang detalye ng sitwasyon.	Naisama ang 2-3 mahahalagang detalye.	Isang mahahalagang detalye lamang ang naisama.	Walang naisamang mahahalagang detalye.	Pagsusuri sa Suliranin sa Komunikasyon	Natukoy at naipaliwanag nang wasto ang 4 na sanhi o aspekto ng suliranin.	Natukoy at naipaliwanag ang 2-3 sanhi o aspekto ng sulirsinin.	Natukoy at naipaliwanag ang isang sanhi o aspekto ng suliranin.	Walang natukoy na sanhi o aspekto ng suliranin	Paglalatap ng Magagalang na Pananalita at Estratehiya	Nakapagbigay ng 4 o higit na angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 2-3 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 1 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Walang naibigay na angkop na pananalita o estratehiya.	Paglutas sa Suliranin at Kritikal na Pag-iisip	Nakapagbigay ng 4 na lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.	Nakapagbigay ng 2-3 lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.	Nakapagbigay ng isang lohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.	Walang naibigay nalohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.	Organisasyon ng Ideya at Wastong Gamit ng Wika	May 0-2 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 3-4 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 5-6 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 7 o higit pang pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	<p>Framework ng Senior High School. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang tunay na kaso ng hindi epektibong komunikasyon, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paglutas ng suliranin, at paglalapat ng mga estratehiya sa epektibong pakikipag-ugnayan. Nililinanng nito ang Critical Thinking, Communication, Creativity, Information Literacy, at Media Literacy bilang mahahalagang 21st century skills.</p> <p>Sa PPST, ito ay higit na umaayon sa Domain 1, Indicator 1.5.2 dahil pinauunlad nito ang mas mataas na antas ng pag-iisip (HOTS) sa pamamagitan ng makabuluhan at awtentikong gawaing pampagkatuto.</p>
Pamantayan	4 Puntos (Napakahusay)	3 Puntos (Mahusay)	2 Puntos (Katamtaman)	1 Punto (Nangangailangan ng Pagsasanay)																												
Paglalahad ng Sitwasyon	Naisama nang malinaw ang 4 o higit pang mahahalagang detalye ng sitwasyon.	Naisama ang 2-3 mahahalagang detalye.	Isang mahahalagang detalye lamang ang naisama.	Walang naisamang mahahalagang detalye.																												
Pagsusuri sa Suliranin sa Komunikasyon	Natukoy at naipaliwanag nang wasto ang 4 na sanhi o aspekto ng suliranin.	Natukoy at naipaliwanag ang 2-3 sanhi o aspekto ng sulirsinin.	Natukoy at naipaliwanag ang isang sanhi o aspekto ng suliranin.	Walang natukoy na sanhi o aspekto ng suliranin																												
Paglalatap ng Magagalang na Pananalita at Estratehiya	Nakapagbigay ng 4 o higit na angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 2-3 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Nakapagbigay ng 1 angkop na magagalang na pananalita o estratehiya.	Walang naibigay na angkop na pananalita o estratehiya.																												
Paglutas sa Suliranin at Kritikal na Pag-iisip	Nakapagbigay ng 4 na lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.	Nakapagbigay ng 2-3 lohikal at makatotohanang hakbang sa paglutas ng suliranin.	Nakapagbigay ng isang lohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.	Walang naibigay nalohikal na hakbang sa paglutas ng suliranin.																												
Organisasyon ng Ideya at Wastong Gamit ng Wika	May 0-2 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 3-4 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 5-6 pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.	May 7 o higit pang pagkakamali sa gramatika, baybay, at bantas; maayos ang daloy ng ideya.																												
<p>• PAGTATAYA NG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>Opsiyon A: Maraming Pagpipilian</p> <p>Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.</p> <ol style="list-style-type: none">Ano ang pangunahing gamit ng wika? A. Panlibang C. Pagtatalo B. Komunikasyon D. Pagsusulat lamangAlin ang interpersonal na komunikasyon? A. Pag-iisip mag-isa C. Pagsusulat ng diary B. Pakikipag-usap sa kaibigan D. Panonood ng videoKung kailangan mong humingi ng tulong sa isang kaklase para sa isang pangkatang gawain na hindi mo agad natapos dahil sa	<p>Para sa Opsiyon A: Maraming Pagpipilian</p> <p>Ang Obhetibong Pagtataya ay pangunahing sumusukat sa <i>critical thinking skills</i> dahil kinakailangan ng mga mag-aaral na umunawa, magsuri, at pumili ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian. Nalinang din dito ang <i>information literacy</i> sapagkat kailangan nilang maunawaan ang tanong at ang konseptong pinag-</p>																														

	<p>hindi inaasahang sitwasyon, alin sa sumusunod ang pinakamainam na pahayag?</p> <p>A. Pakisagot na lang ang bahagi ko dahil hindi ko ito nagawa.</p> <p>B. Ikaw na ang gumawa nito para matapos na agad ang gawain.</p> <p>C. Kung hindi mo ako matutulungan, baka hindi natin matapos ang royekto.</p> <p>D. Maaari ba kitang hingan ng kaunting tulong sa bahaging ito? Sisikapin kong mabawi ang aking pagkukulang sa susunod na gawain.</p> <p>4. Habang nasa <i>job interview</i>, tinanong ka ng interviewer kung bakit nais mong magtrabaho sa kanilang kompanya. Alin ang pinakamainam na tugon?</p> <p>A. Nais ko pong magkaroon ng karanasan sa isang organisasyong may magandang reputasyon at matatag na sistema ng pamamahala.</p> <p>B. Naniniwala po akong makatutulong ang aking mga kasanayan sa pagkamit ng mga layunin ng kompanya habang patuloy akong natututo at umuunlad bilang propesyonal.</p> <p>C. Interesado po ako sa mga programang iniaalok ng inyong kompanya para sa pagpapaunlad ng mga empleyado.</p> <p>D. Nakikita ko pong makatutulong ang trabahong ito sa aking personal at propesyonal na paglago.</p> <p>5. Nais mong mag-<i>follow up</i> tungkol sa iyong aplikasyon isang linggo matapos ang panayam. Alin ang pinakamainam na mensahe?</p> <p>A. Umaasa po akong mabibigyan ninyo ako ng update sa lalong madaling panahon tungkol sa aking aplikasyon.</p> <p>B. Magandang araw po. Nais ko lamang pong alamin kung mayroon nang update tungkol sa aking aplikasyon. Maraming salamat po sa inyong oras.</p> <p>C. Magandang araw po. Ako po si Ana Cruz, isa sa mga aplikanteng nakapanayam noong nakaraang linggo. Magalang</p>	<p>aaralan upang makapagbigay ng tamang sagot.</p> <p>Tumutugon ito sa <i>Designed, selected, organized and used diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements. (PPST)</i></p> <p>Mga Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. B 3. D 4. B 5. C
--	--	---

	<p>ko pong hinihiling ang anumang update kaugnay ng resulta ng aking aplikasyon.</p> <p>D. Nais ko pong mag-follow up hinggil sa aking aplikasyon at magpasalamat sa pagkakataong maipakita ang aking mga kakayahan sa panayam.</p>											
6. PAGNINILAY	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?		
	Gabay na Tanong	Sagot										
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?											
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?											
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?											
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?											
	7. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.											
	8. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.											
	9. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.											
	10. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.											
	11. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?											
	12. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?											

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

•LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamain sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at dihital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Pagbibigay kahulugan <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya. Pakikilahok <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal, interpersonal, sosyal, at kultural na konteksto na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p><i>Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.</i></p> <p><i>Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.</i></p> <p><i>Francisco, Christian George., et.al. Filipino sa Piling Larangan (Tech-Voc). Mga Elemento ng Komunikasyong Teknikal. Rex Publishing. p.4, 29, 30-33.</i></p> <p>https://youtu.be/BfoMMzZoZxA?si=VSV6ClqzJxbuDAjh</p> <p>Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://docs.google.com/document/d/1SGPFXEAgTnVpbc9Fw0zYsVXw0Lf80bVC/edit?usp=sharing&ouid=112908784282981729496&rtpof=true&sd=true</p>
<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN 	<p>Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak, at guro gamit ang email</p>
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang nilalaman, layunin, wastong wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email bilang bahagi ng personal at interpersonal na komunikasyon. • Nasusuri ang pagkakaiba ng nilalaman, layunin, wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email batay sa kausap at konteksto ng komunikasyon. • Naiuugnay ang angkop na wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon. • Nakasusulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak, at guro gamit ang email na may angkop na wika at wastong estruktura ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon.

• PAMAMARAAN		TALA SA GURO											
• Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman</p> <p>Opsiyon A: Kahon ng Pasasalamat</p> <p>Panuto: Magbigay ng maliliit na makukulay na papel (<i>sticky notes o memo pads</i>) sa bawat mag-aaral. Sa loob ng dalawang minuto, pasusulat sila ng isang maikling mensahe para sa isang taong mahalaga sa kanila (magulang, kapatid, kaibigan, kaklase, o guro) upang magpasalamat o mangumusta. Pagkatapos, ilalagay nila ang mga mensahe sa isang kahon. Pipili ng ilang mensahe upang basahin sa klase (kung papayag ang mag-aaral).</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Kahon ng Pasasalamat</p> <p>Sa gawaing ito, mahihikayat ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa pagsulat ng personal na liham bilang bahagi ng personal at interpersonal na komunikasyon. Ito ay tumutugon sa Implement ng ADDIE Model dahil aktuwal na isinagawa ng mga mag-aaral ang gawain. Tinutugunan nito ang PPST Domain 2: Learning Environment sapagkat naipakita ang positibo at makabuluhang interaksyon sa loob ng klase.</p>											
	<p>Opsiyon B: Iba-iba ang Kausap, Iba-iba ang Mensahe</p> <p>Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga sitwasyon sa ibaba. Ipasulat sa bawat hanay ang isang pangungusap na maaari nilang ipadala sa pamamagitan ng chat, text, o email. Paalalahanan silang isaalang-alang ang kanilang kausap at ang layunin ng mensahe.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Kausap</th><th>Sitwasyon</th><th>Iyong Mensahe</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Magulang</td><td>Magpapaalam kang uuwi nang gabi dahil sa gawain sa paaralan.</td><td></td></tr> <tr> <td>Kaibigan</td><td>Aanyayahan mo siyang makipagtulungan sa isang proyekto.</td><td></td></tr> <tr> <td>Kamag-anak</td><td>Babatiin mo siya sa kaniyang kaarawan.</td><td></td></tr> </tbody> </table>	Kausap	Sitwasyon	Iyong Mensahe	Magulang	Magpapaalam kang uuwi nang gabi dahil sa gawain sa paaralan.		Kaibigan	Aanyayahan mo siyang makipagtulungan sa isang proyekto.		Kamag-anak	Babatiin mo siya sa kaniyang kaarawan.	
Kausap	Sitwasyon	Iyong Mensahe											
Magulang	Magpapaalam kang uuwi nang gabi dahil sa gawain sa paaralan.												
Kaibigan	Aanyayahan mo siyang makipagtulungan sa isang proyekto.												
Kamag-anak	Babatiin mo siya sa kaniyang kaarawan.												

	Guro	Hihingi ka ng paglilinaw tungkol sa isang gawaing pampagkatuto.		<p>anak, at guro, bilang paghahanda sa pag-unawa sa personal at interpersonal na komunikasyon</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa yugto ng Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman sa Instructional Design Framework (IDF) sapagkat inuugnay nito ang dating karanasan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa bagong aralin tungkol sa pagsulat ng personal na liham gamit ang email. Nakaayon ito sa PPST Domain 1 at Domain 3 sa paggamit ng mga estratehiyang nagpapahalaga sa karanasan at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Maaaring gamitin ang mga digital platform tulad ng Padlet, Mentimeter, o Google Forms upang maipakita at mapaghambing ang mga tugon ng mga mag-aaral, na higit pang nagpapalawak ng kanilang pag-unawa sa impluwensiya ng awdyens at konteksto sa komunikasyon.</p> <p><i>IPT Integration Note</i> <i>Ang pagsusuri sa subject line,</i></p>
--	------	---	--	---

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 1

		awdyens, at layunin ng email ay naghahanda sa mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw at audience-centered na mensahe para sa kanilang Community Innovation Advocacy Pitch. Mahalaga ang kasanayang ito sa pagdidisenyo ng mga komunikasyong may tiyak na layunin at inaasahang mambabasa o tagapakinig.
	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyon A: Tradisyonal na Paglalahad</p> <p>Ipababasa sa klase ang mga layunin para sa aralin:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang nilalaman, layunin, wastong wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email bilang bahagi ng personal at interpersonal na komunikasyon. • Nasusuri ang pagkakaiba ng nilalaman, layunin, wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email batay sa kausap at konteksto ng komunikasyon. • Naiuugnay ang angkop na wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon. • Nakasusulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak, at guro gamit ang email na may angkop na wika at wastong estruktura ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon. 	<p>Para sa Opsiyon A: Tradisyonal na Paglalahad</p> <p>Gumamit ang guro ng tradisyonal na pagpapakilala ng layunin upang malinaw na maipabatid sa mga mag-aaral ang inaasahang kasanayan at kalalabasan ng aralin.</p>
	<p>Opsiyon B: Basahin ang Isip ng Nagpadala</p> <p>Panuto: Ipasuri ang apat na paksa ng email sa ibaba. Gamit ang <i>subject line</i>, ipatukoy sa kanila kung sino ang posibleng papadalhan ng email (magulang, kaibigan, kamag-anak, o guro) at ipaliliwanag ang posibleng layunin ng nagpadala. Ipasulat ang kanilang sagot sa talahanayan.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Basahin ang Isip ng Nagpadala</p> <p>Bago simulan ang gawain, ipaalala sa mga mag-aaral na ang <i>subject line</i> ay mahalagang bahagi ng email sapagkat nagbibigay ito ng paunang idea</p>

	Subject Line ng Email	Posibleng Padadalhan	Layunin ng Email	tungkol sa nilalaman at layunin ng mensahe. Bigyan sila ng sapat na oras upang suriin ang bawat paksa ng email. Tanggapin ang iba pang makatwirang sagot. Pagkatapos, pangunahan ang maikling talakayan upang mailahad ng mga mag-aaral ang kanilang mga obserbasyon hinggil sa pagkakaiba ng komunikasyon ayon sa kausap at konteksto. Mula sa kanilang mga tugon, ipakilala ang mga layunin ng aralin. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa yugto ng Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin sa IDF sapagkat ginagabayan nito ang mga mag-aaral na tuklasin ang kahalagahan ng awdyens at layunin bilang pundasyon ng mabisang komunikasyon. Nakaayon din ito sa PPST Domain 1 at Domain 4 sa pamamagitan ng paggamit ng learner-centered at inquiry-based na estratehiya. Maaaring isagawa ang gawain gamit ang mga digital platform tulad ng Google Forms, Padlet, o Mentimeter upang mapadali ang pagbabahagi at pagsusuri ng mga tugon.
	Maaari po ba akong makahingi ng paglilinaw tungkol sa Gawain 3?			
	Tara, pag-usapan natin ang proyekto sa Sabado!			
	Kumusta na po kayo? Nais ko lamang pong mangumusta.			
	Pa, Ma, nais ko pong ibahagi ang isang mahalagang balita.			
<i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 2</i>				

<ul style="list-style-type: none"> • Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa Opsiyon A: E-mail Match Up <i>Panuto:</i> Pangkatin ang klase sa dalawa. Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang liham. Liham Blg. 1 - Liham mula sa guro</p> <div style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px 0;"> <p>San Miguel, Nabua, Camarines Sur 28 Hunyo 2026</p> <p>Mahal kong mga Mag-aaral, Malugod ko kayong tinatanggap sa panibagong taon ng ating paglalakbay sa Senior High. Nawa'y maging masaya, makabuluhan, at puno ng pagkatuto ang ating pagsasama sa loob ng silid-aralan.</p> <p>Bilang inyong guro, nais kong malinang hindi lamang ang inyong kaalaman kundi maging ang inyong pag-uugali, tiwala sa sarili, at tulungan kayong tuparin ang mga pangarap ninyo sa buhay. Huwag kayong matakot magkamali sapagkat bahagi ito ng inyong paglago at pagkatuto.</p> <p>Magtulungan tayo at sabay-sabay nating harapin ang mga hamon ng taong ito.</p> <p>Nagmamahal, Ma'am Ayhan</p> </div>	<p>Para sa Opsiyon A: Email Match Up Sa gawaing ito, nililina ang analytical thinking gamit ang Constructivist Approach sapagkat sinusuri at inuunawa ng mga mag-aaral ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang email. Sa gawaing ito, matatamo ang kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>nasusuri ang pagkakaiba ng nilalaman, layunin, wika, tono, estruktura ng personal na liham gamit ang email batay sa kausap at konteksto ng komunikasyon.</i> <p>Ito ay maiuugnay sa PPST Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy lalo na sa paggamit ng angkop na estratehiya upang malinang ang kritikal na pag-iisip at pag-unawa ng mga mag-aaral.</p>
---	---	---

Liham Blg. 2 - Liham para sa kaibigan

Zone 1, San Roque,
Polangui, Albay
17 Marso 2024

Kaibigan kong Adi,

Grabe, ang dami na rin pala nating pinagdaanan kahit parang saglit lang lahat. Pero kahit gano'n, ang dami kong baong alaala na siguradong hindi ko malilimutan. Isa ka talaga sa mga taong naging pahinga at saya ko sa mga panahong kailangan ko ng kasama.

Salamat sa lahat- sa tawanan, kulitan, mga *random* na usapan at sa mga simpleng pagkakataon na naging sobrang gaan dahil kasama kita. Masaya akong malamang masaya ka, kahit sa malayo na lang at hindi mo ako nakikita. Basta tandaan mo, nandito lang ako palagi bilang kaibigan mo.

Mag-iingat ka palagi, Adi. Huwag kang mawawala ha.

Ang iyong kaibigan,
Mavi

Pagsusuri ng dalawang liham:

KATANGIAN NG LIHAM	LIHAM MULA SA GURO	LIHAM PARA SA KAIBIGAN
Nilalaman		
Layunin		
Wika		
Tono		
Estruktura		

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 3

	<p>Opsiyon B: Angkop Ba ang Email? <i>Panuto:</i> Ipabasa at ipasuri ang dalawang email na ipinadala ng isang mag-aaral sa kaniyang guro. Pagkatapos, pasagutan ang mga gabay na tanong upang matukoy ng mga mag-aaral kung alin sa mga ito ang higit na angkop gamitin sa isang sitwasyong akademiko.</p> <div data-bbox="595 400 1514 635"> <p>Email A Subject: Hi Ma'am Ma'am, Ano po ba yung gagawin sa project? Di ko gets. Thanks.</p> </div> <div data-bbox="595 671 1514 1217"> <p>Email B Subject: Paghingi ng Paglilinaw sa Proyekto sa Mabisang Komunikasyon</p> <p>Magandang araw po, Gng. Santos.</p> <p>Ako po si Juan Dela Cruz mula sa Baitang 11. Nais ko po sanang humingi ng paglilinaw tungkol sa proyektong ipinagawa sa aming klase upang matiyak kong tama ang aking pag-unawa sa mga panuto. Maraming salamat po sa inyong oras at paggabay.</p> <p>Lubos na gumagalang, Juan Dela Cruz</p> </div> <p>Mga Gabay na Tanong</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Aling email ang mas angkop na ipadala sa isang guro? Ipaliwanag ang iyong sagot. 2. Paghambingin ang dalawang email batay sa: 	<p>Para sa Opsiyon B: Angkop Ba ang Email? Layunin ng gawaing ito na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon sa digital na konteksto. Hikayatin silang magbigay ng ebidensiya mula sa teksto upang suportahan ang kanilang mga pagsusuri sa halip na pumili lamang ng mas "magandang" email. Sa talakayan, itaon ang pansin sa kahalagahan ng pag-aangkop ng wika, tono, at estruktura ayon sa kausap at layunin. Kung may akses sa internet at AI tools, maaaring gamitin ang karagdagang hamon bilang pagkakataon upang mapalalim ang kanilang kritikal na pagsusuri sa mga mungkahi ng AI at hindi lamang tanggapin ang mga ito nang walang pag-aanalisa. Nakaangkla rin ito sa tunguhing</p> <p>6. <i>naiuugnay ang angkop na wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email ayon sa layon, awdyens,</i></p>
--	---	--

	<p>a. nilalaman; b. layunin; c. tono; d. antas ng wika; at e. estruktura.</p> <p>3. Ano ang maaaring maging impresyon ng tatanggap sa bawat email?</p> <p>4. Kung ikaw ang guro, alin sa dalawang email ang mas madali mong mauunawaan at matutugunan? Bakit?</p> <p>5. Paano mababago ang Email B kung kaibigan ang padadalhan nito?</p> <p>Karagdagang Hamon (Opsyonal)</p> <p>Gamit ang isang AI tool (hal. ChatGPT, Gemini, o Copilot), ipasuri ang dalawang email gamit ang sumusunod na prompt:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Aling email ang mas angkop para sa isang guro? <p>Ipaliwanag batay sa nilalaman, layunin, tono, at estruktura. Pagkatapos, ihambing ang iyong pagsusuri sa pagsusuri ng AI. Tukuyin ang mga puntong nagkatulad at nagkaiba.</p>	<p><i>at konteksto ng komunikasyon.</i></p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa yugto ng Paglalahad ng Halimbawa sa IDF sapagkat gumagamit ito ng mga awtentikong halimbawa upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri bago sila lumikha ng sariling produkto. Sa halip na simpleng pagtukoy, hinihikayat silang magsagawa ng paghahambing, pagsusuri, at pagpapaliwanag batay sa nilalaman, layunin, tono, at estruktura ng komunikasyon. Nakaayon ito sa PPST Domain 1 at Domain 4 sa paggamit ng mga estratehiyang nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-iisip at makabuluhang pagkatuto. Ang paggamit ng AI bilang kasangkapang pampagsusuri ay nagpapakita ng responsableng integrasyon ng teknolohiya kung saan nananatiling pangunahing tagapagbigay-kahulugan at tagapagpasya ang mag-aaral.</p>
--	--	--

2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

Personal na Liham- ay isang uri ng sulatin na ginagamit upang maipahayag ang damdamin, saloobin, karanasan, o mensahe para sa isang tao.

Sa kasalukuyan, hindi lamang sulat-kamay na liham ang ginagamit kundi maging ang email bilang mabilis at makabagong pamamaraan ng personal at interpersonal na komunikasyon.

KATANGIAN NG LIHAM	
NILALAMAN	<ul style="list-style-type: none"> Nakatuon sa mga personal na karanasan, saloobin, damdamin, at impormasyon na nais ibahagi sa isang kakilala tulad ng kaibigan, pamilya, o kaklase.
LAYUNIN	<ul style="list-style-type: none"> Makipag-ugnayan at mapanatili ang ugnayan sa iba.
WIKA	<ul style="list-style-type: none"> Ginagamit ang di-pormal o impormal na wika, ngunit dapat pa ring maging maayos, malinaw, at magalang. Gumagamit ng pangkaraniwang salita (hindi masyadong teknikal). Maayos ang baybay at gramatika. Angkop sa kausap (depende sa relasyon).
TONO	<ul style="list-style-type: none"> Magaan at palakaibigan. Tapat at emosyonal (kung kinakailangan). Magalang at positibo.
ESTRUKTURA	<p>Mga Bahagi:</p> <ul style="list-style-type: none"> Petsa Bating Panimula Katawan ng Liham Bating Pangwakas Lagda o Pangalan <p>Mga Anyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> Block Style Semi-block Style Modified Block Style

Sa bahaging ito ay matatamo ang kasanayang:

4. *natutukoy ang nilalaman, layunin, wastong wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email bilang bahagi ng personal at interpersonal na komunikasyon.*

Layunin ng gawaing ito na matuklasan ng mga mag-aaral ang konsepto ng estruktura ng personal na email sa pamamagitan ng pagsusuri at rekonstruksiyon ng isang awtentikong halimbawa. Iwasan agad na ibigay ang mga bahagi ng email; sa halip, gabayan silang mabuo ang konsepto mula sa kanilang obserbasyon at talakayan. Pagkatapos ng gawain, pangunahan ang pagbuo ng generalization na ang isang mabisang email ay binubuo ng magkakaugnay na bahagi na may tiyak na tungkulin sa pagpapalinaw ng layunin, pagpapanatili ng angkop na tono, at pagpapakita ng paggalang sa kausap.

	<p><u>Iba pang Opsiyon ng Pagtalakay:</u> Email Forensics: Ano ang Bumubuo sa Isang Mabisang Email? Panuto: Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsusuri sa sumusunod na apat na bahagi ng isang email na pinutol-putol at inayos nang hindi magkakasunod. Sa pangkat na may tatlo hanggang limang kasapi, ipaayos ang mga bahagi upang makabuo ng isang lohikal at mabisang email. Pagkatapos, ipatukoy ang ginagampanang papel ng bawat bahagi sa pagpapahatid ng mensahe.</p> <p>Mga Bahagi ng Email</p> <div data-bbox="562 574 1491 769"> <p>A Lubos na gumagalang, Maria Santos Baitang 11 – Rizal</p> </div> <div data-bbox="562 802 1491 895"> <p>B Magandang araw po, G. Reyes.</p> </div> <div data-bbox="562 930 1491 1268"> <p>C Nais ko po sanang humingi ng pahintulot na makapagpasa ng aming proyekto sa darating na Biyernes dahil sa hindi inaasahang pagkawala ng kuryente sa aming lugar nitong mga nakaraang araw. Sisikapin po naming maipasa ang gawaing may sapat na kalidad sa itinakdang araw.</p> </div>	<p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa yugto ng Pagtalakay ng Bagong Konsepto sa IDF sapagkat hinahayaan nitong matuklasan ng mga mag-aaral ang mahahalagang bahagi at estruktura ng email sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-uuri, at pagbuo ng konsepto. Sa halip na direktang pagtuturo, ginagamit ang inquiry at collaborative learning upang mahubog ang mas malalim na pag-unawa. Nakaayon ito sa PPST Domain 1, Domain 3, at Domain 4 sa paggamit ng learner-centered at collaborative pedagogies na nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip. Ang AI at iba pang digital tools ay nagsisilbing katuwang sa pagsusuri at pagberipika ng mga idea, habang nananatiling pangunahing tagapagbuo ng kahulugan ang mga mag-aaral.</p>
--	---	---

D

Maraming salamat po sa inyong konsiderasyon at pag-unawa.

Gawain ng Pangkat

Ipakumpleto sa mga mag-aaral ang talahanayan batay sa hinihinging sagot sa bawat hanay.

Tamang Aynos	Bahagi ng Email	Tungkulin sa Komunikasyon
1		
2		
3		
4		

Hamong Pagsusuri

Pagkatapos mabuo ang email, ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

1. Bakit hindi maaaring mauna ang katawan ng email kaysa sa pagbati?
2. Ano ang maaaring epekto kung aalisin ang pangwakas na bahagi ng email?
3. Paano nakatutulong ang organisadong estruktura upang maging malinaw ang komunikasyon?
4. Aling bahagi ang higit na nakaaapekto sa tono ng email? Ipaliwanag.

AI Challenge (Opsyonal)

1. Ibigay sa AI tool ang nabuong email at ilagay ang mga panutong:
2. Tukuyin ang mga bahagi ng email at ipaliwanag ang tungkulin ng bawat isa sa mabisang komunikasyon.
3. Pagkatapos, ihambing ang paliwanag ng AI sa sariling pagsusuri ng pangkat. Tukuyin kung may mga ideang hindi ninyo napansin o kung may mga puntong hindi kayo sang-ayon.

	<p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyaon A: Write the Right Way</p> <p>Panuto: Magbigay ng iba't ibang sitwasyon ng komunikasyon gamit ang email. Pipiliin ng mga mag-aaral ang angkop na wika, tono, at estruktura ng personal na liham ayon sa layon, awdyens at konteksto ng komunikasyon. Pagkatapos, ipaliliwanag nila kung bakit iyon ang kanilang napiling paraan ng pagsulat. Hikayatin ang mga mag-aaral na maipakita ang kakayahang gumamit ng persweysib na wika, magpahayag nang malinaw na opinyon at suportahan ito ng angkop na batayan o katotohanan ayon sa sitwasyon.</p> <p>MGA SITWASYON:</p> <ul style="list-style-type: none"> • pangungumusta sa kaibigang huli mong nakita noong 2021 • pagpapasalamat sa magulang dahil binigyan ka ng ₱150 • pag-anyaya ng 12 bisita lamang sa iyong kaarawan • pakikiramay sa taong nawalan ng mahal sa buhay na tatlong araw pa lang ang nakalilipas • paghingi ng paumanhin sa guro dahil nahuli ka ng 15 minuto 	<p>Para sa Opsiyaon A: Write the Right Way</p> <p>Sa gawaing ito, naiuugnay ng mga mag-aaral ang wastong wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon.</p> <p><i>IPT Integration Note</i></p> <p>Naipakikita rin dito ang paghubog ng numeracy skills sa paggamit ng taon, bilang, oras, pera at maging ang kompyutasyon bilang batayan sa pag-unawa, pagbuo ng desisyon, pagpapakita ng opinyon at paglutas ng simpleng real life na sitwasyon. Ang pagpapaliwanag gamit ang mga persweysib na wika, pagpapahayag nang malinaw sa sariling opinyon o katotohanan ay magsilbing pagsasanay para sa Integrative Performance Task na Community Innovation Advocacy Pitch.</p> <p>Sumusuporta ang gawaing ito sa Integrative Performance Task bilang scaffolding sa pagtatamo ng kasanayang kinakailangang maipamalas sa Community Innovation Advocacy Pitch.</p>
--	--	---

Opsiyon B: Pareho Ba ang Iyong Isusulat?

Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang sitwasyon sa ibaba.

Nais mong ipaalam na hindi ka makadadalo sa isang mahalagang pagpupulong dahil sa biglaang pagkakasakit.

Ipasuri kung paano nila ipahahayag ang mensahe kung ang padadalhan ng email ay ang sumusunod:

KAUSAP	SUBJECT LINE	PAMBUNGAD NA PAHAYAG	PANGUNAHING MENSAHE
Magulang			
Kaibigan			
Guro			
Kamag-anak			

Pagkatapos, ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:

1. Aling bahagi ng iyong mga sagot ang higit na nagbago sa bawat kausap?
2. Ano ang naging batayan mo sa pagpili ng mga salita at tono?
3. Bakit hindi maaaring magkapareho ang lahat ng email kahit iisa lamang ang sitwasyon?

Karagdagang Hamon: AI Audience Check

Kung may akses sa AI tool, gamit ang sumusunod na prompt:

- Suriin ang aking email para sa guro. Ang tono ba nito ay sapat na magalang at angkop para sa isang akademikong konteksto?
- Magbigay ng mungkahi para sa pagpapabuti.
- Pagkatapos, tukuyin kung alin sa mga mungkahi ng AI ang iyong tatanggapin at alin ang hindi. Ipaliwanag ang iyong dahilan.

Para sa Opsiyon B: Pareho Ba ang Iyong Isusulat?

Ang gawaing ito ay nagsisilbing tulay mula sa pagsusuri tungo sa aktuwal na aplikasyon ng konsepto. Bigyang-diin na bagama't iisa ang sitwasyon, nagbabago ang paraan ng pagpapahayag batay sa relasyon ng nagpadala at tumatanggap, layunin ng mensahe, at konteksto ng komunikasyon. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay-katwiran sa kanilang pagpili ng salita, tono, at estruktura. Tanggapin ang iba't ibang posibleng sagot basta't naipakikita ang angkop na pag-aangkop ng komunikasyon ayon sa awdyens.

Nakaangkla ang gawaing ito sa layuning; (2) *Nasusuri ang pagkakaiba ng nilalaman, layunin, wika, tono, at estruktura ng personal na liham gamit ang email batay sa kausap at konteksto ng komunikasyon.*

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa yugto ng Paglinang ng Kabihasaan sa IDF sapagkat binibigyan nito ang mga mag-

		<p>aaral ng pagkakataong mailapat ang kanilang pag-unawa sa nilalaman, layunin, tono, at estruktura ng email sa iba't ibang sitwasyong komunikatibo. Nakaayon ito sa PPST Domain 1 at Domain 5 sa pamamagitan ng paggamit ng mga gawaing nagpapalalim ng pagkatuto at nagbibigay ng agarang feedback sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang integrasyon ng AI bilang kasangkapang pampagsusuri ay nagpapaunlad ng digital literacy at kritikal na paggamit ng teknolohiya habang pinananatiling pangunahing tagapagpasya ang mag-aaral sa pagpili ng angkop na komunikasyon.</p>
<ul style="list-style-type: none"> Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon Opsiyon A: <i>Feel. Type. Send!</i> Panuto: Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang personal na liham gamit ang email para sa magulang, kaibigan, kamag-anak o guro. Dapat itong naglalaman ng angkop na wika, wastong tono, at tamang estruktura ayon sa layon, awdyens at konteksto ng komunikasyon. Isusumite ang liham sa email ng guro na may filename na SEKSIYON_APELYIDO_PANGALAN (hal. RELATION_RULL_CARL)</p>	<p>Para sa Opsiyon A: <i>Feel. Type. Send!</i> Ginagamit sa gawaing ito ang Performance-Based Learning Strategy sapagkat aktuwal na naipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng personal na email gamit ang angkop na wika, tono, at estruktura. Sa bahaging ito, matatamo ang</p>

	<p><u>Mga pagpipiliang paksa:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbati sa kaibigang nakapasa sa college scholarship • Paghingi ng paumanhin sa katabi dahil maingay ka sa klase • Paghingi ng paumanhin dahil hindi nakadalo sa group meeting • Pagbati sa kaibigang nanalo sa paligsahan o campus journalism • Pag-anyaya sa kaibigan na dumalo sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika • Pagtatanong sa guro tungkol sa iyong mga kulang na quizzes o proyekto • Paghingi ng payo sa kuya o ate tungkol sa kursong kukunin sa kolehiyo • Pagpapasalamat sa guro sa paggabay niya sa inyong research o immersion • Pagtanggap sa imbitasyon sa outing o reunion dahil sa mga gawain sa paaralan • Paghingi ng pahintulot sa punongguro na magsagawa ng programa sa Teachers' Day 	<p>kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>nakasusulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak, at guro gamit ang email na may angkop na wika at wastong estruktura ayon sa layon, awdyens, at konteksto ng komunikasyon</i> <p>Kaugnay ito ng RPMS-PPST Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy dahil nalilina ang mabisang komunikasyon at makabuluhang paglalapat ng kaalaman sa tunay na sitwasyon.</p>
--	--	---

Pamantayan	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Nangangailangan ng Pagsasanay	Puntos
Nilalaman	Malinaw, makabuluhan, at kumpleto ang mensahe; akma-akma sa paksa	Malinaw ang mensahe ngunit may ilang detalye na kulang	Bahagyang malinaw ang mensahe at kulang sa detalye	Hindi malinaw at hindi tugma sa paksa ang mensahe	___/4
Organisasyon	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya; may wastong pagbati, katawan, at pangwakas	Maayos ang pagkakabuo ngunit may kaunting pagkukulang sa bahagi	Hindi gaanong organisado ang ideya	Magulo at walang wastong estruktura	___/4
Wika at Tono	Angkop ang wika at tono ayon sa layon at kausap	Kadalasang angkop ang wika at tono	May ilang hindi angkop na salita o tono	Hindi angkop ang wika at tono	___/4
Gramatika at Baybay	Walang mali sa gramatika, baybay, at bantas	May ilang maliit na kamalian	Maraming kamalian ngunit nauunawaan pa rin	Napakaraming kamalian na nakaaapekto sa pag-unawa	___/4
Kaangkuhan sa Pormat ng Email	Kumpleto at wasto ang bahagi ng email (subject, pagbati, katawan, pangwakas)	May isang bahaging kulang	May dalawa o higit pang kulang na bahagi	Hindi nasunod ang pormat ng email	___/4

Kabuuang Puntos: ___ /20
 Katumbas na Marka
 18–20 — Napakahusay
 10–13 — Katamtaman
 14–17 — Mahusay
 5–9 — Nangangailangan ng Pagsasanay
Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 4

<p>Opsiyon B: Ano ang Iyong Gagawin? <i>Panuto:</i> Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga sitwasyon sa ibaba. Ipatukoy kung email, chat/message, o harap-harapang pag-uusap ang pinakamainam na paraan ng komunikasyon sa bawat sitwasyon. Pagkatapos, ipapaliwanag ang kanilang sagot batay sa layunin, kausap, at konteksto ng sitwasyon.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Ano ang Iyong Gagawin? Layunin ng gawaing ito na maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa angkop na paggamit ng email sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. Bigyang-diin na ang pagpili ng midyum ng komunikasyon ay nakaaapekto sa bisa ng</p>
---	---

Sitwasyon	Email	Chat / Message	Harap-harapang Pag-uusap	Dahilan
1. Hihingi ka ng pahintulot sa iyong guro na makapagpasa ng proyekto sa ibang araw.				
2. Babatiin mo ang iyong kaibigan sa kaniyang kaarawan.				
3. Magpapasalamat ka sa iyong tiyahin na tumulong sa iyong pag-aaral.				
4. Magpapaalam ka sa iyong magulang na mahuhuli ka ng uwi dahil sa pagsasanay sa paaralan.				
5. Nais mong magbahagi ng mahalagang balita sa isang kamag-anak na nasa ibang bansa.				

Hamong Pagninilay

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Sa anong mga sitwasyon mas angkop ang paggamit ng email?
- Bakit mahalagang piliin ang angkop na paraan ng komunikasyon?
- Paano nakatutulong ang email sa pagpapanatili ng personal at interpersonal na ugnayan sa kasalukuyang panahon?

Karagdagang Hamon (ICT/AI Integration)

Gamit ang AI tool o search engine, ipasaliksik sa mga mag-aaral ang tatlong sitwasyon sa paaralan o komunidad kung saan karaniwang ginagamit ang email bilang opisyal o personal na paraan ng komunikasyon. Pagkatapos, ipahambing ang mga ito sa mga sitwasyong karaniwang ginagamitan lamang ng chat o text message.

mensahe at sa ugnayan ng mga taong sangkot. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng makatwirang paliwanag at hindi lamang pumili ng sagot. Tanggapin ang iba pang posibleng tugon kug maayos na naipaliliwanag ang kaugnayan nito sa layunin, awdyens, at konteksto.

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa bahaging Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon sa IDF sapagkat iniuugnay nito ang mga natutuhan ng mga mag-aaral sa mga tunay na sitwasyong kanilang nararanasan sa tahanan, paaralan, at komunidad. Nakaayon ito sa PPST Domain 1 at Domain 6 sa pamamagitan ng paglinang ng komunikasyong may kabuluhan sa iba't ibang konteksto at paggamit ng mga digital na paraan ng pakikipag-ugnayan. Ang integrasyon ng AI at online resources ay nagpapalawak sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kontemporaryong gawi sa digital communication habang pinauunlad ang kanilang

		digital literacy at responsableng paggamit ng teknolohiya
	<p>2. Paglalahat</p> <p>Opsiyon A: GC Talk, Realtalk</p> <p>Ipakuha sa mga mag-aaral ang kanilang cellphone at ipabukas ang group chat ng klase. Matapos ang talakayan tungkol sa kahalagahan ng personal na liham o email sa pagpapahayag ng saloobin at pagbibigay ng suporta sa iba sa panahon ng <i>social media</i> at instant messaging, ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Gumawa ng isang maikling mensahe na binubuo ng 3–5 pangungusap para sa isang nakababatang mag-aaral, kaibigan, o miyembro ng komunidad. 2. Ipaliwanag kung bakit mahalaga pa rin ang personal na liham o email bilang paraan ng pagpapakita ng malasakit, pasasalamat, paghingi ng paumanhin, o pagbibigay ng payo, at magbahagi ng isang aral o payo na makatutulong sa pag-aaral, pakikipagkapuwa, at pakikilahok sa mga gawain ng paaralan at komunidad. 3. Basahin at suriin ang mensahe ng isang kamag-aral. Magbigay ng isang positibo at makabuluhang komento tungkol sa pinakamahalagang aral o payo na iyong natutuhan mula rito. 	<p>Para sa Opsiyon A: GC Talk, RealTalk</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa ADDIE Instructional Model partikular sa bahaging Implementation at Scaffolded Integrative Performance Task (SPIT), nalinang din ang digital communication, interpersonal at intrapersonal na komunikasyon ng mga mag-aaral.</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa PPST Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy dahil gumagamit ang guro ng makabago at angkop na estratehiya sa pagtuturo gamit ang digital communication. Kaugnay rin ito ng PPST Domain 4: Curriculum and Planning sapagkat ang gawain ay maayos na idinisenyo ayon sa interes, karanasan, at pangangailangan ng mga mag-aaral.</p>

	<p>Opsiyon B: Kumpletuhin ang Kaisipan <i>Panuto: Batay sa mga natutuhan sa mga naunang gawain, kumpletuhin ang mga pahayag sa ibaba.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang personal na email ay isang anyo ng _____ na ginagamit upang _____. • Ang nilalaman, wika, tono, at estruktura ng email ay dapat nakaayon sa _____, at _____. • Nagiging mabisa ang isang email kapag ito ay _____, _____, at _____. • Mahalaga ang paggamit ng angkop na email sa personal at interpersonal na komunikasyon sapagkat _____. <p><i>Pagbuo ng Paglalahat</i> <i>Pagkatapos sagutin ang mga pahayag, bumuo ng isang pangungusap na naglalahat ng iyong natutuhan tungkol sa pagsulat ng personal na email.</i></p> <p><i>Natutuhan ko na</i> _____.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Kumpletuhin ang Kaisipan Gamitin ang gawaing ito upang mabuo ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto ng aralin. Huwag agad ibigay ang sagot; hikayatin silang balikan ang mga halimbawa, pagsusuri, at talakayang isinagawa sa mga naunang gawain. Pagkatapos ng pagbabahagi ng mga sagot, pangunahan ang pagbuo ng isang klaseng paglalahat na magsisilbing buod ng aralin.</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa bahaging Paglalahat ng IDF sapagkat pinagsasama-sama nito ang mahahalagang konseptong natutuhan ng mga mag-aaral mula sa pagsusuri, pagtalakay, at aplikasyon ng aralin. Sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling paglalahat, nahihikayat silang maging aktibong tagapagbuo ng kahulugan at hindi lamang tagatanggap ng impormasyon. Nakaayon ito sa PPST Domain 1 at Domain 3 sa pagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Maaaring gamitin ang collaborative digital tools</p>
--	---	---

		gaya ng Padlet o Mentimeter upang makabuo ng isang kolektibong paglalahat ng klase at makita ang iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral.												
	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: Dissect the Letter / Himay Liham</p> <p>Panuto: Ipanood o iparinig sa mga mag-aaral ang video na “<i>Liham ng Magulang sa Anak.</i>” na makikita youtube link na ito https://youtu.be/BfoMMzZoZxA?si=VSV6ClqzJxbuDAjh</p> <p>Pagkatapos mapanood, ipasuri sa kanila ang nilalaman ng liham batay sa mga elementong pinag-aralan tulad ng nilalaman, layunin, tono, wika, at estruktura. Maaaring gamitin muli ang Letter Dissection Chart at pasagutan ang mga gabay na tanong upang higit na malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at pagsusuri sa personal na liham gamit ang email o digital communication.</p> <table><tr><th>BAHAGI NG PAGSUSURI</th><th>PAGSUSURI SA LIHAM</th></tr><tr><td>Nilalaman</td><td>Ano ang pangunahing mensahe ng liham? Anong damdamin o karanasan ang ipinahayag?</td></tr><tr><td>Layunin</td><td>Bakit isinulat ng magulang ang liham para sa anak?</td></tr><tr><td>Tono</td><td>Ano ang tono ng liham?</td></tr><tr><td>Wika</td><td>Anong uri ng wika ang ginamit? Paano ito naging angkop sa kausap?</td></tr><tr><td>Estruktura</td><td>Kumpleto ba ang bahagi ng liham? Paano nito naging malinaw ang mensahe?</td></tr></table> <p>If I Were the Writer...</p> <p>Papiliin ang mga mag-aaral ng isang linya o bahagi ng liham na tumatak sa kanila. Pagkatapos, dudugtungan nila ito ng sarili nilang mensahe bilang:</p> <ul style="list-style-type: none">• anak para sa magulang, o• magulang para sa anak.	BAHAGI NG PAGSUSURI	PAGSUSURI SA LIHAM	Nilalaman	Ano ang pangunahing mensahe ng liham? Anong damdamin o karanasan ang ipinahayag?	Layunin	Bakit isinulat ng magulang ang liham para sa anak?	Tono	Ano ang tono ng liham?	Wika	Anong uri ng wika ang ginamit? Paano ito naging angkop sa kausap?	Estruktura	Kumpleto ba ang bahagi ng liham? Paano nito naging malinaw ang mensahe?	<p>Para sa Opsiyon A: Dissect the Letter / Himay Liham</p> <p>Ang estratehiyang Dissect the Letter o Himay-Liham ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at pagsusuri ng mga mag-aaral sa nilalaman, layunin, tono, wika, at estruktura ng personal na liham.</p> <p>Nalilinang din dito ang kanilang kasanayan sa pagpapahayag ng damdamin at paggamit ng angkop na wika sa komunikasyon. Kaugnay ito ng PPST Domain 1 at 4 dahil gumagamit ang guro ng makabago, interaktibo, at kontekstuwalisadong estratehiya sa pagkatuto.</p>
BAHAGI NG PAGSUSURI	PAGSUSURI SA LIHAM													
Nilalaman	Ano ang pangunahing mensahe ng liham? Anong damdamin o karanasan ang ipinahayag?													
Layunin	Bakit isinulat ng magulang ang liham para sa anak?													
Tono	Ano ang tono ng liham?													
Wika	Anong uri ng wika ang ginamit? Paano ito naging angkop sa kausap?													
Estruktura	Kumpleto ba ang bahagi ng liham? Paano nito naging malinaw ang mensahe?													

	<p>Maaaring seryoso, emosyonal, makahulugan o nagbibigay inspirasyon.</p> <p>Ang guro ay may kalayaan na gumawa ng rubric kung paano nya mamarkahan ang ginawa ng mag-aaral.</p> <p><i>Tingnan sa MK LE2 Kalakip Blg. 2A</i> <i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 5</i></p> <p>Opsiyon B: Sumulat Ako, Ikaw ang Huhusga <i>Panuto:</i> Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na sitwasyon at papiliin sila ng isa. Pagkatapos, ipasulat ang isang personal na email na may 80–120 salita. Paalalahanan silang gamitin ang angkop na nilalaman, wika, tono, at estruktura ng email batay sa kausap at layunin ng komunikasyon.</p> <p>Mga Sitwasyon</p> <p>A. Nais mong magpasalamat sa iyong guro dahil sa kaniyang paggabay at suporta sa isang proyekto o pananaliksik.</p> <p>B. Nais mong humingi ng paumanhin sa isang kaibigan dahil hindi ka nakadalo sa mahalagang pagpupulong ng inyong pangkat.</p> <p>C. Nais mong ibahagi sa iyong magulang ang isang mahalagang tagumpay na iyong natamo sa paaralan.</p> <p>D. Nais mong humingi ng payo sa iyong nakatatandang kapatid o kamag-anak tungkol sa kursong kukunin mo sa kolehiyo.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Sumulat Ako, Ikaw ang Huhusga</p> <p>Ang pagtatayang ito ay sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na ilapat ang kanilang natutuhan sa isang makatotohanang sitwasyong pangkomunikasyon. Bigyang-pansin hindi lamang ang wastong gramatika kundi ang pagiging angkop ng nilalaman, tono, at estruktura ayon sa awdyens at layunin. Hikayatin ang mga mag-aaral na balikan ang mga natutuhan nilang halimbawa at pamantayan sa pagsulat ng email bago simulan ang gawain.</p> <p>Posibleng Katangian ng Mahusay na Sagot</p> <ul style="list-style-type: none"> • May malinaw na subject line. • May angkop na pagbati. • Malinaw na nailalahad ang layunin ng email. • Gumagamit ng wikang
--	---	---

Pamantayan	4	3	2	1	Puntos
Nilalaman	Malinaw, makabuluhan, at ganap na tumutugon sa layunin	Malinaw ngunit may bahagyang kakulangan sa detalye	Hindi malinaw at kulang sa detalye	Hindi malinaw ang mensahe	—
Organisasyon	Kumpleto at maayos ang estruktura ng email	May isang bahaging kulang	May ilang kakulangan sa estruktura	Hindi nasunod ang wastong estruktura	—
Wika at Tono	Lubos na angkop sa kausap at sitwasyon	Kadalasang angkop	May ilang hindi angkop na paggamit	Hindi angkop sa kausap	—
Gramatika at Mekaniks	Halos walang kamalian	May ilang kamalian	Maraming kamalian ngunit nauunawaan pa rin	Maraming kamaliang nakaaapekto sa pag-unawa	—
Kaangkupan sa Layunin	Lubos na natugunan ang layunin ng email	Natugunan ang layunin ngunit may bahaging hindi malinaw	Bahagyang natugunan ang layunin	Hindi natugunan ang layunin	—

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 2) Gawain Bilang 6

angkop sa kausap.

- May magalang at maayos na pangwakas.
- Nagpapakita ng pagkakaugnay-ugnay ng mga idea.

Ang pagtatayang ito ay nakaangkla sa bahaging Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan ng IDF sapagkat hinihingi nito sa mga mag-aaral ang paglilipat at aplikasyon ng kanilang natutuhan sa isang awtentikong sitwasyong pangkomunikasyon. Nakaayon ito sa PPST Domain 5 sa paggamit ng pagtatayang sumusukat hindi lamang sa kaalaman kundi maging sa aktuwal na pagganap at paggamit ng kasanayan. Maaaring isagawa ang pagsusulat sa papel o sa digital platforms tulad ng Gmail draft, Google Docs, o learning management systems upang higit na maging makatotohanan an karanasan sa pagsulat ng email sa kontemporaryong konteksto.

	<ul style="list-style-type: none"> • Karagdagang Gawain <p>Opsiyon A: Email for the Future: Mula Paaralan Hanggang Propesyon</p> <p>Panuto: Pangkatin ang klase sa apat. Magsagawa ng panayam tungkol sa mga dapat tandaan sa pagsulat at pagpapadala ng personal na liham. Batay sa nakalap na impormasyon, bumuo ng flowchart na nagpapakita ng wastong proseso ng pagsulat at pagpapadala nito sa email.</p> <p>UNANG PANGKAT- College Inquiry Email Layuning magtanong tungkol sa kursong nais nilang kunin, scholarship, o admission requirements sa kolehiyo.</p> <p>IKALAWANG PANGKAT -Request Letter for Recommendation Layuning gumawa ng email para humingi ng recommendation o reference mula sa guro para sa kolehiyo o trabaho.</p> <p>IKATLONG PANGKAT- Work Immersion Reflection Email Email para magpasalamat sa tao o kompanya habang nasa immersion at ibahagi ang kanilang natutuhan.</p> <p>IKAAPAT NA PANGKAT- Customer Complaint or Feedback Email Layuning gumawa ng email bilang customer na nagbibigay ng reklamo o positibong feedback tungkol sa produkto o serbisyo.</p> <p>Narito ang rubric sa pagmamarka ng awtput:</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Antas</th><th>Paglalarawan</th><th>Puntos</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Napakahusay</td><td>Kumpleto, organisado, at malinaw na naipakita sa flow chart ang tamang proseso ng paggawa at pag-send ng email. Naipakita rin ang wastong nilalaman, tono,</td><td>20</td></tr> </tbody> </table>	Antas	Paglalarawan	Puntos	Napakahusay	Kumpleto, organisado, at malinaw na naipakita sa flow chart ang tamang proseso ng paggawa at pag-send ng email. Naipakita rin ang wastong nilalaman, tono,	20	<p>Para sa Opsiyon A: Email for the Future: Mula Paaralan Hanggang Propesyon</p> <p>Ang gawaing ito ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagsulat ng email na may kaugnayan sa kolehiyo, trabaho, at negosyo. Sa pamamagitan ng panayam, kolaborasyon, at paggawa ng flow chart, nalilalang ang kanilang kritikal na pag-iisip, digital communication skills, at kakayahang gumamit ng angkop na tono, wika, at estruktura sa iba't ibang sitwasyong propesyonal.</p>
Antas	Paglalarawan	Puntos						
Napakahusay	Kumpleto, organisado, at malinaw na naipakita sa flow chart ang tamang proseso ng paggawa at pag-send ng email. Naipakita rin ang wastong nilalaman, tono,	20						

		wika, at estruktura na angkop sa kolehiyo, trabaho, o negosyo.		
	Mahusay	Maayos at halos kumpleto ang flow chart. Naipakita ang karamihan sa tamang proseso at paggamit ng angkop na wika at estruktura ng email.	15	
	Katamtaman	Bahagyang malinaw ang flow chart ngunit may ilang kulang o hindi organisadong bahagi sa proseso ng email. May ilang kamalian sa paggamit ng wika at estruktura.	10	
	Nangangailan gan ng Pagpapabuti	Hindi malinaw at kulang ang flow chart. Hindi naipakita nang maayos ang proseso, tono, wika, at estruktura ng email.	5	
Kabuoang Puntos: 20				
Opsiyon B: Email sa Tunay na Buhay Panuto: Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang maikling panayam sa isang magulang, kamag-anak, guro, o iba pang nakatatanda. Ipatanong kung paano nila ginagamit ang email sa kanilang pag-aaral, trabaho, negosyo, o pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Pagkatapos ng panayam, sagutin ang sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Sino ang iyong nakapanayam? • Sa anong mga sitwasyon siya gumagamit ng email? • Bakit mahalaga ang email sa kaniyang personal o propesyonal na buhay? • Ano ang pinakamahalagang natutuhan mo mula sa panayam? • Paano mo magagamit ang natutuhan mong ito bilang isang mag-aaral? 				Para sa Opsiyon B: Email sa Tunay na Buhay Layunin ng gawaing ito na mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa gamit ng email sa mga tunay na sitwasyon sa tahanan, paaralan, komunidad, at mundo ng trabaho. Hikayatin silang magsagawa ng aktuwal na panayam at hindi lamang maghanap ng impormasyon sa internet. Maaaring tanggapin ang panayam na isinagawa nang personal, sa telepono, sa video call, o sa pamamagitan ng chat at email. Bigyang-diin na ang pokus ng gawain ay ang

	<p>Output Ipasulat ang kanilang sagot sa isang maikling repleksiyon na binubuo ng 150–200 salita.</p>	<p>pag-uugnay ng natutuhan sa mga karanasan at pangangailangan sa totoong buhay.</p> <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa prinsipyo ng paglilipat ng pagkatuto (transfer of learning) sa IDF sapagkat iniuugnay nito ang mga natutuhan sa silid-aralan sa mga aktuwal na karanasan sa tahanan at komunidad. Nakaayon ito sa PPST Domain 6 na nagbibigay-diin sa ugnayan ng paaralan, tahanan, at komunidad bilang mga katuwang sa pagkatuto. Maaari ring gamitin ng mga mag-aaral ang iba't ibang digital na kasangkapan tulad ng email, video conferencing platforms, o online forms sa pagsasagawa ng panayam at dokumentasyon ng kanilang mga natutuhan.</p>
--	---	--

<p>• PAGTATAYANG PANGYUNIT</p>	<p>3. Pagtataya Opsiyon A: Piliin Mo naman ang Tama! Like o Dislike Panuto: Ipabasa at ipasuring mabuti sa mga mag-aaral ang bawat pahayag. Ipalagay ang 👍 kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at 👎 kung hindi. Ipasaalang-alang ang wastong paggamit ng personal na liham at email sa makabagong panahon ng komunikasyon.</p> <p>____1. Ang tono at wikang ginagamit sa personal na liham ay dapat nakaayon sa relasyon ng sumulat at ng tatanggap.</p> <p>____2. Maaaring gumamit ng impormal na wika sa personal na liham ngunit kinakailangan pa ring maging malinaw at magalang ang pagpapahayag.</p> <p>____3. Sa panahon ng <i>social media</i>, hindi na mahalaga ang pagkatuto ng pagsulat ng personal na liham at email dahil may messenger naman.</p> <p>____4. Ang email ay maituturing na makabagong anyo ng personal at interpersonal na komunikasyon.</p> <p>____5. Ang maayos na estruktura ng liham ay nakatutulong upang maging malinaw at organisado ang mensaheng nais iparating.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Piliin mo naman ang Tama! Like o Dislike</p> <p>Magagabayan ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng malinaw na panuto na basahin at suriin nang mabuti ang bawat sitwasyon at pagpipilian batay sa tamang pagpapakita ng sosyal at kultural na sensibilidad, kamalayang panlipunan, at responsableng pakikilahok sa online forum.</p> <p>Sa gawaing iyon, malilinang ang kasanayan sa kritikal na pag-unawa at pagpapasya sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sitwasyong may kaugnayan sa sosyal at kultural na sensibilidad, gayundin ang responsableng pakikilahok sa komunikasyong online.</p> <p>Susi sa Pagwawasto:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 👍 2. 👍 3. 👎 4. 👍 5. 👍
---------------------------------------	---	---

	<ul style="list-style-type: none"> • Aling bahagi ng email ang maaaring magdulot ng kalituhan o kakulangan ng impormasyon sa tatanggap? • Paano nakaapekto ang pagpili ng wika at tono sa propesyonalismo ng mensahe? 	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat mas pormal ang pagbati at pangwakas. • Kailangang maging mas tiyak ang layunin, iskedyul, at saklaw ng gawain. • Kailangang gumamit ng mas propesyonal at organisadong estruktura. <p>Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Pagtataya sa Natutuhan sa IDF sapagkat hinihingi nito ang mataas na antas ng pagsusuri, paghatol, at rebisyon ng isang awtentikong digital na teksto. Nakaayon ito sa PPST Domain 1, Domain 4, at Domain 5 sa pagtataguyod ng kritikal na pag-iisip, awtentikong pagtataya, at paggamit ng mga kontemporaryong sitwasyong komunikatibo. Maaari ring gamitin ang AI bilang katuwang sa peer review sa pamamagitan ng paghahambing ng pagsusuri ng mag-aaral at ng AI sa parehong email, na nagpapaunlad sa kanilang digital at AI literacy.</p>
--	---	--

<ul style="list-style-type: none"> PAGNINILAY 	<table border="1"> <thead> <tr> <th>Gabay na Tanong</th> <th>Sagot</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td> <td></td> </tr> </tbody> </table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	
	Gabay na Tanong	Sagot									
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?										
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?										
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?										
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. <hr/> <hr/>										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation. <hr/> <hr/>										
	<ul style="list-style-type: none"> Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin. <hr/> <hr/>										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. <hr/> <hr/>										
<ul style="list-style-type: none"> Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? <hr/> <hr/> <hr/>											

	<ul style="list-style-type: none">• Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? <hr/> <hr/> <hr/>
--	---

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

•LAYUNIN (<i>Pagtukoy sa mga Layunin</i>)	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamain sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensitibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, <i>email</i> , <i>text</i> o <i>chat</i> , at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensitibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Pangkat ng mga Kasanayang Pampagkatuto: Pagbibigay-Kahulugan <ul style="list-style-type: none"> Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon). Pakikilahok <ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal (hal. pagsulat ng talaarawan o dyornal, pagbuo ng social media profile) upang mapagnilayan ang mga natutuhan at karanasan, makapagtakda ng layunin, at makagawa ng online na presensiya habang pinoprotektahan ang mga pribadong datos. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal, interpersonal, sosyal, at kultural na konteksto na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p>Ash, S. L., & Clayton, P. H. (2009). Generating, deepening, and documenting learning: The power of critical reflection for applied learning. <i>Journal of Applied Learning in Higher Education</i>, 1(1), 25–48. https://community.mcmaster.ca/app/uploads/2020/07/DEALModelforCriticalReflection.pdf</p> <p>Baikie, K. A., & Wilhelm, K. (2005). Emotional and physical health benefits of expressive writing. <i>Advances in Psychiatric Treatment</i>, 11(5), 338–346. https://doi.org/10.1192/apt.11.5.338</p> <p>Datuin, M. A. (2022). Isang pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay. <i>Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research</i>, 82(2). http://journals.bsu.edu.ph/index.php/BRJ/article/view/583</p> <p>Kagawaran ng Edukasyon. (2025). <i>Mabisang komunikasyon: Gabay sa kurikulum para sa Baitang 11 (Pinahusay na Kurikulum ng SHS)</i>. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/MABISANG-KOMUNIKASYON.pdf</p> <p>Mendoza, M. L. (2025). Pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay. <i>Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research</i>, 85(2), 83–97. https://www.researchgate.net/publication/400235445</p> <p>Pennebaker, J. W. (1997). Writing about emotional experiences as a therapeutic process. <i>Psychological Science</i>, 8(3), 162–166. https://doi.org/10.1111/j.1467-9280.1997.tb00403.x</p> <p>Pennebaker, J. W. (2018). Expressive writing in psychological science. <i>Perspectives on Psychological Science</i>, 13(2), 226–229. https://doi.org/10.1177/1745691617707315</p> <p><i>Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito:</i> https://docs.google.com/document/d/1JmkfjqIMjEFHJytbZgHaohVilmTA6ma/edit?usp=sharing&ouid=112908784282981729496&rtpof=true&sd=true</p> <p>Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan)</p> <p>GeminiAI.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan)</p>

<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN/ SITWASYONG KUMUNIKATIBO 	Pagsulat ng dyornal (travel, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay.
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at impormasyon mula sa mga personal na karanasan o aktuwal na interaksyon na itatala sa dyornal. • Nakasusulat ng iba't ibang uri ng dyornal gamit ang angkop na wika, tono at estruktura. • Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto. • Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na wika at tono upang mabisang maiparating ang layunin at damdamin sa isang dyornal entry. • Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.
<ul style="list-style-type: none"> • PAMAMARAAN (Marapat na may 2-3 gawain sa bawat bahagi) 	TALA SA GURO
<ul style="list-style-type: none"> • Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman 	<div> <div> 1. Paghango sa Dating Kaalaman Opsiyon A: Flash-Back-Tala Panuto: Pumili ng isang larawang ipakikita ng guro na nagpaalala sa iyo ng isang personal na karanasan. Isulat ang tatlo hanggang limang mahahalagang detalye tungkol sa karanasang ito. Pagkatapos, ibahagi at talakayin sa klase ang iyong mga naisulat at ang mga damdaming iyong naranasan kaugnay ng karanasan. Bilang karagdagang gawain, bilangin kung ilang detalye ang iyong naisulat. </div> <div> Para sa Opsiyon A: Flash-Back-Tala Ang Flash-Back-Tala ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang <i>21st century skills</i> ng mga mag-aaral tulad ng <i>communication, critical thinking, creativity, self-awareness o reflective thinking, at collaboration</i>. Sa pamamagitan ng pagpili ng larawan na may kaugnayan sa sariling karanasan, pagsulat ng 3–5 mahahalagang detalye, at pagbabahagi nito sa klase, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw na pagpapahayag ng idea, pagsusuri ng mahalagang impormasyon, pag-uugnay ng karanasan sa larawan, at pagpapahayag ng damdamin. Nagkakaroon din ng pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan at talakayan sa kapwa mag-aaral. </div> </div>



**1. Larawan ng
Paglalakbay**



**2. Larawan ng
Pamilya**



3. Larawan ng Kaarawan

Sa pananaw ng ADDIE Model, ang gawaing ito ay nakapaloob sa **Implementation phase** dahil dito isinasagawa ang aktuwal na pagkatuto tulad ng pagpili ng larawan, pagsulat ng tala, at pagbabahagi sa klase. May kaunting bahagi rin ng **Evaluation** dahil sa pagbibilang ng 3–5 detalye bilang simpleng pagtingin sa naging lawak at lalim ng kanilang sagot.

Tumutugon ito sa mga Classroom Observation Indicators tulad ng **COI 1** (*paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo batay sa content*), **COI 2** (*aktibong partisipasyon at learner engagement sa gawain*), at **COI 3** (*paggamit ng formative assessment gaya ng pagbibilang ng detalye upang masukat ang pagkatuto*).

Sa EdTech naman, maaaring gumamit ng digital na larawan, *slideshow*, o *online platforms* sa pagpapakita at pagsusumite ng output. Sa *literacy*, nalilining ang *narrative at reflective writing* pati na rin ang *oral communication* sa pagbabahagi, habang sa *numeracy* ay makikita sa simpleng pagbibilang ng mga detalye na isinulat ng mag-aaral.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at impormasyon mula sa mga personal na karanasan o aktuwal na interaksyon na itatala sa dyornal.

	<p>*Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.</p> <p>*May laya ang guro na palitan ang mga larawan na nagpapaalala ng personal na karanasan.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3A</i></p>					
	<p>Opsiyon B: TalaTono</p> <p>Panuto: Basahin ang dalawang talata na ipapakita ng guro. Isa na may positibong tono at ang isa naman may negatibong tono. Gamit ang <i>online poll</i>, bumoto kung alin ang mas epektibong nagpapahayag ng layunin at damdamin. Pagkatapos, ibahagi ang dahilan ng iyong pagpili at suriin ang resulta ng botohan.</p> <table><tr><th>TALATA A</th><th>TALATA B</th></tr><tr><td>Sa pagtatapos ng taong panuruan, napagtanto ko kung gaano karami ang aking natutuhan at nalampasang hamon. Bagama't may mga pagkakataong nahirapan ako, nagsilbi itong inspirasyon upang mas pagbutihin ang aking pag-aaral. Dahil sa suporta ng aking pamilya, guro, at mga kaibigan, naging makabuluhan ang aking mga karanasan. Baon ko ngayon ang mga aral at kumpiyansang magagamit ko sa susunod na yugto ng aking buhay.</td><td>Sa pagtatapos ng taong panuruan, naiisip ko ang maraming pagkakataong hindi ko naabot ang aking mga inaasahan. Marami akong naging pagkakamali at hamong tila napakahirap lampasan. Kahit may mga taong sumuporta sa akin, madalas kong maramdaman na hindi sapat ang aking mga nagawa. Dahil dito, nag-aalala ako kung magiging handa ba ako sa mga susunod na pagsubok na haharapin ko.</td></tr></table> <p>*May laya ang guro na palitan ang mga talata na nagpapahayag ng layunin at damdamin.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3B</i></p>	TALATA A	TALATA B	Sa pagtatapos ng taong panuruan, napagtanto ko kung gaano karami ang aking natutuhan at nalampasang hamon. Bagama't may mga pagkakataong nahirapan ako, nagsilbi itong inspirasyon upang mas pagbutihin ang aking pag-aaral. Dahil sa suporta ng aking pamilya, guro, at mga kaibigan, naging makabuluhan ang aking mga karanasan. Baon ko ngayon ang mga aral at kumpiyansang magagamit ko sa susunod na yugto ng aking buhay.	Sa pagtatapos ng taong panuruan, naiisip ko ang maraming pagkakataong hindi ko naabot ang aking mga inaasahan. Marami akong naging pagkakamali at hamong tila napakahirap lampasan. Kahit may mga taong sumuporta sa akin, madalas kong maramdaman na hindi sapat ang aking mga nagawa. Dahil dito, nag-aalala ako kung magiging handa ba ako sa mga susunod na pagsubok na haharapin ko.	<p>Para sa Opsiyon B: TalaTono</p> <p>Ang <i>TalaTono</i> ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>communication, critical thinking, digital literacy, at collaboration</i>. Sa pagbabasa ng dalawang talata na may magkaibang tono at pagboto sa pamamagitan ng <i>online poll</i>, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng layunin at damdamin ng teksto, pati na rin sa pagsusuri kung alin ang mas epektibong paraan ng nagpapahayag. Ang pagbabahagi ng dahilan ng kanilang pagpili ay nagpapalakas ng kanilang kasanayan sa malinaw na pagpapaliwanag at pakikilahok sa talakayan, habang ang pagsusuri sa resulta ng botohan ay naglililang ng mapanuring pag-iisip.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil dito aktuwal na isinasagawa ang pagbabasa, pagboto, at talakayan, at may bahagyang Evaluation dahil sinusuri ang resulta ng poll at ang naging desisyon ng klase.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo sa pag-unawa ng tono at layunin ng teksto</i>), COI 2 (<i>learner engagement sa</i></p>
TALATA A	TALATA B					
Sa pagtatapos ng taong panuruan, napagtanto ko kung gaano karami ang aking natutuhan at nalampasang hamon. Bagama't may mga pagkakataong nahirapan ako, nagsilbi itong inspirasyon upang mas pagbutihin ang aking pag-aaral. Dahil sa suporta ng aking pamilya, guro, at mga kaibigan, naging makabuluhan ang aking mga karanasan. Baon ko ngayon ang mga aral at kumpiyansang magagamit ko sa susunod na yugto ng aking buhay.	Sa pagtatapos ng taong panuruan, naiisip ko ang maraming pagkakataong hindi ko naabot ang aking mga inaasahan. Marami akong naging pagkakamali at hamong tila napakahirap lampasan. Kahit may mga taong sumuporta sa akin, madalas kong maramdaman na hindi sapat ang aking mga nagawa. Dahil dito, nag-aalala ako kung magiging handa ba ako sa mga susunod na pagsubok na haharapin ko.					

		<p><i>aktibong pagbasa, pagboto, at talakayan), at COI 3 (formative assessment sa pamamagitan ng online poll at pagmamatuwid ng sagot).</i></p> <p>Sa EdTech, malinaw na ginagamit ang online polling tools at digital presentation ng teksto. Sa literacy, nakatuon ito sa reading comprehension at analytical writing/speaking, habang sa numeracy ay makikita sa pag-unawa at interpretasyon ng resulta ng botohan bilang datos.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na wika at tono upang mabisang maiparating ang layunin at damdamin sa isang dyornal entry.</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 1</i></p>
	<p>2. Paglalahad ng Layunin Opsiyon A: KaPARES Panuto: Buksan ang <i>online matching game</i> na ibibigay ng guro (hal. Quizlet). Basahin nang mabuti ang bawat layunin at itugma ito sa tamang deskripsyon o <i>keyword</i>. Sikaping makumpleto ang gawain nang tama at mabilis. Pagkatapos, suriin ang <i>feedback</i> at porsyento ng iyong tamang sagot upang malaman ang iyong antas ng pag-unawa sa mga layunin ng aralin.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3C</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: KaPARES Ang <i>KaPARES</i> ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, digital literacy, communication, at self-directed learning</i>. Sa paggamit ng <i>online matching game</i> tulad ng <i>Quizlet</i>, nahahasa ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagtutugma ng mga layunin sa tamang deskripsyon o keyword, na nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa aralin. Ang pagtuon sa bilis at katumpakan ay nagpapalakas din ng kanilang <i>focus at analytical skills</i>, habang ang pagsusuri ng feedback at porsyento ng tamang sagot ay nagbibigay ng pagkakataon para sa self-assessment at pagninilay sa sariling pagkatuto.</p>

		<p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagawa ng <i>interactive learning activity</i>, at may malinaw ding bahagi ng Evaluation dahil sinusuri ang resulta sa pamamagitan ng <i>score at feedback ng online game</i>.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 2 (<i>learner engagement dahil sa gamified activity</i>), COI 3 (<i>formative assessment gamit ang online quiz/matching feedback</i>), at COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng pag-unawa sa layunin ng aralin</i>).</p> <p>Sa EdTech, malinaw na gumagamit ito ng Quizlet o katulad na online matching platforms, habang sa <i>literacy</i> ay nakatuon sa <i>reading comprehension at vocabulary/keyword association</i>. Sa <i>numeracy</i> naman, makikita ito sa interpretasyon ng porsyento ng tamang sagot bilang sukatan ng pagkatuto.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal.</i></p> <p>Tamang Sagot 1. B 4. D 2. E 5. C 3. A</p>
	<p>Opsiyon B: PinakaWORD ng bayan Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang lahat ng layunin. Pagkatapos, pumunta sa <i>online</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: PinakaWORD ng bayan Ang <i>PinakaWORD ng Bayan</i> ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical</i></p>

	<p><i>collaborative board</i> (hal. Mentimeter) at magsulat ng isang salita na sa iyong palagay ay pinakamahusay na naglalarawan sa kabuuan ng mga layunin. Basahin din ang mga sagot ng iyong mga kaklase, makibahagi sa talakayan, at tingnan kung anong mga salita ang madalas lumabas sa klase.</p> <p>Mga Layunin:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at impormasyon mula sa mga personal na karanasan o aktuwal na interaksyon na itatala sa dyornal. • Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal. • Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto. • Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na wika at tono upang mabisang maiparating ang layunin at damdamin sa isang dyornal entry. • Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto. <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3D</i></p>	<p><i>thinking, communication, collaboration, at digital literacy.</i> Sa pagbabasa at pag-unawa ng mga layunin, hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri at pumili ng iisang salita na pinakaangkop na kumakatawan sa kabuuan ng aralin, kaya nalilinang ang kanilang kakayahan sa pag-synthesize ng idea. Sa paggamit ng online collaborative board tulad ng Mentimeter, napapalakas din ang pakikilahok at pakikipag-ugnayan sa klase, lalo na sa pagbabahagi at pagtingin sa mga karaniwang sagot ng mga kaklase.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ay aktuwal na gawain ng pagkatuto sa klase, at may kaunting Evaluation dahil sinusuri ang mga lumabas na sagot at pattern ng mga salita bilang indikasyon ng pag-unawa ng klase.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 2 (<i>learner engagement dahil sa interactive at collaborative na gawain</i>), COI 1 (<i>paggamit ng estratehiya sa pag-unawa at pagbubuod ng aralin</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sagot at common responses</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit ang online collaborative tools gaya ng Mentimeter, habang sa literacy ay nakatuon ito sa comprehension at synthesis ng idea sa iisang salita. Sa numeracy naman, makikita ito sa pag-aanalisa ng dalas o dami ng magkakatulad na sagot bilang simpleng data interpretation.</p>
--	---	--

		<p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> • Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa</p> <p>Opsiyon A: VENNtastic DYORNAL</p> <p>Panuto: Basahin at suriin ang tatlong uri ng dyornal na ipakikita ng guro. Gamit ang <i>online Venn Diagram maker</i> na Canva, ihambing at itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng tatlong teksto batay sa wika, tono, at estruktura. Pagkatapos, ibahagi ang iyong natuklasan sa klase at bilangin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba na iyong natukoy.</p> <p>A. Travel Journal</p> <p>Naglakbay ako kasama ang aking pamilya patungong Baguio City noong bakasyon. Pagdating namin, agad kong napansin ang malamig na klima at magagandang tanawin ng kabundukan. Bumisita kami sa Burnham Park at Session Road kung saan nakapaglakad-lakad kami at nakatikim ng mga lokal na pagkain. Sa kabuuan, naging makabuluhan ang aming biyahe dahil hindi lamang ito nagsilbing libangan, kundi naging pagkakataon din ito na mapalapit ako sa aking pamilya, at makapagpahinga mula sa akademikong gawain.</p> <p>B. Personal Journal</p> <p>Sa mga nakaraang araw, napansin kong nahihirapan akong balansehin ang aking oras sa pag-aaral at personal na gawain. Madalas akong</p>	<p>Para sa Opsiyon A: VENNtastic DYORNAL</p> <p>Ang <i>VENNtastic DYORNAL</i> ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng critical thinking, communication, collaboration, creativity, at digital literacy. Sa pagsusuri ng tatlong uri ng dyornal at paghahambing ng mga ito batay sa wika, tono, at estruktura, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-aanalisa at pag-oorganisa ng impormasyon. Sa paggamit ng online Venn Diagram maker gaya ng Canva, naipapakita rin ang kanilang kasanayan sa digital tools at visual organization ng idea.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagawa ng pagsusuri at pagbuo ng Venn Diagram, at may bahagi rin ng Evaluation dahil sinusuri ang bilang at kalidad ng natukoy na pagkakatulad at pagkakaiba bilang sukatan ng pag-unawa.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng comprehension at analysis</i>), COI 2 (<i>aktibong partisipasyon sa paggawa at talakayan</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng output at bilang ng natukoy na sagot</i>).</p>

	<p>na-o-overwhelm sa mga requirements, dahilan upang maantala ang aking mga takdang-aralin. Gayunpaman, unti-unti kong natututuhan ang kahalagahan ng tamang pagplano at disiplina. Sinisikap kong gumawa ng mas maayos na iskedyul upang mas maging produktibo at maiwasan ang stress.</p> <p>C. Repleksiyon Bilang isang mag-aaral, napagtanto ko na ang bawat karanasan—maging positibo man o negatibo—ay may dalang mahalagang aral. Ang mga hamon sa aking pag-aaral ay nagtutulak sa akin na maging mas matiyaga, responsable at may malinaw na layunin. Natutunan ko rin na ang tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa grado kundi sa patuloy na pag-unlad bilang tao. Dahil dito, mas naging mulat ako sa kalahagahan ng pagpupursige at tamang desisyon sa aking buhay akademiko at personal. *May laya ang guro na palitan ang mga dyornal entry.</p> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano-ano ang mga pagkakatulad ng Travel Journal, Personal Journal, at Repleksiyon batay sa iyong natukoy? • Sa iyong pagsusuri, ano ang pangunahing pagkakaiba ng tatlong uri ng journal sa usaping wika, tono, at estruktura? • Alin sa tatlong dyornal ang sa tingin mo ay mas mahirap isulat? Bakit? 	<p>Sa EdTech, malinaw na ginagamit ang Canva o online Venn Diagram tools para sa visual comparison. Sa literacy, nakatuon ito sa reading comprehension at comparative analysis ng teksto.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.</i></p> <p>Tamang Sagot: TRAVEL JOURNAL (Kaliwa)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naglalarawan ng lugar at karanasan sa paglalakbay • Kronolohikal ang daloy ng mga pangyayari • Mas nakatuon sa obserbasyon ng paligid • Karaniwang positibo at masaya ang tono • Deskriptibo at detalyado sa mga lugar at aktibidad <p>PERSONAL JOURNAL (Kanan)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakatuon sa pang-araw-araw na karanasan • Nagpapakita ng damdamin, stress, o personal na sitwasyon • Mas malaya ang estruktura (hindi laging sunod-sunod) • Ginagamit ang unang panauhan (ako) • Impormal at personal ang wika <p>REPLEKSIYON (Ibaba / Gitna)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagpapakita ng pagninilay at pagkatuto • Mas analitikal at malalim ang pag-iisip • Nakatuon sa aral mula sa karanasan • Mas pormal at organisado ang wika
--	--	---

	<ul style="list-style-type: none"> Paano nakatulong ang Venn Diagram sa mas malinaw mong pag-unawa sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga dyornal? 	<ul style="list-style-type: none"> May konklusyon o natutunang aral PAGKAKATULAD (Overlap / Gitnang bahagi) <ul style="list-style-type: none"> Lahat ay gumagamit ng unang panauhan (ako) Nagpapahayag ng personal na karanasan Gumagamit ng wika upang magpahayag ng damdamin at kaisipan Nakabatay sa sariling perspektibo Maaaring maglaman ng emosyon at refleksyon <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 2</i></p>
	<p>Opsiyon B: TALAkayan Panuto: Suriing mabuti ang larawan na naglalaman ng mga talata mula sa isang dyornal. Gamit ang isang <i>online graphic organizer</i> tulad ng Canva tukuyin kung anong bahagi ng dyornal (panimula, katawan, konklusyon, damdamin at obserbasyon) ang kinakatawan ng bawat pahayag.</p> <p>1.  Natutunan ko na mahalagang maging matiyaga at magkaroon ng disiplina sa sarili.</p> <p>2.  Nagpasya akong ayusin ang aking oras at unahin ang mahahalagang gawain.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: TALAkayan Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, digital literacy, communication, at analytical skills</i>. Sa pagsusuri ng mga talata mula sa dyornal at pagtukoy kung ito ay panimula, katawan, konklusyon, damdamin, o obserbasyon, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pag-aanalisa ng estruktura at nilalaman ng teksto. Sa paggamit ng online graphic organizer tulad ng Canva, napapalakas din ang kasanayan sa pag-oorganisa at biswal na pagpapakita ng impormasyon, habang ang pagbabahagi ng sagot ay nagpapalago ng komunikasyon at talakayan sa klase.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagawa ng pagsusuri at pag-uuri ng mga bahagi ng dyornal gamit ang digital tool, at may bahagyang Evaluation dahil sinusuri ang tamang</p>

	<p>3.</p>  <p>Napansin kong unti-unti na akong nawawalan ng motibasyon.</p> <p>4.</p>  <p>Magandang araw, Journal. Ngayon ay ika-31 ng Mayo, 2026.</p> <p>5.</p>  <p>Nakaramdam ako ng pagod at pangamba.</p> <p>*Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.</p> <p>*May laya ang guro na palitan ang mga pahayag</p> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> Paano nakatulong ang panimula, katawan, at konklusyon sa malinaw na paglalahad ng karanasan ng may-akda? 	<p>pagtukoy ng bawat bahagi bilang indikasyon ng pag-unawa.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng pag-unawa sa teksto at estruktura</i>), COI 2 (<i>learner engagement sa aktibong pagsusuri ng larawan at talakayan</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng output at tamang klasipikasyon ng sagot</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit ang Canva o online graphic organizers, sa literacy ay nakatuon sa <i>reading comprehension at text structure analysis</i>, at sa <i>numeracy</i> ay makikita sa pag-uuri at pagbibilang ng tamang natukoy na bahagi ng dyornal.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal.</i></p> <p>Tamang Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> Konklusyon Katawan Obserbasyon Simula Damdamin
--	---	--

	<ul style="list-style-type: none"> Anong mga pahayag ang nagsilbing damdamin at obserbasyon sa dyornal? Paano ninyo ito natukoy? Ano ang naging tungkulin ng bawat bahagi ng dyornal sa pagbuo ng kabuuang mensahe o repleksiyon ng may-akda? 	
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>TALAKAYAN 1. "Ang Detalye ang Buhay ng Dyornal"</p> <p>TALAKAYAN 2. "Ang Wika at Tono: Ang Kulay ng Iyong Dyornal"</p> <p>TALAKAYAN 3. "Ang Tamang Damit para sa Tamang Okasyon"</p> <p>TALAKAYAN 4. "Ang Salita ay May Kapangyarihan"</p> <p>TALAKAYAN 5. "Ikaw ang Bida, Ikaw ang May-akda, Ikaw ang Aral"</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3E</i></p>	
	<p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyon A: Byaheng Glow Up</p> <p>Panuto: Pumili ng isang maikli at "tuyo" na pahayag sa ibaba. Gamit ang natutuhang tatlong uri ng detalye (pisikal, emosyonal, at makabuluhan), kailangang baguhin at payabungin ng mga mag-aaral ang pahayag upang maging isang masining na travel journal entry.</p> <p>Mga Pahayag</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Naglakbay kami kahapon. 2. Naglakad ako nang matagal. 3. May nakita akong kakaiba. 4. Mainit ang panahon. 	<p>Para sa Opsiyon A: Byaheng Glow Up</p> <p>Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, creativity, communication, at literacy skills</i>. Sa pagbabago ng isang maikli at "tuyo" na pahayag tungo sa isang masining na travel journal entry gamit ang pisikal, emosyonal, at makabuluhang detalye, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mas malinaw, mas buhay, at mas malalim na paglalarawan ng karanasan. Napapalakas din nito ang kanilang pagkamalikhain sa pagsulat at kakayahang magpahayag ng damdamin at obserbasyon sa mas organisado at epektibong paraan.</p>

	<p>5. Maraming tao sa lugar. *May laya ang guro na palitan ang mga pahayag na gagamitin sa pagbuo ng travel journal</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3F</i></p>	<p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagawa ng pagsulat at pagre-revise ng pahayag upang maging masining na journal entry, at may bahagyang Evaluation dahil sinusuri ang kalidad ng pinalawak na pahayag batay sa gamit ng detalye.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng writing skills at descriptive writing</i>), COI 2 (<i>learner engagement sa malikhaing gawain</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa kalidad ng output</i>).</p> <p>Sa EdTech, maaaring gumamit ng digital writing tools o online document editors, sa literacy ay nakatuon sa descriptive at narrative writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng bilang ng detalyeng ginamit bilang batayan ng pagbuo ng mas masining na talata.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Suri-Tono Panuto: Gamit ang <i>online quiz platform</i> (tulad ng Kahoot), magpakita ng iba't ibang maikling sipi mula sa mga dyornal. Kailangang matukoy ng mga mag-aaral kung ito ba ay Travel, Personal, o Replektibong dyornal batay sa tono at wikang ginamit.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Suri-Tono Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, digital literacy, communication, at quick decision-making skills</i>. Sa paggamit ng online quiz platform tulad ng Kahoot, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mabilis na pag-unawa at pagtukoy kung</p>

	<p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3G</i></p>	<p>ang sipi ay Travel, Personal, o Replektibong dyornal batay sa tono at wikang ginamit. Napapalakas din nito ang kanilang analytical skills sa pagsusuri ng teksto, pati na ang active participation at pakikilahok sa klase sa isang masaya at interaktibong paraan.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagawa ng <i>online quiz activity</i>, at may bahagi rin ng Evaluation dahil ang resulta ng quiz ay nagsisilbing sukatan ng pag-unawa ng mga mag-aaral.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 2 (<i>learner engagement sa gamified learning</i>), COI 3 (<i>formative assessment gamit ang online quiz at immediate feedback</i>), at COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng pag-unawa sa uri ng dyornal</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit ang Kahoot o katulad na online quiz platforms, sa literacy ay nakatuon sa <i>reading comprehension at genre identification</i>, at sa <i>numeracy</i> ay makikita sa pag-aanalisa ng score o bilang ng tamang sagot bilang batayan ng pagkatuto.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal.</i></p> <p>Tamang Sagot</p>
--	---	--

		<ol style="list-style-type: none"> 1. Replektibong Dyornal 2. Travel Dyornal 3. Replektibong Dyornal 4. Personal Dyornal 5. Travel Dyornal 6. Replektibong Dyornal 7. Personal na Dyornal 8. Travel Dyornal 9. Replektibong Dyornal 10. Personal na Dyornal <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 3</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> • Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: INKspirasyon</p> <p>Panuto: Sumulat ng isang personal na dyornal na naglalahad ng iyong mga pananaw at paunang idea tungkol sa isang suliraning pangkalamidad sa inyong barangay. Ibahagi kung bakit mahalagang matugunan ang suliraning ito, anong posibleng solusyon ang nais mong mabuo, at paano mo nakikitang makatutulong ang iyong kaalaman at kakayahan bilang isang kabataang innovator sa pagpapalakas ng kahandaan at katatagan ng inyong komunidad.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3H</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: INKspirasyon</p> <p>Ang INKspirasyon ay isang replektibong gawaing naghahanda sa mga mag-aaral para sa kanilang Community Innovation Advocacy Pitch bilang bahagi ng Integrative Performance Task (IPT). Sa gawaing ito, inilalahad nila ang kanilang mga pananaw at paunang idea tungkol sa mga suliraning pangkalamidad sa kanilang barangay at kung paano sila maaaring makapag-ambag sa pagbuo ng mga makabuluhang solusyon bilang mga kabataang innovator.</p> <p>Ang gawaing ito ay kabilang sa Reflective Learning and Meaning-Making sapagkat hinihikayat nito ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kanilang mga karanasan, kaalaman, at pananaw upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyung pangkomunidad.</p> <p>Naaayon din ito sa <i>COT Indicator 3.1: "Learners' gender, needs, strengths, interests, and experiences"</i></p>

		<p>are considered in planning and implementing teaching-learning activities." dahil binibigyang-halaga ng gawain ang mga personal na karanasan, interes, at pananaw ng mga mag-aaral bilang batayan ng kanilang pagkatuto at pagbuo ng mga idea.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 4</i></p>
	<p>Opsiyon B: Biyahe ng Damdamin Panuto: Pumili ng isang magandang larawan mula sa iyong <i>gallery</i> na maaaring magpakita ng isang lugar, karanasan, o tanawin. Gamit ito, sumulat ng isang maikling kapsyon na parang Travel Journal entry na maaari mong i-post sa Instagram o Facebook. Tiyaking gumamit ng mga pandama na salita (<i>sight, sound, smell</i>) ngunit panatilihing protektado ang iyong mga pribadong datos gaya ng lokasyon ng bahay o buong pangalan.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3I</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: Biyahe ng Damdamin Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>creativity, communication, digital literacy, at critical thinking</i>. Sa pagpili ng larawan mula sa sariling gallery at pagbuo ng kapsyon na parang Travel Journal entry para sa <i>social media</i>, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat at epektibong pagpapahayag gamit ang pandama na salita (paningin, pandinig, at pang-amoy). Napapalakas din nito ang kanilang kasanayan sa pagpili ng angkop na impormasyon at pag-iingat sa privacy sa digital space.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na paggawa ng kapsyon at paglalapat ng natutunang kasanayan sa pagsulat, at may bahagyang Evaluation dahil sinusuri ang kalidad ng kapsyon</p>

		<p>batay sa gamit ng deskriptibong wika at pagsunod sa privacy guidelines.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 2 (<i>learner engagement sa malikhaing output na may kaugnayan sa social media</i>), COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng descriptive at travel writing</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa kalidad ng kapsyon at paggamit ng sensory details</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit ang mobile gallery at social media-style writing tasks, sa literacy ay nakatuon sa descriptive at narrative kapsyon writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng limitadong detalye at pagsunod sa simpleng bilang ng mahahalagang impormasyon sa kapsyon.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Nakagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 5</i></p>
	<p>2. Paglalahat</p> <p>Opsiyon A: Dyornal sa Isang Sulyap</p> <p>Panuto: Gamit ang isang <i>graphic organizer</i>, punan at ipaliwanag ang mga mahahalagang gabay sa mabisang pagsulat ng dyornal: ang limang pangunahing tanong (5 W's), apat na bahagi ng estruktura (Panimula, Katawan,</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Dyornal sa Isang Sulyap</p> <p>Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, communication, collaboration, at digital literacy</i>. Sa paggamit ng <i>graphic organizer</i>, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na ayusin at ipaliwanag ang mahahalagang gabay sa mabisang pagsulat ng dyornal tulad ng 5 W's, apat na bahagi</p>

Damdamin, Kongklusyon), at ang **DEAL Framework**.

Paghahanda at Estrukturang Pagsulat	
Ang Limang Pangunahing Tanong (5 W's)	Apat na Bahagi ng Estrukturang Pagsulat
Sino: _____	Panimula: _____
Ano: _____	Katawan: _____
Kailan: _____	Damdamin: _____
Saan: _____	Konklusyon: _____
Bakit/Paano: _____	

DEAL Framework: Gabay sa Pagninilay	
Describe (Ilarawan) at Examine (Suriin) Ilarawan ang karanasan: _____ Suriin ito batay sa layunin: _____ 	Articulate Learning (Ipaliwanag ang Natutuhan) Isulat ang mahahalagang aral na nakuha mula sa karanasan: _____

****Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.**

ng estruktura (panimula, katawan, damdamin, konklusyon), at DEAL Framework. Sa prosesong ito, nalilinig ang mas malalim na pag-unawa sa pagbuo ng organisado at makabuluhang teksto sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng mga konsepto.

Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa **Implementation phase** dahil ito ang aktuwal na pagbuo at pagkompleto ng graphic organizer, at may bahagi rin ng **Evaluation** dahil sinusuri ang pagiging tama at kumpleto ng nailagay na impormasyon bilang batayan ng pag-unawa.

Tumutugon ito sa **COI 1** (paggamit ng angkop na estratehiya sa paglinang ng writing at comprehension skills), **COI 2** (learner engagement sa structured at guided activity), at **COI 3** (formative assessment sa pamamagitan ng output sa graphic organizer).


Sa EdTech, maaaring gumamit ng **online graphic organizer tools**, sa literacy ay nakatuon sa structured writing at comprehension ng journal frameworks, at sa numeracy ay makikita sa pag-oorganisa at pagbibilang ng mahahalagang bahagi o tanong na nasasaklaw ng gawain.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at impormasyon mula sa mga personal na karanasan o aktuwal na interaksyon na itatala sa dyornal.

Opsiyon B: Buhay sa Lente ng Dyornal

Panuto: Kumpletuhin ang pangungusap hinggil sa kahalagahan ng pagsulat ng dyornal.



Ang pagsulat ng dyornal ay hindi lamang pagtatala ng pangyayari kundi isang _____ dahil _____.

****Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.**

Para sa Opsiyon B: Buhay sa Lente ng Dyornal

Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *21st century skills* tulad ng *critical thinking, communication, at self-awareness*. Sa pagkumpleto ng pangungusap hinggil sa kahalagahan ng pagsulat ng dyornal, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng makabuluhan at malinaw na idea, gayundin sa pagninilay sa sariling karanasan at damdamin. Naitatampok dito ang kahalagahan ng dyornal bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng saloobin, pag-oorganisa ng kaisipan, at pagpapalalim ng pag-unawa sa sarili.

Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa **Implementation phase** dahil ito ay aktuwal na pagsasagot at pagbuo ng pangungusap, at may bahagyang **Evaluation** dahil sinusuri ang lalim at tama ng nabuong idea bilang batayan ng pag-unawa.

Tumutugon ito sa **COI 1** (*angkop na estratehiya sa paglinang ng writing at comprehension skills*), **COI 2** (*learner engagement sa maikling at diretsong gawain*), at **COI 3** (*formative assessment sa pamamagitan ng nabuong pangungusap*).

Sa EdTech, maaaring gumamit ng digital worksheet o online form, sa literacy ay nakatuon sa sentence completion at reflective writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa simpleng pagbilang ng idea o bahagi ng pangungusap na naibigay.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

		<p><i>Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.</i></p>
	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: From Sablay to May Saysay</p> <p>Panuto: Sumulat ng isang replektibong dyornal na naglalahad ng isang kamakailang pagkakamali o tagumpay na naranasan mo sa paaralan. Gamitin nang wasto ang DEAL Framework: <i>Describe</i> (Ano ang nangyari?), <i>Examine</i> (Bakit ganito ang naramdaman?), <i>Articulate</i> (Ano ang natutunan?), at <i>Lead</i> (Paano ito makaaapekto o magsisilbing gabay sa iyong mga susunod na gagawin?)</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3J</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: From Sablay to May Saysay</p> <p>Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, communication, self-awareness, at reflective thinking</i>. Sa pagsulat ng replektibong dyornal gamit ang DEAL Framework (Describe, Examine, Articulate, Lead), nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw na paglalahad ng karanasan, pagsusuri ng damdamin at dahilan nito, pagbibigay ng aral mula sa karanasan, at paglalapat ng natutunan sa magiging kilos sa hinaharap. Nagtuturo rin ito ng mas malalim na pagninilay sa sarili at mas responsableng pagdedesisyon.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsulat ng replektibong dyornal, at may bahagi rin ng Evaluation dahil sinusuri ang lalim at kalidad ng pagninilay sa bawat bahagi ng DEAL Framework bilang sukatan ng pagkatuto.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (paggamit ng angkop na estratehiya sa paglinang ng reflective writing), COI 2 (learner engagement sa personal at makabuluhang gawain), at COI 3 (formative assessment sa pamamagitan ng pagsusuri ng output batay sa DEAL).</p>

		<p>Sa EdTech, maaaring gumamit ng digital journal o online writing platform, sa literacy ay nakatuon sa reflective at structured writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng idea ayon sa apat na bahagi ng framework bilang sistematikong proseso ng pagninilay.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin 3) Gawain Bilang 6</i></p>
	<p>Opsiyon B: Tama o Mali Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag na may kaugnayan sa wika at tono sa pagsulat ng dyornal. Isulat lamang ang sagot na Tama kung wasto ang pahayag, at Mali kung hindi ito wasto.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang tono ay ang damdamin o saloobin ng manunulat na nararamdaman sa pamamagitan ng kanyang mga salita. • Sa pagsulat ng travel journal, dapat iwasan ang pagiging masyadong pormal at "tuyo" sa paglalarawan. • Ang paggamit ng unang panauhan (ako) ay karaniwang makikita sa lahat ng uri ng dyornal. • Ang pagsulat ng dyornal ay walang therapeutic na epekto sa tao. • Sa pagbabahagi ng dyornal sa <i>social media</i> (hal. Instagram kapsyon), 	<p>Para sa Opsiyon B: Tama o Mali Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, communication, at digital literacy</i>. Sa pagbasa at pag-unawa ng mga pahayag tungkol sa wika at tono sa pagsulat ng dyornal, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng katumpakan ng impormasyon. Sa pagsagot ng “Tama” o “Mali,” nalilinang ang mabilis ngunit mapanuring pagdedesisyon at pag-unawa sa konsepto ng tamang paggamit ng wika sa dyornal.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsagot sa mga pahayag, at may malinaw na bahagi ng Evaluation dahil sinusukat nito ang antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa aralin.</p>

	<p>kailangang protektahan ang mga pribadong datos gaya ng lokasyon.</p>	<p>Tumutugon ito sa COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng objective-type test</i>), COI 1 (<i>paggamit ng angkop na estratehiya sa paglinang ng kaalaman sa wika at tono</i>), at COI 2 (<i>learner engagement sa structured na gawain</i>).</p> <p>Sa EdTech, maaaring gumamit ng online quiz o LMS forms, sa literacy ay nakatuon sa reading comprehension at language analysis, at sa numeracy ay makikita sa simpleng pag-uuri at pagbilang ng tamang sagot bilang batayan ng iskor.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng wika at tono na ginagamit sa personal at interpersonal na komunikasyon sa pagsulat ng dyornal.</i></p> <p>Tamang Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama
	<p>4. Karagdagang Gawain Opsiyon A: TALAarawan Panuto: Simulan ang pagpapanatili ng isang digital o pisikal na dyornal sa loob ng isang linggo. Pumili ng isang tema bawat araw (Lunes: Travel, Martes: Personal, Miyerkules: Replektibo) upang mapraktis ang iba't ibang tono at wika</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3K</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: TALAarawan Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>creativity, communication, self-awareness, at consistency/self-directed learning</i>. Sa pagpapanatili ng digital o pisikal na dyornal sa loob ng isang linggo na may iba't ibang tema bawat araw (Travel, Personal, Replektibo), nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa angkop na paggamit ng wika at tono ayon sa layunin ng pagsulat. Nalinang din dito ang disiplina sa regular na pagsusulat, pag-oorganisa ng idea, at pagninilay sa sariling karanasan.</p>

		<p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ay aktuwal na pagpapatupad ng long-term writing activity, at may malinaw na bahagi ng Evaluation dahil maaaring suriin ang mga entry bilang batayan ng pag-unlad sa paggamit ng iba't ibang tono at uri ng dyornal.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng writing skills at genre awareness</i>), COI 2 (<i>learner engagement sa tuloy-tuloy at personal na gawain</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng pagsusuri ng lingguhang output</i>).</p> <p>Sa EdTech, maaaring gumamit ng digital journal apps o online documents, sa literacy ay nakatuon sa narrative, personal, at reflective writing, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa at pagbibilang ng mga entry bawat araw bilang bahagi ng monitoring ng gawain.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Frame ng Buhay Panuto: Gumawa ng isang maikling <i>video blog</i> (1-2 minuto) kung saan ibinabahagi mo ang iyong repleksiyon tungkol sa isang mahalagang aral na natutuhan mo sa buhay. Tiyaking ang tono ay mahinahon at mapag-isip (analytical)</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3L</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: Frame ng Buhay Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>communication, critical thinking, creativity, at digital literacy</i>. Sa paggawa ng maikling video blog (1-2 minuto) tungkol sa isang mahalagang aral sa buhay, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng idea gamit ang</p>

		<p>angkop na tono na mahinahon at mapag-isip. Napapalakas din nito ang kanilang kakayahan sa replektibong pag-iisip at paggamit ng multimedia bilang midyum ng pagpapahayag.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na paglikha at pag-record ng video blog, at may bahagyang Evaluation dahil maaaring suriin ang nilalaman, tono, at lalim ng repleksiyon bilang batayan ng pagkatuto.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 2 (<i>learner engagement sa creative at multimedia output</i>), COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng reflective at expressive communication</i>), at COI 3 (<i>formative assessment batay sa kalidad ng video reflection</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit dito ang video recording tools o vlog platforms, sa literacy ay nakatuon sa reflective speaking at oral communication, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng oras (1–2 minuto) at pagsunod sa limitasyon bilang bahagi ng performance.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: <i>Nakabubuo ng isang dyornal entry na nagpapakita ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa layunin ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang konteksto.</i></p>
--	--	--

<p>• PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>Opsiyon A: P.O.V. (Post, Observe, Verify) Panuto: Lumikha ng isang <i>mock-up</i> na blog o <i>social media profile</i> na nagtatampok ng iyong mga personal at interpersonal na karanasan. Gamitin ang angkop na wika at estruktura habang isinasaalang-alang ang mga etikal na konsiderasyon at proteksyon ng pribadong datos.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3M</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: P.O.V. (Post, Observe, Verify) Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>creativity, communication, critical thinking, at digital literacy</i>. Sa paglikha ng mock-up na blog o <i>social media profile</i> na nagtatampok ng personal at interpersonal na karanasan, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa organisado at angkop na pagpapahayag gamit ang wika at estruktura ng online content. Napapalakas din nito ang kanilang kamalayan sa etikal na paggamit ng impormasyon, lalo na sa pagprotekta ng pribadong datos at responsableng pag-post sa digital na espasyo.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagbuo ng output, at may bahagyang Evaluation dahil sinusuri ang nilalaman batay sa kaangkupan ng wika, estruktura, at pagsunod sa etikal na pamantayan.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng writing at digital communication skills</i>), COI 2 (<i>learner engagement sa malikhaing pagbuo ng online profile</i>), at COI 3 (<i>formative assessment sa kalidad ng output at pagsunod sa pamantayan</i>).</p> <p>Sa EdTech, ginagamit dito ang blogging tools o social media mock-up platforms, sa literacy ay nakatuon sa digital writing at narrative construction, at sa numeracy ay maaaring makita sa pag-oorganisa ng impormasyon at limitasyon ng nilalaman bilang bahagi ng structured output.</p>
--	--	---

		<p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura sa pagsulat ng iba't ibang uri ng dyornal (travel, personal, repleksiyon) batay sa itinakdang layon at konteksto.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Maramihang Pagpipilian Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat aytem. Piliin at isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa sagutang papel batay sa iyong pag-unawa sa pagbuo ng dyornal.</p> <p><i>Tingnan sa MK_LE3_Kalakip Blg. 3N</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: Maramihang Pagpipilian Ang gawain ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng <i>21st century skills</i> tulad ng <i>critical thinking, communication, at literacy skills</i>. Sa pagbasa ng bawat aytem at pagpili ng tamang titik ng sagot, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng konsepto tungkol sa pagbuo ng dyornal. Napapalakas din nito ang kanilang reading comprehension at decision-making skills sa pagpili ng pinakaangkop na sagot batay sa kanilang natutuhan.</p> <p>Sa ADDIE Model, ang gawaing ito ay kabilang sa Implementation phase dahil ito ang aktuwal na pagsasagot sa pagsusulit, at may malinaw na bahagi ng Evaluation dahil sinusukat nito ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.</p> <p>Tumutugon ito sa COI 3 (<i>formative assessment sa pamamagitan ng multiple-choice type test</i>), COI 1 (<i>angkop na estratehiya sa paglinang ng kaalaman sa dyornal writing</i>), at COI 2 (<i>learner engagement sa structured assessment activity</i>).</p> <p>Sa EdTech, maaaring gamitin ang online quiz forms o LMS-based assessment tools, sa literacy ay nakatuon sa reading comprehension, at sa numeracy ay makikita sa pag-aanalisa ng bilang ng</p>

		<p>tamang sagot bilang batayan ng marka o antas ng pagkatuto.</p> <p>Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:</p> <p><i>Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at impormasyon mula sa mga personal na karanasan o aktuwal na interaksyon na itatala sa dyornal.</i></p> <p>Tamang Sagot</p> <p>1. C 6. C 11. C 2. B 7. B 12.C 3. B 8. D 13.D 4. C 9. A 14.A 5. C 10. D 15.A</p>										
<p>• PAGNINILAY <i>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</i></p>	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table> <p>• Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>• Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.</p> <p>_____</p> <p>_____</p>		Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	
Gabay na Tanong	Sagot											
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?												
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?												
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?												
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?												


	<ul style="list-style-type: none"> • Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin. _____ • Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. _____ • Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? _____ • Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? _____
--	---

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11
•LAYUNIN (Pagtukoy sa mga Layunin)			
Pamantayang Pangnilalaman	<p><i>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamain sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensitibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.</i></p>		
Pamantayan sa Pagganap	<p><i>Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa social media; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensitibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.</i></p>		
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Pagbibigay-Kahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya. <p>Pakikilahok</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng magagaling na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan (hal. Pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, turn-taking, pagbibigay ng kumpirmasyon o <i>back-channeling</i>, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan. <p>Pagpapahayag</p>		

	<ul style="list-style-type: none"> • Nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal (hal. pagsulat ng talaarawan o dyornal, pagbuo ng social media profile) upang mapagnilayan ang mga natutuhan at karanasan, makapagtakda ng layunin, at makagawa ng <i>online</i> na presensiya habang pinoprotektahan ang mga pribadong datos. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal, interpersonal, sosyal, at kultural na konteksto na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p>Badayos, Paquito B. <i>Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino: Iba't Ibang Dulong at Estratehiya</i>. Quezon City: Grandwater Publications, 2010.</p> <p>Bernales, Rolando A., et al. <i>Retorika: Masining na Pagpapahayag</i>. Quezon City: Mutya Publishing House, 2013.</p> <p>Department of Education (DepEd). <i>K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino</i>. Pasig City: Department of Education, 2016.</p> <p>Espiritu, Clement C. <i>Komunikasyon sa Akademikong Filipino</i>. Quezon City: C & E Publishing, 2018.</p> <p>Santiago, Amelia M., and Elsa C. Tiangco. <i>Sining ng Komunikasyon</i>. Quezon City: Rex Book Store, 2003.</p> <p>Santos, Marilou M. <i>Komunikasyon sa Social media at Digital na Panahon</i>. Manila: Rex Book Store, 2020.</p> <p>https://www.facebook.com/NCCT.PH/videos/dokyubata-2022-virtual-screening-day-1-children-division/900678157580071/</p>
<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO 	<p>Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal</p>
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	<p>1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.</p>

	<ol style="list-style-type: none"> 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan. 4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig. 5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon; at 6. Nakasusuri ng sariling kalakasan at mga aspektong dapat pang linangin sa pakikilahok sa mga usapang interpersonal.
<ul style="list-style-type: none"> • PAMAMARAAN 	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman</p> <p>Opsiyon A: PM SENT</p> <p>Panuto: Magpakita ng dalawang sitwasyon. Ang una ay pag-chat sa kaibigan upang manghiram ng aklat, at ang ikalawa ay pagsulat ng email sa guro para ipabatid at ipaliwanag sa guro ang dahilan ng pagliban sa klase. Ipoproseso ang gawain sa tulong ng mga gabay na tanong sa baba:</p> <div data-bbox="685 826 1317 1133" data-label="Image"> </div> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang mensaheng isusulat mo sa Template 1? 2. Ano naman ang isusulat mo sa Template 2? 3. Paano magbabago ang iyong paraan ng pakikipag-usap sa dalawang ito?
<ul style="list-style-type: none"> • Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman 	<p>TALA SA GURO</p> <p>Para sa Opsiyon A: PM SENT</p> <p>Maaaring baguhin ng guro ang sitwasyon ayon sa konteksto ng mga mag-aaral.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay Responsive</p> <p>dahil ang mga ito ay nakaangkla sa kasalukuyang karanasan at dihital na kultura ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga screenshot ng Messenger at mga text message, kinikilala ng guro ang "dating kaalaman" ng mga bata sa pakikipagtalastasan upang magsilbing tulay sa bagong aralin.</p> <p>PPST COT Indicator:</p> <p>Indicator 3.1.2: Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to their linguistic, cultural, socio-economic and religious backgrounds.</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p>

		<p>1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.</p> <p>2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya.</p> <p>3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.</p> <p>Suporta ito sa IPT skill na paggamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens at layon</p>
	<p>Opsiyon B: CHAT-DALUMAT Panuto: Magpapakita ng isang screenshot ng isang usapan o chat thread na may ilang nawawalang salita. Susuriin ng mga mag-aaral ang paraan ng paggamit ng wika at mga pahiwatig sa usapan upang matukoy ang paksa at mahulaan kung sino ang mga kalahok sa pag-uusap (hal. magkaibigan, magkapatid, anak at magulang, o guro at mag-aaral).</p>	<p>Para sa Opsiyon B: CHAT-DALUMAT Maaaring magbigay ang guro ng halimbawa ayon sa palitan ng mensaheng nagaganap sa kani-kanilang GC.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay Responsive dahil ang mga ito ay nakaangkla sa kasalukuyang karanasan at digital na kultura ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga screenshot ng Messenger at mga text message, kinikilala ng guro ang "dating kaalaman" ng mga bata sa pakikipagtalastasan upang magsilbing tulay sa bagong aralin.</p>

	 <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang paksa ng kanilang usapan? 2. Sa inyong palagay, sino-sino ang nag-uusap sa <i>screenshot</i>? 3. May mga salita o pahayag bang nagpapakita ng paggalang? Ano-ano ang mga ito? 4. Kung ikaw ang mag-aaral, paano mo pa pahuhusayin ang pakikipag-usap sa <i>messenger</i>? 	<p>PPST COT Indicator: Indicator 3.1.2: <i>Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to their linguistic, cultural, socio-economic and religious backgrounds.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan. 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.
	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyon A: ARAL-GOAL</p> <p>Panuto: Sa loob ng inilaan na speech bubble, ipasulat sa mga mag-aaral ang isang bagay na nais nilang matututuhan o mapauunlad habang pinag-aaralan o matapos pag-aralan ang paksa (hal. "Gusto kong matutong sumulat ng pormal na email").</p>	<p>Para sa Opsiyon A: ARAL-GOAL</p> <p>Upang maging mas interaktibo, maaari mong sabihin: "<i>Bago ninyo isulat ang inyong 'Aral-Goal' sa speech bubble, pagnilayan muna: Ano ang isang bagay sa inyong paraan ng pakikipag-usap ang nais ninyong maging 'upgrade' o mas mapahusay pa?</i>"</p>



Gabay na tanong:

- Anong mahalagang kasanayan ang nais mong malinang para sa iyong sariling pag-unlad matapos ang araling ito?
- Ano naman ang kasanayang inaasahan mong matamo matapos ang pagtalakay?

Opsiyon B: TAHING DIWA

Panuto: *Hikayatin ang mga mag-aaral na ilahad ang inaasahan nilang pagkatuto sa tulong ng mga salitang nasa freedom wall.*



Para sa Opsiyon B: TAHING DIWA

Ang pagpapasulat ng sariling layunin sa pag-aaral ay nagpapakita ng Reflective na aspekto. Hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magkaroon ng metacognitive awareness o kamalayan sa kung ano ang nais nilang paunlarin sa kanilang sariling gawi sa komunikasyon.

• **Integrasyon ng Bagong Kaalaman**

1. Paglalahad ng Halimbawa

Opsiyon A: LIMLI-LIHAM

Panuto: Magpapakita ng isang pormal na email at isang impormal na text message. Gamit ang isang talahanayan ng paghahambing, tutukuyin ng mga mag-aaral ang **tono**, **layunin**, at **kaangkupan ng wika** sa bawat isa.



TALAHANAYAN NG PAGHAHAMBING

Aspekto	Pormal na Email (Halimbawa)	Impormal na Text (Halimbawa)
Tono		
Layunin		
Kaangkupan ng Wika		

Para sa Opsiyon A: LIMLI-LIHAM

Ito ay **Relevant** dahil tinuturuan ang mga mag-aaral na suriin ang tono at wika sa mga anyo ng komunikasyong kakaharapin nila sa kolehiyo o trabaho (email vs text).


PPST COT Indicator:

Indicator 4.5.2: Selected, developed, organized and used appropriate teaching and learning resources, including ICT, to address learning goals.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.
2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya.
3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.

Nakatutulong ito sa IPT requirement na **pagbuo ng maayos na komunikasyong sosyal at kultural**, gaya ng pag-uulat ng obserbasyon
Tingnan LAS (Para sa Modelong

	<p>Opsiyon B: DALUMAT-SULAT</p>  <p><i>Panuto:</i> Magpakita ng larawan ng isang sulat-kamay na "Salamat Note." Susuriin ng mga mag-aaral ang "emosyonal na pagtugon" at "pakikipagpalagayang-loob" na naipararating ng sulat-kamay kumpara sa digital na mensahe.</p> <p>Gabay sa Pagsusuri para sa mga Mag-aaral:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Emosyonal na Pagtugon: <ol style="list-style-type: none"> <i>Tanong:</i> Ano ang pakiramdam nang makatanggap ng sulat-kamay gawin itong kumpara sa makatanggap lamang ng chat notification? <i>Inaasahang Sagot:</i> Ang sulat-kamay ay nagpapakita ng higit na pagsisikap (effort) at katapatan (sincerity), na nagbubunga ng mas malalim na emosyonal na koneksyon. • Pakikipagpalagayang-loob (Rapport): <ol style="list-style-type: none"> <i>Tanong:</i> Paano pinalalalim ng pisikal na sulat ang ugnayan ng dalawang tao? 	<p><i>Banghay-Aralin Bilang 4) Gawain Bilang 1</i></p> <p>Para sa Opsiyon B: DALUMAT-SULAT</p> <p>Ang DALUMAT-SULAT ay naglalayong linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral na suriin ang emosyonal na bisa ng komunikasyon sa pamamagitan ng paghahambing ng sulat-kamay na "Salamat Note" at digital na mensahe. Sa ilalim ng SSHS-IDF, nakatuon ito sa pag-unawa kung paano naipahahayag ang pakikipagpalagayang-loob at damdamin sa iba't ibang midyum ng komunikasyon.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa:</p> <p>PPST 1.3.2 (<i>critical and creative thinking through comparative analysis</i>), PPST 1.4.2 (<i>higher-order thinking skills in interpreting texts</i>),</p> <p>PPST 2.2.2 (<i>learner-centered instruction anchored on learners' experiences with digital communication</i>).</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at
--	---	--

	<p>b. <i>Inaasahang Sagot</i>: Ang paghawak sa papel na sinulatan ng isang tao ay nagpapamalas ng sensibilidad at mas personal na presensiya, na mahirap mapantayan ng digital na mensahe.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Proseso ng Pagbibigay-kahulugan: <ul style="list-style-type: none"> a. Ipaliwanag na sa sulat-kamay, ang "anyo" ng sulat (kung mabilis o maayos) ay nagbibigay rin ng kahulugan sa damdamin ng sumulat, na bahagi ng pagsusuri sa layunin ng komunikasyon 	<p>interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.</p> <ol style="list-style-type: none"> 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>1. Ang Etika ng Pananalita sa Digital na Espasyo Sa konteksto ng personal at interpersonal na korespondensiya gaya ng text, email, at chat, ang wika ay nagsisilbing tulay upang maipamalas ang sensibilidad sa kultura at panlipunang pamantayan. Dahil ang digital na komunikasyon ay madalas na kulang sa pisikal na pahiwatig (gestures), ang pagpili ng salita ay nagiging kritikal sa pagtatakda ng tamang tono.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Panimulang Pagbati: Ang paggamit ng mga pagbati gaya ng "<i>Magandang araw po</i>" o "<i>Kumusta po kayo?</i>" ay hindi lamang pormalidad; ito ay paraan ng pag-unawa sa konteksto at pagpapakita ng paggalang bago pumasok sa mismong paksa ng usapan. • Paggamit ng "Po" at "Opo": Ang mga katagang ito ay pundasyon ng ating kulturang komunikasyon. Sa digital na mundo, ang pagpapanatili ng paggamit ng "po" at "opo" ay nagpapakita ng pakikipagpalagayang-loob at pagkilala sa gampaning panlipunan ng kausap (hal. guro, magulang, o nakatatanda). • Pakiusap at Pasasalamat: Ang paglalagay ng "<i>Paki...</i>" o "<i>Maaari po ba...</i>" sa mga mensahe ay 	<p>Nakatuon ito sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa ugnayan ng anyo, layunin, at epekto ng komunikasyon, lalo na sa konteksto ng dihital at tradisyonal na midyum. Sa ilalim ng SSHS-IDF, ito ay nagsisilbing yugto kung saan inaangkop ng mga mag-aaral ang mga dating kaalaman upang makabuo ng mas malawak at kritikal na pag-unawa sa konseptong tinalakay.</p> <p>Sa PPST-COT, maaari itong iugnay sa: PPST 1.3.2 (<i>developing critical and creative thinking skills</i>), PPST 1.4.2 (<i>facilitating higher-order thinking through discussion strategies</i>), at PPST 2.2.2 (<i>establishing learner-centered and responsive learning environment</i>). Tumutugon ito sa hinimay na <i>kasanayang</i>:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at

	<p>bahagi ng magagalang na pananalita na nagpapalambot sa tono ng isang kahilingan, habang ang pasasalamat ay nagpapatibay ng emosyonal na pagtugon at ugnayan.</p> <p>2. Ang Konsepto ng <i>Back-channeling</i> sa Korespondensiya Ang back-channeling ay isang mahalagang estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan na nagpapakita ng aktibong pakikinig at kumpirmasyon, kahit sa anyong pasulat o digital.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kumpirmasyon bilang Tugon: Ang mga katagang gaya ng "Noted po," "Sige po," o "Copy" ay nagsisilbing mga senyas na ang mensahe ay matagumpay na natanggap at naunawaan. Ito ay mahalaga sa digital na espasyo upang maiwasan ang kalituhan at kawalan ng katiyakan sa panig ng nagpadala ng mensahe. • Pagpapanatili ng Daloy: Sa pamamagitan ng pagbibigay ng kumpirmasyon, nakikilahok ang mag-aaral sa proseso ng pakikilahok (interaction), kung saan tinitiyak na ang usapan ay hindi lamang "one-way" kundi isang kolaboratibong palitan. • Tanda ng Sensibilidad: Ang mabilis na pagtugon o pagbibigay ng kumpirmasyon ay nagpapakita ng sensibilidad sa damdamin ng kausap, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng agarang aksyon o tugon. <p>3. Layunin ng Mabisang Komunikasyon Ang pagtalakay na ito ay naglalayong hindi lamang ituro ang tamang salita, kundi ang kamalayan sa layunin ng bawat pakikipagtalastasan. Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang ang mga mag-aaral ay:</p>	<p>interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.</p> <ol style="list-style-type: none"> 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan. 4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig. 5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon. 6. Nakasusuri ng sariling kalakasan at mga aspektong dapat pang linangin sa pakikilahok sa mga usapang interpersonal.
--	---	---

	<ul style="list-style-type: none"> • masusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginagamit batay sa layon ng kanilang korespondensiya. • makapagbibigay ng angkop na tugon na nagpapamalas ng pagiging bukas at etikal na komunikasyon. • mapagnilayan ang kanilang karanasan sa paggamit ng digital na plataporma habang pinoprotektahan ang kanilang mga pribadong datos. 	
	<p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyon A: TUGON HAMON</p> <p>Panuto: Sa isang mock chat group o sa pamamagitan ng pagpapalitan ng papel, magbibigay ang guro ng mga mensahe. Ang mga mag-aaral ay dapat magbigay ng angkop na back-channeling responses (hal. pag-acknowledge sa mensahe) nang may paggalang.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: TUGON HAMON</p> <p>Ang gawaing ito ay hango sa kasanayang pampagkatuto na makapagbibigay ng kumpirmasyon o <i>back-channeling</i> sa isang usapan. Ang <i>back-channeling</i> ay mahalaga upang malaman ng kausap na natanggap at naunawaan ang mensahe nang may pagkilala sa gampaning panlipunan at pamantayan.</p> <p>Ito ay naglalayong paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa angkop at magalang na <i>back-channeling responses</i> sa isang <i>mock chat group</i> o palitan ng papel, kung saan sila ay magbibigay ng mabilis ngunit makahulugang pagtugon sa impormasyong ibinibigay ng guro. Sa ilalim ng SSHS-IDF, nakatuon ito sa aplikasyon ng praktikal na kasanayan sa komunikasyong interpersonal sa digital na konteksto, na nagbibigay-diin sa pagiging maingat, angkop, at responsableng pakikilahok sa usapan. Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa:</p>


1
UNANG MENSAHE: Tungkol sa Talaarawan



"Ipapasa ang inyong mga talaarawan bukas bago mag-alas dyes ng umaga."
- Guro

INAASAHANG TUGON NG MAG-AARAL:

2
IKALAWANG MENSAHE: Tungkol sa Module



"Pakibasa ang ating module sa pahina 15 para sa ating susunod na talakayan."
- Guro

INAASAHANG TUGON NG MAG-AARAL:

3
IKATLONG MENSAHE: Tungkol sa Pagsusulit



"Mayroon tayong maikling pagsusulit tungkol sa korespondensiya mamaya."
- Guro

INAASAHANG TUGON NG MAG-AARAL:

4
IKAAPAT NA MENSAHE: Tungkol sa Vlog



"Juan, pakisabi sa iyong grupo na mag-meeting kayo para sa inyong vlog."
- Guro

INAASAHANG TUGON NG MAG-AARAL:

PPST 1.3.2 (use of appropriate teaching strategies to develop critical thinking and communication skills), **PPST 1.4.2** (promoting functional literacy through meaningful interaction), at **PPST 2.2.2** (creating a learner-centered environment that reflects learners' real-life communication practices in digital spaces). Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.
2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya.
3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.
4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig.
5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon.

PAMANTAYAN	DESKRIPSYON	PUNTOS
 KAANGKUPAN NG TUGON	Ang tugon ay tumutugma sa mensahe at nagpapakita ng wastong pag-unawa.	2
 PAGGALANG SA KOMUNIKASYON	Gumamit ng magalang at maayos na pananalita.	2
 KALINAWAN NG PAHAYAG	Maikli ngunit malinaw at madaling maunawaan ang tugon.	1
 KABUUAN		5

ISKALA NG MARKA		
5	NAPAKAHUSAY	 Napakahusay na tugon na kumpleto at angkop.
4	MAHUSAY	 Wasto at angkop ang tugon.
3	KATAMTAMAN	 May bahagi na tama ngunit kulang o hindi ganap.
2	NANGANGAILANGAN NG PAGPAPABUTI	 Hindi gaanong angkop o kulang sa pag-unawa.
1	HINDI NAIPAKITA ANG INAASAHANG TUGON	 Hindi angkop o walang tugon na ibinigay.

Opsiyon B: GALANG-GALING

Panuto: Bibigyan ang mga mag-aaral ng mga "dry" o impormal na text messages (hal. "Pasa mo na yung assignment"). Kailangan nila itong irebisa gamit ang magagalang na pananalita at tamang tono batay sa layunin nito.

- **Sitwasyon 1: Paghingi ng pabor sa kaklase.**
 - a. *Dry/Impormal:* "Pasa mo na yung assignment."
 - b. **Polite-ified:**
- **Sitwasyon 2: Pagpapaalam sa guro.**
 - a. *Dry/Impormal:* "Di ako makakapasok, may sakit ako."

Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 4) Gawain Bilang 2


Para sa Opsiyon B: GALANG-GALING

Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kaangkupan ng wika at tono batay sa layon ng korespondensiya. Sinusubok nito ang kakayahan ng mag-aaral na gawing mapitagan at etikal ang pakikipag-ugnayan.

Ito ay naglalayong paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagrebisa ng "dry" o impormal na text messages upang maging magalang,

	<p>b. Polite-ified:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sitwasyon 3: Pagpapadala ng file sa isang group chat. <ul style="list-style-type: none"> a. <i>Dry/Impormal:</i> "Eto na yung file." b. Polite-ified: <p>Gabay sa Pagsusuri:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sa pag-rebisa ng mensahe, anong mga magagalang na pananalita (hal. panimulang pagbati, pakiusap, pasasalamat) ang iyong idinagdag? • Paano nagbago ang tono ng mensahe mula sa pagiging utos patungo sa pagiging isang magalang na pakiusap? • Paano ipinakikita ng iyong rebisadong mensahe ang iyong sensibilidad sa damdamin ng iyong kausap 	<p>maayos, at angkop sa sitwasyong komunikatibo. Sa pamamagitan ng pag-edit ng tono at paggamit ng panimulang pagbati, pakiusap, at pasasalamat, nahuhubog ang kanilang kamalayan sa tamang pragmatika ng wika at sensibilidad sa damdamin ng kausap, lalo na sa konteksto ng <i>digital communication</i>.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa: PPST 1.3.2 (<i>applying strategies that develop critical thinking and communication skills through rewriting tasks</i>) PPST 1.4.2 (<i>enhancing functional literacy and language accuracy in context</i>), at; PPST 2.2.2 (<i>establishing a learner-centered culture that reflects respectful and socially aware communication practices</i>).</p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan. 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya.
--	--	---

		<p>3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.</p> <p>4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig.</p> <p>5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon.</p> <p>Direktang suporta ito sa IPT step na Stakeholder Engagement, kung saan kailangang makipag-ugnayan nang may paggalang sa mga opisyal ng barangay o komunidad.</p> <p><i>Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 4) Gawain Bilang 3</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: METRO NG REAKSIYON</p> <p>Panuto: <i>Magpakita ng makatotohanang eksena ng interpersonal na komunikasyon at kukunin ang saloobin ng mga mag-aaral ukol dito. Matapos makita ang dalawang sitwasyon, maglagay ang guro sa iba't ibang sulok ng silid-aralan ng mga karatulang:</i></p> <p>👍 Angkop</p> <p>👎 Hindi Angkop</p> <p>😬 Puwede na rin</p>	<p>Para sa Opsiyon A: METRO NG REAKSIYON</p> <p>Ang gawaing ito ay naglalayong masukat at malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paghusga ng angkop na komunikasyon sa mga makatotohanang sitwasyong interpersonal. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga eksena at paggamit ng reaksiyong karatula (👍 Angkop, 👎 Hindi Angkop, 😬 Puwede na rin), natututo ang mga mag-aaral</p>



Pagkatapos ng mahabang mensahe, *thumbs up* lang ang tugon.

Papupuntahin ang mga mag-aaral sa sulok na kumakatawan sa kanilang pasya. Pagkatapos ay hikayatin silang magbibigay ng maikling paliwanag kung bakit nila pinili ang posisyong iyon.



Pagbati sa mahalagang araw na daglat o *abbreviation* lamang ang gamit.

na suriin ang bisa, tono, at pagiging sensitibo ng pahayag sa aktuwal na konteksto ng pakikipag-ugnayan.

Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa:

PPST 1.3.2 (*use of strategies that develop critical thinking and decision-making skills*)

PPST 1.4.2 (*facilitating comprehension and contextual application of communication skills*)

PPST 2.2.2 (*creating a learner-centered environment anchored on real-life communication experiences and responsiveness to learners' social context*).

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan.
2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya.
3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan.

		<p>4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig.</p> <p>5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon.</p> <p>6. Nakasusuri ng sariling kalakasan at mga aspektong dapat pang linangin sa pakikilahok sa mga usapang interpersonal.</p>
	<p>Opsiyon B: DALUMAT-DOKYU Panuto: Ipanood sa mga mag-aaral ang isang dokumentaryong tumalatakay sa kapabayaan sa personal na espasyo at masamang epekto nito. Pagninilayan nila ang pinanood at magbabahagi sila ng napulot na aral ukol dito gamit ang talahanayan.</p> <p>Narito ang link (23:44 hanggang 28:30 na bahagi): https://www.facebook.com/NCCT.PH/videos/dokyubata-2022-virtual-screening-day-1-children-division/900678157580071/</p>	<p>Para sa Opsiyon B: DALUMAT-DOKYU Ang <i>DALUMAT-DOKYU</i> ay isang gawaing nasa Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon na naglalayong mapaunlad ang kritikal na pag-unawa at replektibong pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panonood ng isang dokumentaryong tumatalakay sa kapabayaan sa personal na espasyo at mga kaakibat nitong masamang epekto. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbabahagi ng mga napulot na aral gamit ang talahanayan, natututo ang mga mag-aaral na iugnay ang nilalaman ng midya sa mga isyung panlipunan at sa kanilang personal na responsibilidad sa digital na espasyo, lalo na sa pangangalaga ng pribasiya.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa: PPST 1.3.2 (<i>applying strategies that</i></p>

	<p>c. Kailangang I-upgrade: Isang aspekto na dapat mo pang linangin (hal. <i>"Ang pag-iwas sa paggamit ng masyadong impormal na salita sa pormal na korespondensiya"</i>).</p> <p>Gamitin ang template sa baba:</p>  <p>Pagninilay: Ipaliwanag na ang mabisang komunikasyon ay nagsisimula sa pagninilay sa sarili upang maging mas mahusay sa pakikitungo sa iba.</p>	<p>kanilang “destinasyon” bilang layunin sa pag-unlad, “baon na kalakasan” bilang natuklasang kasanayan sa komunikasyon, at “kailangang i-upgrade” bilang aspektong kailangan pang linangin, kaya’t nagiging mas kongkreto at personal ang paglalapat ng kanilang pagkatuto sa komunikasyon.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa:</p> <p>PPST 1.3.2 (using reflective and critical thinking strategies) PPST 1.4.2 (facilitating synthesis and metacognitive learning), PPST 2.2.2 (promoting learner-centered reflection anchored on personal experiences and communication practices).</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nakasusuri ng sariling kalakasan at mga aspektong dapat pang linangin sa pakikilahok sa mga usapang interpersonal.
	<p>Opsiyon B: KOM-EBOLUSIYON (Dihital na Repleksiyon) Panuto: Sa isang "Status Update" box (maaaring sa pisara o digital board), ipasagot sa mga mag-aaral:</p> <p>Kapsiyon: <i>"Matapos ang araling ito, napagtanto ko na ang aking paraan ng pakikipag-usap ay _____. Upang mas mapabuti ito, ang aking personal na layunin ay _____."</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: KOM-EBOLUSIYON (Dihital na Repleksiyon) Ang mga gawaing ito ay hindi lamang naglalagom ng impormasyon; tinutupad nito ang Pamantayang Pangnilalaman na ang mga padron ng interaksyon ay</p>

	<p>Ipaanalisa sa kanila: Bakit mahalagang magkaroon ng kamalayan sa layunin bago mag-click ng "send" o "post"?</p>	<p>dapat naiaangkop at sumasalamin sa gampaning panlipunan at etikal na konsiderasyon. Sa pamamagitan nito, ang "Paglalahat" ay nagiging isang aktibong proseso ng pagninilay at hindi lamang simpleng pag-uulit ng depinisyon.</p> <p>Naglalayon itong linangin ang metakognitibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling paraan ng pakikipagkomunikasyon sa digital na espasyo. Sa pamamagitan ng "status update" na repleksiyon, natutulungan silang suriin ang kanilang natutuhan sa aralin at tukuyin kung paano pa nila mapagbubuti ang kanilang komunikasyong pasulat, lalo na sa paggamit ng social media at online platforms, habang pinapahalagahan ang kamalayan sa layunin bago magpadala o mag-post.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa: PPST 1.3.2 (using reflective strategies to develop critical thinking), PPST 1.4.2 (facilitating synthesis and application of learning to real-life communication) PPST 2.2.2 (promoting learner-centered reflection grounded on learners' digital communication experiences).</p>
--	---	---

	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: koRESPONDEnsiya</p> <p>Panuto: <i>Atasan ang mga mag-aaral na lumikha ng tatlong uri ng mensahe para sa isang senaryo: (1) Isang personal na text, (2) Isang pormal na email, at (3) Isang mapagnilay na journal entry.</i></p> <p>Senaryo: <i>Hindi ka nakadalo sa inyong pangkatang gawain dahil kinailangan mong asikasuhin ang isang mahalagang usaping pampamilya.</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: koRESPONDEnsiya</p> <p>Ang koRESPONDEnsiya ay isang gawaing nasa Pagtataya na naglalayong sukatin ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng angkop na mensahe sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon sa pamamagitan ng paglikha ng tatlong uri ng sulatin: personal na text, pormal na email, at mapagnilay na journal entry batay sa iisang senaryo ng hindi pagdalo sa pangkatang gawain dahil sa mahalagang usaping pampamilya. Sa pamamagitan nito, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang mag-adjust ng tono, layunin, at pormalidad ng wika ayon sa hinihinging sitwasyon.</p> <p>Sa PPST-COT, maaaring iugnay ito sa: PPST 1.3.2 (<i>applying strategies that develop critical and flexible communication skills</i>) PPST 1.4.2 (<i>assessing functional literacy through varied writing tasks</i>) PPST 2.2.2 (<i>designing learner-centered assessment that reflects real-life communication contexts and learners' experiences</i>).</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p>
--	--	--

	<div data-bbox="562 193 1449 1094"> <div>  <div>1. Personal na Text (Para sa Kaklase/Lider)</div> </div> <div>  <div>2. Pormal na Email (Para sa Guro)</div> </div> <div>  <div>3. Mapagnilay na Journal Entry (Intrapersonal)</div> </div> </div> <div data-bbox="562 1129 1449 1369"> <p>Opsiyon B: SULAT-PASALAMAT Panuto: Magpasulat ng isang tunay na sulat-kamay na "Salamat Note" para sa isang taong nais nilang pasalamat. Ipaliliwanag nila sa kanilang dyornal ang emosyonal na pagtugon na naramdaman nila habang sumusulat.</p> </div>	<div data-bbox="1473 193 2031 818"> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan. 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan. 4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig. 5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon. </div> <div data-bbox="1473 850 2031 1129"> <p>Hinahanda nito ang mga mag-aaral sa IPT goal na ipresenta ang kanilang mga idea nang malinaw at mapanghikayat sa iba't ibang uri ng madla.</p> <p><i>Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 4) Gawain Bilang 5</i></p> </div> <div data-bbox="1473 1129 2031 1369"> <p>Para sa Opsiyon B: SULAT-PASALAMAT Ang mungkahing ito ay tumitiyak na ang mga mag-aaral ay hindi lamang nakauunawa sa interpersonal na dihital na komunikasyon kundi nakalilikha rin ng mga sulat-kamay na</p> </div>
--	---	--

		<p>liham na nagtataguyod ng etikal na komunikasyon.</p> <p>Ito ay isang gawaing nasa Pagtataya na naglalayong linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsulat ng isang tunay na sulat-kamay na “Salamat Note” para sa taong nais nilang pasalamatan, kasabay ng pagninilay sa kanilang emosyonal na karanasan habang isinusulat ito sa pamamagitan ng dyornal. Sa ganitong paraan, naipamamalas hindi lamang ang kasanayan sa wastong pagsulat at pagpapahayag ng pasasalamat, kundi pati ang malalim na pag-unawa sa papel ng wika bilang daluyan ng damdamin at ugnayang interpersonal.</p> <p>Sa PPST-COT alignment, maaaring iugnay ito sa:</p> <p>PPST 1.3.2 (using strategies that develop expressive and reflective communication skills)</p> <p>PPST 1.4.2 (assessing learners’ ability to produce meaningful and context-appropriate written outputs)</p> <p>PPST 2.2.2 (creating a learner-centered assessment that values learners’ emotional and personal experiences in communication).</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p>
--	--	---

		<ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang tono na ginamit sa iba't ibang personal at interpersonal na teksto tulad ng liham o usapan. 2. Nasusuri ang kaangkupan ng wika at tonong ginamit batay sa partikular na layon ng korespondensiya. 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita gaya ng panimulang pagbati, po at opo, pakiusap at pasasalamat sa pormal at impormal na usapan. 4. Nakapagbibigay ng kumpirmasyon (back-channeling) at angkop na tugon upang ipakita ang aktibong pakikinig. 5. Nakasusulat ng mga tiyak na layunin para sa personal na pag-unlad batay sa isinagawang intrapersonal na komunikasyon.
	<p>4. Karagdagang Gawain</p> <p>AWDIT PROPAYL DIHITAL</p> <p>Panuto: <i>Ipaayos sa mga mag-aaral ang kanilang social media profile (hal. Bio o About section) upang mas maging propesyonal at etikal ang kanilang online na presensiya habang sinisigurong protektado ang kanilang pribadong datos.</i></p>	<p>Para sa AWDIT PROPAYL DIHITAL</p> <p><i>Ang AWDIT PROPAYL DIHITAL ay isang gawaing nasa Pagtataya na naglalayong paunlarin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa etikal at propesyonal na paggamit ng social media sa pamamagitan ng pag-aayos ng kanilang online profile, partikular sa bio o "About" section, upang maging angkop, maingat, at protektado ang personal na datos. Sa gawaing ito, natututuhan ng mga mag-aaral ang responsableng pagbuo ng digital</i></p>

		<p><i>identity na sumasalamín sa propesyonalismo at seguridad sa online na espasyo.</i></p> <p><i>Sa PPST-COT alignment, maaaring iugnay ito sa PPST 1.3.2 (applying strategies that develop critical thinking in evaluating digital content and identity), PPST 1.4.2 (promoting functional literacy in digital communication), at PPST 3.2.2 (integrating ICT in teaching and learning to promote responsible and ethical use of technology).</i></p>
<p>• PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>Opsiyon A: PAGTATAYA</p> <p>I. MARAMING PAGPIPIILIAN (Multiple Choice)</p> <p>Panuto: <i>Ipabasa sa mga mag-aaral ang bawat aytem at atasan silang isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang o sagutang papel.</i></p> <p>___ 1. Aling aspeto ng komunikasyon ang nagpapakita ng pagsisikap (effort) at katapatan (sincerity) na nagbubunga ng mas malalim na emosyonal na koneksyon?</p> <p>a. Text message b. Email c. Sulat-kamay na mensahe d. <i>Social media</i> post</p>	<p>Susi sa Pagwawasto (Para sa Guro):</p> <ul style="list-style-type: none"> • C • B • B • C • B • <i>Mungkahing sagot:</i> "Magandang araw! Maaari mo na bang paki-pasa ang assignment? Maraming salamat!" • <i>Mungkahing sagot:</i> "Magandang umaga po, Ma'am. Nais ko po sanang ipabatid na hindi ako makakapasok dahil masama po ang aking pakiramdam. Salamat po."

	<p>___ 2. Ano ang tawag sa estratehiya gaya ng pagsasabi ng "Noted po" o "Copy" upang ipakita ang aktibong pakikinig at kumpirmasyon sa isang korespondensiya?</p> <ul style="list-style-type: none"> a. Turn-taking b. Back-channeling c. Intrapersonal na komunikasyon d. Data privacy <p>___ 3. Sa dihital na espasyo, bakit mahalagang gumamit pa rin ng "po" at "opo" kahit sa mga <i>chat</i> o <i>text</i>?</p> <ul style="list-style-type: none"> a. Upang magmukhang pormal sa lahat ng oras. b. Upang maipakita ang pakikipagpalagayang-loob at pagkilala sa gampaning panlipunan ng kausap. c. Upang hindi mapagalitan ng guro. d. Upang maging mabilis ang daloy ng usapan. <p>___ 4. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng magalang na pananalita na nagpapalambot sa tono ng isang kahilingan?</p> <ul style="list-style-type: none"> a. "Pasa mo na yung file." b. "Eto na yung assignment." c. "Maaari po ba..." d. "Seen." <p>___ 5. Sa pagbuo ng <i>online presence</i>, ano ang dapat na pangunahing isinasaalang-alang ng isang mag-aaral habang gumagamit ng digital na plataporma?</p> <ul style="list-style-type: none"> a. Pagpaparami ng followers. b. Pagprotekta sa mga pribadong datos. c. Pag-post ng lahat ng personal na impormasyon. 	
--	---	--

	<p>d. Paggamit ng pinakabagong gadyet.</p> <p>II. PAGSASAAYOS NG MENSAHE</p> <p><i>Panuto: Atasan ang mga mag-aaral na rebisahin ang sumusunod na "dry" o tila bastos na mensahe upang maging mapitagan at angkop ang tono batay sa layunin nito.</i></p> <p>ii. Sitwasyon: Paghingi ng pabor sa kaklase. <i>Orihinal:</i> "Pasa mo na yung assignment." <i>Rebisyon:</i></p> <hr/> <p>iii. Sitwasyon: Pagpapaalam sa guro dahil masama ang pakiramdam. <i>Orihinal:</i> "Di ako makakapasok, may sakit ako." <i>Rebisyon:</i></p> <hr/>													
	<p>Opsiyon B: PAGTATAYA</p> <p>a. PAGESUSURI</p> <p>Panuto: <i>Ipabasa sa mga mag-aaral ang dalawang mensahe at papunan ang mga ito ng hinihinging impormasyon sa talahanayan.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Halimbawa A: "Magandang araw po, Gng. Santos. Nais ko po sanang magtanong tungkol sa ating takdang-aralin. Salamat po." • Halimbawa B: "Uy pre, ano nga ulit yung assignment natin? Chat ka pag nabasa mo 'to. Ty!" <table border="1"> <thead> <tr> <th>Aspekto</th><th>Halimbawa A</th><th>Halimbawa B</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1. Target na Madla</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>2. Tono</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>3. Uri ng Korespondensiya</td><td></td><td></td></tr> </tbody> </table>	Aspekto	Halimbawa A	Halimbawa B	1. Target na Madla			2. Tono			3. Uri ng Korespondensiya			
Aspekto	Halimbawa A	Halimbawa B												
1. Target na Madla														
2. Tono														
3. Uri ng Korespondensiya														

	b. PASANAYSAY Panuto: Sagutin ang tanong sa loob ng 3-5 pangungusap. 11-15. Bakit mahalagang magkaroon ng kamalayan sa layunin at etika (gaya ng tamang pagbati at back-channeling) bago magpadala ng mensahe sa digital na espasyo.											
<div><div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>PAGNINILAY</div><div><i>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</i></div></div></div></div></div>	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?		
	Gabay na Tanong	Sagot										
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?											
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?											
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?											
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?											
	<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.</div></div></div></div>											
	<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.</div></div></div></div>											
	<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.</div></div></div></div>											
	<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.</div></div></div></div>											
<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?</div></div></div></div>												
<div><div><div><div></div><div></div></div><div><div>Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?</div></div></div></div>												

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

•LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamin sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at dihital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, <i>email</i> , <i>text o chat</i> , at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Pangkat ng mga Kasanayang Pampagkatuto: Pagbibigay-kahulugan <ul style="list-style-type: none"> • Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon). Pakikilahok <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at interpersonal.

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakabubuo ng mga tekstong public-facing (hal. Blog, komentaryo, adbokasiyang post sa social media, o maikling opinyon o kolum na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunan. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal, interpersonal, sosyal at kultural na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo.
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p>Badayos, Paquito B. <i>Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino: Iba't Ibang Dulong at Estratehiya</i>. Quezon City: Grandwater Publications, 2010.</p> <p>Bernales, Rolando A., et al. <i>Retorika: Masining na Pagpapahayag</i>. Quezon City: Mutya Publishing House, 2013.</p> <p>Department of Education (DepEd). <i>K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino</i>. Pasig City: Department of Education, 2016.</p> <p>Espiritu, Clement C. <i>Komunikasyon sa Akademikong Filipino</i>. Quezon City: C & E Publishing, 2018.</p> <p>Garcia, Ma. Lourdes S. <i>Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik</i>. Manila: Rex Book Store, 2015.</p> <p>Santiago, Amelia M., and Elsa C. Tiangco. <i>Sining ng Komunikasyon</i>. Quezon City: Rex Book Store, 2003.</p>
<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN/SITWASYONG KOMUNIKATIBO 	<p>Paglikha ng mga digital diary o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, atbp.)</p>
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	<ul style="list-style-type: none"> • Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha. • Nagagamit ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Natutukoy ang katuturan, katangian at kaibahan ng mga tekstong public-facing sa iba pang uri ng teksto. • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon.

	<ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan. • Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito. • Nakasusuri ng sariling kalakasan sa pagpapahayag (hal. pagiging malikhain sa video editing) at mga aspektong dapat pang linangin (hal. kalinawan ng pagsasalita).
<ul style="list-style-type: none"> • PAMAMARAAN 	<p>TALA SA GURO</p> <p>Para sa Opsiyon A: PHOTO-KUWENTO Tagubilin sa guro: Kung walang sapat na kagamitan para sa Mentimeter, maaaring meta card o boardwork ang gamiting pamamaraan. Inaasahang makita ang paunang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbuo ng paskil sa social media bilang plataporma ng tekstong public-facing.</p> <p><i>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa paraang pagpapaalab ng dating kaalaman at personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang pundasyon ng bagong pagkatuto. Nagtataguyod din ito ng learner-centered at contextualized learning dahil nagmumula sa kanilang sariling larawan at damdamin ang nilalaman ng gawain. Ang paggamit ng Mentimeter ay nagbibigay ng agarang pagkakataon para sa pagbabahagi at pagbuo ng kahulugan mula sa magkakaibang karanasan.</i></p> <p><i>Posibleng PPST-COT Indicator:</i></p> <p><i>2.3 – Managed classroom structure to engage learners, individually or in groups, in</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> • Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman 	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman Opsiyon A: PHOTO-KUWENTO Panuto: <i>Atasan ang mga mag-aaral na balikan ang huling larawan na nasa photo gallery ng kani-kanilang cellphone. Bigyan sila ng hamon na isipin na ipapaskil nila ito sa alinmang social media platform. Tanungin sila kung anong kapsiyon ang ilalagay nila upang maipahayag ang damdamin na nais iparating ng larawan. Ipalahad ang kanilang mga sagot sa Mentimeter.</i></p> 

		<p><i>meaningful exploration, discovery, and hands-on activities within a range of physical learning environments.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan. • Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito.
	<p>Opsiyon B: PILI-LIMI Panuto: <i>Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang mga icon sa ibaba ay karaniwang plataporma kung saan malayang nakapagpapaskil ang sinoman ng tekstong public-facing sa anyo ng digital diary o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. reels, blogs, vlogs, memes, video diaries, komentaryo o adbokasiyang post). Bigyan sila ng panuto na pumili ng kanilang paborito sa mga ito at maglahad ng isang naibahagi na nila rito na may kaugnayan sa pagiging inklusibo, responsable, pagkakapantay-pantay sa estado at kasarian, o</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: PILI-LIMI</p> <p><i>Sa IDF, nagbubunsod ito ng pag-uugnay ng pagkatuto sa aktuwal na karanasan at digital na kapaligiran ng mga mag-aaral, kaya nagiging makabuluhan at kontekstuwalisado ang talakayan. Nagsisilbi rin itong paraan ng pagkuha ng dating kaalaman, pagpapahalaga, at pananaw na magiging batayan sa paglinang ng bagong konsepto at mas mataas na antas ng pag-</i></p>

kamalayang panlipunan na lubos na tumutulak sa kanila. Pagkatapos, ipalahad ang dahilan ng kanilang pagpili sa pamamagitan ng dalawa hanggang tatlong pangungusap.



unawa.

Posibleng PPST-COT Indicator:

1.3 – Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.

Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:

- Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha.
- Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa.
- Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
- Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito.

	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyaon A: 4-PIK-PAHIWATIG</p> <p>Panuto: <i>Ipasuring mabuti ang set ng mga larawan upang matukoy ang salita o mga salitang hinihingi rito. Ipagamit ang mga nakalantad na titik upang magsilbing pahiwatig.</i></p> <div data-bbox="645 451 1258 751">  <div data-bbox="645 651 1258 751"> <div>P _ B _ _ C _</div> <div>F _ C I _ G</div> <div>C _ _ T _ _ _</div> <div>C _ _ _ T _ _</div> </div> </div> <div data-bbox="797 810 1106 1050">  <div data-bbox="797 1002 1106 1050"> <div>D _</div> <div>B _ R _ _ L</div> </div> </div> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> Ano-ano ang mga salitang nabuo sa isinagawang 4-pik-pahiwatig? Anong makabuluhang mensahe o implikasyon sa global na komunikasyon ang maaaring mabuo gamit ang mga salitang ito? Sa nabuong mensahe o implikasyon sa global na komunikasyon, ano sa inyong palagay ang bibigyang-diin ng ating tatalakayin? 	<p><i>Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 5) Gawain Bilang 1</i></p> <p>Para sa Opsiyaon A: 4-PIK-PAHIWATIG</p> <p>Salig sa IDF, nagbubunsod ang gawain ng pagpapakilala at paglinaw sa layunin ng pagkatuto sa paraang interaktibo at mapanuklas. Sa halip na tuwirang ibigay ang paksa, ginagabayan ang mga mag-aaral na mahinuha ito mula sa mga biswal na pahiwatig, na nagtataguyod ng aktibong pagbuo ng kahulugan at paghahanda sa bagong pagkatuto. Nakahanay rin ito sa prinsipyo ng learner engagement bago pormal na ilahad ang mga layunin ng aralin.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>1.3 – <i>Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p>
--	--	---

	<p>Opsiyon B: DIGI-TSEK Panuto: <i>Ilahad ang layunin ng aralin sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng hamon. “Sa linggong ito, maghahanda kayo upang maging responsableng digital creators. Kung kaya, hinahamon ko kayong bumuo ng tseklis ng mga kasanayang dapat ninyong matutuhan bago ka sumabak.”</i></p> 	<p>Para sa Opsiyon B: DIGI-TSEK</p> <p>Sa gawaing ito, maaakay ang mga mag-aaral tungo sa pagtukoy ng layunin ng aralin.</p> <p>Salig sa IDF, ang gawain ay nagtutulak sa pagpapalinaw sa layunin ng pagkatuto at paglinang ng learner agency. Sa halip na basta ipahayag ng guro ang mga layunin, hinihikayat ang mga mag-aaral na tukuyin mismo ang mga kaalaman, kasanayan, at pagpapahalagang kailangan nilang malinang upang matagumpay na maisagawa ang inaasahang pagganap. Nakatutulong ito sa pagbuo ng kamalayan sa sariling pagkatuto at pag-uugnay ng aralin sa tunay na konteksto ng digital na komunikasyon.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>3.4 – <i>Motivated learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.</i></p>
<ul style="list-style-type: none"> Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa Opsiyon A: HIMAY-LIRIP Panuto: <i>Magpapanood ng isang advocacy vlog at hayaan ang mga mag-aaral na himayin at suriin ang paggamit ng kumpas, tono, boses at ekspresyon ng mukha ng vlogger.</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: HIMAY-LIRIP</p> <p>Salig sa IDF, tuon ito sa pagbuo ng bagong kaalaman mula sa konkreong halimbawa gamit ang multimedia input. Sa panonood ng advocacy vlog, ginagabayan ang mga mag-aaral na magsuri, maglinang ng</p>

1 KUMPAS

(Galaw ng Kamay at Katawan)

Ano ang napansin mo?

☐ Madalas gamitin ☐ Paminsan-minsan lamang

☐ Halos hindi ginamit

Paano ito nakatulong sa pagpapahayag ng mensahe?

2 TONO NG PANANALITA

Paano nagsalita ang vlogger?

☐ Masigla ☐ Seryoso ☐ Nakahihikayat

☐ Malumanay ☐ Iba pa: _____

Epekto sa tagapanood:

3 BOSES

Lagyan ng ✓ ang iyong obserbasyon.

Katangian ng Boses	✓
Malinaw	☐
Sapat ang lakas	☐
May diin sa mahahalagang salita	☐
Angkop ang bilis ng pagsasalita	☐

Patunay mula sa vlog:

4 EKSPRESYON NG MUKHA

Anong ekspresyon ang pinakamadalas mong nakita?

☐ Masaya ☐ Nag-aalala ☐ Seryoso

☐ Determinado ☐ Iba pa: _____

Paano ito nakaapekto sa mensahe ng vlog?

PAGNINILAY

★ Sa iyong palagay, alin sa mga sumusunod ang pinakaepektibong ginamit ng vlogger?

☐ Kumpas

☐ Tono

☐ Boses

☐ Ekspresyon ng Mukha

Ipaliban ang iyong sagot.

Hatol Ko!

Naging mabisa ba ang paghahatid ng mensahe ng advocacy vlog?

☐ Lubos na Mabisa

☐ Mabisa

☐ Katamtamang Mabisa

☐ Hindi Mabisa

Dahilan: _____

Ano ang aking natutunan?

Isulat ang mahahalagang aral na nakuha mo sa pagsusuri ng vlog.

Kakayahang Nililinaag: Pagsusuri sa paggamit ng mga estratehiyang di-berbal sa komunikasyong multimodal.

Pamprosesong tanong:

1. Paano ninyo napili ang angkop na kumpas at anong naitulong sa paglilinaw ng mensahe?
2. Paano nakatutulong ang tono sa pagbibigay-diin sa mensaheng ipinahahayag?
3. Paano ninyo tiniyak na naging responsable, mapanghahawakan, etikal at gender sensitive ang natutuhan sa pagsusuri ng vlogs?


kahulugan, at iugnay ang berbal at di-berbal na estratehiya sa epektibong komunikasyon, kaya't naipapakita ang integrasyon ng teorya at aktuwal na gamit ng wika sa real-world context.

Posibleng PPST-COT Indicator:

2.5 – *Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.*

Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:

- Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha.
- Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon.
- Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
- Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito.

		<p>Ito ay mahalagang pagsasanay para sa IPT criterion na Communication and Advocacy, kung saan dapat ay engaging at persuasive ang pitch.</p> <p><i>Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 5) Gawain Bilang 2</i></p>
	<p>Opsiyon B: BLOGSURI</p> <p>Panuto: <i>Ipasuri sa mga mag-aaral ang halimbawang blog sa ibaba. Maaari ding gumamit ng ibang halimbawang blog ayon sa konteksto ng mga mag-aaral.</i></p> <div data-bbox="539 576 1364 1270">  <p>Sigrid A. Fadrigalan November 14, 2018 · 🌐</p> <p>May siyam na taon na rin ako sa propesyong ito, sa nasasaklaw na panahon ay dinanas ko ang magturo ng mga mag-aaral na may iba't ibang lebel ng kakayahan mula sa baitang pito hanggang sa antas kolehiyo ng ASIGNATURANG FILIPINO.</p> <p>Sa kulang isang dekadang iyon, hindi miminsang naging saksi ako sa mga mag-aaral na ang simpleng gamit ng nang at ng, raw at daw, gitling, kapitalisasyon at iba pang paksa ay hindi mataya. Hindi rin miminsang nakakita ako ng mga mag-aaral na ang bumuo ng makabuluhang pangungusap at komposisyong may substansya mula sa mismong sariling wika ay hindi magawa. At hindi miminsang pinanlumo ako ng senaryong alam nila ang verb at noun pero hindi ang pandiwa at pangngalan. Gayundin, hindi miminsang nakabasa ako ng hungkag na interpretasyon sa mga tulang may talinghaga at kuwentong sinasalamang ang sariling kultura at paniniwala.</p> <p>Sa madaling salita, dumaan ako sa maraming serye ng karanasan na magpapatunay sa kahinaan ng mga mag-aaral sa Filipino, asignaturang dapat sana ay higit silang kakitaan ng mas malawak na kaalaman at kasanayan.</p> <p>Sana ang ilan man lang sa mga ito ay napagdaanan ng mga tao na nasa likod ng pagbasura sa petisyon na huwag itong tanggalin bilang isa sa pangunahing asignatura sa kolehiyo. Disinsana ay napaunlakan nila ang paanyaya ng pangangailangang maituro ito.</p> <p>Walang kaso kung pag-aaralan ang English at Korean, makatutulong ito sa pakikipag-ugnayang global at lumalawak na mundo, subalit higit na mainam kung bago tuluyang maging dalubhasa sa wikang banyaga, tiyaking naisabay ang paglago sa sariling panitikan at wika.</p> <p>👍❤️👎 318 13 comments 39 shares</p> <p>👍 Like 🗨 Comment ➦ Share</p> </div> <p>1. Paghihinuha ng Pangunahing Idea</p>	<p>Para sa Opsiyon B: BLOGSURI</p> <p>Tagubilin sa guro:</p> <p>Maaaring gumamit ng iba pang halimbawa ng blog na nasa konteksto ng mag-aaral upang higit silang makaugnay.</p> <p><i>Salig sa IDF, ito ay malalim na paglinang ng kasanayang pang-unawa at kritikal na pagsusuri sa tekstong multimodal. Ginagamit ang aktuwal na blog bilang konteksto upang mapag-ugnay ang personal na karanasan, panlipunang isyu, at paggamit ng wika, kaya't naipapakita ang integration ng content knowledge, critical literacy, at contextualized learning. Nagtataguyod din ito ng paghubog ng kamalayang panlipunan at pag-unawa sa layunin ng tekstong public-facing.</i></p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>1.5 - Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p>

	<p>Hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ang nilalaman ng blog/<i>social media</i> commentary.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsusuri sa Mensahe: Ipasuri kung ano ang pangunahing hinaing o "hugot" ng may-akda tungkol sa pagtuturo ng Wikang Filipino at ang banta ng pagtatanggal nito sa kolehiyo. • Paghihinuha: Itanong sa mga mag-aaral: "<i>Batay sa mga nabanggit na karanasan ng guro, ano ang mahihinuha ninyong kalagayan ng pagpapahalaga sa sariling wika ng mga kabataan sa kasalukuyan?</i>". <p>2. Katangian ng Tekstong Public-facing</p> <p>Dahil isa sa mga tunguhin ay ang pagtukoy sa kaibahan ng tekstong public-facing sa tekstong akademiko, ipasuri ang sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tono at Estilo: Ipakita kung paano ginamit ang personal na karanasan (hal. ang 9 na taong pagtuturo) upang makabuo ng isang makabuluhang opinyon na para sa madla. • Target na Madla (Audience): Ipasuri kung sino ang kinakausap ng post (mga mag-aaral, kapwa guro, o mga mambabatas) at paano iniangkop ang wika para sa kanila. <p>3. Pagpapahayag ng Adbokasiya at Kamalayang Panlipunan</p> <p>Ang post ay isang malinaw na halimbawa ng adbokasiya. Ipasuri ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Panlipunang Isyu: Paano isinusulong ng may-akda ang "kamalayang panlipunan" tungkol sa kahalagahan ng pananatili ng Asignaturang Filipino? • Inklusibong Wika: Suriin kung paano ipinaliwanag ng may-akda na hindi kailangang maging "kalaban" ng Filipino ang Wikang English o Korean, kundi 	<ul style="list-style-type: none"> • Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha. • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
--	---	--

	<p>dapat ay "naisabay ang paglago sa sariling panitikan at wika".</p> <p>4. Estruktura at Cohesive Devices</p> <p>Bilang paghahanda sa kanilang sariling paglikha ng vlog o blog, ipasuri ang teknikal na aspeto:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Lohikal na Pagkakasunod-sunod: Paano nagmula ang may-akda sa pagbabahagi ng sariling karanasan patungo sa isang malakas na panawagan (call to action)? • Paggamit ng mga Salita: Ipasuri ang mga salitang nagpapakita ng damdamin (hal. "pinanlumo," "hungkag," "maituro") na nagbibigay-bisa sa mensahe ng tekstong multimodal 	
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <div data-bbox="539 715 1364 1374"> <p>Ang Digital Diary at Vlog bilang Tekstong Public-facing</p> <p>Ang mabisang komunikasyon sa kasalukuyang panahon ay hindi lamang limitado sa harapang usapan; lumalawak ito sa mga digital na espasyo sa pamamagitan ng mga tekstong multimodal.</p> <p>1. Pag-unawa sa Tekstong Public-facing</p> <ul style="list-style-type: none"> • Katuturan: Ang tekstong public-facing ay mga anyo ng komunikasyon na nilikha upang basahin, panoorin, o pakinggan ng mas malawak na madla o <i>audience</i>. Halimbawa nito ay ang mga blog, komentaryo, reels, at mga adbokasiyang post sa <i>social media</i>. • Kaibahan sa iba pang teksto: <ol style="list-style-type: none"> a. Tono: Ang tekstong public-facing ay mas personal at impormal, samantalang ang akademikong teksto ay obhetibo at pormal. </div>	<p>Salig sa IDF, ito ay sistematikong pagbuo at paglinang ng bagong kaalaman mula sa inisyal na mga gawain at karanasan ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng talakayan, naiuugnay ang dating kaalaman sa bagong konsepto, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at pagbuo ng makahulugang learning connections. Nagsusulong din ito ng interactive at learner-centered instruction kung saan aktibong nakikibahagi ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan.</p> <p>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha.

	<p>b. Estruktura: Mas malaya ang daloy ng idea sa mga digital diary o vlog, habang ang akademikong sulatin ay sumusunod sa mahigpit na estruktura.</p> <p>c. Layunin: Layunin ng public-facing texts na magpahayag ng sariling karanasan, manghikayat, o magsulong ng kamalayang panlipunan.</p> <p>2. Ang Digital Diary at Vlog bilang Tekstong Multimodal</p> <ul style="list-style-type: none"> • Multimodal: Ito ay pagsasama-sama ng iba't ibang anyo ng media (teksto, tunog, at imahe) upang makabuo ng isang mensahe. Sa isang vlog, ang mensahe ay hindi lamang nasa salita kundi nasa kabuuan ng napapanood. • Pagsusuri ng Nilalaman: Bago lumikha, mahalagang mahinuha ang pangunahing idea mula sa mga napanood na halimbawa upang magsilbing gabay. Dapat ding tiyakin na malinaw ang mensaheng nais iparating sa manonood. <p>3. Di-berbal na mga Estratehiya sa Komunikasyon Upang mapahusay ang kalidad ng digital diary o vlog, kailangang gamitin ang mga angkop na di-berbal na senyas.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ekspresyon ng Mukha: Nagpapakita ng tunay na damdamin (hal. saya, lungkot, o determinasyon sa isang adbokasiya). • Kumpas ng Kamay: Nagbibigay ng diin sa mga mahahalagang punto ng iyong sinasabi. • Tono ng Boses: Ang wastong intonasyon at bilis ng pagsasalita ay nakatutulong upang mapanatili ang interes ng mga manonood. <p>4. Estruktura at Cohesive Devices sa Pagsasalaysay</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Natutukoy ang katuturan, katangian at kaibahan ng mga tekstong public-facing sa iba pang tekto. • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
--	--	---

	<p>Ang isang mabisang digital diary ay dapat may lohikal na pagsasalaysay ng karanasan.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Panandang Kohesyong Gramatikal: Ito ang mga salitang ginagamit upang pag-ugnayin ang mga pangungusap at talata (hal. <i>dahil dito, sa kabilang dako, pagkatapos, gayunpaman</i>). • Daloy ng Mensahe: Dapat may malinaw na simula (paksa), gitna (karanasan/detalye), at wakas (repleksyon o panawagan). <p>5. Etika at Kamalayang Panlipunan sa Digital na Mundo Bilang mga <i>digital creators</i>, responsibilidad ninyong magtaguyod ng mga positibong halaga.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Inklusibong Wika: Paggamit ng salitang walang pinapanigan at sensitibo sa pagkakaiba-iba ng kultura at kasarian. • Adbokasiya: Ang inyong vlog o digital post ay dapat nagsusulong ng pagkakapantay-pantay o kamalayang panlipunan. • Etikal na Konsiderasyon: Kasama rito ang pagprotekta sa sariling <i>privacy</i> at paggalang sa karapatan ng iba sa digital na espasyo. Tinitiyak din dito na mapanghahawakan ang mga datos o impormasyong may pinaghahanguan. Marapat din na gender-sensitive upang makaiwas sa anomang uri ng estereotipo, diskriminasyon at iba pa. At sa huli, marapat na maging responsable at mapananagutan lalo kung ito ay nakasisira sa reputasyon o moraliad ng isang tao, institusyon o lugar. 	
	<p>3. Paglinang ng Kabihasaan Opsiyon A: VLOG BALANGKAS Panuto: Pagawan ng balangkas sa mga mag-aaral para sa video diary na plano nilang buuin upang magsilbing gabay nila sa lohikal na daloy nito.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: VLOG BALANGKAS Salig sa IDF, ito scaffolded learning at pagbuo ng kasanayan mula sa gabay patungo sa mas independiyenteng gawain. Sa paglikha ng balangkas, natutulungan ang mga mag-</p>

	1 INTRO / HOOK (Panimula / Pang-akit na bahagi)	Ano ang ipapakita / sasabihin sa simula upang makaakit ng atensyon? _____ Tagal (tanya): _____ (segundo)	Visual / B-roll / Tunog / Kagamitan • _____ • _____ • _____ • _____
	2 KATAWAN NG VLOG (Pangunahing Nilalaman)	Ano-ano ang mga paksa o bahagi na tatalakayin? Ilista sa lohikal na pagkakasunod-sunod. 1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____ Tagal (tanya): _____ (minuto)	Visual / B-roll / Tunog / Kagamitan • _____ • _____ • _____ • _____
	3 MENSAHE / MAHAHALAGANG PUNTO (Key Message)	Ano ang pinakamahalagang mensahe na nais iparating? Paano ito ipapakita o ipapahayag sa vlog? _____	Visual / B-roll / Tunog / Kagamitan • _____ • _____ • _____ • _____
	4 KONKLUSYON / PAGWAKAS (Pangwakas na Bahagi)	Paano tatapusin ang vlog? May pasasalamat / call to action ba? Tagal (tanya): _____ (segundo)	Visual / B-roll / Tunog / Kagamitan • _____ • _____ • _____ • _____
CHECKLIST KO: ☐ May malinaw na simula (hook) ☐ Lohikal ang daloy ng mga bahagi ☐ May malinaw na mensahe ☐ Malinis at may epekto ang pagtatapos ☐ Kumpleto ang visual, tunog, at kagamitan		PAGNINILAY: Paano makakatulong ang balangkas na ito sa paggawa ng mas organisado at makabuluhang vlog? _____ _____	

aaral na maorganisa ang kanilang idea, maplano ang lohikal na daloy ng nilalaman, at maihanda ang sarili para sa aktuwal na pagganap. Nagsusulong din ito ng **process-oriented learning** kung saan binibigyang-diin ang pagpapalano bilang mahalagang bahagi ng komunikasyong multimodal.

Posibleng PPST-COT Indicator:

2.3 – Managed classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities within a range of physical learning environments.

Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:

- Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha.
- Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa.
- Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon.
- Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal,


		<p>upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito. <p>Sinasanay nito ang mga mag-aaral sa IPT requirement na organisahin ang impormasyon sa paraang madaling maunawaan ng mga tagapakinig.</p> <p><i>Tingnan LAS (Para sa Modelong Banghay-Aralin Bilang 5) Gawain Bilang 3</i></p>
	<p>Opsiyon B: INTRO-SUBOK Panuto: <i>Sanayin ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng tono, pagpapahayag ng iba't ibang damdamin, at paggamit ng mga di-berbal na estratehiya. Pabunutin sila ng vlog introduction at ipagawa ang pag-arte o pagganap nito sa harap ng klase. Magbigay ng pagwawasto at puna kung kinakailangan.</i></p> <p>1. Ang Adbokasiyang Masigla (Inspirasyonal na Tono) Layunin: Manghikayat ng kapwa kabataan na makilahok sa isang kampanya para sa pagkakapantay-pantay.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Script: <i>"Isang mapagpalayang araw, mga ka-Digital! Ngayong araw, hindi lang tayo basta magkukuwentuhan. Pag-uusapan natin kung paano tayo magiging boses ng mga kaklase nating tila nawawalan na ng pag-asa. Sabay-sabay tayong matuto!"</i> • Dapat Obserbahan: <ol style="list-style-type: none"> a. Tono: Mataas ang enerhiya at puno ng pag-asa. 	<p>Para sa Opsiyon B: INTRO-SUBOK</p> <p>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa pamamagitan ng experiential at performance-based learning kung saan isinasabuhay ng mga mag-aaral ang iba't ibang kontekstong komunikatibo. Sa pamamagitan ng pagsasadula ng vlog introductions, naipapakita ang integrasyon ng berbal at di-berbal na komunikasyon, habang nalilinang ang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyon, layunin, at madla. Nagsusulong din ito ng authentic learning experience na nakabatay sa real-world digital communication practices.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>2.6 – <i>Used effective verbal and non-verbal</i></p>


	<p>b. Di-berbal: Malapad na ngiti, direktang pagtingin sa lens (eye contact), at bukas na kumpas ng mga kamay upang magmukhang <i>welcoming</i>.</p> <p>2. Ang Seryosong Komentaryo (Mapanuring Tono) Layunin: Magpahayag ng opinyon tungkol sa isang isyung panlipunan (hal. diskriminasyon sa <i>social media</i>).</p> <ul style="list-style-type: none"> • Script: <i>"Nakita rin ba ninyo ang viral post kagabi? Nakalulungkot isipin na sa panahon ngayon, marami pa rin ang hindi marunong gumamit ng inklusibong wika. Pag-isipan natin: sapat na bang mag-like lang tayo, o oras na para kumilos?"</i> • Dapat Obserbahan: <ol style="list-style-type: none"> a. Tono: Mababa ang boses, pormal, at nag-iisip. b. Di-berbal: Seryosong ekspresyon ng mukha, bahagyang pagkunot ng noo, at paggamit ng kumpas na nagbibigay-diin sa mga mahahalagang punto. <p>3. Ang Mapagnilay na Talaarawan (Personal na Tono) Layunin: Magbahagi ng personal na karanasan tungkol sa pag-unawa sa sarili o pakikipagkapwa-tao.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Script: <i>"Heto na naman tayo. Akala ko noong una, hindi ko kakayanin ang linggong ito dahil sa dami ng pressure. Pero may isang simpleng interaksyon na nagpabago sa pananaw ko tungkol sa tunay na pakikipagkapwa. Share ko sa inyo ang kwento ko."</i> • Dapat Obserbahan: <ol style="list-style-type: none"> a. Tono: Malumanay, tila nakikipag-usap sa isang malapit na kaibigan. b. Di-berbal: Bahagyang pagyuko o paglapit sa camera upang lumikha ng pakiramdam ng <i>intimacy</i>, at natural na paggalaw ng kamay na tila nagkukuwento. <p>4. Ang 'Call to Action' (Determinadong Tono)</p>	<p><i>classroom communication strategies to support learner understanding, participation and engagement.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan. <p>Direktang pagsasanay ito para sa Opening Hook ng advocacy pitch, sa IPT, upang makuha ang atensyon ng panel.</p>
--	---	---

	<p>Layunin: Magsulong ng kamalayang panlipunan tungkol sa isang lokal na isyu sa komunidad.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Script: <i>"Guys, seryoso tayo ngayon. Ang isyu ng basura sa ating komunidad ay hindi na biro. Hindi sapat ang magreklamo sa Facebook. Ngayon ang simula ng ating aksyon. Tara, simulan natin sa sarili nating bakuran!"</i> • Dapat Obserbahan: <ol style="list-style-type: none"> a. Tono: Matatag, mabilis ang pananalita, at mapanghamon. b. Di-berbal: Matapang na tingin sa camera, paggamit ng kumpas na "pagtuturo" (point) o pagpapakita ng kamao para sa determinasyon. <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paano nakatulong ang inyong tono ng boses sa pagpaparating ng inyong tunay na layunin? • Aling di-berbal na senyas ang sa tingin ninyo ay pinakamabisa upang makuha ang atensyon ng inyong <i>target na madla</i>? • Sa anong bahagi ng pagganap nakita ang inyong kalakasan sa komunikasyon? 	
<ul style="list-style-type: none"> • Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: KONEK-KOHESIYON</p> <p>Panuto: <i>Ipasuri sa mga mag-aaral ang talatang walang kohesiyong gramatikal at talakayin ang pagsusuri gamit ang pamprosesong tanong.</i></p> <p>Nagising ako nang maaga noong Sabado. Inihanda ko ang aking <i>cellphone</i> at <i>tripod</i>. Gusto kong gumawa ng <i>vlog</i> tungkol sa pagkakapantay-pantay. Biglang umulan nang malakas. Maingay ang patak ng ulan sa bubong. Hindi ko marinig ang sarili kong boses sa <i>video</i>. Naubusan ng baterya ang aking <i>cellphone</i>. Nawala ang sikat ng araw. Madilim ang kinalabasan ng aking video.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: KONEK-KOHESIYON</p> <p>Salig sa IDF, nililinang nito ang kritikal na pag-unawa sa istruktura ng teksto at kahalagahan ng kohesiyong gramatikal sa malinaw na komunikasyon. Sa pagsusuri ng talatang walang cohesive devices, natutulungan ang mga mag-aaral na makita ang epekto ng lohikal na pagkakaugnay-ugnay ng idea sa pagbuo ng kahulugan, partikular sa mga public-facing text tulad ng vlog o blog. Nagtataguyod ito ng text awareness at communicative competence sa</p>

	<p>Nakalimutan kong magdala ng <i>powerbank</i>. Itinigil ko ang paggawa ng vlog. Bukas ay susubukan kong muli. Mahalaga ang aking adbokasiya.</p> <p>Pamprosesong Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagkakaugnay-ugnay: Pansinin ang bawat pangungusap. Mayroon bang mga salitang nag-uugnay (hal. <i>subalit, kaya, dahil dito</i>) upang ipakita ang sanhi at bunga ng mga pangyayari? • Daloy ng Diwa: Paano nakakaapekto ang kawalan ng mga panandang kohesyong gramatikal sa iyong pag-unawa sa "hugot" o emosyon ng nagsasalaysay? • Disbentahe: Sa tingin ninyo, magiging epektibo ba itong <i>public-facing text</i> (tulad ng <i>blog</i> o <i>vlog script</i>) kung ganito ang paraan ng pagkakasulat? Bakit mahalagang maging lohikal ang pagsasalaysay upang matiyak na malinaw ang mensahe sa mga manonood? 	<p>kontekstong multimodal at digital.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>1.5 – <i>Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
--	--	--

	<p>Opsiyon B: VLOGGER SKETCH</p>  <p>EdTech: AI Image Generators (hal. Canva Magic Media, Bing Image Creator, ChatGPT, Gemini o DALL-E).</p> <p>Panuto:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng Prompt: <ul style="list-style-type: none"> a. Sa halip na simpleng paglalarawan, atasan ang mga mag-aaral na gumamit ng mabisang wika at estruktura sa pagbuo ng kanilang prompt. b. Kailangang kasama sa prompt ang mga tiyak na katangian tulad ng: <i>"Isang Pinoy vlogger na may masayang ekspresyon ng mukha, gumagamit ng malinaw na kumpas ng kamay, at nagpapakita ng pagiging inklusibo sa kanyang kapaligiran"</i>. • AI Generation: Ipapasok ng mga mag-aaral ang nabuong prompt sa AI app upang makalikha ng imahe. Dito nila makikita kung paano "binibigyang-kahulugan" ng teknolohiya ang kanilang mga inilarawang katangian. • Paliwanag sa Klase: <ul style="list-style-type: none"> a. Ipapakita ang nabuong larawan sa klase. b. Gabay sa Pagpapaliwanag: Ipaliliwanag nila kung paano ipinapakita ng larawan ang: <ul style="list-style-type: none"> i. Di-berbal na mga estratehiya: Bakit ganoon ang ekspresyon o kumpas ng nabuong karakter? 	<p>Para sa Opsiyon B: VLOGGER SKETCH</p> <p><i>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa pamamagitan ng integration ng digital literacy, multimodal communication, at learner-generated output sa proseso ng pagkatuto. Sa pagbuo ng AI prompts, nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa maingat na pagbuo ng wika, deskripsyon, at layunin ng komunikasyon, habang sinusuri rin nila kung paano binibigyang-kahulugan ng teknolohiya ang kanilang idea. Nagtataguyod ito ng constructive at inquiry-based learning na nakaugat sa real-world digital tools at creative expression.</i></p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p><i>1.7 – Applied teaching strategies that develop learners’ digital literacy and critical use of information and communication technologies.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal,
--	---	--

	<p>ii. Target na Madla: Paano makatutulong ang hitsura at kilos na ito upang maging epektibong public-facing text ang kanyang vlog?</p> <p>iii. Adbokasiya: Paano sumasalamin ang imahe sa kamalayang panlipunan o pagiging ingklusibo?</p>	<p>upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.</p>
	<p>2. Paglalahat</p> <p>Opsiyon A: BUOD HASHTAG</p> <p>Panuto: Pabuuin ang mga mag-aaral ng hashtag na naglalarawan sa kanilang natamong pagkatuto sa aralin. Ipapaskil nila ito sa Padlet at ipoproseso ang mga sagot batay sa mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito..</p> <div data-bbox="546 577 1176 917">  </div>	<p>Para sa Opsiyon A: BUOD HASHTAG</p> <p>Salig sa IDF, ito ay pagpapabubuod at integrasyon ng mga natutuhan sa isang makabuluhang at kontekstuwalisadong paraan ng pagpapahayag. Sa paglikha ng hashtag, naisasagawa ng mga mag-aaral ang sintesis ng kanilang pagkatuto gamit ang pamilyar na digital format, na nagpapalakas ng learner engagement at reflective thinking. Nagsusulong din ito ng collaborative meaning-making sa pamamagitan ng pag-uugnay at pagpoproseso ng magkakatulad at magkakaibang idea ng mga mag-aaral.</p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusuri ng sariling kalakasan sa pagpapahayag (hal. pagiging malikhain sa video editing) at mga aspektong dapat pang linangin (hal. kalinawan ng pagsasalita).
	<p>Opsiyon B: EKSIT TIKET</p> <p>Panuto: Hayaang dugtungan ng mga mag-aaral ang pahayag upang maibuo ang naging pagkatuto sa aralin.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: EKSIT TIKET</p> <p>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa pamamagitan ng formative assessment at reflective learning kung saan sinusukat at pinoproseso ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pagtatapos ng aralin. Sa pamamagitan ng pagdugtong ng</p>

		<p>mga pahayag, naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang sintesis ng konsepto at pagninilay sa naging karanasan sa pagkatuto, na mahalaga sa pagtiyak ng learning consolidation at meaningful closure ng aralin.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>2.2 – Used assessment data to plan, monitor and adjust instruction to better meet learner needs.</p> <p>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. Nakasusuri ng sariling kalakasan sa pagpapahayag (hal. pagiging malikhain sa video editing) at mga aspektong dapat pang linangin (hal. kalinawan ng pagsasalita).
	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: TINIG AT TINDIG</p> <p>MEKANIKS:</p> <ul style="list-style-type: none"> Pumili ng anyo mula sa sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> a. Podcast ng komentaryo o opinyon b. Reels c. Vlog d. Video diaries Pumili ng isang paksang may pansariling danas: <ul style="list-style-type: none"> a. Inklusyon sa paaralan (hal. mga mag-aaral na 	<p>Para sa Opsiyon A: TINIG AT TINDIG</p> <p>Salig sa IDF, ito ay authentic performance task na sumusukat sa integrasyon ng kasanayang komunikatibo, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalagang panlipunan. Sa paglikha ng public-facing output, naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang gumamit ng berbal at di-berbal na estratehiya, kohesiyong gramatikal, at</p>

- kabilang sa PWD, LGBTQIA+, *indigenous learners*)
- Gender equality* o pagkakapantay-pantay ng mga kasarian
 - Di-pagkakapantay-pantay at katarungang panlipunan
 - Tamang pagpili ng ibobotong kandidato
 - Online activism* at kabataang Pilipino
- Bumuo ng tekstong public-facing**, at tiyaking:
 - nagsusulong ito ng positibong pagpapahalaga
 - naisaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa
 - ginamitan ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan kaugnay ng napiling paksa.

Rubrik sa Pagmamarka:

Pamantayan	Napakahusay (30)	Mahusay (25)	Papaunlad (20)	Nangangailangan ng Gabay (10)
Nilalaman at Adbokasiya (Pagpapahayag)	Malinaw na malinaw ang mensahe; lubos na nakasulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, at kamalayang panlipunan.	Malinaw ang mensahe at nakasulong ng kamalayang panlipunan o pagkakapantay-pantay.	May mensahe ngunit hindi gaanong malinaw ang pagtalakay sa adbokasiya o kamalayang panlipunan.	Hindi malinaw ang mensahe at walang kinalaman sa hinihingi adbokasiya.
Di-Berbal na Estratehiya (Pakikilahok)	Lubos na angkop at mabisang nagamit ang ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses upang mapahusay ang komunikasyon.	Angkop ang ginamit na ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa karamihan ng bahagi ng video.	Limitado ang paggamit ng di-berbal na senyas; hindi gaanong tumutugma sa mensahe ang tono o ekspresyon.	Walang kaangkupan ang mga di-berbal na senyas o hindi nakitaan ng paggamit nito.
Wika at Estruktura (Pagpapahayag)	Lohikal na lohikal ang pagsasalaysay; gumamit ng iba't ibang panandang kohesyong gramatikal nang wasto at mabisang.	Lohikal ang daloy ng pagsasalaysay at gumamit ng mga panandang kohesyong gramatikal.	May lohikal na daloy ngunit kulang o hindi wasto ang ilang panandang kohesyong gramatikal na ginamit.	Putol-putol ang diwa at walang ginamit na mga panandang kohesyong gramatikal.
Multimodal na Produksyon (Pagpapahayag)	Napakahusay ng pagkakaibuo ng vlog/reel/meme; malinaw ang audio at visual at angkop sa target na awdyens.	Maayos ang pagkakaibuo; malinaw ang audio at visual at nauunawaan ng awdyens.	Katamtaman ang kalidad ng video o audio; may ilang bahagi na hindi gaanong malinaw.	Mababa ang kalidad ng produksyon at mahirap maunawaan ang nilalaman.

angkop na estruktura ng teksto upang makapagpahayag ng makabuluhang pananaw tungkol sa mga isyung panlipunan. Nagsusulong din ito ng learner-centered at values-laden learning na nakaugat sa aktuwal na karanasan at adbokasiya.

Posibleng PPST-COT Indicator:

1.6 – Used differentiated, developmentally appropriate learning experiences to address learners’ gender, needs, strengths, interests and experiences.

Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:

- Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa.
- Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon.
- Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.

		<ul style="list-style-type: none"> Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito. <p>Ito ang pinakamalapit na gawain sa mismong Advocacy Pitch sa IPT, dahil kailangang magpakita ng paninindigan at call-to-action ang mga mag-aaral.</p>
	<p>Opsiyon B: BINIGKIS NA BOSES Mekaniks:</p> <ul style="list-style-type: none"> Bumuo ng pangkat na may 3–5 miyembro. Pumili ng isyung panlipunan na may kaugnayan sa pansariling danas: <ul style="list-style-type: none"> Inklusyon sa paaralan (hal. mga mag-aaral na kabilang sa PWD, LGBTQIA+, <i>indigenous learners</i>). <i>Gender equality</i> o pagkakapantay-pantay ng mga kasarian. Di-pagkakapantay-pantay at katarungang panlipunan. Tamang pagpili ng ibobotong kandidato. <i>Online activism</i> at kabataang Pilipino. Magsagawa ng pangkatang pagbabahagi upang maibuo ang kani-kaniyang danas sa napiling paksa. Gamitin ang koleksiyong ito upang makabuo ng: <ul style="list-style-type: none"> Podcast ng komentaryo o opinyon Reels Vlog Video diaries 	<p>Para sa Opsiyon B: BINIGKIS NA BOSES</p> <p>Salig sa IDF, ito ay collaborative at experiential learning na nakasentro sa pagbabahagi ng pansariling karanasan at pag-uugnay nito sa mga isyung panlipunan. Sa pangkatang paglikha ng podcast/reels/vlog/video diary, naipapamalas ng mga mag-aaral ang kooperatibong pagbuo ng kahulugan, integrasyon ng berbal at di-berbal na komunikasyon, at paggamit ng kohesiyong gramatikal upang makabuo ng lohikal at makabuluhang public-facing text. Nagsusulong din ito ng values formation at social awareness sa pamamagitan ng pagtalakay sa inklusyon, gender equality, at iba pang isyung panlipunan.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator: 2.3 – <i>Managed classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery, and hands-on activities within a range of physical</i></p>

	<p>Iba pang kahingian:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nagsusulong ito ng positibong pagpapahalaga 2. Naisaalang-alang ang angkop na mga estratehiyang di-berbal gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa ginamitan ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan kaugnay ng napiling paksa. 3. Tatagal lamang ng 2-4 na minuto. 4. Gamitin ang rubrik sa Opsiyon A. 	<p><i>learning environments.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan. • Nakagagawa ng maayos, responsable, mapanghahawakan at etikal na komunikasyon (vlog, reel, o meme) na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa magiging awdyens nito.
	<p>4. Karagdagang Gawain: NILAY-MALAY</p> <p>Panuto: <i>Atasan ang mga mag-aaral na magsulat ng isang replektibong dyornal sa aplikasyong Google Keep o sa anumang online diary app tungkol sa kanilang sariling karanasan sa online na kapaligiran. Gabayan silang pagnilayan ang kanilang mga kalakasan at ang mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang bilang mga tagapaghatid at tagatanggap ng mensahe.</i></p>	<p>Para sa NILAY-MALAY:</p> <p>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa pamamagitan ng reflective at metacognitive learning na nakatuon sa pag-unawa ng sariling kakayahan bilang tagapaghatid at tagatanggap ng mensahe sa digital na kapaligiran. Sa pagsulat ng repleksyon, naipapakita ng mga mag-aaral ang pagkilala</p>

	<p>Maaaring gamitin ang sumusunod na gabay na tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang mga kasanayang komunikasyon na iyong napahusay sa patuloy na pakikisali at pagtukoy sa mahahalagang kaalaman sa aralin? • Anong mga di-berbal o berbal na estratehiya ang madalas mong ginagamit? • Ano ang mga hamong nararanasan mo sa pagpapahayag ng iyong saloobin o idea? • Paano mo pa mapapaunlad ang iyong kakayahang komunikatibo? <p>Hikayatin ang mga mag-aaral na maging tapat at mapagnilay sa kanilang pagsulat. Maaaring ipabahagi nang boluntaryo ang ilang repleksiyon upang mapalalim ang pag-unawa sa kahalagahan ng epektibong komunikasyon.</p>	<p>sa sariling kalakasan, hamon, at estratehiya sa komunikasyon, na mahalaga sa paglinang ng mas epektibo at responsableng paggamit ng wika sa online platforms. Nagsusulong din ito ng self-regulated learning at digital communication awareness.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p><i>3.4 – Motivated learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.</i></p> <p>o kaya,</p> <p><i>2.2 – Used assessment data to plan, monitor and adjust instruction to better meet learner needs.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan. • Nakasusuri ng sariling kalakasan sa pagpapahayag (hal. pagiging malikhaing sa video editing) at mga aspektong dapat pang linangin (hal. kalinawan ng pagsasalita).
--	--	--

		Sumusuporta ito sa IPT requirement na Reflection and Evaluation pagkatapos ng presentasyon.
<ul style="list-style-type: none"> PAGTATAYA NG PANGYUNIT 	<p>Opsiyon A: MAIKLING PAGTATAYA Panuto: <i>Ipabasa nang mabuti sa mga mag-aaral ang bawat pahayag o katanungan at atasan silang piliin ang titik ng kanilang sagot batay sa hinihinging konsepto o tamang kasagutan.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Ano ang pangunahing katangian ng isang tekstong public-facing (gaya ng blog o vlog) na nagpapaiba rito sa tekstong akademiko? <ul style="list-style-type: none"> Gumagamit ng napakapormal na wika upang magpahayag. Mas personal ang tono at direktang nakikipag-ugnayan sa madla. Hindi ito nangangailangan ng lohikal na pagsasalaysay. Eksklusibo lamang ito para sa mga eksperto sa isang paksa. Sa paglikha ng isang <i>video diary</i>, alin sa sumusunod ang halimbawa ng di-berbal na estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon? <ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng tamang bantas sa script. Pagpili ng makulay na <i>font</i> sa video editing. Pagsasaalang-alang sa wastong ekspresyon ng mukha at tono ng boses. Paglalagay ng mahabang kapsiyon sa video. Ano ang tawag sa mga salitang gaya ng "<i>dahil dito</i>," "<i>gayunpaman</i>," at "<i>pagkatapos</i>" na ginagamit upang maging lohikal at magkakaugnay ang daloy ng pagsasalaysay? <ul style="list-style-type: none"> Di-berbal na senyas Panandang kohesyong gramatikal Multimodal na teksto 	<p>Para sa Opsiyon A: MAIKLING PAGTATAYA</p> <p>Tumutugon ito sa SSHS-IDF sa pamamagitan ng pagtiyak sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral kaugnay ng mga tinalakay na konsepto. Nagsisilbi itong pormal na pagtataya ng pag-unawa kung saan sinusukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na alalahanin, kilalanin, at ilapat ang mahahalagang idea mula sa aralin. Bahagi rin ito ng alignment ng instruction at assessment upang matiyak ang pag-abot sa inaasahang learning competencies.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>5.1 – <i>Designed, selected, organized and used diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.</i></p> <p>Wastong Sagot:</p> <ul style="list-style-type: none"> B C B A B B B B B

	<p>d. Public-facing prompt</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kapag ang isang mag-aaral ay nanonood ng ibang <i>reels</i> o <i>vlogs</i> upang kumuha ng idea para sa sariling likha, anong kasanayan ang kanyang ginagawa? <ul style="list-style-type: none"> a. Pagbibigay-kahulugan (Paghihinuha) b. Pakikilahok (Interaction) c. Pagninilay (Reflection) d. Pagpapahayag (Production) • Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kamalayang panlipunan at pagiging inklusibo sa isang <i>social media post</i>? <ul style="list-style-type: none"> a. Paggamit ng wikang nakakasakit sa ibang kultura. b. Pagtatampok ng mga isyung nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay. c. Pagpapaskil ng mga personal na larawan nang walang kapsiyon. d. Pagbabahagi ng mga impormasyong hindi beripikado. • Bakit itinuturing na multimodal ang isang <i>digital diary</i> o <i>vlog</i>? <ul style="list-style-type: none"> a. Dahil ito ay binubuo lamang ng purong teksto. b. Dahil gumagamit ito ng kumbinasyon ng wika, tunog, at imahe upang maghatid ng mensahe. c. Dahil para lamang ito sa mga taong gumagamit ng computer. d. Dahil ito ay isang pormal na uri ng liham. • Ano ang dapat tukuyin ng isang mag-aaral matapos ang isang gawain sa komunikasyon? <ul style="list-style-type: none"> a. Ang bilang ng mga <i>likes</i> at <i>shares</i> na nakuha. b. Ang kanyang mga kalakasan at mga aspektong kailangan pang linangin. c. Ang pangalan ng mga sumunod sa kanyang vlog. 	<ul style="list-style-type: none"> • Mali (Dahil ang personal na karanasan ay ginagamit sa tekstong public-facing upang makabuo ng opinyon para sa madla) <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri ang nilalaman at layunin ng sariling karanasan upang matiyak na malinaw ang mensaheng nais iparating sa mga manonood o mambabasa. • Natutukoy ang katuturan, katangian at kaibahan ng mga tekstong public-facing sa iba pang tekto. • Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon. • Nakagagamit ng mabisang wika at estruktura, kabilang ang mga panandang kohesyong gramatikal, upang maging lohikal ang pagsasalaysay ng karanasan.
--	---	--

	<p>d. Ang halaga ng nagastos sa paggawa ng video.</p> <ul style="list-style-type: none"> Sa pagbuo ng isang AI prompt para sa larawan ng isang "epektibong vlogger," bakit mahalagang isama ang paglalarawan sa kumpas ng kamay at postura? <ol style="list-style-type: none"> Upang maging maganda ang kulay ng larawan. Upang maipakita ang praktikal na aplikasyon ng di-berbal na komunikasyon. Upang malaman kung anong brand ng camera ang ginamit. Wala itong kinalaman sa mabisang komunikasyon. Ano ang layunin ng pagtiyak na ang iyong <i>vlog</i> ay may malinaw na layunin para sa iyong target na madla? <ol style="list-style-type: none"> Upang maging sikat sa paaralan. Upang matiyak na mabisang maiparating ang mensahe sa mga manonood. Upang mapabilis ang pag-edit ng video. Upang makakuha ng maraming premyo. TAMA o MALI: Ang paggamit ng personal na karanasan (hugot) ay hindi maaaring gamitin sa pagbuo ng isang makabuluhang opinyon para sa madla. 	
	<p>Opsiyon B: VLOG-SURI Panuto: <i>Atasan ang mga mag-aaral na manood ng isang vlog, reel, video diary, o maikling online content na madalas nilang pinapanood. Limitahan ito sa lokal na content creator na ang nilalaman ay angkop sa kanilang edad at layunin ng aralin. Pagkatapos manood, ipasuri sa kanila ang mga estratehiyang komunikatibong ginamit sa napanood sa pamamagitan ng talahanayan.</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: VLOG-SURI</p> <p>Salig sa IDF, ito ay paglinang ng kritikal na pag-unawa sa mga real-world digital texts at komunikasyong multimodal. Sa panonood at pagsusuri ng vlog, naipapakita ng mga mag-aaral ang kakayahang kilalanin at suriin ang berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon, pati na rin ang epekto nito sa mensahe at madla. Nagsusulong din ito ng media literacy at contextualized learning</p>

	<table><tr><th>ASPEKTO</th><th>OBSERVASYON</th></tr><tr><td>Berbal na Estratehiya Paggamit ng wika, tono, diin, kalinawan ng pagpapahayag</td><td><div></div><div></div><div></div></td></tr><tr><td>Di-berbal na Estratehiya Ekspresyon ng mukha, kumpas, eye contact, tindig, biswal na elemento</td><td><div></div><div></div><div></div></td></tr><tr><td>Pangunahing Mensahe Ano ang nais iparating ng vlogger?</td><td><div></div><div></div><div></div></td></tr><tr><td>Epekto sa Manonood Naging mabisa ba ang komunikasyon? Bakit?</td><td><div></div><div></div><div></div></td></tr><tr><td colspan="2"><div><div>PAGNINILAY:</div><div>Ano ang pinakamahalagang natutunan mo sa vlog na ito?</div><div><div></div><div></div><div></div></div></div><div></div></td></tr></table>	ASPEKTO	OBSERVASYON	 Berbal na Estratehiya Paggamit ng wika, tono, diin, kalinawan ng pagpapahayag	<div></div> <div></div> <div></div>	 Di-berbal na Estratehiya Ekspresyon ng mukha, kumpas, eye contact, tindig, biswal na elemento	<div></div> <div></div> <div></div>	 Pangunahing Mensahe Ano ang nais iparating ng vlogger?	<div></div> <div></div> <div></div>	 Epekto sa Manonood Naging mabisa ba ang komunikasyon? Bakit?	<div></div> <div></div> <div></div>	<div><div>PAGNINILAY:</div><div>Ano ang pinakamahalagang natutunan mo sa vlog na ito?</div><div><div></div><div></div><div></div></div></div> <div></div>		<p>gamit ang mga pamilyar na online content.</p> <p>Posibleng PPST-COT Indicator:</p> <p>1.5 – <i>Applied a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p> <p><i>Tumutugon ito sa pagsasakatuparan ng hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none">Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong multimodal (hal. panonood ng ibang vlogs o reels) upang magsilbing gabay sa sariling paglikha.Naisasaalang-alang ang angkop na di-berbal na mga estratehiya gaya ng ekspresyon ng mukha, kumpas, at tono ng boses sa video upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyon.
ASPEKTO	OBSERVASYON													
 Berbal na Estratehiya Paggamit ng wika, tono, diin, kalinawan ng pagpapahayag	<div></div> <div></div> <div></div>													
 Di-berbal na Estratehiya Ekspresyon ng mukha, kumpas, eye contact, tindig, biswal na elemento	<div></div> <div></div> <div></div>													
 Pangunahing Mensahe Ano ang nais iparating ng vlogger?	<div></div> <div></div> <div></div>													
 Epekto sa Manonood Naging mabisa ba ang komunikasyon? Bakit?	<div></div> <div></div> <div></div>													
<div><div>PAGNINILAY:</div><div>Ano ang pinakamahalagang natutunan mo sa vlog na ito?</div><div><div></div><div></div><div></div></div></div> <div></div>														
<ul style="list-style-type: none">PAGNINILAY	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?				
Gabay na Tanong	Sagot													
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?														
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?														
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?														
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?														

	<ul style="list-style-type: none"> • Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. <hr/> <ul style="list-style-type: none"> • Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation. <hr/> <ul style="list-style-type: none"> • Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin. <hr/> <ul style="list-style-type: none"> • Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. <hr/> <ul style="list-style-type: none"> • Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? <hr/> <ul style="list-style-type: none"> • Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? <hr/>
--	---

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

• LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	<p>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamain sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at dihital na espasyo.</p>
Pamantayan sa Pagganap	<p>Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i>; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.</p>
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Pagbibigay-kahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital <p>Pakikilahok</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng angkop na berbal at di-berbal na mga estratehiya (hal. magagalang na pananalita, hudyat at estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan) upang mabisang makipag-ugnayan tungkol sa iba't ibang kontekstong sosyal at kultural

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Nakabubuo ng mga mapanuring rebyu ng mga tekstong may kabuluhang kultural (hal. pelikula, maikling kuwento, tula, serye sa telebisyon) <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo.
<ul style="list-style-type: none"> ● BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p>Alquisola, Vijae Orquia. <i>Paglasa sa Pansamantala. First Prize, Tula Division, Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, 2014.</i></p> <p>Baran, Stanley J. <i>Introduction to Mass Communication: Media Literacy and Culture.</i> New York: McGraw-Hill Education, 2014.</p> <p>Canva. Canva. Accessed May 31, 2026. https://www.canva.com/</p> <p>Department of Education. <i>K to 12 Curriculum Guide sa Filipino.</i> Pasig City: Department of Education, 2016.</p> <p>Department of Education. <i>Philippine Professional Standards for Teachers (PPST).</i> Pasig City: Department of Education, 2017.</p> <p>Heimlich, J. E., & Pittelman, S. D. (1986). <i>Semantic Mapping: Classroom Applications.</i> International Reading Association.</p> <p>Potter, W. James. <i>Media Literacy.</i> 9th ed. Thousand Oaks, CA: Sage Publications, 2019.</p> <p>UNESCO. <i>Media and Information Literacy: A Curriculum for Teachers.</i> Paris: UNESCO, 2021.</p> <p>University of Waterloo Writing and Communication Centre. "Reading and Listening Critically." Accessed May 31, 2026. https://uwaterloo.ca/writing-and-communication-centre/reading-and-listening-critically</p> <p>University of the Philippines Film Institute. "Ruweda." YouTube video, 8:24. May 14, 2015. https://www.youtube.com/watch?v=yzPXzRZ_tCY</p> <p>Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://docs.google.com/document/d/1AJPB-txKY0q0m4-6K0IFoFbBj7zcK8vf/edit?usp=sharing&oid=112908784282981729496&rtpof=true&sd=true</p>
<ul style="list-style-type: none"> ● NILALAMAN / SITWASYONG KOMUNIKATIBO 	<p>Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan</p>
<ul style="list-style-type: none"> ● TUNGUHIN 	<ul style="list-style-type: none"> ● Natutukoy ang mga estratehiyang ginamit sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood ng pinag-aralang akda.

	<ul style="list-style-type: none">• Naipaliliwanag ang mga temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa akda nang may kamalayang kultural at sensibilidad.• Nakasusulat ng mapanuring rebyu ng isang tekstong may kabuluhang kultural.• Nakapagtatanghal ng isang pagbasa ng kuwento o <i>poetry slam</i> na tumatalakay sa mga temang panlipunan, gamit ang mabisang berbal at di-berbal na mga estratehiya.				
<ul style="list-style-type: none">• PAMAMARAAN	TALA SA GURO				
<ul style="list-style-type: none">• Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman</p> <p>Sa pagsisimula ng aralin, subuking ganyakin ang mga mag-aaral at paganahin ang dati nilang kaalaman upang maging tulay sa kasalukuyang pagkatuto.</p> <p>Opsiyon A: Maalaala Mo Kaya</p> <p>Panuto: Ipakita sa mga mag-aaral ang tatlong larawan. Sa pamamagitan ng talahanayan, tutukuyin nila ang mga naaalalang tagpo mula sa El Filibusterismo na may kaugnayan sa tema ng larawan. Maaaring magsagawa ng pasalitang pagbabahagian. Puwede ring magbigay ng iba pang larawan upang maging angkop sa konteksto ng mga mag-aaral.</p> <table><tr><td>Larawan</td><td> https://64.media.tumblr.com/72d739266a81ac10db408964d191ab0b/3d4f1d15e4139159-3a/s500x750/a978ebe9a8e8141f0cb86205a</td><td> https://newsinfo.inquirer.net/2128534/rotten-inside-yes-the-corrupt-feel-nothing-no-guilt-no-remorse</td><td> https://akoaypilipino.eu/wp-content/uploads/2019/05/razzi-smo.jpg</td></tr></table>	Larawan	 https://64.media.tumblr.com/72d739266a81ac10db408964d191ab0b/3d4f1d15e4139159-3a/s500x750/a978ebe9a8e8141f0cb86205a	 https://newsinfo.inquirer.net/2128534/rotten-inside-yes-the-corrupt-feel-nothing-no-guilt-no-remorse	 https://akoaypilipino.eu/wp-content/uploads/2019/05/razzi-smo.jpg
Larawan	 https://64.media.tumblr.com/72d739266a81ac10db408964d191ab0b/3d4f1d15e4139159-3a/s500x750/a978ebe9a8e8141f0cb86205a	 https://newsinfo.inquirer.net/2128534/rotten-inside-yes-the-corrupt-feel-nothing-no-guilt-no-remorse	 https://akoaypilipino.eu/wp-content/uploads/2019/05/razzi-smo.jpg		
	<p>Para sa Opsiyon A: Maalaala Mo Kaya</p> <p>Gabayan ang mga mag-aaral na masusing suriin ang bawat larawan ang sinasalaming usaping panlipunan. Hikayatin silang iugnay ang mga larawan sa naging talakayan tungkol sa El Filibusterismo noong Baitang 10.</p> <p>Tumutugon ito sa Analysis ng Modelong ADDIE.</p> <p>Nakaangkla rin ito sa Constructivism sapagkat inaasahan ang mga mag-aaral na aktibong bumuo ng kahulugan mula sa kanilang dating kaalaman. Kung gayon, hindi sila basta tumatanggap ng impormasyon. Sa halip, aktibo silang nag-uugnay ng bagong <i>stimulus</i> (larawan) sa dati nilang natutuhan (akda).</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 1.1.2: Apply knowledge of content</i></p>				

		<u>d69e9d7ba78183d.jpg</u>			<i>within and across curriculum teaching areas.</i>
	Tagpo sa El Filibusterismo				
	<p>Opsiyon B: <i>Lalim sa Anim</i> Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang kuwentong may anim na salita o <i>six-word story</i>. Maaari ring magbigay ng ibang halimbawang malapit sa konteksto nila. Sasagutin ng mga mag-aaral ang mga gabay na tanong.</p> <p style="text-align: center;">Pumarada. Kakain? Oo. Ulam? Sabaw lang.</p> <p>Gabay na mga tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano-anong pangyayari ang sinasalaysay ng kuwentong may anim na salita? Napagdaanan mo na rin ba ang mga kalagayang tulad nito? 2. Ano-anong suliraning panlipunan ang mababakas sa akda? 3. Paano sinasalamang ng akda ang kulturang Pilipino? 				<p>Para sa Opsiyon B: <i>Lalim sa Anim</i> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagdalumat ng <i>six-word story</i>. Gabayan sila sa pagpapalitaw ng nakapaloob ng usaping panlipunan at kultura.</p> <p>Tumutugon ang gawain sa Analysis ng Modelong ADDIE.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills</i> at <i>4.3.2 Adapt and implement learning programs that ensure relevance and responsiveness to the needs of all learners</i>.</p>
	<p>2. Paglalahad ng Layunin Ngayon naman, hihikayatin ang mga mag-aaral na maging responsable sa sarili nilang pagkatuto. Ilatag ang mga layunin kasabay ng sariling pagninilay ng mga mag-aaral sa kasalukuyang antas ng kanilang kasanayan.</p>				<p>Para sa Opsiyon A: <i>Tunguhin Shop</i> Ipabatid sa mga mag-aaral na ito ang mga kasanayang inaasahang matatamo pagkatapos ng aralin. Kasabay nito, hikayatin silang pagnilayan ang antas ng</p>

	<p>Opsiyon A: Tunguhin Shop Panuto: Batay sa mga kasanayang inaasahang mapaunlad na nasa loob ng kahon ng “Mga Aytem”, hikayatin ang mga mag-aaral na pagnilayan kung alin sa mga ito ang natamo na nila at alin ang kailangan pang paunlarin. Ililista nila sa kahon na “<i>Mine</i>” ang mga kasanayang natamo na nila, at sa “<i>Added to Cart</i>” naman ang mga kasanayang kailangan pang matutuhan. Pagkatapos, tutukuyin nila sa bahaging “<i>Paano ko ito matatamo o makukuha?</i>” ang mga hakbang na kanilang isasagawa upang matamo ang mga kasanayang ito. Magsisilbi itong <i>diagnostic</i> na pagtataya upang matukoy ang mga kasanayang dapat pang linangin sa loob ng aralin.</p> <div data-bbox="555 574 1541 1374">  <p>Mga Aytem</p> <div data-bbox="898 671 1196 847"> <p>Kritikal na pagbabasa, pakikinig, at panonood</p> </div> <div data-bbox="898 852 1196 1054"> <p>Pagsusuri ng temang panlipunan at kultural ng akda/midva</p> </div> <div data-bbox="898 1059 1196 1203"> <p>Kamalayang kultural at sensibilidad</p> </div> <div data-bbox="750 1235 1043 1374"> <p>Pagbuo ng mapanuring rebyu</p> </div> <div data-bbox="1050 1235 1344 1374"> <p>Pagkukuwento at pagtatanghal ng tula</p> </div> </div>
--	---

	<table><tr><th>Mine</th><th>Added to Cart</th><th>Paano ko ito matatamo o makukuha?</th></tr><tr><td>1. 2. 3. 4. 5.</td><td>1. 2. 3. 4. 5.</td><td></td></tr></table> <p>Pagkatapos ng aralin, pabalikan sa mga mag-aaral ang gawain upang matukoy kung alin sa mga kasanayan ang kanilang natamo batay sa sariling pagninilay.</p>	Mine	Added to Cart	Paano ko ito matatamo o makukuha?	1. 2. 3. 4. 5.	1. 2. 3. 4. 5.		learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.								
Mine	Added to Cart	Paano ko ito matatamo o makukuha?														
1. 2. 3. 4. 5.	1. 2. 3. 4. 5.															
	<p>Opsiyon B: <i>Kasanayan Mo, I-rate Mo!</i> Panuto: Hihikayatin ang mga mag-aaral na tayain ang kasalukuyang kalagayan ng sariling kasanayan sa pamamagitan ng <i>star ratings</i> (lima ang pinakamataas at isa ang pinakamababa). Magsisilbi na rin itong <i>diagnostic</i> na pagtataya ng kasanayang dapat linangin sa loob ng aralin. Pagkatapos ng aralin, muling tatayain ng mga mag-aaral ang kanilang sariling kasanayan sa pamamagitan ng <i>star ratings</i> at ibabahagi kung paano sila natulungan ng aralin.</p> <table><tr><th rowspan="2">Kasanayang Inaasahang Mapaunlad</th><th colspan="2">Rating</th><th rowspan="2">Paano ka natulunga n ng aralin?</th></tr><tr><th>Kasalukuyan</th><th>Pagkatapos ng Aralin</th></tr><tr><td>Kritikal akong nakapagbabasa, nakikinig, at nanonood</td><td>☆ ☆ ☆ ☆ ☆</td><td>☆ ☆ ☆ ☆ ☆</td><td></td></tr><tr><td>Nakasusuri ako ng temang panlipunan at kultural sa mga akda/midya</td><td>☆ ☆ ☆ ☆ ☆</td><td>☆ ☆ ☆ ☆ ☆</td><td></td></tr></table>	Kasanayang Inaasahang Mapaunlad	Rating		Paano ka natulunga n ng aralin?	Kasalukuyan	Pagkatapos ng Aralin	Kritikal akong nakapagbabasa, nakikinig, at nanonood	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆		Nakasusuri ako ng temang panlipunan at kultural sa mga akda/midya	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆		<p>Para sa Opsiyon B: <i>Kasanayan Mo, I-rate Mo!</i> Ipabatid sa mga mag-aaral na ito ang mga kasanayang inaasahang matatamo pagkatapos ng aralin. Kasabay nito, hikayatin silang pagnilayan ang antas ng kasalukuyang kasanayan para sa responsableng pagkatuto.</p> <p>Nakasaad sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis at Evaluation.</p> <p>Tumutugon ang gawaing ito bilang paglalahad ng layunin sa pagkatutong Metacognitive at Self-regulated dahil nahihikayat ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kasalukuyang kakayahan.</p>
Kasanayang Inaasahang Mapaunlad	Rating		Paano ka natulunga n ng aralin?													
	Kasalukuyan	Pagkatapos ng Aralin														
Kritikal akong nakapagbabasa, nakikinig, at nanonood	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆														
Nakasusuri ako ng temang panlipunan at kultural sa mga akda/midya	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆														

	<i>Nagtataglay ako ng kamalayang kultural at sensibilidad</i>	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆		Tinutugunan ang PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements at 2.5.2 Apply a range of successful strategies that maintain learning environments that motivate learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.
	<i>Nakasusulat ako ng mapanuring rebyu</i>	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆		
	<i>Mabisa akong nakapagkukuwento o nakapagtatanghal ng tula</i>	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆		
<ul style="list-style-type: none"> Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa</p> <p>Sa puntong ito, hihikayatin ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa mga gawain upang matuklasan nila ang pagkatuto ng mga kasanayan</p> <p>Opsiyon A: Sine-Suri Panuto: Mainam itong ipagawa kung nakahanda ang <i>multimedia</i> sa inyong paaralan o mayroong <i>gadgets</i> ang mga mag-aaral. Ipapanood sa mga mag-aaral ang maikling pelikulang “Ruweda” ng <i>University of the Philippines Film Institute</i>. Maaakses ito sa pamamagitan ng link na ito : https://www.youtube.com/watch?v=yzPXzRZ_tCY. Matapos mapanood ng mga mag-aaral ang maikling pelikula, pupunan nila ang grapikong pantulong upang ipaliwanag ang kanilang naging pananaw tungkol dito. Tiyaking batid ng mga mag-aaral kung ano ang grapikong pantulong at kung paano ito pupunan. Maaaring ibahagi ang impormasyong ito:</p> <div> <p>Ang grapikong pantulong o graphic organizer (kilala rin bilang cognitive organizer, visual map, o concept diagram) ay isang biswal na estratehiya na nagpapakita ng ugnayan ng mga konsepto, ideya, at impormasyon sa loob ng isang teksto o paksa. Ginagamit ito upang</p> </div>				<p>Para sa Opsiyon A: Sine-Suri</p> <p>Patnubayan ang mga mag-aaral sa panonood ng maikling pelikula. Maaari silang bigyan ng mga detalyeng kailangan nilang tutukan para sa episyenteng panonood. Sa bahaging ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 1:</p> <ul style="list-style-type: none"> Natutukoy ang mga estratehiyang ginamit sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood ng pinag-aralang akda. <p>Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng bahaging ito ang Analysis, Implementation, at Evaluation.</p>


isalin ang mga abstraktong ideya tungo sa isang kongkreto at madaling maunawaang anyo sa pamamagitan ng mga hugis, linya, at arrow (Heimlich at Pittelman, 1986).

Ano ang pananaw mo sa mensahe ng pelikula?

Ipalilista rin sa kanila ang mga hakbang o estratehiyang ginamit upang mapanood at mapakinggan ito nang kritikal sa pamamagitan ng pagpuno sa grapikong pantulong.

**Mapanuri
mo ba itong
pinakinggan
? Paano?**

**Mapanuri
mo ba itong
pinanood?
Paano?**



Papupunan din sa mga mag-aaral ang talahanayan upang matukoy at masuri ang temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa pelikula. Babangitin din nila ang mga tagpong sumusuporta rito.

Temang Panlipunan	Tagpo sa Pelikula

Aspektong Kultural	Tagpo sa Pelikula

Nakaangkla rin ang bahaging ito sa pagkatutong **Multimedia** sapagkat nagagamit ang teknolohiya upang maranasan ng mga mag-aaral na gamitin ang iba't ibang pandama gayundin ang iba't ibang makrong kasanayang pangwika.

Sa gawaing ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 2:


- *Naipaliliwanag ang mga temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa akda nang may kamalayang kultural at sensibilidad*

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng bahaging ito ang **Analysis, Implementation,** at **Evaluation.**

Nakaangkla rin ang bahaging ito sa pagkatutong **Inquiry-based** sapagkat naipakikita ng mga mag-aaral ang proseso ng pagsisiyasat at pagsusuri. Kabilang dito ang paghahanap ng patunay, pagsusuri ng detalye, at pagbuo ng kongklusyon mula sa napanood.

Tinutugunan ang *PPST 1.3.2 Ensure the positive use of ICT to*

		<p><i>facilitate the teaching and learning process at 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Tula-nalisis Panuto: Maaaring ipagawa ang gawaing ito kung hindi nakahanda ang <i>multimedia</i> o ang <i>mga gadget</i> ng mga mag-aaral. Ipabasa sa mga mag-aaral ang tulang “<i>Aral sa Pagsasaing</i>” ni Vijae Orquia Alquisola na nagwagi ng unang gantimpala sa <i>Carlos Palanca Memorial Awards for Literature</i> noong 2014. Maaaring pumili ang guro ng isang mag-aaral upang basahin nang malakas ang tula. Matapos itong mabasa, pupunan ng mga mag-aaral ang grapikong pantulong upang maibahagi ang kanilang interpretasyon sa tula. Tutukuyin din nila ang mga isinagawang hakbang sa pakikinig at pagbasa upang kritikal na maunawaan ang tula.</p> <p style="text-align: center;">Paano mo ito binasa?</p> <p style="text-align: center;">Paano mo ito pinakinggan?</p> <p style="text-align: center;">Ano ang naging interpretasyon mo sa tula?</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Tula-nalisis Patnubayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Maaaring ipabasa ito sa kanila ng ilang beses upang malinang ang pagbasa at pakikinig. Maaaring magbigay ng mga detalyeng kailangang bigyang-pansin sa pagbasa at pakikinig. Para sa sipi ng tula, tingnan ang <i>MK_LE6_KALAKIP Blg. 1</i></p> <p>Sa bahaging ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 1:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Natutukoy ang mga estratehiyang ginamit sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood ng pinag-aralang akda.</i> <p>Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng bahaging ito ang <i>Analysis, Implementation,</i> at <i>Evaluation.</i> Nakabatay ang gawain sa pagkatutong <i>Metacognitive</i> o pag-iisip tungkol sa pagkatuto</p>



Ipasusuri sa mga mag-aaral ang mga piling linya mula sa tula. Kailangan nilang tukuyin ang temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob. Magbibigay rin sila ng paliwanag ukol dito.

Linya	Temang Panlipunan	Paliwanag
<i>Anim na taon ako nang masilip ang lumalalim na bigasan.</i>		
<i>Kay bigat-bigat ng kubyertos, at ang mga salita, kasamang natunaw sa sikmura.”</i>		
<i>tagos sa dibdib ni nanay ang asó sa bandehado</i>		
<i>Sa kabisera, sumanib sa titig ni tatay ang paso ng sabaw.</i>		

dahil binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na pagnilayan kung paano sila nakinig, nagbasa, naunawaan ang teksto, at anong estratehiya ang kanilang ginamit.

Sa gawaing ito natatamo ang **hinimay na kasanayan bilang 2:**

- Naipaliliwanag ang mga temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa akda nang may kamalayang kultural at sensibilidad


Tumutugon naman ang ikalawang bahagi ng gawain sa **Analysis (Pagsusuri)** ng modelong ADDIE dahil napagagana ng mga mag-aaral ang mapanuring pagbasa. Bukod dito, nadadalumat din ang temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa mga piling linya ng tula at naipaliliwanag batay sa kanilang pag-unawa. Natataya rin nila ang lalim ng interpretasyon sa akda kaya nakasalig din sa **Evaluation (Pagtataya)**.


	Linya	Aspektong Kultural	Paliwanag
	<i>Sinisinop. Hinuhugasan. Pinagsasaluhan.</i>		
	<i>Ipinauubaya hindi lamang isusubo, maging ang sarili.</i>		
	<i>Anim na taon ako nang ituro ni nanay</i>		
	<p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 1</p>		
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>Matapos masubukan ng mga mag-aaral ang kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood, gayundin ang pagsusuri ng temang kultural at panlipunan, lilinawin ng guro sa mga mag-aaral ang angkop na proseso batay sa impormasyon sa ibaba. Hihikayatin ng guro ang mga mag-aaral na ihambing ang kanilang gawa sa nakasaad sa impormasyon at ipatukoy ang mga dapat pang linangin o iwasto.</p> <p>Kritikal na Pagbasa, Pakikinig, at Panonood</p> <p>Lubhang mahalaga sa pagtatamo ng kultural na kamalayan at sensibilidad ang pagkakaroon ng kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood. Nagiging daan ang mga kasanayang ito upang higit na mapalalim ang pagkaunawa at mapanuring pagtingin sa mga tekstong panlipunan na naglalahad ng iba't ibang karanasan, paniniwala, at</p>		
	<p>Nakaangkla rin ang gawain sa pagkatutong Culture-based sapagkat naitatampok ang pang-araw-araw na gawaing tulad ng pagsasaing na nakaugat sa lokal na kulturang Pilipino, partikular sa karanasan ng pamilya at kahalagahan ng pagkain.</p> <p>Tinutugunan ang PPST 1.4.2 <i>Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills</i> at 1.5.2 <i>Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p> <p>Ipaunawa sa mga mag-aaral ang ugnayan ng kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood; pagsusuri ng temang panlipunan at kultural; pagbuo ng mapanuring rebyu; at pagtatanghal ng kuwento o tulang may temang panlipunan, tungo sa pagtatamo at pagpapahayag nang may kamalayang kultural at sensibilidad. Ilalapat ng guro sa pagtuturo ang integratibong lapit.</p>		

	<p>realidad ng mga tao sa lipunan. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga akda at midya, nahuhubog ang kakayahan ng mag-aaral na kilalanin ang mga isyung kultural at panlipunan, at makapagpahayag ng mga pananaw na may paggalang, empatiya, at katwiran. Sa ganitong pamamaraan, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto sapagkat ito ay hindi lamang nakatuon sa kaalaman kundi pati na rin sa paglinang ng mas responsableng pakikilahok sa lipunan.</p> <p>Kritikal na Pagbasa. Isang proseso ito ng masusing pagsusuri sa isang teksto. Layunin nitong suriin kung makatwiran at mapagkakatiwalaan ang mga idea at argumentong inilahad ng may-akda. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng mambabasa kung dapat bang tanggapin o kuwestiyunin ang impormasyon.</p> <p>Kaiba ito sa pasibong pagbasa na nakatuon lamang sa pagkuha ng impormasyon. Sa kritikal na pagbasa, sinusuri kung paano nabuo ang argumento, anong ebidensiya ang ginamit, at ano ang ipinahihiwatig ng teksto.</p> <p>Narito ang mga hakbang sa kritikal na pagbasa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Skimming – mabilisang pagtingin sa pamagat, <i>heading</i>, at mahahalagang salita upang makuha ang pangkalahatang idea. • Annotating – paglalagay ng tala, pagmamarka ng mahahalagang idea, at pagtukoy sa mga bahaging mahalaga o nakalilito. • Summarizing – pagbubuod ng pangunahing idea at argumento ng teksto. • Analyzing – pagsusuri sa kahulugan, ebidensiya, at kredibilidad ng teksto at may-akda. • Re-reading – muling pagbasa upang higit na maunawaan at masuri ang nilalaman. <p>Kritikal na Pakikinig. Kasinghalaga ng kritikal na pagbasa ang kritikal na pakikinig. Proseso ito ng pag-unawa, pagsusuri, at paghusga sa mga impormasyong napakikinggan. Hindi lamang basta</p>	<p>Mahalagang mabigyang-diin sa mga mag-aaral ang patuloy na pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood bilang mga pangunahing kasangkapan sa mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa at mga midyang kanilang kinakaharap araw-araw. Sa pamamagitan ng mga kasanayang ito, nagiging mas epektibo ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng iba't ibang temang panlipunan at aspektong kultural na nakapaloob sa mga akdang pampanitikan, pelikula, balita, at iba pang anyo ng midya.</p> <p>Inaasahan na sa proseso ng pagkatuto, matututuhan ng mga mag-aaral na hindi lamang tanggapin ang impormasyon nang basta-basta, kundi suriin ito nang may mapanuring pag-iisip upang makabuo ng makabuluhan at lohikal na interpretasyon. Ang ganitong proseso ay nag-aambag sa paghubog ng kanilang kamalayang kultural at sensibilidad, na magbibigay rin sa kanilang ng pag-unawa sa</p>
--	--	---

	<p>nakikinig ang tao kundi sinusuri rin ang lakas at kahinaan ng mensahe upang makabuo ng sariling pananaw o opinyon.</p> <p>Sa kritikal na pakikinig, mahalagang matukoy kung makatotohanan ang napakikinggan, kung may sapat na patunay ang mga pahayag, at kung may kinikilingan sa paraan ng pagpapahayag. Sa panahon ngayon kung saan mabilis kumalat ang impormasyon, mahalaga ang kakayahang makinig nang mapanuri upang maiwasan ang maling impormasyon o manipulasyon.</p> <p>Narito ang mga estratehiya sa kritikal na pakikinig:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hanapin ang interes sa paksa. Mas nagiging epektibo ang pakikinig kapag interesado ang tagapakinig sa paksang tinatalakay. • Iwasan ang agarang paghatol. Dapat munang unawain ang mensahe bago magbigay ng reaksiyon. Mahalagang kilalanin ang sariling emosyon at pagkiling. • Maging aktibong tagapakinig. Maaaring ibuod sa isip ang mga naririnig, ayusin ang impormasyon, at iugnay ito sa dating kaalaman upang higit na maunawaan ang paksa. • Iwasan ang mga distraksiyon. Mahalagang nakatuon ang isip at atensiyon upang hindi makaligtaan ang mahahalagang detalye. • Pakinggan ang pangunahing idea. Dapat ituon ang pansin sa sentral na tema o pinakamahalagang punto ng nagsasalita. <p>Kritikal na Panonood. Tumutukoy naman ito sa masusing pagsusuri ng mga napapanood na midya tulad ng pelikula, balita, at patalastas. Hindi ito simpleng panonood lamang, kundi aktibong pag-unawa sa mensahe, layunin, at teknik na ginagamit upang maimpluwensiyahan ang manonood.</p> <p>Nagtataglay ito ng mahahalagang aspekto:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Layunin at Pagkiling. Sinusuri kung bakit ginawa ang midya, kung ito ba ay para magbigay ng impormasyon, manghikayat, magbenta, o maglibang, at kung may kinikilingan o bias ang lumikha nito. 	<p>iba't ibang perspektiba, kalagayang panlipunan, at kulturang kinakatawan sa mga tekstong kanilang pinag-aaralan.</p> <p>Bilang aplikasyon ng mga natamong kaalaman at kasanayan, maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pagbuo ng isang mapanuring rebyu ng isang akdang pampanitikan o midya. Sa pamamagitan nito, naipakikita nila ang kanilang kakayahang magsuri, magpaliwanag, at magbigay ng sariling pananaw batay sa patunay mula sa tekstong kanilang sinuri.</p> <p>Higit pa rito, mahalagang maiugnay ang mga natutuhan sa mas malikhain at interaktibong gawain tulad ng pakikilahok sa pagkukuwento at pagtatanghal ng tula na may temang panlipunan. Sa ganitong paraan, nagiging buhay ang pagkatuto dahil hindi lamang ito nakatuon sa teorya kundi sa aktibong pagganap, pagninilay, at pagpapahayag ng sariling damdamin at pananaw tungkol sa mga isyung panlipunan.</p>
--	---	---

	<ul style="list-style-type: none"> • Teknik sa Produksiyon. Tinitingnan kung paano ginagamit ang anggulo ng <i>camera</i>, ilaw, tunog, at <i>editing</i> upang maipakita ang mensahe at maapektuhan ang emosyon ng manonood. • Representasyon. Pinag-iisipan kung paano inilalarawan ang iba't ibang tao o grupo at kung ito ba ay patas o nagpapalaganap ng <i>stereotype</i>. • Konteksto. Isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan, historikal, o politikal kung kailan ginawa ang midya, pati na ang impluwensiya ng may-ari o lumikha nito. • Hindi Ipinakita. Mahalagang suriin hindi lamang ang ipinapakita kundi pati ang mga impormasyong hindi isinama sa midya. <div data-bbox="562 644 1541 826" style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> <p>Pababalikan sa mga mag-aaral ang naging kasagutan o awtput sa unang bahagi gawaing Sine-Suri o Tula-nalisis. Ipasuri kung tama ang nagawa nilang hakbang sa pagbabasa, pakikinig, o panonood. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga hakbang na nagawa at hindi nagawa batay sa inilahad na impormasyon.</p> </div> <p>Pagsusuri ng Temang Panlipunan at Aspektong Kultural</p> <p>Ang pagsusuri ng temang panlipunan at aspektong kultural sa mga akda o midya ay nangangailangan ng sistematiko at mapanuring paggamit ng kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood. Sa ganitong proseso, ang pangunahing layunin ay hindi lamang maunawaan ang nilalaman, kundi matukoy kung paano nito inilalarawan ang lipunan, kultura, at karanasan ng iba't ibang tao nang may kamalayang kultural at sensibilidad.</p> <p>Kritikal na Pagbasa</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinusuri ang teksto upang matukoy ang temang panlipunan (hal. kahirapan, diskriminasyon, hindi pagkakapantay-pantay). • Inaalam ang mga aspektong kultural tulad ng paniniwala, tradisyon, at gawi na nakapaloob sa akda. 	<p>Nailalapat din ang kasanayang natamo kaugnay ng mabisang berbal at di-berbal na komunikasyon.</p> <p>Nabibigyang-diin dito ang Kognitibong Paglago sa pamamagitan ng magkakaugnay at tuloy-tuloy na paglinang ng mga kasanayan sa bawat aralin at gawain. Ang kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood ay hindi natatamo sa iisang pagkakataon lamang. Sa halip, unti-unti itong nahuhubog sa pamamagitan ng magkakaugnay na karanasan sa pagkatuto. Dahil dito, mahalagang maipakita sa mga mag-aaral kung paano nagsisilbing pundasyon ang kanilang mga naunang natutuhan sa paglinang ng mas mataas na kasanayan, tulad ng pagsusuri ng mga temang panlipunan at aspektong kultural, pagbuo ng mapanuring rebyu, at pagtatanghal ng mga akdang may kabuluhang panlipunan. Nagsisilbing tuntungan sa paglinang at paghubog ng mga kasanayang ito at pagpapahayag nang may</p>
--	--	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Tinitingnan kung ang idea at paglalarawan ay makatotohanan, patas, o may pagkiling (bias). • Iniuugnay ang nilalaman sa mas malawak na kontekstong panlipunan upang mas maunawaan ang mensahe. <p>Kritikal na Pakikinig</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pinakikinggan at sinusuri ang mga pahayag upang matukoy ang pangunahing idea at isyung panlipunan. • Tinitingnan kung may bias o kinakatawang partikular na pananaw ang tagapagsalita. • Iniuugnay ang mga argumento sa mga aspektong kultural tulad ng paniniwala at pagpapahalaga ng lipunan. • Pinapahalagahan ang konteksto upang maiwasan ang maling interpretasyon at padalos-dalos na paghatol. <p>Kritikal na Panonood</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinusuri ang midya (pelikula, balita, patalastas) upang matukoy ang temang panlipunan na ipinapakita. • Tinitingnan kung paano inilalarawan ang mga tao o grupo at kung may <i>stereotyping</i> o <i>bias</i>. • Pinag-aaralan ang gamit ng biswal at audio na elemento sa pagpapalabas ng mensahe. • Binibigyang-pansin hindi lamang ang ipinakita kundi pati ang mga impormasyong hindi isinama sa midya. • Naiuugnay ang napanood sa kontekstong kultural upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at sensibilidad. <p>Pagsulat ng Mapanuring Rebyu</p> <p>Mahalaga ang tungkulin ng kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood upang makabuo ng isang mapanuring rebyu ng mga tekstong may kabuluhang kultural. Nangangailangan ito ng isang sistematikong paraan ng pagsusuri na nagtatasa, hindi lamang sa nilalaman ng teksto kundi pati sa representasyon ng kultura, mga pagpapahalaga, at implikasyon nito sa lipunan. Layunin nito na makabuo ng balanseng interpretasyon na may kamalayang kultural at sensibilidad.</p> <p>Narito ang mga hakbang sa pagsulat ng mapanuring rebyu:</p>	<p>kamalayang kultural at sensibilidad na malaking bahagi ng mabisang komunikasyon.</p>  <p>Sinusuportahan ito ng Constructivism, na nagsasaad na aktibong binubuo ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman batay sa mga dati nilang karanasan at natutuhan. Nagiging mas makahulugan ang pagkatuto kapag naiuugnay nila ang bagong</p>
--	---	--



Ipaliwanag ang paraan ng pagsulat ng mapanuring rebyu.

Maaaring gamitin ang pormat na ito sa pagsulat ng mapanuring rebyu.

I. Panimula

- Pamagat ng teksto
- May-akda / lumikha
- Maikling introduksyon at konteksto

II. Buod

- Maikling paglalahad ng nilalaman

III. Pagsusuri

Gabayan ang mga mag-aaral sa gawain A-D (maaaring gawin sa pamamagitan ng pagbibigay ng sistematikong halimbawa.)

A. Temang Panlipunan

(Anong isyung panlipunan ang ipinakita sa teksto?)

B. Aspektong Kultural

(Anong mga paniniwala, tradisyon, o gawi ang ipinakita sa teksto?)

C. Representasyon at Pagkiling


(Mayroon bang bahagi na nagpapakita ng pagiging patas o may kinikilingan? Ipaliwanag.)

D. Teknik / Estilo (kung akda o midya)

kaalaman sa kanilang dating pag-unawa. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na paglinang ng mga kasanayan, mas napalalalim ang kanilang pag-unawa at mas nagiging handa silang ilapat ang kanilang natutuhan sa iba't ibang sitwasyon. Dahil dito, nahuhubog ang mga mag-aaral bilang mapanuri, may kamalayang kultural, at responsableng mamamayan. Tinutugunan ang *PPST 4.1.2 Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts.*

	<p><i>(Paano ipinakita ng may-akda ang mensahe ng akda o midya?)</i></p> <p>IV. Pagpapahalagang Kultural</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kaugnayan sa kultura at karanasan ng mambabasa • Paglinang ng kamalayang kultural at sensibilidad <p>V. Kongklusyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kabuuang pagsusuri at halaga ng teksto <p>Mahalagang bahagi nito ang pagpapahalagang kultural o ang mga malalim na pinanghahawakang paniniwala, prinsipyo, at mithiin na humuhubog sa saloobin, pag-uugali, at priyoridad ng isang partikular na pangkat ng kultura. Sila ang nagsisilbing pundasyon kung paano tinitingnan ng mga indibidwal ang mundo at kung paano sila nakikipag-ugnayan sa isa't isa.</p> <p>Bago dumako sa pagbuo ng mapanuring rebyu, maaaring ibigay ang gawain sa ibaba bilang pormatibong pagtataya sa kahandaan ng mga mag-aaral.</p> <div> <p>Panuto: Ipabasa sa mga mag-aaral ang senaryo at sagutin ang mga tanong.</p> <p>Senaryo: <i>Sa kabila ng matinding baha dala ng bagyo, si Mang Juan ay nakangiti pa ring kumakaway sa kamera habang tinutulungan ang kanyang kapitbahay na ilikas ang mga gamit nito. Sa gabi, kahit sumisiksik sa masikip na evacuation center, nagagawa pa ring magbahagi ng pamilya niya ng baong biskwit sa ibang pamilyang walang nadalang pagkain.</i></p> <p>Mga Tanong: (Maaaring sagutin nang pasalita o pasulat)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Anong saloobin o pag-uugali ang ipinakita ni Mang Juan at ng kanyang pamilya sa gitna ng kalamidad? </div>	
--	---	--

	<ul style="list-style-type: none"> Ano ang malalim na paniniwala o pagpapahalagang kultural na nag-uudyok sa kanila na kumilos nang ganito? Paano hinuhubog ng pagpapahalagang ito ang paraan ng pakikipag-ugnayan nila sa kanilang kapwa sa panahon ng krisis? <p>3. Paglinang ng Kabihasaan Ngayong batid na ng mga mag-aaral ang katuturan at proseso ng kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood; pagsusuri ng temang panlipunan at kultural; at pagbuo ng mapanuring rebyu, hikayatin silang linangin ang kanilang pagkatuto.</p> <p>Opsiyon A: Sipat-Kultura Panuto: Iatas sa mga mag-aaral ang payak na pananaliksik ng mga lokal na kuwento sa kanilang komunidad. Maaari silang makipanayam sa kanilang magulang, lolo o lola, kapitbahay, at lokal na lider.</p> <p>Sitwasyon: Isa kang “local culture advocate” na nananaliksik ng mga lokal na panitikan upang maitampok ang nakapaloob na kultura para sa pagsulong ng sensibilidad at kamalayang kultural.</p> <p>Gabay na tanong sa pakikipanayam:</p> <ul style="list-style-type: none"> Ano-anong mga lokal na kuwento ang alam ninyong umiiral sa komunidad? Anong kaugalian, tradisyon, o paniniwala ng komunidad ang makikita sa kuwentong ito? Paano inilarawan sa kuwento ang paraan ng pamumuhay ng mga tao noon? Nararanasan pa rin ba ninyo ang sitwasyong inilarawan sa kuwento? Sa paanong paraan? Paano nakatutulong ang kuwentong ito upang mapanatili ang kultura at pagkakakilanlan ng komunidad? 	<p>Para sa Opsiyon B: Sipat-Kultura Gabayan ang mga mag-aaral sa paghahanda para sa gawain. Maaaring magbigay o magpakita ng halimbawa ng pakikipanayam upang higit silang magabayan. Ipabatid din sa kanila ang mga unang hakbang bago isagawa ang panayam.</p> <p>Sa gawaing ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 3:</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng mapanuring rebyu ng isang tekstong may kabuluhang kultural habang nailalapat ang naisakatuparang hinimay na kasanayan bilang 1 at 2. <p>Tumutugon ang gawain sa Analysis at Development ng modelong ADDIE. Nakaangkla rin ang gawain sa pagkatutong Culture-based</p>
--	--	---

	<ul style="list-style-type: none"> Ano ang mensaheng nais ninyong iparating sa mga kabataan tungkol sa pagpapahalaga sa ating lokal na kultura at panitikan? <p>Pupunan ng mga mag-aaral ang grapikong pantulong. Tiyaking batid ng mga mag-aaral kung ano ang grapikong pantulong at kung paano ito pupunan. Ilalapat nila ang natutuhang kasanayan sa kritikal na pakikinig, pagbabasa, pagsusuri ng aspektong panlipunan at kultural, gayundin sa pagbuo ng rebyu.</p>  <p>Opsiyon B: <i>Movie Rebyu! Ano? Tara?</i> Panuto: Ipapanood sa mga mag-aaral ang pelikulang <i>Green Bones</i> (na maaaring ibigay bilang takdang gawain). Maaari ring magmungkahi ng iba pang pelikulang angkop at malapit sa konteksto ng mga mag-aaral. Matapos mapanood, magsusulat ang mga mag-aaral ng mapanuring rebyu batay sa itinakdang pormat. Ilalapat nila ang natutuhang kasanayan sa kritikal na panonood/pakikinig, pagsusuri ng aspektong panlipunan at kultural, gayundin sa pagbuo ng rebyu.</p> <p>Sitwasyon: Isa kang “Film Critic” na nagtatrabaho sa isang media company. Isa sa mga naiatas sa iyong proyekto ay ang pagsusuri sa pelikulang</p>	<p>sapagkat naitatampok ang lokal na panitikan at kultura mula sa sariling komunidad higit na malapit sa konteksto ng mga mag-aaral.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 6.1.2 Maintain learning environments that are responsive to community contexts; 6.2.2 Build relationships with parents/guardians and the wider school community to facilitate involvement in the educative process.</i> at <i>3.2.2 Establish a learnercentered culture by using teaching strategies that respond to their linguistic, cultural, socio-economic and religious backgrounds</i></p> <p>Para sa Opsiyon B: <i>Movie Rebyu! Ano? Tara?</i> Bigyan ng dihital na sipi ng pelikula ang mga mag-aaral na matatagpuan sa mga <i>movie website</i>. Maaari ka ring magbigay ng iba pang pelikula na nakahanda at malapit sa konteksto ng mga mag-aaral. Patnubayan sila sa panonood at maaaring magbigay ng mga gabay na tanong. Sa gawaing ito natatamo ang</p>
--	--	---

	<p><i>Green Bones</i> upang mabigyang pansin ang panlipunan at kultural na epekto nito sa mga manonood.</p> <p>Tingnan ang MK LE6 KALAKIP Blg. 2 para sa pormat ng rebyu.</p>  <p>https://media.assettype.com/tribune%2F2025-05-26%2Fch6uk4xt%2F15.png?w=480&auto=format%2Ccompress&fit=max</p>	<p>hinimay na kasanayan bilang 3:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusulat ng mapanuring rebyu ng isang tekstong may kabuluhang kultural • habang nailalapat ang naisakatuparang hinimay na kasanayan bilang 1 at 2. <p>Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang Analysis at Development.</p> <p>Tinutugunan ang PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills; 4.3.2 Adapt and implement learning programs that ensure relevance and responsiveness to the needs of all learners at 2.3.2 Manage classroom structure to engage learners, individually or in groups, in meaningful exploration, discovery and hands-on activities within a range of physical learning environments.</p>
--	--	--

<ul style="list-style-type: none"> ● Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon Dahil natutuhan na ng mga mag-aaral ang kamalayang kultural at sensibilidad mula sa pagiging kritikal, pagsusuri ng mga tema, at pagbuo ng mapanuring rebyu, hayaan naman silang magpahayag gamit ang natutuhang mga estratehiya sa mabisang komunikasyon.</p> <p>Opsiyon A: Salaysay ng isang Sanay Panuto: Papiliin ng kuwento ang mga mag-aaral, teleserye, o pelikulang may temang panlipunan, Mula rito, pipili sila ng isang tauhan. Magsusulat sila ng isang maikling monologong naglalahad ng damdamin, suliranin, karanasan sa lipunan, repleksiyon sa mga nangyari, at mensahe para sa lipunan o kapwa tauhan. Sa loob ng dalawa hanggang tatlong minuto, itatanghal nila ang kanilang isinulat na monologo gamit ang mabisang berbal at di-berbal na mga estratehiyang natutuhan mula sa nakaraang mga aralin.</p> <p>Kinakailangan ding mailapat ang panghihikayat upang maipakita ang mas malalim na kamalayan ng kapwa mag-aaral tungkol sa temang nakapaloob sa kuwento. Magsisilbi rin itong pagsasanay para sa Integrative Performance Task na Community Innovation Advocacy Pitch.</p> <p>Sitwasyon: <i>Isa kang aktor/aktres sa teatro. Naatasan kang gumanap ng isang tanyag na tauhan sa isang akda para sa muling pagsasadula nito.</i></p> <p>Para sa pamantayan ng pagmamarka, tingnan ang MK_LE6_KALAKIP Blg. 3. Maaari ring bumuo ng sariling pamantayan batay sa konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Salaysay ng isang Sanay Hikayatin at gabayan ang mga mag-aaral sa paglalapat ng mga naunang kasanayan. Patnubayan din sila kung paano magkakaroon ng mabisang integrasyon ang berbal at di-berbal na komunikasyon sa gawain.</p> <p>Sa gawaing ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 4:</p> <ul style="list-style-type: none"> ● <i>Nakapagtatanghal ng isang pagbasa ng kuwento o poetry slam na tumatalakay sa mga temang panlipunan, gamit ang mabisang berbal at di-berbal na mga estratehiya</i> ● <i>habang nailalapat ang naisakatuparang</i> hinimay na kasanayan bilang 1, 2, at 3 <p>Natutugunan ng gawain ang lahat ng bahagi ng modelong ADDIE</p> <p>Nailalapat sa gawaing ito ang Performance-based at awtentikong pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapakita</p>
---	--	--



<https://cf.ltkcdn.net/teens/images/std/239101-800x533r1-monologue.jpg>

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 2, kung sakaling ipagagawa ang gawain sa pamamagitan ng distance learning.

ng mga mag-aaral ng kanilang pag-unawa at paglalapat ng kasanayan sa pagpapahayag.

Sumusuporta ang gawain sa **Integrative Performance Task** bilang *scaffolding* sa pagtatamo ng kasanayang kinakailangang maipamalas sa **Community Innovation Advocacy Pitch**.

Tinutugunan ang PPST 1.7.2 *Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies to support learner understanding, participation, engagement and achievement;* 1.5.2 *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills;* 4.3.2 *Adapt and implement learning programs that ensure relevance and responsiveness to the needs of all learners at* 3.1.2 *Use differentiated, developmentally appropriate learning experiences to address learners' gender, needs, strengths, interests and experiences.*

	<p>Opsiyon B: <i>Bukas na Mikropono</i> Panuto: Papiliin ang mga mag-aaral ng temang panlipunan na malapit sa kanilang konteksto o komunidad na makikita sa loob ng kahon. Batay rito, magsusulat sila ng tulang hindi lalapas sa tatlong saknong. Kailangang maitampok sa tula ang kahalagahan ng kamalayang kultural at sensibilidad.</p> <table border="1" data-bbox="566 403 1536 603"> <tr> <td><i>Cyberbullying</i></td><td><i>Kahirapan</i></td><td><i>Pagkakapantay-pantay</i></td></tr> <tr> <td><i>Fake news at Disinformation</i></td><td><i>Climate change</i></td><td><i>Mental health</i></td></tr> </table> <p>Pagkatapos maisulat ang tula, itatanghal ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng <i>slam poetry</i>. Kailangan nilang mailapat ang mga natutuhang mabisang berbal at di-berbal na mga estratehiya mula sa mga nakaraang aralin</p> <p>Kinakailangan ding mailapat ang panghihikayat upang maipakita ang pagtataguyod sa mas malalim na kamalayan ng kapwa mag-aaral tungkol sa temang napili, at magsilbing pagsasanay para sa <i>Integrative Performance Task</i> na <i>Community Innovation Advocacy Pitch</i>.</p> <p>Maaaring gamitin ang nakasaad na pamantayan sa pagmamarka. Makikita ito sa <i>SHS FILCORE MK LE6 KALAKIP Blg. 4</i>. Maaari ring bumuo ng sariling pamantayan batay sa konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral.</p>	<i>Cyberbullying</i>	<i>Kahirapan</i>	<i>Pagkakapantay-pantay</i>	<i>Fake news at Disinformation</i>	<i>Climate change</i>	<i>Mental health</i>	<p>Para sa Opsiyon B: <i>Bukas na Mikropono</i></p> <p>Maaaring magbigay ng mga halimbawang <i>video</i> mula sa <i>internet</i> upang magkaroon ng batayan ang mga mag-aaral. Patnubayan din sila kung paano magkakaroon ng mabisang integrasyon ang berbal at di-berbal na komunikasyon sa gawain.</p> <p>Sa gawaing ito natatamo ang hinimay na kasanayan bilang 4:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Nakapagtatanghal ng isang pagbasa ng kuwento o poetry slam na tumatalakay sa mga temang panlipunan, gamit ang mabisang berbal at di-berbal na mga estratehiya</i> • <i>habang nailalapat ang naisakatuparang hinimay na kasanayan bilang 1, 2, at 3</i> <p>Natutugunan ng gawain ang lahat ng bahagi ng modelong ADDIE</p> <p>Tumutugon din ang gawain sa <i>Performance-based</i> at awtentikong pagkatuto dahil</p>
<i>Cyberbullying</i>	<i>Kahirapan</i>	<i>Pagkakapantay-pantay</i>						
<i>Fake news at Disinformation</i>	<i>Climate change</i>	<i>Mental health</i>						



https://live-production.wcms.abc-cdn.net.au/7053e2ea254ab02e89859e25d49c017f?impolicy=wcms_crop_resize&cropH=2089&cropW=2090&xPos=270&yPos=0&width=862&height=862

naipakikita ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng aktuwal na pagganap.

Sumusuporta ang gawain sa **Integrative Performance Task** bilang *scaffolding* sa pagtatamo ng kasanayang kinakailangang maipamalas sa **Community Innovation Advocacy Pitch**.

Tinutugunan ang PPST 1.7.2 *Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies to support learner understanding, participation, engagement and achievement;* 1.5.2 *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills;* 4.3.2 *Adapt and implement learning programs that ensure relevance and responsiveness to the needs of all learners at* 3.1.2 *Use differentiated, developmentally appropriate learning experiences to address learners' gender, needs, strengths, interests and experiences.*

	<p>2. Paglalahat Ngayong nagawa na ng mga mag-aaral na makapagpahayag ng kamalayang kultural at sensibilidad sa pamamagitan ng pagtatanghal, hikayatin silang buuin ang mga natutuhan mula sa umpisa hanggang sa puntong ito.</p> <p>Opsiyon A: Ikuwento ang Isyu Panuto: Ipasuri sa mga mag-aaral ang sitwasyon at hayaan silang sagutin ang mga katanungan.</p> <p>Sitwasyon: <i>Isa kang kabataang mamamahayag na naatasang mag-ulat tungkol sa isang isyung panlipunan sa inyong komunidad (hal. diskriminasyon, bullying, gender issues, kahirapan, o isyung pangkultural tulad ng tradisyon vs. modernisasyon). Napansin mong may magkakaibang pananaw ang mga tao depende sa kanilang kultura, edad, at karanasan.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Paano mo kritikal na uunawain ang mga isyung panlipunan? • Paano mo pahahalagahan ang kamalayang kultural sa pagdukul ng isyu? • Paano ka magiging sensitibo sa kultura at pananaw ng iba sa pag-uulat ng usapin? • Ano-anong mga estratehiya sa mabisang komunikasyon ang gagamitin mo upang maging mas mahusay ang iyong pag-uulat tungkol ng isyu? 	<p>Para sa Opsiyon A: Ikuwento ang Isyu Hikayatin ang mga mag-aaral na magnilay tungkol sa kanilang pagtatamo ng mga hinimay na kasanayan. Gabayan sila sa pagsusuri ng sitwasyon upang lubusang maunawaan ang konteksto at paano ilalapat ang mga natutuhan.</p> <p>Nagbibigay-daan ang gawaing ito tungo sa pagbuo ng mas malawak na konsepto mula hinimay na hinimay na kasanayan bilang 1, 2, 3, at 4. Batay sa modelong ADDIE, tumutugon ang gawain sa Analysis, Design, at Evaluation.</p> <p>Nakasalig ang gawain sa pagkatutong Inquiry-based sapagkat nahihikayat ang mga mag-aaral na magtanong, mangalap ng impormasyon, magsuri ng magkakaibang pananaw, at makabuo ng kongklusyon.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 1.5.2 Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills.</i></p>
--	---	--

Opsiyon B: “Hakbang Pasulong”

Panuto: Ipatutukoy sa mga mag-aaral ang kanilang plano pagkatapos ng *Senior High School* batay sa *curricular exits* nito (Kolehiyo, Trabaho, Negosyo, at *Middle-Level Skills Development*). Pupunan nila ang grapikong pantulong upang mapagnilayan at maipaliwanag kung paano makatutulong sa kanilang plano at sa paghahanda sa hinaharap ang pagtatamo ng mga kasanayang nakapaloob sa aralin.

Anong plano mo pagkatapos ng *Senior High School*?
Lagyan ng tsek (✓) ang karampatang kahon

☐ Kolehiyo ☐ Trabaho ☐ Negosyo ☐ *Middle-Level Skills Development*

Paano makatutulong sa plano mo ang nililang na kasanayan sa:

Kritikal na pagbabasa, pakikinig, at panonood	Pagsusuri ng temang panlipunan at kultural ng akda/midya	Kamalayang kultural at sensibilidad	Pagbuo ng mapanuring rebyu	Pagkukuwento at pagtatanghal ng tula

Sa kabuuan, paano makatutulong ang mga natutuhan mo mula sa aralin sa iyong paghahanda para sa hinaharap?

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 4

Para sa Opsiyon B: “Hakbang Pasulong”

Hikayatin ang mga mag-aaral na magnilay sa kanilang mithiin. Patnubayan sila sa pag-uugnay ng natutuhang mga kasanayan tungo sa kanilang plano pagkatapos ng *senior high school*.

Salig sa modelong ADDIE, napagagana ng mga mag-aaral ang **Analysis**, **Design** at **Evaluation**.

Nagbibigay-danas ang gawain para sa paglalapat ng teoryang **Self-Determination** dahil sa naibibigay na pagkakataon sa mga mag-aaral na pumili ng sariling direksiyon sa buhay (*autonomy*), kilalanin ang mga kasanayang kailangan nilang paunlarin (*competence*) at makita ang kaugnayan ng pagkatuto sa kanilang mga mithiin (*purposefulness*).

Tinutugunan ang *PPST 2.5.2 Apply a range of successful strategies that maintain learning environments that motivate learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.*

3. Pagtataya


Susuriin naman ngayon ang antas ng pag-unawa at paglalapat ng mga mag-aaral sa mga kasanayang inaasahang matamo.

Opsiyon A: Mula Datos Hanggang Pagbabago

Panuto: Ipasuri sa mga mag-aaral ang grap na nagpapakita ng datos kaugnay ng resulta ng sarbey sa paggamit ng *social media* ng kabataan. Batay rito, sasagutin nila ang mga tanong.

Sitwasyon: Isa kang “*Data Analyst*” na nakikipagtulungan sa mga “*Media Information Literacy Advocate*” sa paglikha ng makabuluhang proyektong gumagamit ng panitikan at sining. Naatasan kang suriin ang resulta ng isang sarbey tungkol sa paggamit ng *social media* ng mga kabataan.

Resulta ng Sarbey sa Paggamit ng Social Media ng Kabataan



1. Ano ang pinakamahalagang kongklusyong mabubuo mo mula sa ipinakitang datos tungkol sa paggamit ng *social media* ng kabataan?
2. Anong isyung panlipunan at kultural ang masasalamatin sa datos, at paano ito nakaaapekto sa kabataan?
3. Paano maipakikita ng mga kabataan ang paggalang at pagiging sensitibo sa iba’t ibang pananaw at karanasan ng mga tao sa *social media*?

Para sa Opsiyon A:


Mula Datos Hanggang Pagbabago

Hikayatin mo ang mga mag-aaral na ilapat ang kasanayan nila sa pagsusuri ng datos at magsagawa ng integrasyon sa natamong mga kasanayan.

Batay sa modelong ADDIE, natutugunan ng gawain ang **Analysis, Design, Development** at **Evaluation**.

Nakasalig ito sa **Awtentikong Pagkatuto** at **Ika-21 Siglong Kasanayan** na nagpapalawak ng pagkatuto sa pamamagitan ng paggaya sa tunay na gawain bilang “*Data Analyst*” at “*Media Information Literacy Advocate*,” kung saan naisasabuhay ang makatotohanang paglalapat ng mga kasanayan sa pagsusuri ng datos at adbokasiya. Hinihikayat nito ang paglutas ng suliranin at kolaborasyon habang iniuugnay ang akademikong kaalaman sa aktuwal na sitwasyon sa lipunan. Kasabay nito, nalilinang ang **Data at Statistical Literacy** sa pamamagitan ng pagbasa at

	<p>4. Batay sa datos, paano mo susuriin ang epekto ng <i>social media</i> sa kabataan, at anong rekomendasyon ang maibibigay mo upang mas mapakinabangan ito?</p> <p>5. Paano mo maipahahayag sa pamamagitan ng tula o kuwento ang mga hamon at responsibilidad ng mga kabataan sa paggamit ng <i>social media</i>?</p> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 3.</p>	<p>interpretasyon ng grap, pag-unawa sa resulta ng sarbey, at pagkuha ng mahahalagang impormasyon mula sa datos, kasama ang pagpapalakas ng Numeracy sa tamang pagsusuri at pag-unawa sa mga bilang at ugnayan nito.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills at 1.1.2 Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Tinig ng Lahi</p> <p>Panuto: Ipasusuri sa mga mag-aaral ang grap na nagpapakita ng datos tungkol sa paggamit ng katutubong wika. Hikayatin silang bumuo ng payak na panukalang proyekto parasa pagsulong ng katutubong wika. Pagkatapos, sasagutin nila ang mga kaugnay na tanong.</p> <p>Sitwasyon: Isa kang “Local Language Advocate” na bumubuo ng mga programa para isulong ang mga katutubong wika. Pinag-aaralan mo ang naging resulta ng pananaliksik tungkol sa paggamit ng katutubong wika upang makabuo ng programa sa pamamagitan ng panitikan at sining.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Tinig ng Lahi</p> <p>Patnubayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng datos at pag-uugnay ng natamong mga kasanayan.</p> <p>Batay sa modelong ADDIE, natutugunan Analysis, Design, Development, at Evaluation.</p> <p>Nakasalig ito sa Project-Based Learning (PBL) na nagpapakita ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagbuo ng payak na panukalang proyektong</p>

	<p style="text-align: center;">Datos sa Paggamit ng Katutubong Wika</p>  <table><tr><th>Sitwasyon</th><th>Bahagdan (%)</th></tr><tr><td>Sa Bahay</td><td>85</td></tr><tr><td>Sa Paaralan</td><td>40</td></tr><tr><td>Sa Social Media</td><td>25</td></tr><tr><td>Sa Pormal na Programa</td><td>15</td></tr></table> <p>Para sa pormat at mga tanong, tingnan ang <i>MK_LE6_KALAKIP Blg. 5.</i></p>	Sitwasyon	Bahagdan (%)	Sa Bahay	85	Sa Paaralan	40	Sa Social Media	25	Sa Pormal na Programa	15	<p>kinapapalooban ng panitikan o sining na nagbibigay-danas sa paglalahad ng solusyon sa natukoy na suliranin, nagpaplano ng konkretong aksyon para sa pagsulong ng katutubong wika, at lumilikha ng makabuluhang output na may makatotohanang paglalapat. Kaakibat nito ang paglinang ng <i>Numeracy</i> sa pag-oorganisa, pag-aanalisa, at paggamit ng mga datos o posibleng badyet na mahalaga sa maayos na pagpaplano ng proyekto.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 1.4.2 Use a range of teaching strategies that enhance learner achievement in literacy and numeracy skills at 3.2.2 Establish a learner-centered culture by using teaching strategies that respond to their linguistic, cultural, socio-economic and religious backgrounds.</i></p>
Sitwasyon	Bahagdan (%)											
Sa Bahay	85											
Sa Paaralan	40											
Sa Social Media	25											
Sa Pormal na Programa	15											
<p>4. Karagdagang Gawain</p> <p>Sa puntong ito, hihikayatin naman ang mga mag-aaral na magnilay at masubaybayan ang sarili nilang pagkatuto.</p> <p>Opsiyon A: “<i>Tunguhin Shop</i>”</p>	<p>Para sa Opsiyon A: “<i>Tunguhin Shop</i>”</p> <p>Pabalikan sa mga mag-aaral ang nauna nilang tugon sa gawaing ito. Hikayatin silang magnilay kaugnay ng</p>											

	<p>Panuto: Pababalikan sa mga mag-aaral ang kanilang mga kasagutan sa <i>Tunguhin Shop</i> sa bahagi ng paglalahad ng layunin. Muli nilang pagninilayan ang mga kasanayang kanilang natamo at isusulat nila ito sa kolum na “<i>Mine</i>”. Tutukuyin din nila ang mga pamaraang kanilang ginagamit upang sa pagtamo ang mga ito sa kolum na “<i>Paano ko ito na-avail?</i>”. Kung may mga kasanayan na hindi pa natatamo, ilalagay nila ang mga ito sa kolum na “<i>Added to Cart</i>” na maaaring maging batayan para sa <i>remediation</i>.</p> <table><tr><th><i>Mine</i></th><th><i>Paano ko ito na-avail ?</i></th></tr><tr><td>1.</td><td></td></tr><tr><td>2.</td><td></td></tr><tr><td>3.</td><td></td></tr><tr><td>4.</td><td></td></tr><tr><td>5.</td><td></td></tr></table> <table><tr><th><i>Added to Cart</i></th></tr><tr><td>1.</td></tr><tr><td>2.</td></tr><tr><td>3.</td></tr><tr><td>4.</td></tr><tr><td>5.</td></tr></table>	<i>Mine</i>	<i>Paano ko ito na-avail ?</i>	1.		2.		3.		4.		5.		<i>Added to Cart</i>	1.	2.	3.	4.	5.	<p>pagtatamo ng mga kasanayan. Maaari rin itong maging saligan para sa <i>remediation</i> kung kailangan man.</p> <p>Natutugunan ng gawain ang Evaluation ng modelong ADDIE.</p> <p>Nakasalig ito sa pagkatutong Metacognitive at Self-Regulated na kapwa tumutulong sa mga mag-aaral na magnilay, subaybayan, at pagbutihin ang kanilang sariling pagkatuto.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements at 2.5.2 Apply a range of successful strategies that maintain learning environments that motivate learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.</i></p>
<i>Mine</i>	<i>Paano ko ito na-avail ?</i>																			
1.																				
2.																				
3.																				
4.																				
5.																				
<i>Added to Cart</i>																				
1.																				
2.																				
3.																				
4.																				
5.																				
	<p>Opsiyon B: <i>Kasanayan Mo, I-rate Mo!</i></p> <p>Panuto: Pababalikan sa mga mag-aaral ang naging kasagutan nila sa <i>Kasanayan Mo, I-rate Mo!</i> sa bahagi ng paglalahad ng layunin. Pagkatapos ng aralin, pupunan nila ang kanilang star ratings at ipaliwanag kung paano sila natutulungan ng aralin sa pagtatamo ng mga kasanayang ito. Kung may mga kasanayang nakatanggap ng mababang star ratings, maaari itong gawing batayan para sa</p>	<p>Para sa Opsiyon B: <i>Kasanayan Mo, I-rate Mo!</i></p> <p>Pabalikan sa mga mag-aaral ang nauna nilang tugon sa gawaing ito. Hikayatin silang magnilay kaugnay ng pagtatamo ng mga kasanayan. Maaari rin itong maging saligan</p>																		

	mediation o karagdagang interbensiyon pagkatapos ng aralin, ipaliliwanag kung paano sila natulungan ng aralin,			para sa remediation kung kailangan man. Natutugunan ng gawain ang Evaluation (Pagtataya) ng modelong ADDIE.
	Kasanayang Inaasahang Mapaunlad	Rating		Paano ka natulunga n ng aralin?
		Kasalukuyan	Pagkatapos ng Aralin	
	Kritikal akong nakapagbabasa, nakikinig, at nanonood	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	
	Nakapagsusuri ako ng temang panlipunan at kultural sa mga akda/midya	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	
	Nagtataglay ako ng kamalayang kultural at sensitibilidad	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	
	Nakasusulat ako ng mapanuring rebyu	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	
	Mabisa akong nakapagkukuwento o nakapagtatanghal ng tula	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	☆ ☆ ☆ ☆ ☆	
				Nakasalig ito sa pagkatutong Metacognitive at Self-Regulated sapagkat nakapagsusuri ang mga mag-aaral ng sariling antas ng kasanayan, iniuugnay ang natutuhan sa aralin, at pinagninilayan ang kanilang pag-unlad mula sa dating antas hanggang sa kasalukuyan, na nagpapakita ng kamalayan sa sariling pagkatuto.
				Tinutugunan ang PPST 5.1.2 Design, select, organize and use diagnostic, formative and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements at 2.5.2 Apply a range of successful strategies that maintain learning environments that motivate learners to work productively by assuming responsibility for their own learning.

<p>● PAGTATAYAN G PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>Opsiyon A: I-emote mo ang Sagot mo! Panuto: Ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang bawat pahayag. Iguguhit nila sa sagutang patlang ang masayang <i>emoji</i> 😊 kung tama ang pahayag at malungkot 😞 naman kung mali.</p> <p>_____1. Ang kritikal na pagbasa, pakikinig, at panonood ay nakatutulong sa paglinang ng mas responsableng pakikilahok sa lipunan.</p> <p>_____2. Ang <i>annotating</i> ay ang mabilisang pagtingin sa pamagat at heading ng teksto upang makuha ang pangkalahatang idea.</p> <p>_____3. Sa kritikal na pakikinig, hindi na kailangang iwasan ang mga distraksiyon basta't naririnig mo ang boses ng nagsasalita.</p> <p>_____4. Mahalagang suriin sa kritikal na panonood hindi lamang ang mga ipinapakita kundi pati na rin ang mga impormasyong hindi isinama sa midya.</p> <p>_____5. Ang pangunahing layunin ng pagsusuri ng temang panlipunan ay ang simpleng pagkuha lamang ng aliw o libangan mula sa isang pelikula o akda.</p> <p>_____6. Ang pagkilala sa kung kailan at saan isinulat o nilikha ang isang akda ay bahagi ng hakbang na "Pagkilala sa Teksto".</p> <p>_____7. Sa pagsusuri ng tema para sa mapanuring rebyu, iminumungkahi na tutukan ang sobrang detalye sa halip na ang kabuuang mensahe.</p> <p>_____8. Ang pag-uugnay ng napanood sa kontekstong kultural ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at sensitibilidad.</p> <p>_____9. Ayon sa pormat ng mapanuring rebyu, ang pamagat ng teksto at may-akda ay inilalagay sa bahagi ng buod.</p> <p>_____10. Ang pagsulat ng mapanuring rebyu ay nangangailangan ng balanseng interpretasyon na may kamalayang kultural at sensitibilidad.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: I-emote mo ang Sagot mo!</p> <p>Magbigay sa mga mag-aaral ng malinaw na panuto. Matapos masagutan at maiwasto ang kanilang mga kasagutan, magbigay rin ng agarang pidbak.</p> <p>Natutugunan ng gawain ang Evaluation (Pagtataya) ng modelong ADDIE sapagkat natataya ng mga mag-aaral ang kawastuhan ng bawat pahayag sa pamamagitan ng pagtukoy kung tama o mali gamit ang angkop na <i>emoji</i>.</p> <p>Nakasalig ito sa Behaviorism na nakatuon sa <i>stimulus-response</i> na pagkatuto. Tumutugon ang mga mag-aaral sa mga pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng tamang <i>emoji</i> na sagot, agarang natutukoy kung tama o mali ang kanilang tugon, at nasasanay sa <i>basic recall</i> at <i>recognition</i>. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay nakabatay sa malinaw na pamantayan ng tama o mali na pinalalakas ng <i>reinforcement</i> o agarang tugon.</p>
---	--	--

		Tinutugunan ang <i>PPST 5.1.2 Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.</i>												
	<p>Opsiyon B: Magpaliwanag Ka! Panuto: Ipasusuri sa mga mag-aaral, ang pahayag at bibigyan nila ito ng paliwanag batay sa natutuhan mula sa aralin.</p> <table><tr><th>Pahayag</th><th>Paliwanag</th></tr><tr><td>1. Ang mapanuring pagsusuri sa midya at mga akda ay nagtuturo sa mag-aaral na makakita ng mga isyung panlipunan.</td><td></td></tr><tr><td>2. Ang kritikal na pagbasa ay hindi tulad ng pasibong pagbasa na kumukuha lang ng impormasyon.</td><td></td></tr><tr><td>3. Sa kritikal na panonood, hindi sapat na suriin lamang ang mga bagay na hayagang nakikita.</td><td></td></tr><tr><td>4. Ang paggawa ng mapanuring rebyu ay nangangailangan ng isang sistematikong paraan ng pagtasa.</td><td></td></tr><tr><td>5. Isang mabisa at makabuluhang paraan ang panitikan tulad ng kuwento o tula sa pagtalakay ng mga usaping panlipunan.</td><td></td></tr></table>	Pahayag	Paliwanag	1. Ang mapanuring pagsusuri sa midya at mga akda ay nagtuturo sa mag-aaral na makakita ng mga isyung panlipunan.		2. Ang kritikal na pagbasa ay hindi tulad ng pasibong pagbasa na kumukuha lang ng impormasyon.		3. Sa kritikal na panonood, hindi sapat na suriin lamang ang mga bagay na hayagang nakikita.		4. Ang paggawa ng mapanuring rebyu ay nangangailangan ng isang sistematikong paraan ng pagtasa.		5. Isang mabisa at makabuluhang paraan ang panitikan tulad ng kuwento o tula sa pagtalakay ng mga usaping panlipunan.		<p>Para sa Opsiyon B: Magpaliwanag Ka!</p> <p>Ilahad sa mga mag-aaral ng malinaw na panuto, Matapos masagutan at maiwasto ang kanilang mga kasagutan, magbigay rin ng agarang pidbak.</p> <p>Natutugunan ng gawain ang Analysis ng modelong ADDIE.</p> <p>Batay rin ito sa Constructivism na naghihikayat sa mga mag-aaral na iugnay ang mga pahayag sa kanilang natutuhan, bumuo ng sariling paliwanag, at aktibong lumikha ng kahulugan mula sa aralin.</p> <p>Tinutugunan ang <i>PPST 5.1.2 Design, select, organize, and use diagnostic, formative, and summative assessment strategies consistent with curriculum requirements.</i></p>
Pahayag	Paliwanag													
1. Ang mapanuring pagsusuri sa midya at mga akda ay nagtuturo sa mag-aaral na makakita ng mga isyung panlipunan.														
2. Ang kritikal na pagbasa ay hindi tulad ng pasibong pagbasa na kumukuha lang ng impormasyon.														
3. Sa kritikal na panonood, hindi sapat na suriin lamang ang mga bagay na hayagang nakikita.														
4. Ang paggawa ng mapanuring rebyu ay nangangailangan ng isang sistematikong paraan ng pagtasa.														
5. Isang mabisa at makabuluhang paraan ang panitikan tulad ng kuwento o tula sa pagtalakay ng mga usaping panlipunan.														

<ul style="list-style-type: none"> PAGNINILAY (Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay) 	<table border="1"> <thead> <tr> <th>Gabay na Tanong</th> <th>Sagot</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td> <td></td> </tr> <tr> <td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td> <td></td> </tr> </tbody> </table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	
	Gabay na Tanong	Sagot									
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?										
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?										
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?										
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. _____ 										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation. _____ 										
	<ul style="list-style-type: none"> Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakaunawa sa aralin. _____ 										
	<ul style="list-style-type: none"> Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. _____ 										

	<ul style="list-style-type: none">• Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? <hr/><hr/><hr/>• Anong mga suliranin na aking naranasan ang nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? <hr/><hr/><hr/>
--	---

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

•LAYUNIN (<i>Pagtukoy sa mga Layunin</i>)	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamín sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensitibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensitibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Pagbibigay-Kahulugan <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (hal. talumpati, brodkast pangmidya, kultural na pagtatanghal). Pakikilahok <ul style="list-style-type: none"> • Naipakikita ang sensitibilidad sa mga panlipunang gampanin, pangkatang dinamika at kultural na pagkakakilanlan sa mga interaksyong face-to-face at online.

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakabubuo ng mga tekstong public-facing (hal. blog, komentaryo, adbokasiyang post sa social media, o maikling opinyon o kolum) na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunan. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan. 	
<ul style="list-style-type: none"> • BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p><i>AI- ChatGPT sa paglikha ng mga larawang ginamit sa iba't ibang bahagi ng Lesson Exemplar Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.</i></p> <p><i>Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.</i></p> <p><i>Heitin, Liana. "Digital Citizenship and Responsible Online Behavior." Education Week, 2018.</i></p> <p><i>Moran, Michael G., and Michelle Ballif. Digital Literacy for Technical Communication. New York: Routledge, 2020.</i></p>	
<ul style="list-style-type: none"> • NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO 	<p>Paglahok sa mga online forum tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya</p>	
<ul style="list-style-type: none"> • TUNGUHIN 	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang kahulugan ng panlipunan at kultural na sensibilidad sa mga interaksyong online. • Naililista ang mga kamalayang kultural at sensibilidad sa paglahok sa mga online forum sa pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan. • Nakapagsasagawa ng online forum na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay o kamalayang panlipunan. 	
<ul style="list-style-type: none"> • PAMAMARAAN 	<p>TALA SA GURO</p>	
<ul style="list-style-type: none"> • Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman 	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman</p> <p>Opsiyon A: Komento, Ianalisa mo!</p> <p>Panuto: Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang halimbawang komento mula sa isang online forum na tumatalakay sa iba't ibang isyung panlipunan tulad ng mental health, kahirapan, diskriminasyon, gender equality, at edukasyon.</p>	
	<p>Para sa Opsiyon A: Komento, Ianalisa mo!</p> <p>Gabayan silang suriin kung ang bawat pahayag ay nagpapakita ng sensibilidad, kawalan ng paggalang sa kultura o paniniwala ng iba, o nagsusulong ng inklusibo at makataong pakikilahok sa</p>	

	<p>Sitwasyon:</p> <p>Isa kang “Digital Citizen Analyst” na naatasang suriin ang ilang komento mula sa isang online forum tungkol sa mga isyung panlipunan gaya ng mental health, kahirapan, diskriminasyon, gender equality, at edukasyon.</p> <p>Ang iyong tungkulin ay tukuyin kung ang mga pahayag ay:</p> <table border="1" data-bbox="562 507 1527 821"> <thead> <tr> <th data-bbox="562 507 871 612">Nagpapakita ng Sensitibiti/Sensibilidad</th><th data-bbox="871 507 1198 612">May Stereotype o Bias (Bahagyang Pagkiling)</th><th data-bbox="1198 507 1527 612">Tahansang Walang Paggalang/Diskriminasyon</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td data-bbox="562 612 871 821"></td><td data-bbox="871 612 1198 821"></td><td data-bbox="1198 612 1527 821"></td></tr> </tbody> </table> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 1</p>	Nagpapakita ng Sensitibiti/Sensibilidad	May Stereotype o Bias (Bahagyang Pagkiling)	Tahansang Walang Paggalang/Diskriminasyon				<p>online na talakayan. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng sariling pananaw at mungkahing mas angkop at responsableng paraan ng pagpapahayag sa <i>social media</i> at online forums.</p> <p>Malilinang ang mapanuring pag-iisip, pagsusuri ng teksto, at pagbuo ng ingklusibong kaisipan na tutugon sa integrasyon sa General Mathematics.</p> <p><i>Tutugunan nito mula sa PPST ang Content Knowledge and Pedagogy, 1.3.2 Sa gawaing ito, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng mga komento at bumuo ng makatao at ingklusibong pananaw tungkol sa mga isyung panlipunan.</i></p>
Nagpapakita ng Sensitibiti/Sensibilidad	May Stereotype o Bias (Bahagyang Pagkiling)	Tahansang Walang Paggalang/Diskriminasyon						


	<p>Opsiyon B: Basa-Suri ko, Sa Post mo!</p> <p>Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang mga pahayag mula sa isang online forum. Gamitin ang kaalaman tungkol sa tamang pakikipag-usap online, punan ang talahanayan.</p> <table><tr><th>Pahayag</th><th>Isyung Sosyal/Kultural</th><th>Sensitibo ba? Bakit?</th><th>Mas Inklusibong Pahayag</th></tr><tr><td>“Hindi dapat pakinggan ang opinyon ng mahihirap.”</td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>“Lahat ay may karapatang magsalita at marinig.”</td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>“OA lang ang may mental health problem.”</td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>“Magkaiba man ng paniniwala, dapat may respeto.”</td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>“Hindi dapat tularan ang kanyang kilos”</td><td></td><td></td><td></td></tr></table>	Pahayag	Isyung Sosyal/Kultural	Sensitibo ba? Bakit?	Mas Inklusibong Pahayag	“Hindi dapat pakinggan ang opinyon ng mahihirap.”				“Lahat ay may karapatang magsalita at marinig.”				“OA lang ang may mental health problem.”				“Magkaiba man ng paniniwala, dapat may respeto.”				“Hindi dapat tularan ang kanyang kilos”				<p>Para sa Opsiyon B: Basa-Suri ko, Sa Post mo!</p> <p>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga pahayag upang matukoy ang isyung sosyal o kultural, masuri ang sensibilidad nito, at makabuo ng mas inklusibo at magalang na pahayag gamit ang kanilang dating kaalaman sa wastong pakikipag-usap online.</p> <p>Malilinang ang kasanayan sa pagsusuri, pagbuo ng inklusibong pahayag, at responsableng pakikilahok sa online forum gamit ang dating kaalaman at kamalayang panlipunan.</p> <p><i>Tutugunan sa PPST (Domain 2, Indicator 2.4.2): Nalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapakita ng paggalang sa pagkakaiba-iba at responsableng komunikasyon upang maisulong ang ligtas, patas, at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.</i></p>
Pahayag	Isyung Sosyal/Kultural	Sensitibo ba? Bakit?	Mas Inklusibong Pahayag																							
“Hindi dapat pakinggan ang opinyon ng mahihirap.”																										
“Lahat ay may karapatang magsalita at marinig.”																										
“OA lang ang may mental health problem.”																										
“Magkaiba man ng paniniwala, dapat may respeto.”																										
“Hindi dapat tularan ang kanyang kilos”																										

	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiya A: Target ng Layunin</p> <p>Basahin ang bawat “Target ng Layunin” at tukuyin kung ano ang inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral sa aralin. Pagkatapos, ibahagi kung paano ito maiuugnay sa kanilang karanasan sa <i>social media</i> o <i>online forum</i>.</p> <p> TARGET LAYUNIN 1</p> <div data-bbox="562 459 1556 555" style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> <p>“Matututuhan kong kilalanin ang mga paksang sosyal at kultural na nangangailangan ng sensibilidad sa online forum.”</p> </div> <p>Tanong: Anong mga isyu ang madalas mong makita sa online na nangangailangan ng paggalang at pag-unawa?</p> <hr/> <p> TARGET LAYUNIN 2</p> <div data-bbox="562 786 1556 882" style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> <p>“Matututuhan kong matukoy ang mga wastong asal, kamalayang kultural, at sensibilidad sa pakikilahok sa online na talakayan.”</p> </div> <p>Tanong: Paano dapat makipag-usap online upang maiwasan ang diskriminasyon o panghuhusga?</p> <hr/> <p> TARGET LAYUNIN 3</p> <div data-bbox="562 1058 1556 1193" style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> <p>“Matututuhan kong makabuo ng online forum na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, at kamalayang panlipunan.”</p> </div> <p>Tanong: Ano ang maaaring gawin upang maging positibo at ligtas ang isang online forum?</p> <hr/> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 2</p>	<p>Para sa Opsiya A: Target ng Layunin</p> <p>Ipaliwanag na ito ang inaasahang matututuhan nila sa aralin. Hikayatin silang pag-isipan at sagutin ang mga tanong batay sa kanilang sariling karanasan sa <i>social media</i> o <i>online forum</i>.</p> <p>Nalilinang ang kasanayan sa pagsusuri (analytical thinking) at paglalapat (application) kung saan naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin at sa sariling karanasan sa <i>social media</i> gamit ang kritikal na pag-iisip, pag-unawa, at responsableng pakikilahok.</p> <p><i>Tiitutugunan ang PPST (Domain 2, Indicator 2.4.2): Naipakikita ang kakayahan ng guro sa paglikha ng ligtas, patas, at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan hinihikayat ang paggalang, kamalayang panlipunan, at responsableng komunikasyon sa mga talakayan ng mag-aaral.</i></p>
--	---	--

	<p>Opsiyon B: Dihital na Silip, Buksan ang Silid Ipabasa at ipasuri sa mga mag-aaral ang bawat “Voice Card” bilang panimula ng aralin. Gabayan sila na unawain ang bawat layunin at iugnay ito sa kanilang sariling karanasan sa <i>social media</i>, group chat, o online forum.</p> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin: 10px 0;"> <p>Sitwasyon: Ikaw ay isang “Kalahok sa Dihital na Talakayan” sa isang <i>online forum</i> na tumatalakay sa mga isyung panlipunan at adbokasiya. Bago ka makasali sa aktuwal na talakayan, kailangan mong maintindihan ang tatlong layunin ng iyong pagkatuto sa pamamagitan ng pag-unawa at pag-uugnay nito sa iyong karanasan online.</p> </div> <p> Dihital na Boses 1. “Natututuhan kong kilalanin ang mga paksang sosyal at kultural na nangangailangan ng sensibilidad sa online forum.” Gabay na Tanong: Anong mga isyung online ang dapat pag-usapan nang may paggalang at pag-unawa?</p> <hr/> <p> Dihital na Boses 2. “Natututuhan kong gumamit ng magagalang na pananalita at wastong estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan.” Gabay na Tanong: Paano mo pinananatiling maayos ang usapan sa chat o online forum?</p> <hr/> <p> Dihital na Boses 3. “Natututuhan kong makabuo ng maayos na komunikasyon na may malinaw na layunin, paggalang at pag-unawa sa kausap.” Gabay na Tanong: Paano mo ilalahad ang iyong opinyon o karanasang online, nang malinaw at may respeto?</p> <hr/>	<p>Para sa Opsiyon B: Dihital na Silip, Buksan ang Silid Hikayatin ang mga mag-aaral sagutin ang mga gabay na tanong nang tapat at may pagninilay, gamit ang wastong pag-unawa, magalang na pananalita, at kamalayang panlipunan sa pakikilahok. Paalalahanan din silang isaalang-alang ang pagiging sensitibo at responsableng pakikipag-ugnayan sa digital na espasyo sa pagbabahagi ng kanilang sagot.</p> <p>Nalilinang ang kasanayan sa pagsusuri at pag-uugnay kung saan nasusuri ang mga layunin ng aralin at naiuugnay ang mga ito sa sariling karanasan sa digital na komunikasyon gamit ang kritikal na pag-iisip, sensibilidad, at responsableng pakikilahok sa online forum.</p> <p><i>Tutugunan nito sa PPST (Domain 2, Indicator 2.4.2): Natutugunan ang kakayahan ng guro na makalikha ng ligtas, patas, at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan naipapakita ng mga mag-</i></p>
--	---	--

		<i>aaral ang paggalang, kamalayang panlipunan, at responsableng komunikasyon sa pakikilahok sa mga talakayan.</i>
<ul style="list-style-type: none"> • Integrasyon ng Bagong Kaalaman 	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa Opsiyon A: Sa Post ko, Tampok ang Paggalang Mo! Panuto: Papiliin ang mga mag-aaral ng isang isyung sosyal o kultural na karaniwang pinag-uusapan sa <i>social media</i> o online forum. Pagkatapos, ipagawa ang sumusunod:</p> <p>POST IT! Sumulat ng maikling pahayag o opinyon tungkol sa napiling isyu gamit ang magalang at sensitibong pananalita.</p> <div style="border: 1px solid black; height: 100px; width: 100%;"></div> <p>REACT WISELY! Magbigay ng dalawang halimbawa ng wastong tugon o komento na nagpapakita ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • paggalang _____ • kamalayang panlipunan _____ • pagiging ingklusibo _____ <p>RESPECT REMINDER. Bumuo ng isang <i>hashtag</i> o paalala para sa responsableng pakikilahok sa online forum. Halimbawa: #Magalang Na Pakikipag-Usap</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Sa Post Ko, Tampok ang Paggalang Mo Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang pahayag at mga tugon gamit ang magalang, ingklusibo, at responsableng paraan ng komunikasyon. Hikayatin silang magpahayag ng opinyon nang may respeto at kamalayang panlipunan sa iba't ibang konteksto ng online na talakayan.</p> <p>Nalilinang ang kasanayan sa pagsulat at malikhaing pagtugon kung saan naipalalapat ng mga mag-aaral ang bagong kaalaman sa pagbuo ng sensitibo, magalang, at ingklusibong komunikasyon sa online forum.</p> <p><i>Tinutugunan nito sa PPST (Domain 1, Indicator 1.3.2):</i> <i>Natutugunan ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng kritikal at malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng responsableng</i></p>

	<p>“Bawat salita online ay may epekto.”</p> <div data-bbox="577 236 1547 352" style="border: 1px solid black; height: 73px; width: 433px;"></div>	<p><i>pagpapahayag at pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga usaping panlipunan at kultural.</i></p>
	<p>Opsiyon B: Usapang Larawan: Usapang Online <i>Panuto:</i> Suriin ang mga larawan na nagpapakita ng iba’t ibang sitwasyon sa online forum at <i>social media</i>. Tukuyin ang isyung sosyal o kultural na ipinapakita, ang antas ng sensibilidad sa komunikasyon, at ang paraan upang maging ingklusibo at magalang ang pakikilahok online.</p> <div data-bbox="813 646 1294 1173" data-label="Image"> </div>	<p>Para sa Opsiyon B: Usapang Larawan: Usapang Online</p> <p>Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawan at gabayan silang tukuyin ang mga isyung sosyal at kultural na ipinapakita rito. Hikayatin silang maiugnay ang bagong kaalaman sa wastong pakikilahok, pagiging sensitibo, at responsableng komunikasyon sa online forum at iba’t ibang kontekstong panlipunan.</p> <p>Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa masusing pagsusuri ng mga larawan sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga gabay na tanong tungkol sa isyung sosyal o kultural.</p> <p>Nalilinang ang kasanayan sa pagsusuri ng imahe (visual literacy), kritikal na pag-iisip, at pagbuo ng pahayag na nagpapakita ng paggalang at ingklusibong pahayag para sa</p>



<http://el-fili10.blogspot.com/2017/03/suliranin.html>
https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v14i16/25302_final.pdf

1. Tukuyin ang isyung sosyal o kultural na makikita sa mga larawan.

Larawan 1	Larawan 2

- Suriin ang mga larawan. Ipagpalagay na ang mga ito ay nailathala (*post*) sa isang online forum tungkol sa mga isyung panlipunan. Tukuyin ang isyu at sagutin ang sumusunod na tanong
2. Maglista ng dalawang paraan kung paano maipapakita ang sensitibilidad at kamalayang kultural sa online forum.


responsableng online na komunikasyon.

Tutugunan sa gawain sa PPST (Domain 1, Indicator 1.3.2): Natutugunan ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapaunlad ng kritikal at malikhaing pag-iisip sa pagsusuri ng mga sitwasyong panlipunan at paglalapat ng sensitibilidad at kamalayang kultural sa komunikasyon.

	<p>Paraan 1:</p> <hr/> <p>Paraan 2:</p> <hr/> <p>3. Sumulat ng isang halimbawa ng komento o pahayag na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magalang _____ • Ingklusibo _____ • Nagpapakita ng kamalayang panlipunan _____ <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 3</i></p>	
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>Upang mas matamo ang kahusayan ng kasanayan ay kailangang malinaw para sa mga mag-aaral ang kahulugan ng kontekstong sosyal at kultural.</p> <p>Kontekstong Sosyal sa Mabisang Komunikasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang kontekstong sosyal ay tumutukoy sa kalagayan o sitwasyong panlipunan ng mga taong kasangkot sa komunikasyon. Kabilang dito ang edad, katayuan sa lipunan, relasyon ng nag-uusap, tungkulin, at sitwasyon kung saan nagaganap ang komunikasyon. Mahalaga itong isaalang-alang upang maging angkop, magalang, at malinaw ang paraan ng pakikipag-usap sa iba. <p>Kontekstong Kultural sa Mabisang Komunikasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang kontekstong kultural ay tumutukoy sa kultura, paniniwala, tradisyon, kaugalian, pagpapahalaga, at wikang kinabibilangan ng tao o pangkat na kausap. Mahalaga ang pag-unawa rito upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan at makapagpakita ng respeto at sensitibilidad sa iba't ibang pananaw at kultura. 	<p>Sa bahaging ito ay matatamo ang kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Natutukoy ang kahulugan ng kontekstong sosyal at kultural at kung paano ito nagpapakita ng sensitibilidad sa interaksyong online forum.</i> <p>Gagabayan ang mga mag-aaral sa pagtatalakay ng kontekstong sosyal at kultural sa mabisang komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga sitwasyong malapit sa kanilang karanasan, pagsusuri ng mga pahayag o online posts, at mga gawaing nagpapakita ng wastong pakikipagkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyon. Sa pamamagitan ng talakayan, role-playing, at pagninilay, mahihikayat ang mga mag-</p>

	<p>Pagpapakita ng sensitibilidad sa interaksyong online forum sa kontekstong sosyal at kultural na nakatuon sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Naipapakita ang sensitibilidad sa interaksyong online forum sa pamamagitan ng paggamit ng magagalang at ingklusibong pananalita sa pagtalakay ng mga isyung panlipunan at adbokasiya. 2. Ipinakikita ito sa pamamagitan ng paggalang sa magkakaibang pananaw, kultura, at karanasan ng bawat kalahok sa online na talakayan. 3. Naipapamalas ang sensitibilidad sa pamamagitan ng maingat na pagbabahagi ng opinyon upang hindi makapanakit o makapagdiskrimina ng ibang tao o grupo. 4. Makikita ito sa responsableng pagberipika ng impormasyon bago magbahagi ng balita o pahayag tungkol sa mga isyung panlipunan. 5. Naipapakita ito sa pakikinig at pagbibigay-halaga sa saloobin ng iba lalo na sa mga usaping may kaugnayan sa karapatang pantao at pagkakapantay-pantay. 6. Ipinakikita ang sensitibilidad sa pag-iwas sa mapanirang komento, <i>hate speech</i>, at pangungutya sa <i>online forum</i>. 7. Naipapamalas ito sa paggamit ng mga salitang nagpapakita ng empatiya at pag-unawa sa kalagayan ng ibang tao at komunidad. <p>Maaaring ipakita sa mga mag-aaral ang grapikong pantulong para mas malinaw na makita ang mahahalagang konsepto nito:</p>	<p>aaral na maging sensitibo, magalang, at responsable sa pakikilahok sa online forum lalo na sa mga usaping panlipunan at adbokasiya sa pamamagitan ng pagrespeto sa magkakaibang pananaw, paggamit ng ingklusibong pananalita, maingat na pagbabahagi ng opinyon at impormasyon, at pagpapakita ng empatiya at etikal na komunikasyon.</p> <p><i>Tinutugunan sa talakayang ito ay nakalilina sa PPST</i></p> <p>Domain 1 – Content Knowledge and Pedagogy, partikular sa paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at responsableng paggamit ng wika sa iba’t ibang konteksto.</p> <p><i>Nalilina din dito ang</i> Domain 2 – Learning Environment dahil naitataguyod ang isang ligtas, magalang, at ingklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan natututuhan ng mga mag-aaral ang pagrespeto sa iba’t ibang pananaw at kultura. Kaugnay rin ito ng Domain 6 – <i>Community Linkages and</i></p>
--	--	--

	<p style="text-align: center;">WEB MAP: RESPONSABLENG PAKIKILAHOK SA ONLINE FORUM</p> <p style="text-align: center;">RESPONSABLENG ONLINE FORUM Makilalahok nang may respeto, kaalaman at malasakit.</p> <p>1. PAGGALANG SA OPINYON</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pakinggan ang ibang pananaw. • Iwasan ang pang-aspi o panlalait. • Sumagot nang mahinahon kahit hindi ka sumasang-ayon. • Maging bukas sa maayos na talakayan. <p>2. SENSIBILIDAD SA KULTURA</p> <ul style="list-style-type: none"> • Igalang ang kultura, paniniwala, at tradisyon ng iba. • Iwasan ang stereotyping at mapanuring salita. • Isaalang-alang ang konteksto bago magkomento. <p>3. INKLUSIBONG PANANALITA</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gumamit ng salitang hindi nakakasakit o diskriminasyon. • Isama at huwag ibukod ang sinuman. • Gumamit ng gender-fair at inclusive na pananalita. <p>4. RESPONSABLENG PAGBABAHAGI NG IMPORMASYON</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbahagi lamang ng totoo at mapagkakatiwalaang impormasyon. • Iwasan ang fake news at clickbait. • Magbigay credit sa pinagmulan ng impormasyon. <p>5. KAMALAYANG PANLIPUNAN</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maging mulat sa mga isyung panlipunan. • Makilahok sa talakayan para sa kabutihan ng lahat. • Suportahan ang mga adbokasiya para sa pagbabago. <p>6. PAGIGING BUKAS SA IBA'T IBANG PANANAW</p> <ul style="list-style-type: none"> • Unawain ang pinagmulan ng opinyon ng iba. • Huwag agad humusga. • Matuto mula sa pagkakaiba-iba ng pananaw at karanasan. <p style="text-align: center;">PARAAN UPANG MAISULONG ANG PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT KAMALAYANG PANLIPUNAN</p> <ul style="list-style-type: none"> ✓ Making at damhin ang karanasan ng iba. ✓ Suportahan ang lahat nang walang diskriminasyon. ✓ Gumamit ng wika na nag-uugnay hindi naghihiwalay. ✓ Makilahok sa mga kampanya at forum na may kabutihang panlahat. <p style="text-align: center;">HASHTAG CAMPAIGN / ISLOGAN #RespetoSaBawatKomento "Maging malaya sa pagpapahayag, ngunit responsable sa pananalita."</p>	<p><i>Professional Engagement</i> sapagkat naiuugnay ang mga isyung panlipunan, adbokasiya, at responsableng online na pakikilahok sa tunay na kalagayan ng lipunan at komunidad.</p> <p>Ginamit ang <i>ChatGPT</i> upang makalikha ng larawan na mag-oorganisa ng responsableng pakikilahok sa Online Forum gamit ang Web Map.</p>
<p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyon A: Sensibilidad sa Konseptuwalidad</p> <p><i>Panuto:</i> Gamit ang grapikong pantulong na “Web Map” punan ang mga bahagi nito batay sa paksang:</p> <p>“Responsableng Pakikilahok sa Online Forum”</p> <p>Sa gitna ng grapiko, isulat ang pangunahing paksa. Sa mga nakapaligid na bahagi, ilagay ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • mga salitang nagpapakita ng sensibilidad; • wastong asal sa online forum; • halimbawa ng ingklusibong pahayag; • mga kamalayang kultural na dapat isaalang-alang; at • mga paraan upang maisulong ang pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan. 		<p>Para sa Opsiyon A: Sensibilidad sa Konseptuwalidad</p> <p>Sa gawaing ito malilinaang sa mga mag-aaral ang: (1) pag-unawa sa sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum; (2) pagkilala sa wastong pakikilahok sa iba’t ibang kontekstong panlipunan; at (3) pagsusulong ng ingklusibo at responsableng online na komunikasyon gamit ang grapikong pantulong.</p> <p>Nalilinaang sa gawaing ito ang kasanayan sa pagsusuri</p>



Gamitin ang web map bilang grapikong pantulong upang maorganisa ang nilalaman ng idea.

(analytical skills), pag-oorganisa ng impormasyon (organizational skills), at kritikal na pag-iisip (critical thinking) sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-oorganisa, at paglalapat ng mga idea tungkol sa sosyal at kultural na sensibilidad gamit ang grapikong pantulong na Web Map.

Tinutugunan ang gawaing ito sa PPST Domain 1 (Strands 1.2 at 1.5) at Domain 2 (Strand 2.3) dahil naipakikita ng guro ang paggamit ng angkop na estratehiya at kagamitang panturo upang malinang ang kritikal, inklusibo, at responsableng pakikilahok ng mga mag-aaral sa online forum. Ginamit ang ChatGPT upang makalikha ng larawan na mag-oorganisa ng responsableng pakikilahok sa Online Forum gamit ang Web Map.


Gamitin ang pamantayan sa pagmamarka upang gawing gabay sa pagtatamo ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpoproseso ng kanilang paglikha. Ngunit maaari kang lumikha ng ibang pamantayan

	<p>Narito ang Pamantayan sa pagmamarka:</p> <table><tr><th>Antas</th><th>Paglalarawan</th></tr><tr><td>4 – Napakahusay</td><td>Kumpleto, wasto, at organisado ang lahat ng impormasyong nakapaloob sa web map. Malinaw naipakita ang sensibilidad, wastong asal, inklusibong pananaw, kamalayang kultural, at mga paraan ng pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan.</td></tr><tr><td>3 – Mahusay</td><td>Halos kumpleto at maayos ang nilalaman ng web map. Naipakita ang karamihan sa mga kinakailangang ideya ngunit may ilang detalye na maaaring linawin o dagdagan.</td></tr><tr><td>2 – Katamtaman</td><td>May ilang mahahalagang impormasyong kulang o hindi malinaw. Bahagyang naipakita ang mga konseptong kaugnay ng responsableng pakikilahok sa online forum.</td></tr><tr><td>1 – Nangangailangan ng Pagsasanay</td><td>Hindi kumpleto ang nilalaman at hindi malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya sa paksa. Kakaunti o walang naipakitang ebidensya ng sensibilidad, inklusibidad, at kamalayang panlipunan.</td></tr></table>	Antas	Paglalarawan	4 – Napakahusay	Kumpleto, wasto, at organisado ang lahat ng impormasyong nakapaloob sa web map. Malinaw naipakita ang sensibilidad, wastong asal, inklusibong pananaw, kamalayang kultural, at mga paraan ng pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan.	3 – Mahusay	Halos kumpleto at maayos ang nilalaman ng web map. Naipakita ang karamihan sa mga kinakailangang ideya ngunit may ilang detalye na maaaring linawin o dagdagan.	2 – Katamtaman	May ilang mahahalagang impormasyong kulang o hindi malinaw. Bahagyang naipakita ang mga konseptong kaugnay ng responsableng pakikilahok sa online forum.	1 – Nangangailangan ng Pagsasanay	Hindi kumpleto ang nilalaman at hindi malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya sa paksa. Kakaunti o walang naipakitang ebidensya ng sensibilidad, inklusibidad, at kamalayang panlipunan.	<p>sa pagmamarka kung sa tingin mo ay nangangailangan pa ng pag-unlad na nakabatay sa kakayahan ng mga mag-aaral.</p>
Antas	Paglalarawan											
4 – Napakahusay	Kumpleto, wasto, at organisado ang lahat ng impormasyong nakapaloob sa web map. Malinaw naipakita ang sensibilidad, wastong asal, inklusibong pananaw, kamalayang kultural, at mga paraan ng pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan.											
3 – Mahusay	Halos kumpleto at maayos ang nilalaman ng web map. Naipakita ang karamihan sa mga kinakailangang ideya ngunit may ilang detalye na maaaring linawin o dagdagan.											
2 – Katamtaman	May ilang mahahalagang impormasyong kulang o hindi malinaw. Bahagyang naipakita ang mga konseptong kaugnay ng responsableng pakikilahok sa online forum.											
1 – Nangangailangan ng Pagsasanay	Hindi kumpleto ang nilalaman at hindi malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya sa paksa. Kakaunti o walang naipakitang ebidensya ng sensibilidad, inklusibidad, at kamalayang panlipunan.											
	<p>Opsiyon B: Ilaw Trapiko ng Paggalang sa Online Komunikasyon <i>Panuto:</i> Gamit ang grapikong pantulong na “Traffic Light Rules,” bumuo ng mga gabay sa wastong pakikilahok sa online forum at <i>social media discussions</i> tungkol sa mga isyung panlipunan o adbokasiya.</p> <p>Isulat ang iyong mga sagot sa bawat kulay ng ilaw trapiko:</p> <p>● GREEN NA ILAW — “TULOY!”</p> <p>Maglista ng mga pahayag o gawain na nagpapakita ng:</p> <table><tr><td></td><td>Pahayag o Gawain</td></tr><tr><td><i>Halimbawa: respeto</i></td><td><i>Makinig sa opinyon ng iba</i></td></tr><tr><td>pagiging inklusibo</td><td></td></tr><tr><td>kamalayang kultural</td><td></td></tr><tr><td>responsableng pakikilahok sa online forum</td><td></td></tr></table>		Pahayag o Gawain	<i>Halimbawa: respeto</i>	<i>Makinig sa opinyon ng iba</i>	pagiging inklusibo		kamalayang kultural		responsableng pakikilahok sa online forum		<p>Para sa Opsiyon B: Ilaw Trapiko ng Paggalang...</p> <p>Magagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa gawaing “Ilaw Trapiko ng Paggalang sa Online Komunikasyon” sa pamamagitan ng pagpapakita at pagsusuri ng mga halimbawa ng online posts at sitwasyong panlipunan upang matukoy ang mga sensitibo at responsableng pahayag sa online forum. Sa paggabay ng guro, mahihikayat ang mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal bago magpahayag ng opinyon at makabuo ng mga</p>
	Pahayag o Gawain											
<i>Halimbawa: respeto</i>	<i>Makinig sa opinyon ng iba</i>											
pagiging inklusibo												
kamalayang kultural												
responsableng pakikilahok sa online forum												

	<p>● YELLOW NA ILAW — “ISIP!” Mga Dapat Pag-isipan Bago Magkomento Maglista ng mga bagay na dapat isaalang-alang bago mag-<i>post</i> o magbahagi ng opinyon online. Halimbawa: △ Totoo ba ang impormasyon? Sagot: △ _____ △ _____ △ _____</p> <p>● RED NA ILAW — “HINTO!” Mga Hindi Dapat Gawin Maglista ng mga hindi sensitibo at hindi responsableng gawain sa online forum, maaaring isang salita o pahayag. Halimbawa: ● Cyberbullying Sagot: ● _____ — _____ ● _____ — _____ ● _____ — _____</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 4</i></p>	<p>gabay na nagsusulong ng magalang, inklusibo, at responsableng komunikasyon sa digital na espasyo.</p> <p>Ang gawain ay nagpapakita ng integrasyon ng ICT, Edukasyong Pagpapakatao, at Araling Panlipunan sa pamamagitan ng paglinang ng responsableng digital na pakikilahok, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa sa mga isyung panlipunan at kultural sa online na komunikasyon.</p> <p>Nalilintang sa gawaing “Traffic Light Rules” ang kasanayang pagsusuri (analytical skills) at pagbuo ng mga angkop na gabay sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pahayag tungkol sa sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum at pagbuo ng mga angkop na gabay sa responsableng pakikilahok.</p> <p><i>Tutugunan sa gawaing ito ang PPST Domain 1, Strand 1.2 (KRA 2: Content Knowledge and Pedagogy) at PPST Domain 2, Strand 2.3 (KRA 3: Learning Environment) dahil ginagamit ng</i></p>
--	---	---

		guro ang angkop na estratehiya at grapikong pantulong upang malinang ang kritikal na pag-iisip, pagiging inklusibo, at responsableng pakikilahok.
<ul style="list-style-type: none"> Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: Forum Lens Map: Boses Ko, Responsableng Pananaw Ko!</p> <p><i>Panuto:</i> Sa isang <i>simulated online forum</i>, tugunan ang isang <i>sample post</i> tungkol sa isyung panlipunan o adbokasiya. Bago sumulat ng iyong 5-8 pangungusap na sagot, gamitin ang grapikong pantulong upang maging gabay sa iyong pananaw at tono."</p> 	<p>Para sa Opsiyon A: Forum Lens Map: Boses Ko, Responsableng Pananaw ko!</p> <p>Magagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na grapikong pantulong tulad ng “gabay na pananaw at tono” kung saan ilalagay ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin, batayang idea, at inaasahang magalang na wika bago sumagot sa forum. Sa ganitong paraan, natutulungan silang makabuo ng organisado, sensitibo, at makabuluhang tugon sa isyung panlipunan o adbokasiya.</p> <p>Nalilintang ang <i>pagsusuri at pagbuo</i> sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga mag-aaral sa isyung panlipunan at paggamit ng grapikong pantulong.</p> <p><i>Tinutugunan nito ang PPST</i> Domain 1 – Content</p>

		<p>Knowledge and Pedagogy (KRA 1) at Domain 2 – Learning Environment (KRA 2) dahil nagagamit ng guro ang mga gawaing may kontekstong sosyal at kultural upang malinang ang kritikal na pag-iisip, wastong komunikasyon, at paggalang sa iba’t ibang pananaw sa digital na talakayan.</p> <p>Ginamit ang ChatGPT upang makalikha ng larawang grapikong pantulong na kakikitaan ng responsableng pakikilahok ng mga mag-aaral sa isang forum.</p>
	<p>Opsiyon B: TalaLarawan <i>Panuto:</i> Ipakita sa mga mag-aaral ang isang larawan ng <i>viral social media post o online forum discussion</i> na tumatalakay sa isyung panlipunan na diskriminasyon. Siguraduhin na ang larawang gagamitin ay angkop, sensitibo, at makapupukaw ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: TalaLarawan Magagabayan ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag ng layunin, maingat na pagpili ng angkop at sensitibong larawan ng <i>viral social media post</i> tungkol sa diskriminasyon, at paggabay sa kanila na suriin ito nang may paggalang at kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng sunod-sunod na gabay na tanong, matutulungan silang matukoy ang diskriminasyon</p>



Mula: <https://www.facebook.com/photo/?fbid=1454069793401331&set=a.243558104452512>

Pagkatapos maipakita ang larawan, gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sumusunod na tanong upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa isyu:

1. Batay sa ipinakitang poster, ano-anong uri ng gawain ang maituturing na diskriminasyon sa kababaihan at bakit ito hindi makatarungan?
2. Paano nakaaapekto ang diskriminasyong pahayag sa mga taong tinutukoy o tinatamaan ng nasabing post?
3. Anong mga sosyal at kultural na kamalayan ang dapat isaalang-alang upang maiwasan ang diskriminasyon sa pakikilahok sa online forum?

sa pahayag.

Sa **ADDIE**, ang gawaing ito ay nagpapakita ng kasanayan sa **Analysis** (pagtukoy sa pangangailangang matutunan tungkol sa diskriminasyon at angkop na sensitibong materyal), **Design** (pagbuo ng layunin at gabay na tanong para sa kritikal na pagsusuri), **Development** (pagpili at paghahanda ng larawan at tanong), **Implementation** (paggabay sa aktuwal na talakayan at pagsusuri), at **Evaluation** (pagtataya sa sagot at pag-unawa ng mga mag-aaral).

Tutugunan sa **PPST**, naisasakatuparan sa gawaing ito ang mga pamantayan ng Domain 1 **Content Knowledge and Pedagogy** sa pagtuturo ng isyung panlipunan na diskriminasyon gamit ang angkop na estratehiya, **Domain 2 (Learning Environment)** sa paglikha ng ligtas at magalang na talakayan, at **Domain 3 (Diversity of Learners)** sa pagtataguyod ng inklusibo at sensitibong komunikasyon sa

	<p>4. Paano dapat baguhin ang mga diskriminatibong pahayag upang maging mas inklusibo, magalang, at sensitibo sa lahat ng tao?</p> <p>5. Bilang kalahok sa online forum, paano ka makatutugon sa ganitong uri ng post upang maipakita ang paninindigan laban sa diskriminasyon?</p> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 5</p>	<p><i>iba't ibang kontekstong sosyal at kultural.</i></p>
	<p>2. Paglalahat</p> <p>Opsiyon A: “Salaming Emojis ng mga Online na Pahayag”</p> <p><i>Panuto:</i> Ipapakita sa mga mag-aaral ang iba't ibang halimbawa ng sitwasyon tungkol sa isyung panlipunan (hal. diskriminasyon, <i>gender equality</i>, <i>mental health</i>, <i>cultural respect</i>) na maaaring gamitin na paksa sa online forum. Sa halip na sumagot sa tradisyunal na paraan, ang mga mag-aaral ay gagamit lamang ng emojis, simbolo, at maikling keyword upang ipakita ang kanilang “pagninilay.”</p> <p>Sitwasyon 1: Diskriminasyon sa Hitsura</p> <ul style="list-style-type: none"> May post na nang-aasar sa isang estudyante dahil sa kaniyang itsura. <p>Sitwasyon 2: Gender Equality sa Paaralan</p> <ul style="list-style-type: none"> May diskusyon kung mas dapat bigyan ng lider na lalaki kaysa babae sa isang organisasyon. <p>Sitwasyon 3: Mental Health Awareness</p> <ul style="list-style-type: none"> Isang estudyante ang nagbahagi na siya ay nakaranas ng anxiety, ngunit may mga nangungutya sa kanya. <p>Sitwasyon 4: Cultural Respect</p> <ul style="list-style-type: none"> May komentong nangmamaliit sa tradisyon at paniniwala ng isang katutubong grupo. 	<p>Para sa Opsiyon A: “Salaming Emojis ng mga Online na Pahayag”</p> <p>Magagabayan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng malinaw na panuto at gabay sa pagsusuri ng mga isyung panlipunan, at paggamit lamang ng emojis, simbolo, at keyword upang maipakita ang pag-unawa at kamalayang panlipunan.</p> <p>Sa ADDIE Model, malilinang ang kasanayan sa pagninilay (reflective thinking), pagbubuod (synthesizing), at pagpapahalaga (valuing).</p> <p><i>Ipinapakita sa bahaging ito ang pagtalima sa PPST sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na estratehiyang lilipat sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng mga mag-aaral.</i></p>

Sitwasyon 5: Cyberbullying

- May group chat na ginagamit upang pag-usapan at kutyain ang isang kaklase.

Opsiyon B: Sosyal at Kultural na Sensibilidad sa Online Forum

Panuto: Bilang pagtatapos ng aralin, ipasagot sa iyong mga mag-aaral ang graphic organizer (Web Map o Concept Map) upang mailahad ang kanilang pangkalahatang kaisipan tungkol sa sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum na nakatuon sa mga isyung panlipunan at adbokasiya. Matapos ang pagsagot sa grapikong pantulong, narito naman ang tatlong (3) gabay na tanong para sa graphic organizer na ipapasagot sa kanila:



- Ano ang iyong sariling pag-unawa sa sosyal at kultural na sensibilidad sa pakikilahok sa online forum?
- Anong mga kamalayang kultural at pag-uugali ang dapat taglayin upang maging responsable at magalang sa mga usaping panlipunan online?

Para sa Opsiyon B: Sosyal at Kultural na Sensibilidad sa Online Forum

Magagabayan ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng malinaw na panuto sa paggamit ng grapikong pantulong (Web Map o Concept Map) at pagbibigay ng gabay na konsepto tulad ng paggalang, inklusibidad, at responsableng pakikilahok.

Sa **ADDIE**, malilinang ang kasanayan sa Analysis at Development dahil natututo ang guro sa pagdidisenyo ng angkop na gawain at graphic organizer batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum.

Naisasakatuparan sa bahaging ito ang mga pamantayan ng PPST (Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy) sa pamamagitan ng pagpapakita ng kakayahan ng guro sa paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo at

	<ul style="list-style-type: none"> • Paano nakatutulong ang pagiging inklusibo at may kamalayang panlipunan sa pagbuo ng mas maayos at makabuluhang talakayan sa online forum? 	<p><i>pagtataya na nagpapalalim ng kritikal na pag-unawa at responsableng komunikasyon ng mga mag-aaral sa kontekstong panlipunan at kultural.</i></p> <p>Ginamit ang <i>ChatGPT</i> upang makalikha ng larawang grapikong pantulong na kakikitaan ng pag-unawa ng sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum.</p>
	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: Boses ng Kampus: Online Advocacy Forum</p> <p>Panuto: Ibibigay sa mga mag-aaral ang sitwasyong: Bilang isang mag-aaral sa kolehiyo, makikilahok ka sa isang opisyal na online forum ng unibersidad na tumatalakay sa isang mahalagang isyung panlipunan tulad ng <i>mental health awareness, gender equality, anti-bullying, o environmental sustainability</i>. Bumuo ng isang maikling forum post (8–10 pangungusap) na nagpapakita ng iyong responsableng pakikilahok sa diskusyon sa pamamagitan ng paggamit ng magalang at inklusibong wika, pagpapakita ng kamalayang kultural, at paggalang sa iba’t ibang pananaw habang malinaw na ipinapahayag ang iyong sariling opinyon at adbokasiya para sa pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Boses ng Kampus: Online Advocacy Forum</p> <p>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng forum post sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na panuto, pamantayan, at paalala na gumamit ng magalang at inklusibong wika, magpakita ng paggalang sa iba’t ibang pananaw at kamalayang kultural, at malinaw na maipahayag ang sariling opinyon at adbokasiya tungkol sa napiling isyung panlipunan.</p> <p>Ipinapakita sa gawaing ito ang aplikasyon ng ADDIE tulad ng pag-unawa sa isyung</p>

Pamantayan sa Pagmamarka:

1. Nilalaman at Adbokasiya (40%)
 2. Paggamit ng Inklusibong Wika (40%)
 3. Gramatika at Mekaniks (20%)
- Kabuoang puntos (100%)

panlipunan at pangangailangan ng mga mag-aaral, pagbuo ng makahulugan at responsableng forum post, at pagsusuri sa wastong paggamit ng wika at paggalang sa pananaw ng iba,

Naisasakatuparan ng guro ang mga pamantayan mula sa PPST ang Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy sa paggamit ng makabuluhang gawain sa komunikasyon, Domain 2: Learning Environment sa pagtataguyod ng magalang at inklusibong talakayan, at Domain 3: Diversity of Learners sa pagpapakita ng paggalang sa iba't ibang kultura at pananaw.

Ginamit ang *ChatGPT* upang makalikha ng larawan tungkol sa pag-alam sa damdamin sa isasagawang Online Advocacy.

Gamitin ang pamantayan sa pagmamarka sa pagsasakatuparan ng gawain.

	<p>Opsiyon B: Tinig ng Kampus: Pagsasagawa ng Online Advocacy Forum</p> <p><i>Panuto:</i> Sitwasyon: Ipagpalagay sa mga mag-aaral na sila ay youth ambassadors ng isang unibersidad na inimbitahang lumahok sa isang pambansang <i>online advocacy forum</i> na tumatalakay sa mahahalagang isyung panlipunan. Layunin ng forum na hikayatin ang mga kabataan na maging responsable, inklusibo, at mulat sa iba’t ibang pananaw sa digital na espasyo.</p> <p>Gawain. Ipagawa sa klase ang isang malikhaing “<i>mock online forum</i>” gamit ang <i>classroom set-up, social media-style board, learning management system, o digital platform</i>. Ang bawat mag-aaral ay magiging bahagi ng isang online community discussion kung saan sila ay magpapahayag ng opinyon, makikipag-ugnayan sa iba, at magsusulong ng kamalayang panlipunan.</p> <p>Mga Hakbang sa Pagsasagawa</p> <p>Hakbang 1: Pagpili ng Adbokasiya. Pipili ang bawat mag-aaral o pangkat ng isang isyung panlipunan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mental Health Awareness • Gender Equality • Anti-Bullying • Environmental Sustainability • Digital Citizenship • Inclusivity and Diversity <p>Hakbang 2: Paglikha ng Digital Identity</p> <p>Bawat mag-aaral ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • gagawa ng malikhaing screen name o advocacy title; • mag-iisip ng slogan o <i>hashtag</i> para sa kanilang adbokasiya; • maghahanda ng <i>profile introduction</i> na nagpapakita ng kanilang layunin bilang responsableng kalahok sa forum. <p>Halimbawa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • “EcoVoicePH” • “#RespectStartsOnline” • “Youth for Safe Spaces” 	<p>Para sa Opsiyon B: Tinig ng Kampus: Pagsasagawa ng Online Advocacy Forum</p> <p>Maaaring magabayan ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng gawaing “Tinig ng Kampus: Pagsasagawa ng Online Advocacy Forum” sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag ng layunin ng gawain at pagbibigay ng halimbawa ng responsableng pakikilahok sa online forum. Hikayatin silang pumili ng isyung panlipunang may kaugnayan sa kanilang karanasan upang maging makahulugan ang kanilang forum post. Gabayan din sila sa paggamit ng magalang, inklusibo, at sensitibong wika sa pagpapahayag ng opinyon, pati na rin sa paglikha ng malikhaing digital identity tulad ng screen name, slogan, o hashtag na nagpapakita ng kanilang adbokasiya at kamalayang panlipunan.</p> <p>Sa bahagi ng online interaction, paalalahanan ang mga mag-aaral na igalang ang iba’t ibang pananaw sa pamamagitan ng maayos at</p>
--	---	--

	<p>Hakbang 3: Pagsulat ng Forum Post Ang bawat mag-aaral ay gagawa ng isang forum post na binubuo ng 8–10 pangungusap na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • nagpapahayag ng malinaw na opinyon; • gumagamit ng magalang at inklusibong wika; • nagpapakita ng kamalayang kultural; • naghihikayat ng positibong diskusyon; • nagsusulong ng pagkakapantay-pantay at kamalayang panlipunan. <p>Maaaring samahan ang post ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> ✓ slogan ✓ emoji o simbolo ✓ maikling quote ✓ simpleng visual o poster <p>Hakbang 4: Interactive Forum Exchange Pagkatapos maipaskil ang forum posts:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbibigay ang bawat mag-aaral ng hindi bababa sa dalawang komento sa post ng kaklase. • Kailangang: <ul style="list-style-type: none"> ✓ magtanong nang may respeto; ✓ sumang-ayon o hindi sumang-ayon nang maayos; ✓ magbigay ng suportang idea o mungkahi; ✓ gumamit ng positibo at propesyonal na pananalita. <p>Iwasan ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> ✗ mapanirang salita ✗ diskriminasyon ✗ pangungutya ✗ fake news o hindi beripikadong impormasyon 	<p>propesyonal na pagbibigay ng komento, pagsang-ayon, o pagtutol sa idea ng iba. Bigyang-diin na mahalagang iwasan ang mapanirang salita, diskriminasyon, pangungutya, at pagpapakalat ng maling impormasyon upang mapanatili ang ligtas at positibong digital na komunidad. Maaari ring magbigay ang guro ng feedback at gabay habang isinasagawa ang forum upang higit na malinang ang kamalayang kultural at responsableng komunikasyon.</p> <p>Ang nasabing gawain ay nakalilinang ang kasanayan sa pagsusuri, pagdidisenyo, pagpapatupad, at pagtataya ng responsableng online communication at makabuluhang adbokasiya sa digital na espasyo.</p> <p><i>Naisasakatuparan sa bahaging ito ang mga pamantayan ng PPST, nalilinang ang kasanayan sa paggamit ng makabagong pedagohiya, pagtataguyod ng inklusibo at ligtas na learning environment,</i></p>
--	--	---

		at paglinang ng paggalang sa pagkakaiba-iba ng pananaw at kultura ng mga mag-aaral.						
4. Karagdagang Gawain Opsiyon A: Usap Tayo Online! <i>Panuto:</i> Gumawa ng isang online forum sa paaralan tungkol sa “Pagpapakita ng Respeto at Pagkakapantay-pantay sa <i>Social media</i> .” Bilang mag-aaral, inaasahang makikilahok ka nang may paggalang at kamalayang panlipunan. Paano mo maipapakita ang sumusunod:	<table><tr><th>Konteksto</th><th>Paano maipapakita</th></tr><tr><td>sosyal na sensibilidad</td><td><ul style="list-style-type: none">••</td></tr><tr><td>kultural na sensibilidad</td><td><ul style="list-style-type: none">••</td></tr></table>	Konteksto	Paano maipapakita	sosyal na sensibilidad	<ul style="list-style-type: none">••	kultural na sensibilidad	<ul style="list-style-type: none">••	Para sa Opsiyon A: Usap Tayo Online! Maaaring magabayan ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila na ang online forum ay isang ligtas na espasyo para sa maayos at responsableng pagpapahayag ng opinyon. Hikayatin silang gumamit ng magalang na pananalita, maging bukas sa iba’t ibang pananaw, at magpakita ng pag-unawa sa kultura, paniniwala, at karanasan ng ibang tao habang nakikilahok sa talakayan tungkol sa respeto at pagkakapantay-pantay sa <i>social media</i> .
Konteksto	Paano maipapakita							
sosyal na sensibilidad	<ul style="list-style-type: none">••							
kultural na sensibilidad	<ul style="list-style-type: none">••							
Opsiyon B: Klik ng Kamalayan <i>Panuto:</i> Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mahahalagang tanong upang malinang ang kanilang kamalayang panlipunan, kultural, at responsableng pakikilahok sa online forum: 1. Paano maipapakita ang sosyal at kultural na sensibilidad sa pakikilahok sa isang online forum tungkol sa mga isyung panlipunan? 2. Bakit mahalagang gumamit ng magalang at inklusibong wika sa pagpapahayag ng opinyon sa online na talakayan?		Para sa Opsiyon B: Klik ng Kamalayan! Gagabayan mo ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng pagpapaalala na ang kanilang mga sagot ay dapat nagpapakita ng paggalang sa iba’t ibang pananaw, paggamit ng magalang at inklusibong wika, at responsableng pakikilahok						

	<p>3. Paano nakatutulong ang paggalang sa iba't ibang kultura at pananaw upang magkaroon ng maayos na pakikipag-ugnayan online?</p> <p>4. Paano maiwasan ang diskriminasyon, pangungutya, at maling impormasyon sa online na komunikasyon?</p> <p>5. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, at kamalayang panlipunan sa digital na espasyo?</p>	<p>sa online forum habang hinihikayat silang magbigay ng sariling karanasan, obserbasyon, o makatotohanang sitwasyon upang higit na malinang ang kanilang kamalayang panlipunan at kultural, pati na rin ang pagiging responsable</p>
<p>• PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>3. Pagtataya Opsiyon A: Piliin Mo naman ang Tama! Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon at piliin ang titik na may pinakaangkop na sagot.</p> <p>1. Nag-post si Alex tungkol sa diskriminasyon ngunit gumamit ng salitang nakakasakit. Ano ang tamang pag-unawa sa sosyal at kultural na sensibilidad?</p> <p>A. Malayang pagpapahayag kahit may nasasaktan B. Wika ay di mahalaga basta may opinyon C. Maingat at magalang na paggamit ng wika upang maiwasan ang diskriminasyon at hindi pagkakaunawaan D. Maipahayag ang panig kahit walang konsiderasyon</p> <p>2. Sa usaping gender equality, may stereotype na komento. Ano ang nagpapakita ng kamalayang kultural?</p> <p>A. Pagsang-ayon sa nakararami kahit may bias B. Paggalang sa iba't ibang pananaw at kritikal na pagsusuri sa stereotype C. Pag-iwas sa pakikilahok D. Pagtanggap lang sa kaibigan</p> <p>3. Sa mental health forum, paano maisusulong ang inklusibong talakayan?</p> <p>A. Makinig, rumespeto, at gumamit ng empatiya at tamang impormasyon</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Piliin mo naman ang Tama!</p> <p>Magagabayan ang mga mag-aaral sa gawaing ito sa pamamagitan ng malinaw na panuto na basahin at suriin nang mabuti ang bawat sitwasyon at pagpipilian batay sa tamang pagpapakita ng sosyal at kultural na sensibilidad, kamalayang panlipunan, at responsableng pakikilahok sa online forum.</p> <p>Sa gawaing ito, malilinang ang kasanayan sa kritikal na pag-unawa at pagpapasya sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sitwasyong may kaugnayan sa sosyal at kultural na sensibilidad, gayundin ang responsableng pakikilahok sa komunikasyong online.</p>

	<p>B. Magbahagi kahit walang basehan C. Gumamit ng mapanakit na salita D. Patahimikin ang iba</p> <p>4. Sa talakayan tungkol sa kahirapan, may panlalait sa mahihirap. Ano ang tamang kamalayang kultural? A. Pagtawa B. Pagwawalang-bahala C. Paggalang at pag-unawa sa iba't ibang antas ng lipunan D. Pagsang-ayon sa panlalait</p> <p>5. Sa environmental advocacy forum, paano ang responsableng pakikilahok? A. Mag-share kahit di sigurado B. Sumali lang kung sang-ayon sa karamihan C. Magkomento kahit di nabasa ang usapin D. Mapanuring pag-iisip, beripikasyon ng impormasyon, at paggalang</p>	<p>Susi sa Pagwawasto: 1. C 2. B 3. A 4. C 5. D</p>
	<p>Opsiyon B: Forum Tinig: Gabay sa Responsableng Online Pakikilahok</p> <p>Bumuo ng isang grapikong pantulong na pinamagatang 'Forum Connect' upang maipakita ang iyong pag-unawa sa sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum. Maaari kang gumamit ng concept map, infographic, flowchart, o digital poster o graphic organizer.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: ForumTinig: Gabay...</p> <p>Magagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggawa ng grapikong pantulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na halimbawa.</p> <p>Nalilinand sa ADDIE ang pagbuo sa pamamagitan ng paglikha at pag-oorganisa ng mga idea gamit ang grapikong pantulong upang maipakita ang sosyal at kultural na sensibilidad sa online forum.</p> <p>Ginamit ang <i>ChatGPT</i> upang makalikha ng larawang</p>



FORUM CONNECT

Grapikong Gabay sa Responsableng Online Pakikilahok

1 PAG-UNAWA SA SENSIBILIDAD
Isulat ang kahulugan at magbigay ng halimbawa.

SOSYAL NA SENSIBILIDAD

Kahulugan: _____

Halimbawa sa Online Forum: _____

KULTURAL NA SENSIBILIDAD

Kahulugan: _____

Halimbawa sa Online Forum: _____

2 KAMALAYANG KULTURAL SA ONLINE FORUM
Maglista ng mga kilos o pananalitang nagpapakita ng kamalayang kultural at sensibilidad.



PAGGALANG SA OPINYON NG IBA

• _____

• _____



PAGGAMIT NG INKLUSIBONG WIKA

• _____

• _____



PAGiging RESPONSABLE SA PAGBABAHAGI NG IMPORMASYON

• _____

• _____



PAGGALANG SA IBA'T IBANG KULTURA, PANINIWALA AT PANANAW

• _____

• _____



PAG-IWAS SA DISKRIMINASYON AT PANGUNGUTYA

• _____

• _____

3 MINI ONLINE FORUM SIMULATION
Gumawa ng maikling forum post (5-7 pangungusap) tungkol sa isang isyung panlipunan.



IKAW Member

Paksa / Isyu: _____

TANDAAN: Maging magalang, mapanuri, at mapagmalasakit sa bawat salitang ating ibinabahagi online.

grapikong pantulong na kakikitaan ng responsableng pakikilahok ng mga mag-aaral sa isang forum.

Tinutugunan sa PPSTang kasanayang Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy sa paggamit ng malikhaing estratehiya at grapikong pantulong upang mapaunlad ang responsableng online communication at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral.

• **PAGNINILAY**
(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

	<ul style="list-style-type: none"> • Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. <hr/> <hr/> • Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation. <hr/> <hr/> • Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakaunawa sa aralin matapos ang remediation <hr/> <hr/> • Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. <hr/> <hr/> • Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? <hr/> <hr/> • Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? <hr/> <hr/>
--	--

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

• LAYUNIN (Pagtukoy sa mga Layunin)	
Pamantayang Pangnilalaman	<p>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal. Nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamín sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensitibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.</p>
Pamantayan sa Pagganap	<p>Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i>; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensitibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.</p>
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Pagbibigay-kahulugan</p> <p>A. Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (hal. talumpati, brodkast pangmidya, kultural na pagtatanghal).</p> <p>Pakikilahok</p> <p>B. Naipakikita ang sensitibilidad sa mga panlipunang gampanin, pangkatang dinamika at kultural na pagkakakilanlan sa mga interaksyong face-to-face at online.</p>

	<p>Pagpapahayag</p> <p>C. Nakabubuo ng mga tekstong public-facing (hal. blog, komentaryo, adbokasiyang post sa social media, o maikling opinyon o kolum) na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunan.</p> <p>Pagninilay</p> <p>D. Naipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan.</p>
<ul style="list-style-type: none"> BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO 	<p>Austero, C. C. (2012). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Rex Book Store.</p> <p>Baraceros, E. L., & Lintao, R. B. (2010). <i>English 4: Oral communication in context</i>. Rex Book Store.</p> <p>Department of Education. (n.d.). *Mabisang komunikasyon: K to 12 senior high school curriculum guide - Quarter 2</p> <p>https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/MABISANG-KOMUNIKASYON.pdf#2</p> <p>Department of Education. (2025). <i>DM_s2025_048r: Strengthened senior high school curriculum pilot implementation</i>.</p> <p>https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DM_s2025_048r.pdf#3</p> <p>Dizon, A. M., et al. (2008). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Jimcy Publishing House.</p> <p>Doctor-Dinglasan, R. (2011). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino: Filipino 1</i>. Rex Book Store.</p>
<ul style="list-style-type: none"> NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO 	<p>Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan</p>
<ul style="list-style-type: none"> TUNGUHIN 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na nakapaloob sa isang talumpating may temang sosyal o kultural. 1. Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura at pagpapahalaga ng target na awdyens. 2. Naipakikita ang paggalang sa panlipunang gampanin ng iba't ibang kasapi ng komunidad (hal. nakatatanda, lider ng barangay, kapwa kabataan) sa paraan ng pakikipag-usap at pagtugon. 3. Nagagamit ang angkop na tono, tindig at pananalita sa mabisang pagtatalumpati. 4. Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging inklusibo (hal. pagkilala sa kasarian, lahi, o kakayahan ng bawat isa). 5. Nakabibigkas ng talumpati nang may malinaw na layuning pukawin ang kamalayang panlipunan ng madla tungkol sa isang isyung kultural o panlipunan.

	<p>6. Naipaliliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati.</p> <p>7. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mas mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita.</p>
<p>• PAMAMARAAN</p>	<p>TALA SA GURO</p>
<p>A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman</p>	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman</p> <p>Opsiyon A: Barangay Assembly: Ano ang Pinag-uusapan, Paano Dapat Makitungo?</p> <p><i>Panuto:</i> Ipakita ang larawan ng barangay assembly sa klase. Sabihin sa mga mag-aaral na suriin at tukuyin ang karaniwang paksa ng pagpupulong. Pangkatin ang klase sa maliliit na pangkat na may tig-4 hanggang 5 miyembro. Bigyan sila ng dalawang minuto upang talakayin ang tatlong paraan ng pakikipag-usap sa nakatatanda gamit ang talahanayan sa ibaba. Pagkatapos ng talakayan, magpaulat ng isang sagot bawat pangkat.</p>  <p>Para sa Opsiyon A: Pumili ng malinaw at makatotohanang larawan ng barangay assembly o pampublikong pagtitipon mula sa Google Images (barangay hall, pulong-bayan, o community meeting) na angkop sa edad ng mag-aaral, ipakita ito gamit ang TV, projector, o nakalimbag na larawang idikit sa pisara. Hatiin ang klase nang pantay sa bilang ng babae at lalaki gamit ang bilang 1-5, tumawag ng pangkat ayon sa numero, at hikayatin ang bawat pangkat na magbigay ng magkakaibang sagot upang maiwasan ang paulit-ulit na impormasyon.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Participating</i>, dahil hinihingi nitong talakayin ng mga mag-aaral ang angkop na paraan ng pakikipag-usap sa nakatatanda sa isang barangay assembly, na sumasalamin sa aktuwal na pakikilahok sa mga interaksyong panlipunan.</p>

***Ang mga larawan at ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng ChatGPT AI**



PPST COT

Indicator: Indicator 7.3.2

Establish safe and secure learning environments through consistent implementation of policies, guidelines, and procedures.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

- Naipakikita ang paggalang sa panlipunang gampanin

Opsiyon B: Talking Stick: Kuwentong Kultural

Panuto: Patayuin ang mga mag-aaral sa isang pabilog na pormasyon. Kung maliit ang inyong silid, maaari silang manatili sa kanilang mga upuan. Magtakda na lamang ng pagkakasunod-sunod ng pagpasa (hal. Bawat hilera). Pagkatapos, ipakita ang bola o talking stick. Ipaliwanag sa kanila na ang bagay na ito ang magsisilbing simbolo ng karapatang magsalita.

Pagkatapos ng pagpasa ng bola, tanungin ang buong klase ng sumusunod:

- Ano ang napansin ninyo sa mga sitwasyong ibinahagi?
- Ano ang magkakatulad sa mga karanasang ito?
- Bakit mahalagang maging maingat sa pagsasalita dahil sa kultura?

Para sa Opsiyon B: Simulan ang pagpasa ng bola sa unang mag-aaral. Puwedeng magsimula o kaya ay magpalista muna ng boluntaryo. Magtakda ng timer – bawat mag-aaral ay binibigyan lamang ng 30 segundoupang magsalita. Kung ang mag-aaral ay walang masabi, sabihing puwede silang magsabing “Pass” at ipasa agad ang bola sa susunod. Ipagpatuloy ang pagpasa hanggang sa makapagsalita ang 5 hanggang 7 mag-aaral. Depende ito sa oras na mayroon. Huwag pilitin na lahat ay makapagsalita kung kulang na sa oras.

		<p>Paalala: Huwag madaliin ang mga mag-aaral. Hayaan silang mag-isip, pero igalang ang takdang oras upang hindi matagalan ang buong gawain.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Participating</i>, dahil ang gawain ay nangangailangan ng mag-aaral na magsalita at makinig sa kultural na karanasan ng iba gamit ang talking stick, na siyang esensya ng pakikilahok sa isang pangkatang talakayan.</p> <p>Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST COT Indicator: Indicator 3.4.2 Use effective verbal communication strategies to support learner participation</p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Naipapakita ang paggalang sa panlipunang gampanin</i>
	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyon A: Sino Ako? (Salitang Ginulo)</p> <p><i>Panuto:</i> Ipaayos sa mga mag-aaral ang sampung ginulong letra upang mabuo ang tamang salita o parirala na may kaugnayan sa mabisang komunikasyon at kultura. Bigyan sila ng 5-7 minuto upang sagutan ang gawain at isulat sa sagutang papel ang kanilang mga sagot. Pagkatapos, sabay-sabay na suriin ang mga sagot. Panghuli, itanong</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Bago isagawa ang gawain, ihanda ang sampung ginulong salita sa pisara, sa isang worksheet, o sa isang slide presentation, pagkatapos ay ipaliwanag sa mga mag-aaral na kailangan</p>

	<p>kung alin sa mga salitang nabuo ang sa palagay nila ay pinakamahalaga sa pagsulat ng talumpati. Ipaliwanag ang kanilang sagot.</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 1</i></p>	<p>nilang ayusin ang mga letra upang mabuo ang tamang salita o parirala na may kaugnayan sa mabisang komunikasyon at kultura. Bigyan sila ng 5 hanggang 7 minuto upang sagutin ang gawain habang ang guro ay umiikot upang subaybayan ang progreso ng kanilang gawain at magbigay ng maikling clue sa mga nahihirapan (halimbawa, “ito ang tawag sa paraan ng pagtayo habang nagsasalita” para sa salitang TINDIG), pagkatapos ng takdang oras, tawagin ang mga mag-aaral upang ibigay ang kanilang sagot at isulat ang tamang sagot sa pisara habang pinagkukumpara ang mga ito sa kanilang mga sagot.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Explaining</i>, dahil kailangang ipaliwanag ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang nabuo (tulad ng tono, tindig, talumpati) at kung paano ito nauugnay sa mabisang komunikasyon.</p> <p>PPST COT Indicator:Indicator 1.3.2 <i>Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas.</i></p>
--	--	--

		<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na nakapaloob sa isang talumpating may temang sosyal o kultural. • Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura at pagpapahalaga ng target na awdyens.
	<p>Opsiyon B: TUGMAAN NG LAYUNIN</p> <p><i>Panuto:</i> Ipatugma sa mga mag-aaral ang layunin sa Hanay A sa kaukulang pahayag ng gawain sa Hanay B. Isulat nila ang titik ng tamang sagot sa patlang sa bawat bilang. Bigyan sila ng 5 hanggang 8 minuto upang sagutan ang gawain nang indibidwal.</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8 Gawain Bilang 2)</i></p> <p>Gabay na Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Alin sa mga layuning ito ang sa tingin ninyo ay pinakamahalaga para sa inyo bilang mag-aaral? Bakit? 2. Alin sa mga nilikhang pahayag ng gawain ang sa tingin ninyo ay pinakamadaling isagawa? Alin naman ang pinakamahirap? Bakit? 3. Kung kayo ay magiging isang guro, alin sa sampung layuning ito ang una ninyong ituturo sa inyong mga mag-aaral? Bakit iyon ang inyong napili? 4. Paano ninyo masasabi na ang isang mag-aaral ay matagumpay na nakamit ang alinman sa mga layuning ito? Magbigay ng isang senaryo o patunay. 	<p>Para sa Opsiyon B: Bago isagawa ang gawain, ihanda ang sampung layunin sa Hanay A at sampung pahayag sa Hanay B sa pisara, sa isang slide presentation, o sa isang pre-printed worksheet, pagkatapos ay ipaliwanag sa mga mag-aaral na kailangan nilang tugmain ang bawat layunin sa tamang pahayag sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng tamang sagot sa patlang bawat bilang. Bigyan sila ng 7 hanggang 10 minuto upang sagutan ito nang indibidwal habang ikaw ay lumilibot upang tingnan ang kanilang progreso at magbigay ng maikling gabay sa mga nahihirapan (halimbawa, “basahin mong mabuti ang bawat pahayag at</p>

	<p>5. Sa inyong sariling karanasan, alin sa mga layuning ito ang sa tingin ninyo ay kasalukuyang naipapakita na? Paano ninyo ito ipinapakita sa loob o labas ng paaralan?</p>	<p>hanapin ang pinakaangkop na layunin dito”), pagkatapos ng takdang oras ay tawagin ang mga mag-aaral upang ibigay ang kanilang mga sagot at isulat sa pisara ang tamang tugma. Habang pinagkukumpara ito sa kanilang mga sagot, at pagkatapos ng pagwawasto ay magtanong sa klase ng isang bukas na tanong tulad ng “Alin sa mga layuning ito ang sa tingin ninyo ay pinakamahalaga para sa inyo bilang mag-aaral? Bakit?” upang sila ay magkaroon ng sariling pagmamay-ari ng kanilang pagkatuto bago magpatuloy sa susunod na bahagi ng aralin.</p> <p>Talaan ng Sagot:</p> <p>1-D 6-G 2-B 7-E 3-F 8-C 4-H 9-I 5-A 10-J</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Explaining</i>, dahil hinihingi nitong ipaliwanag ng mga mag-aaral kung aling layunin ang tumutugma sa bawat pahayag ng gawain, na nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa</p>
--	---	--

		<p>bawat kasanayan.</p> <p>Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST COT Indicator: Indicator 5.1.2 <i>Design, select, organize and use diagnostic assessment strategies.</i></p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipapaliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati. • Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mas mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa</p> <p>Opsiyon A: Pagkulay ng Pananaw</p> <p><i>Panuto:</i> Pumili ng maikling talumpati tungkol sa paksang sosyal o kultural at isulat ito sa pisara. Magtalaga ng kulay para sa bawat elemento: paniniwala (dilaw), pananaw (asul), saloobin (berde) at kultural na pagpapahalaga (kahel), Basahin ang talumpati nang dalawang beses. Pagkatapos, tumawag ng ilang mag-aaral upang kulayan sa pisara ang mga bahaging tumutugma sa bawat elemento at ipaliwanag ang kanilang napili. Pagkatapos pakulayan sa lahat ng</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Pumili ng isang maikling bahagi ng talumpati (5–10 pangungusap) na may malinaw na paniniwala, pananaw, o saloobin tungkol sa isang paksang sosyal o kultural (hal. pagkakapantay-pantay, karapatan ng kabataan, paggalang sa nakatatanda, o</p>

<p>mag-aaral ang kanilang sariling kopya sa loob ng 5-7 minuto, magpabahagi ng 3-5 mag-aaral ng kanilang mga sagot. Pagkatapos, at ibuod na ang pagtukoy sa mga elementong ito upang maunawaan and kultural na mensahe ng isang talumpati.</p> <p>Mga kulay at ang kahulugan nito:</p> <div><div> KULAY</div><div> KAHULUGAN</div></div> <table><tr><td>DILAW</td><td>Paniniwala (belief) – mga pahayag na pinaniniwalaan ng sumulat</td></tr><tr><td>ASUL</td><td>Pananaw (perspective) – mga pahayag na nagpapakita ng sariling tingin o opinyon</td></tr><tr><td>BERDE</td><td>Saloobin (attitude) – mga pahayag na nagpapakita ng damdamin o emosyon</td></tr><tr><td>KAHEL</td><td>Kultural na pagpapahalaga – mga pahayag na nagmumula sa tradisyon o kultura</td></tr></table>		DILAW	Paniniwala (belief) – mga pahayag na pinaniniwalaan ng sumulat	ASUL	Pananaw (perspective) – mga pahayag na nagpapakita ng sariling tingin o opinyon	BERDE	Saloobin (attitude) – mga pahayag na nagpapakita ng damdamin o emosyon	KAHEL	Kultural na pagpapahalaga – mga pahayag na nagmumula sa tradisyon o kultura	<p>kahalagahan ng wika). Maaaring kumuha mula sa tunay na talumpati o gumawa ng sariling halimbawa. Basahin nang may wastong tono at damdamin. Huwag masyadong mabilis. Sa ikalawang pagbasa, hayaan silang sumabay nang mahina upang maging pamilyar sa teksto. Ipakita sa pisara ang color code. Siguruhing naiintindihan ng lahat ang pagkakaiba ng paniniwala (belief), pananaw (perspective), at saloobin (attitude). Tumawag ng mga mag-aaral na may iba’t ibang napiling bahagi upang makita ang pagkakaiba-iba ng interpretasyon. Tanggapin ang iba’t ibang sagot hangga’t may lohikal na paliwanag.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Explaining</i>, sapagkat hinihingi nitong tukuyin at ipaliwanag ng mga mag-aaral ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa isang talumpati gamit ang katibayan mula sa teksto</p> <p>PPST COT Indicator:Indicator 1.3.2 <i>Apply knowledge of content within and across</i></p>
DILAW	Paniniwala (belief) – mga pahayag na pinaniniwalaan ng sumulat									
ASUL	Pananaw (perspective) – mga pahayag na nagpapakita ng sariling tingin o opinyon									
BERDE	Saloobin (attitude) – mga pahayag na nagpapakita ng damdamin o emosyon									
KAHEL	Kultural na pagpapahalaga – mga pahayag na nagmumula sa tradisyon o kultura									

		<p><i>curriculum teaching areas</i>, dahil sa paggamit ng iba't ibang konteksto (barangay, paaralan, kabataan).</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na nakapaloob sa isang talumpati. 												
	<p>Opsiyon B: Sipi ng Talumpati: Pagtukoy sa Pananaw ayon sa Konteksto</p> <p><i>Panuto:</i> Pangkatin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng magkakaibang sipi ng talumpati (pambarangay, pampaaralan, at pangkabataan). Maglaan ng 10 minutong para sa talakayan. Pagkatapos, ipaulat sa bawat pangkat ang kanilang natuklasang pananaw at ang mga patunay mula sa sipi. Habang nag-uulat ang bawat pangkat, itala sa pisara ang kanilang mga sagot gamit ang isang talahanayan upang makita ng buong klase ang pagkakaiba ng pananaw ayon sa konteksto.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Uri ng Talumpati</th><th>Pangunahing Pananaw</th><th>Katibayan mula sa Sipi</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Pambarangay</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>Pampaaralan</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>Pangkabataan</td><td></td><td></td></tr> </tbody> </table> <p>Gabay na Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> Ano ang konteksto ng talumpati? (pambarangay, pampaaralan, o pangkabataan) Sino ang target na awdyens ng talumpating ito? 	Uri ng Talumpati	Pangunahing Pananaw	Katibayan mula sa Sipi	Pambarangay			Pampaaralan			Pangkabataan			<p>Para sa Opsiyon B: Gumawa o kumuha ng tatlong maikling sipi ng talumpati (5-8 pangungusap bawat isa) na angkop sa kontekstong pambarangay, pampaaralan, at pangkabataan. Siguruhing malinaw ang pananaw na ipinapakita ng bawat isa. Ang talumpating pambarangay ay dapat may temang pangkomunidad at gumagamit ng magagalang na pananalita. Ang pampaaralan ay pormal at nakatuon sa edukasyon. Ang pangkabataan ay mas masigla at direktang kumakausap sa kapuwa kabataan. Habang nagtatalakay ang mga pangkat, lumibot upang makinig at magbigay ng gabay. Huwag manghimasok maliban kung</p>
Uri ng Talumpati	Pangunahing Pananaw	Katibayan mula sa Sipi												
Pambarangay														
Pampaaralan														
Pangkabataan														

	<p>3. Ano ang pangunahing paniniwala, pananaw, o saloobin na ipinapakita ng sumulat?</p> <p>4. Magbigay ng isang pangungusap mula sa sipi na nagpapatunay sa inyong natukoy.”</p>	<p>naliligaw na sila. Itanong ang mga gabay na tanong upang mapalalim ang kanilang pagsusuri. Paalalahanan ang bawat pangkat na pumili ng mag-uulat at maghanda ng kanilang sasabihin. Maaari silang gumamit ng manila paper upang isulat ang kanilang mga sagot.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Explaining</i>, dahil hinihingi nitong suriin ng bawat pangkat ang kanilang sipi at ipaliwanag ang pangunahing pananaw nito gamit ang katibayan mula sa teksto.</p> <p>Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST COT Indicator: Indicator 1.3.2 <i>Apply knowledge of content within and across curriculum teaching areas</i></p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <p>Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na nakapaloob sa isang talumpati.</p>
--	---	--

	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>I. Panimula: Ang Kahalagahan ng Talumpati sa Kabataan at Komunidad</p> <p>Ang talumpati ay isang organisado at may layuning pagpapahayag ng idea sa harap ng maraming tao. Sa mga paaralan, barangay, at pagtitipong pangkabataan, ito ay nagsisilbing tulay upang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay-kaalaman (hal. tungkol sa kalinisan, edukasyon, o kalusugan). • Manghikayat (hal. bumoto nang tama, sumali sa programa). • Magbigay-inspirasyon (hal. sa pagtatapos, pagpupulong ng kabataan). • Magsagawa ng akisyon (hal. cleanup drive, feeding program). <p>II. Bahagi ng Talumpati ayon sa Paksa at Tagapakinig</p> <p>Bago sumulat ng talumpati, kailangang tukuyin ang layunin at tagapakinig.</p> <p>A. Para sa Paaralan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tagapakinig: mag-aaral, guro, punong-guro, at mga magulang. • Karaniwang okasyon: <i>Flag ceremony, moving up/graduation, buwan ng wika, student council election.</i> • Uri ng talumpati: Pormal, may lohikal na daloy, may halimbawang pang-edukasyon. • Halimbawang paksa: "Ang Disiplina sa Sarili ay Susi sa Tagumpay," "Pagpapahalaga sa Wikang Filipino." <p>B. Para sa Barangay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tagapakinig: magkakaibang edad (matatanda, magulang, kabataan, bata). • Wikang gagamitin: mas magaan, kolokyal, may lokal na termino. • Paksa: basura, droga, kriminalidad, vaccination, disaster preparedness. • Estilo: Direkta, makabuluhan sa araw-araw na buhay, madaling tandaan. 	
--	--	--

	<p>C. Para sa Pagtitipong Pangkabataan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tagapakinig: kabataan (12–30 taong gulang), aktibista man o hindi. • Atmosphere: mas masigla, maaaring hindi pormal, interaktibo. • Paksa: mental health, career path, first love, <i>social media</i>, leadership. • Estilo: Inspirational, nakakaengganyo, gamit ang teen slang sa tama. <p>III. Proseso ng Pagsulat ng Talumpati</p> <p>Hakbang 1: Pagpili ng Paksa at Anggulo Pumili ng paksa na tiyak at nakabatay sa pangangailangan ng iyong tagapakinig. Halimbawa sa halip na "Edukasyon" ay gamitin ang "Edukasyon sa Panahon ng Makabagong Teknolohiya."</p> <p>Hakbang 2: Pananaliksik at Pangangalap ng Idea Magsagawa ng pananaliksik at mangalap ng mga idea mula sa personal na karanasan, datos, balita, o kuwento mula sa komunidad upang maging makatotohanan ang iyong talumpati.</p> <p>Hakbang 3: Pagbuo ng Balangkas Ayusin ang iyong mga idea sa tatlong bahagi: panimula, katawan, at konklusyon, kung saan ang panimula ay dapat nakakukuha ng atensyon, ang katawan ay naglalaman ng tatlo hanggang limang pangunahing punto, at ang konklusyon ay naglalagom at nagbibigay ng panawagan sa aksyon.</p> <p>Hakbang 4: Pagsusulat sa Natural na Daloy Isulat ang talumpati na parang kausap mo ang iyong tagapakinig, gumamit ng maikli at malilinaw na pangungusap, at iwasan ang malalim na salita kung hindi kinakailangan.</p> <p>Hakbang 5: Pag-eedit at Pag-eensayo Basahin nang malakas ang iyong isinulat upang suriin kung tama</p>	
--	---	--

	<p>ang ritmo nito, tanggalin ang mga paulit-ulit na salita, at lagyan ng direksyon sa tono tulad ng (mahina), (biglang lakas), o (seryoso) upang gabayan ang iyong pagbigkas.</p> <p>IV. Pagbigkas ng Talumpati – Mga Teknik</p> <p>A. Boses at Pagsasalita</p> <ul style="list-style-type: none"> • Artikulasyon: Bigkasin nang linaw ang bawat pantig. • Bilis: Katamtaman lamang; bumagal sa mahahalagang bahagi. • Tonality: Iba-iba ang tono para iwas <i>monotone</i>. • Pause: Tahimik na sandali pagkatapos ng mahalagang pahayag. <p>B. Kilos at Mukha</p> <ul style="list-style-type: none"> • Eye contact: Tumigin sa iba’t ibang bahagi ng madla. • Kumpas ng kamay: Natural, hindi sobra o sobrang tigas. • Postura: Tumayo nang matuwid pero hindi paninigas. • Ekspresyon ng mukha: Dapat tugma sa sinasabi (ngiti, seryoso, pagtataka). <p>C. Pakikipag-ugnayan sa Madla</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magtanong nang retorikal: “<i>Alam niyo ba kung ano ang pinakamalaking kayamanan ng isang kabataan?</i>” • Gumamit ng “tayo” sa halip na “ako” para sa inklusyon. • Maaaring magpatayo, pumalakpak, o sumagot nang sabay-sabay kung maikli lang. 	
--	---	--

V. Mga Karaniwang Pagkakamali at Paano Iiwasan		
Pagkakamali	Solusyon	
Kabisado pero parang robot	Intindihin ang nilalaman, huwag kabisahin nang mekanikal.	
Masyadong mahaba	Sukatin mo ang iyong oras sa pagtatalumpati at tandaan na sapat na ang tatlo hanggang pitong minuto para sa mga tagapakinig na kabataan o tagabarangay.	
Walang koneksyon sa tagapakinig	Magbigay ng halimbawang pamilyar sa kanila.	
Kinakabahan nang labis	Huminga nang malalim bago magsalita; magsimula nang mabagal.	
Walang pagsasanay	Ensayo sa harap ng salamin o kaibigan; irekord ang sarili.	
3. Paglinang ng Kabihasaan Opsiyon A: ROLL THE DICE: Ingklusibong Hamon <i>Panuto:</i> Ihagis ang dice sa harapan ng klase, at batay sa numerong lalabas, tawagin mo ang isang mag-aaral o pangkat upang sagutin ang kaukulang hamon sa loob ng 1 minuto, at ulitin ito nang ilang beses upang maraming mag-aaral ang makasagot o kaya ay limitahan sa tatlong numero kung kulang sa oras.		Para sa Opsiyon A: Maghanda ng isang malaking dice o digital dice app na makikita ng buong klase, isulat o ipakita ang sampung hamon sa pisara o slide, pagkatapos ay maghagis ng dice at tawagin ang isang mag-aaral o pangkat upang sagutin ang kaukulang hamon sa loob ng 1 minuto, magbigay ng positibong feedback at maikling clue kung kinakailangan, at kung limitado ang oras ay pumili lamang ng tatlong numero, o kaya ay ipangkat ang klase upang maging mas kolaboratibo ang gawain.
<div> <div>Numero</div> <div>  </div> </div> <div> <div>Hamon</div> <div> <div>Magsabi ng isang magalang na pananalita na gagamitin sa nakatatanda.</div> </div> </div>		

	<div data-bbox="582 223 750 383"></div> <div data-bbox="779 228 1534 371"> <p>Ano ang sasabihin mo kung hindi ka sang-ayon sa opinion ng isang lider ng barangay?</p> </div> <div data-bbox="616 438 761 582"></div> <div data-bbox="779 443 1534 587"> <p>Paano mo tatapusin ang isang talumpati upang mag-iwan ng kamalayang panlipunan?</p> </div> <div data-bbox="616 646 761 798"></div> <div data-bbox="779 655 1534 837"> <p>Ibigay ang iyong bersyon ng isang ingklusibong panimula ng talumpati (walang binabansang kasarian)</p> </div> <div data-bbox="616 901 761 1045"></div> <div data-bbox="779 906 1534 1050"> <p>Ano ang angkop na tindig at tono kapag kausap ang isang taong may kapansanan?</p> </div> <div data-bbox="604 1141 750 1300"></div> <div data-bbox="779 1125 1534 1337"> <p>Paano mo ipapakita ang paggalang sa panlipunang gampanin ng isang nakatatanda habang ikaw ay nagsasalita sa isang pagpupulong?</p> </div>	<p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Producing</i>, dahil ang mga mag-aaral ay aktuwal na bumubuo at nagbibigkas ng kanilang sariling mga pahayag bilang tugon sa hamon, tulad ng paggamit ng ingklusibong wika o pagpapakita ng paggalang sa kultura.</p> <p>PPST COT Indicator:<i>Indicator 5.1.2</i> Design, select, organize and use formative assessment strategies.</p> <p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagagamit ang angkop sa tono, tindig at pananalita. • Nakapagbibigkas ng talumpati nang may malinaw na layuning pukawin ang kamalayang panlipunan ng madla tungkol sa isang isyung kultural o panlipunan.
--	--	--

	<div data-bbox="584 220 719 347"></div> <div data-bbox="784 239 1503 312" data-label="Text"> <p>Magbigay ng isang pangungusap na nagpapakita ng pagrespeto sa ibang kultura</p> </div> <div data-bbox="577 411 712 547"></div> <div data-bbox="790 410 1494 515" data-label="Text"> <p>Sa iyong sariling pananaw, bakit mahalagang maging maingat sa ono ng boses kapag kausap ang isang taong may ibang paniniwala?</p> </div> <div data-bbox="577 608 723 754"></div> <div data-bbox="759 614 1518 716" data-label="Text"> <p>Ano ang iyong sasabihin upang hikayatin ang iyong kapwa kabataan na maging sensitibo sa kultura ng iba?</p> </div> <div data-bbox="577 802 712 932"></div> <div data-bbox="768 818 1509 892" data-label="Text"> <p>Magbigay ng isang halimbawa ng pangungusap na gumagamit ng inklusibong wika</p> </div> <div data-bbox="577 954 723 1099"></div> <div data-bbox="784 987 1503 1061" data-label="Text"> <p>Magbigay ng isang pangungusap na nagpapakita ng pagrespeto sa ibang kultura</p> </div>	
	<p>Opsiyon B: TWEET MO, SAGOT MO: Pinaikling Talumpati para sa Social Media</p> <p><i>Panuto:</i> Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang maikling pahayag na tulad ng tweet (280 karakter o mas mababa) na nagtataguyod ng pagiging inklusibo, paggalang sa kultura, o kamalayang panlipunan, gamit ang angkop na tono at pananalita bilang isang kabataang lider</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Maghanda ng hugis-kahon na mga papel (gupit mula sa manila paper o bond paper) at siguruhing may marker o colored pen ang bawat mag-aaral, magbigay ng</p>

	<p>na nagsasalita sa isang pampublikong pagtitipon, pagkatapos ay ipaskil ang lahat ng kanilang ginawa sa pisara o dingding at magsagawa ng gallery walk sa loob ng 3 minuto upang mabasa ng bawat isa ang gawa ng kanilang kaklase at pumili ng tatlong mag-aaral na magbabahagi kung aling tweet ang kanilang nagustuhan at kung bakit.</p> <div data-bbox="568 453 1196 810"> <div>  Pangalan ng Account @username </div> <div> Ilagay dito ang iyong mensahe, opinyon, o sagot. </div> <div>  Like  Retweet  Reply </div> </div> <p>Ang gawaing ito ay sumusunod sa Integrated Planning Tool (IPT) dahil hindi lamang pagsulat ng talumpati ang pokus kundi ang pag-angkop nito sa makabagong plataporma (<i>social media</i>/tweet) na nangangailangan ng pagpili ng pinakamahahalagang salita sa loob ng limitadong karakter, habang isinusulong ang ingklusibong wika at paggalang sa kultura, at nagtatapos sa gallery walk upang magkaroon ng peer feedback at kolektibong pagkatuto.</p>	<p>malinaw na halimbawa ng tweet na may 280 karakter. Ipaalala ang limitasyon sa karakter at imungkahing isulat muna sa scratch paper bago ilipat sa kahon, pagkatapos ng 5 minuto ay ipaskil ang lahat ng tweet sa pisara o dingding nang magkakalayo. Magsagawa ng 3 minutong gallery walk kung saan tahimik na babasahin ng mga mag-aaral ang gawa ng bawat isa, at pagkatapos ay tumawag ng 3 mag-aaral upang ibahagi kung aling tweet ang nagustuhan nila, kung bakit, at anong kultural na pagpapahalaga ang ipinakita nito.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay Producing dahil ang mga mag-aaral ay lumilikha ng sarili nilang maikling teksto (tweet) na nagtataguyod ng ingklusibo at magalang na komunikasyon, na isang anyo ng pagpapahayag sa pampublikong espasyo.</p> <p>PPST COT Indicator: Indicator 4.5.2 Manage learner behavior constructively by applying positive discipline.</p>
--	---	--

		<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging ingklusibo. • Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mas mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita.
<ul style="list-style-type: none"> • Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan 	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: CODE OF RESPECT: Pagsasalin ng Magalang na Pananalita sa Iba't ibang Wika.</p> <p><i>Panuto:</i> Ipasalin sa mga mag-aaral ang sampung ibinigay na pangungusap mula sa Filipino patungo sa kanilang sariling wikang kinabibilangan (Bisaya, Ilocano, Hiligaynon, Bicolano, Ingles, o iba pa) habang pinapanatili ang pagiging magalang at ingklusibo. Pagkatapos, ipasagot sa kanila ang mga tanong na may integrasyon sa Mother Tongue at Digital Literacy. Sa huli, tumawag ng isang mag-aaral na kumakatawan sa iba't ibang wika upang ibahagi ang kanilang salin at ipaliwanag kung paano naipakita ang paggalang sa kani-kanilang wika.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Ipaliwanag sa mga mag-aaral na maaari silang sumangguni sa kanilang mga magulang, nakatatandang kamag-anak, o sinumang bihasa sa wikang kanilang gagamitin, at maaari ring payagan ang paggamit ng diksyunaryo o translation app bilang panimulang sanggunian ngunit hindi ito laging tumpak lalo na sa pagpapahayag ng paggalang. Pagkatapos ay bigyan sila ng 10 minuto upang isalin ang sampung pangungusap at sagutin ang mga tanong nang indibidwal. Tumawag ng mga mag-aaral na handang magbahagi ng kanilang salin at isulat sa pisara ang iba't ibang bersyon mula sa iba't ibang wika upang makita ang pagkakaiba-iba ng</p>



CODE OF RESPECT:

Pagsasalin ng Magalang na Pananalita sa Ibang Wika



PANUTO SA MAG-AARAL

Narito ang sampung pangungusap na nagpapakita ng magalang at inklusibong pananalita sa Filipino. Ang iyong gawain ay isalin ang mga ito sa iyong sariling wikang kinabibilangan (hal. Bisaya, Ilocano, Hiligaynon, Bicolano, Waray, Kapampangan, Pangasinan, o Ingles) habang pinapanatili ang pagiging magalang at inklusibo. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Bilang	Pangungusap sa Filipino	Salin sa Iyong Wika
1	"Magandang araw po sa inyong lahat."	
2	"Paumanhin po sa abala, ngunit may mungkahi po ako."	
3	"Iginagalang ko po ang inyong opinyon."	
4	"Lahat po tayo, anuman ang kasarian o kakayahan, ay may karapatang marinig."	
5	"Maraming salamat po sa inyong pakikinig."	
6	"Maaari ko po bang ibahagi ang aking pananaw?"	
7	"Hindi po ako sang-ayon, ngunit nirerespeto ko po ang inyong desisyon."	
8	"Anuman po ang inyong paniniwala, kayo po ay bahagi ng aming komunidad."	
9	"Paumanhin po, hindi ko sinasadya na makasakit ng inyong damdamin."	
10	"Magkaisa po tayo para sa ikabubuti ng lahat, anuman ang ating pinagmulan."	

MGA TANONG:

- Ano ang kahalagahan ng paggamit ng magalang at inklusibong pananalita?
- Alin sa mga pangungusap ang madalas mong ginagamit? Bakit?
- Paano mo maipapakita ang respeto sa ibang tao sa iyong pang-araw-araw na buhay?
- Ano ang napagtanto mo matapos isalin ang mga pangungusap sa iyong wika?



Magalang na pananalita ay tulay ng pag-unawa at pagkakaisa.
RESPETO ay para sa LAHAT!

pagpapakita ng paggalang. Ipaliwanag na ang kawalan ng direktang katumbas ng “po” at “opo” sa ibang wika ay hindi nangangahulugang walang paggalang dahil ang paggalang ay naipapakita rin sa pamamagitan ng tono, pagpili ng salita, at paggamit ng tamang titulo (tulad ng “manong,” “manang,” “nana,” “tata,” “sir,” “ma’am”), at sa wakas ay ipasulat sa kanila ang isang pangungusap sa kanilang sariling wika para sa isang partikular na sitwasyon bilang exit ticket upang matasa ang kanilang pag-unawa.

Salig sa SSHS-IDF, ito *Participating*, dahil ang mga mag-aaral ay aktuwal na nakikilahok sa isang gawaing pagsasalin na nangangailangan ng pakikipag-ugnayan sa ibang wika at kultura upang mapanatili ang paggalang sa komunikasyon.

PPST COT Indicator:*Indicator 3.4.2* Use effective verbal and non-verbal classroom communication strategies.

		<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura at pagpapahalaga ng target na awdyens. • Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mas mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita.
	<p>Opsiyon B: RESPETO METER: Suriin ang Iyong Tugon</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay sa bawat mag-aaral ang worksheet na may tatlong sensitibong sitwasyon at ang decision matrix, pagkatapos ay papiliin sila ng isang sitwasyon. Bigyan sila ng 8 minuto upang magtalaga ng puntos mula 1 hanggang 5 para sa bawat tugon (tahimik na umalis, sumagot nang galit, o magsalita nang magalang at mahinahon) gamit ang apat na pamantayan (paggalang sa kultura, hindi pananakit ng damdamin, pagpapahayag ng pananaw, at pagtataguyod ng ingklusibo at kamalayang panlipunan), pagkatapos ay ipakalkula ang kabuuang iskor ng bawat tugon, at sa wakas ay tumawag ng tatlong mag-aaral upang ibahagi kung aling tugon ang may pinakamataas at pinakamababang iskor at basahin ang kanilang aktuwal na pahayag na magalang, ingklusibo, at may kultural na sensibilidad.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Bago mo ibigay ang gawain, ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang matrix ay tutulong sa kanila na paghambingin ang tatlong posibleng tugon sa isang sensitibong sitwasyon – ang tahimik na pag-alis, ang pagsagot nang galit, at ang pagsasalita nang magalang at mahinahon – gamit ang apat na pamantayan: paggalang sa kultura, hindi pananakit ng damdamin, pagpapahayag ng pananaw, at pagtataguyod ng ingklusibo at kamalayang panlipunan. Bigyan sila ng 8 minuto upang pumili ng isang sitwasyon sa tatlo (A, B, o C) at magbigay ng puntos mula 1 hanggang 5 para sa bawat</p>

	<p>Mga Sensitibong Sitwasyon:</p> <div data-bbox="584 284 869 363">  SITWASYON </div> <div data-bbox="1093 284 1377 371">  DISKRIPSYON </div> <div data-bbox="663 448 790 579"> <p>A</p> </div> <div data-bbox="913 408 1525 568"> <p>May nakatatanda na hayagang binabastos ang paniniwala ng iyong relihiyon sa isang pagpupulong.</p> </div> <div data-bbox="663 652 790 783"> <p>B</p> </div> <div data-bbox="913 616 1525 799"> <p>Ang kapitan ng barangay ay nagbigay ng pondo para sa isang programa ngunit hindi kasama ang mga batang may kapansanan.</p> </div> <div data-bbox="663 863 790 994"> <p>C</p> </div> <div data-bbox="925 842 1529 1010"> <p>May isang magulang na nagsabi sa iyo: “Wala kang karapatang magsalita dahil bata ka pa.”</p> </div>	<p>tugon sa bawat pamantayan. Pagkatapos ay ipakalkula ang kabuuang iskor upang malaman nila kung aling tugon ang pinakamabisa at alin ang hindi angkop. Pagkatapos ng takdang oras, tumawag ka ng tatlong mag-aaral upang ibahagi sa klase ang kanilang napiling sitwasyon. Ang tugon na may pinakamataas na iskor at kung bakit, at ang tugon na may pinakamababang iskor at kung bakit ito hindi angkop. Ipabasa mo rin sa kanila ang kanilang isinulat na aktuwal na pahayag para sa napiling sitwasyon, at siguruhing ang pahayag na iyon ay magalang, inklusibo, at nagpapakita ng kultural na sensibilidad – halimbawa, sa halip na sumigaw o manahimik na lamang, maaari nilang sabihin: “Ginagalang ko po ang inyong paniniwala, ngunit hiling ko rin po na igalang ninyo ang akin.” Sa wakas, ipaliwanag mo na ang pagtimbang ng mga opsyon bago sumagot ay isang mahalagang kasanayan sa etikal na komunikasyon (Values Education) dahil hindi lahat ng sitwasyon ay nangangailangan</p>
--	---	---



RESPETO METER:

Suriin ang Iyong Tugon

Panuto: Suriin ang bawat tugon batay sa pamantayan sa ibaba. Lagyan ng iskor mula 1 (pinakamababa) hanggang 5 (pinakamataas) sa bawat kahon. Pagkatapos, bilangin ang kabuuang iskor.

Ethical Decision Matrix

Pamantayan	Tugon A (Tahimik na umalis)	Tugon B (Sumagot nang galit)	Tugon C (Magsalita nang magalang at mahinahon)
 Iginagalang ang kultura ng kausap (1-5)			
 Hindi nakakasakit ng damdamin (1-5)			
 Naipapahayag ang iyong pananaw (1-5)			
 Nagtataguyod ng inklusibo at kamalayang panlipunan (1-5)			
Kabuuang Iskor			



Pagninilay: Aling tugon ang may pinakamataas na iskor? Bakit ito ang mas makatarungan at magalang na pagpipilian? _____



ng agarang reaksiyon – minsan, ang mahinahon at magalang na pagsasalita ang pinakamabisang tugon upang mapanatili ang respeto at magbukas ng maayos na usapan.

Salig sa SSHS-IDF, ito ay *Participating*, dahil hinihingi nitong suriin ng mag-aaral ang iba't ibang posibleng tugon sa isang sensitibong sitwasyong pangkomunikasyon at pumili ng angkop na sasabihin, na sumasalamain sa aktuwal na pakikipag-ugnayan at pakikilahok sa mga interaksyong panlipunan nang may kultural na sensibilidad.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura.

PPST COT Indicator: Indicator 4.1.2 (*Plan, manage, and implement developmentally sequenced teaching and learning processes*), dito ay sinusuri ang kultural na pagtugon bago sumagot.

2. Paglalahat

Opsiyon A: 3-IN-1 RESPETO: Salita, Pangako, at Larawan ng Paggalang

Panuto: Bigyan ng 5 minuto ang mga mag-aaral upang kumpletuhin sa isang manila paper o kwaderno ang tatlong bahagi ng paglalahat – isang salita na tumutukoy sa pinakamahalagang natutunan, isang pangungusap na nagpapakita ng kanilang paniniwala tungkol sa mabisang komunikasyon sa iba’t ibang kultura, at isang simpleng larawan na nagpapakita ng paggalang sa kultura ng iba – pagkatapos ay magsagawa ng 3 minutong gallery walk upang makita ng lahat ang gawa ng bawat isa, at sa wakas ay tumawag ng tatlong mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang napiling salita at ang kanilang iginuhit na larawan.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 3

Rubrik ng Pagwawasto:

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)
Bahagi 1: Salita	Napaka-angkop at may malalim na koneksyon sa aralin	Angkop ngunit hindi gaanong malalim	May kaugnayan ngunit hindi gaanong tumatak	Walang kaugnayan sa aralin
Bahagi 2: Pangako	Malinaw, makabuluhan, at nagpapakita ng tunay na paniniwala	Malinaw ngunit medyo pangkalahatan	Hindi masyadong malinaw ang mensahe	Hindi nauunawaan o walang koneksyon
Bahagi 3: Larawan ng Paggalang	Malinaw ang mensahe ng larawan at may paliwanag	Medyo malinaw ang mensahe	Hindi masyadong malinaw ang koneksyon sa paggalang	Walang paliwanag o hindi nauugnay

Para sa Opsiyon A: Ipaliwanag nang malinaw sa mga mag-aaral na ang “one word” ay isang salitang kumakatawan sa pinakatumatak sa kanilang isipan, ang “one sentence” ay isang buong pangungusap ng kanilang sariling paniniwala tungkol sa mabisang komunikasyon, at ang “one picture” ay isang simpleng guhit (maaaring stick figure) ng isang eksena ng paggalang sa kultura. Pagkatapos ay bigyan sila ng 5 minuto upang gawin ang gawain habang ang guro ay lumilibot upang magbigay ng positibong pampatibay-loob lalo na sa mga nahihirapang gumuhit, pagkatapos ng 5 minuto ay magsagawa ng 3 minutong gallery walk (maaaring may mahinang musika) upang tingnan ng mga mag-aaral ang gawa ng kanilang mga kaklase, at sa wakas ay tumawag ng tatlong mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang napiling “one word” at ang kanilang iginuhit na larawan kung paano ito nauugnay sa paggalang sa kultura ng iba.

		<p>Salig sa SSHS-IDF, ito Reflecting, dahil hinihingi nitong magbalik-tanaw ang mga mag-aaral sa kanilang buong aralin at ipaliwanag kung ano ang pinakamahalagang natutunan nila tungkol sa kultural na sensibilidad sa pamamagitan ng salita, pangako, at larawan.</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipapaliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati. <p>PPST COT Indicator:Indicator 5.2.2 Monitor and evaluate learner progress using learner attainment data.</p>
	<p>Opsiyon B: TATLONG HAKBANG PAITAAS: Buod ng Natutunan sa Talumpati</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay sa bawat mag-aaral ang worksheet na may pyramid diagram, pagkatapos ay ipakumpleto sa kanila ang tatlong antas sa loob ng 8 minuto – kung saan ang Antas 1 (ibabaw) ay isang pangungusap tungkol sa pinakamahalagang natutunan sa pagtukoy ng paniniwala o pananaw sa talumpati, ang Antas 2 (gitna) ay dalawang paraan ng pagpapakita ng sensibilidad sa kultura ng awdyens, at ang Antas 3 (ilalim) ay tatlong pangungusap na</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang pyramid ay sumisimbolo ng pag-akyat ng pagkatuto kung saan ang Antas 1 (tuktok) ay isang pinakamahalagang aral, ang Antas 2 ay dalawang konkretong paraan na kanilang aktuwal na gagawin, at ang</p>

nagpapaliwanag kung bakit mahalagang magnilay pagkatapos magtalumpati at kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pagpapahayag – pagkatapos ng takdang oras ay tumawag ng tatlong mag-aaral upang ibahagi ang kanilang sagot sa Antas 1.




Antas 3 (base) ay tatlong pangungusap ng malalim na pagninilay. Pagkatapos ng takdang oras ay tumawag ng tatlong mag-aaral upang ibahagi ang kanilang sagot sa Antas 1, at sa wakas ay ipakolekta ang mga worksheet upang basahin ang Antas 2 at Antas 3 bilang formative assessment upang malaman kung aling bahagi ng aralin ang kailangan pang balikan.


Salig sa SSHS-IDF, ito Reflecting, dahil ang mga mag-aaral ay kinakailangang magpaliwanag kung paano nakaapekto ang kanilang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagpapahayag, na isang malalim na proseso ng pagninilay.

PPST COT Indicator: Indicator 5.2.2 Monitor and evaluate learner progress using learner attainment data.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

- Naipapaliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang

		kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati.
	<p>3. Pagtataya</p> <p>Opsiyon A: SPECH-TIVE: Maging Detective ng mga Salita</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay sa bawat mag-aaral ang sipi ng talumpati at ang worksheet na may limang tanong, pagkatapos ay bigyan sila ng 10 minuto upang sagutan nang indibidwal bilang pagtataya sa kanilang kakayahang tukuyin ang mga paniniwala at pananaw na nakapaloob sa talumpati, suriin ang ingklusibong wika, imungkahi ang angkop na tono para sa ibang konteksto, at magnilay sa epekto ng kanilang sariling kamalayang kultural.</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 4</i></p>  <p>The worksheet, titled "Sipi ng Talumpati", contains the following text and questions:</p> <p>(Para sa Pagtitipong Pangkabataan):</p> <p>"Mga kaibigan, madalas nating marinig na ang kabataan daw ay walang pakialam. Pero sa tingin ko, hindi totoo iyon. Naniniwala ako na marami sa atin ang may malasakit – natatakot lamang tayong magsalita dahil baka hindi tayo seryosohin. Ngayon, gusto kong sabihin sa inyo: may halaga ang bawat isa sa atin. Anuman ang iyong kasarian, ang iyong pinagmulan, o ang iyong kakayahan – ikaw ay mahalaga."</p> <p>Mga Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang dalawang paniniwala ng nagsalita tungkol sa kabataan? 2. Anong pananaw ang ipinapakita ng nagsalita tungkol sa dahilan kung bakit natatakot magsalita ang kabataan? 3. Anong mga salita ang nagpapakita ng inklusion (pagiging kasama ang lahat)? Magbigay ng dalawa. 4. Kung ikaw ang nagsalita, paano mo babaguin ang tono upang maging angkop ito para sa isang barangay assembly (kausap ang nakatatanda)? 5. Sumulat ng isang replektibong pangungusap: Paano nakaapekto ang iyong sariling kamalayang kultural sa iyong pag-unawa sa talumpating ito? 	<p>Para sa Opsiyon A: Ibigay sa bawat mag-aaral ang sipi ng talumpati at ang worksheet na may limang tanong, pagkatapos ay bigyan sila ng 10 minuto upang sagutan nang indibidwal bilang pagtataya sa kanilang kakayahang tukuyin ang mga paniniwala at pananaw na nakapaloob sa talumpati, suriin ang ingklusibong wika, imungkahi ang angkop na tono para sa ibang konteksto, at magnilay sa epekto ng kanilang sariling kamalayang kultural.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay Explaining, dahil ang pagtataya ay sumusukat sa kakayahan ng mag-aaral na tukuyin at ipaliwanag ang mga paniniwala, pananaw, at ingklusibong wika na nakapaloob sa isang talumpati.</p> <p>PPST COT Indicator: Indicator 5.1.2 Design, select, organize and use summative assessment strategies.</p>

		<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na nakapaloob sa isang talumpating may temang sosyal o kultural. • Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging inklusibo (hal. pagkilala sa kasarian, lahi, o kakayahan ng bawat isa).
	<p>Opsiyon B: TALA NG PUSO: Ang Aking Journal sa Talumpati <i>Panuto:</i> Sabihin sa mga mag-aaral na isipin nila na sila ay nagbigay na ng talumpati sa harap ng klase tungkol sa isang isyung panlipunan o kultural, pagkatapos ay ipasulat sa kanilang kwaderno o sa isang buong papel ang isang replektibong journal entry na may 5 hanggang 7 pangungusap na sumasagot sa apat na gabay na tanong (karanasan sa pagbigkas, epekto ng kamalayang kultural, natuklasan tungkol sa sariling kakayahan, at mga gagawin upang mapabuti), at bigyan sila ng eksaktong 8 minuto upang gawin ito. <i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 5</i></p> 	<p>Para sa Opsiyon B: Bago magsimula ang gawain, basahin nang malakas ang apat na gabay na tanong at magbigay ng maikling halimbawa upang maging malinaw sa mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa bawat tanong – halimbawa, para sa unang tanong ay maaari nilang sabihin kung sila ay kinakabahan o naging komportable, at para sa pangalawang tanong ay kung paano nila ginamit ang po at opo dahil sa aralin tungkol sa paggalang sa nakatatanda. Siguruhing ipaalala sa kanila na ang replektibong journal ay hindi kailangang perpekto at walang maling sagot, ang mahalaga ay maging tapat sila sa kanilang sariling karanasan</p>

	<p>Gabay na Tanong:</p> <ul style="list-style-type: none">• Ano ang iyong naging karanasan sa pagbigkas ng talumpati?• Paano nakaapekto ang iyong kamalayang kultural sa iyong pag-unawa sa paksa at sa iyong pagbigkas?• Ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sariling kakayahang maging sensitibo sa kultura?• Ano ang iyong gagawin upang mapabuti ang iyong pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita? <p>Rubrik ng Pagwawasto:</p> <table><tr><th>Pamantayan</th><th>Puntos</th></tr><tr><td>Nasagot ang lahat ng 4 na tanong (Nilalaman)</td><td>10 pts.</td></tr><tr><td>May lalim at katapatan ang pagninilay</td><td>10 pts.</td></tr><tr><td>May kongkretoong mungkahi para sa pagpapabuti</td><td>5 pts.</td></tr><tr><td>Kabuoan</td><td>25 pts.</td></tr></table>	Pamantayan	Puntos	Nasagot ang lahat ng 4 na tanong (Nilalaman)	10 pts.	May lalim at katapatan ang pagninilay	10 pts.	May kongkretoong mungkahi para sa pagpapabuti	5 pts.	Kabuoan	25 pts.	<p>at pagkatuto. Pagkatapos ng 8 minuto, kolektahin ang kanilang mga sagot at gamitin ang rubrik na 10 puntos para sa nilalaman (nasagot ba ang lahat ng apat na tanong?), 10 puntos para sa pagninilay (may lalim at katapatan ba ang sagot?), at 5 puntos para sa mungkahi (kongkreto ba ang planong pagpapabuti sa susunod na pagsasalita?) – kabuoang 25 puntos, at maaari mo ring gawing exit ticket ang gawaing ito upang mabilis na matasa ang natutunan ng mga mag-aaral bago sila umalis ng klase.</p> <p>Salig sa SSHS-IDF, ito Reflecting, dahil ang replektibong journal ay nagtatala ng sariling karanasan, epekto ng kamalayang kultural, at mga pagbabagong gagawin sa susunod na pagsasalita.</p> <p>PPST COT Indicator: Indicator 5.2.2 Monitor and evaluate learner progress using learner attainment data.</p>
Pamantayan	Puntos											
Nasagot ang lahat ng 4 na tanong (Nilalaman)	10 pts.											
May lalim at katapatan ang pagninilay	10 pts.											
May kongkretoong mungkahi para sa pagpapabuti	5 pts.											
Kabuoan	25 pts.											

		<p><i>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakabibigkas ng talumpati nang may malinaw na layuning pukawin ang kamalayang panlipunan ng madla tungkol sa isang isyung kultural o panlipunan. • Naipaliliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati. • Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mas mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura sa susunod na pampublikong pagsasalita.
	<p>4. Karagdagang Gawain</p> <p>Opsiyon A: SALITA AT GUHIT: Slogan at Larawan para sa Respeto</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay ito bilang takdang-aralin sa mga mag-aaral na gumawa ng isang poster (offline gamit ang cartolina o digital gamit ang Canva/PowerPoint) na naglalaman ng isang slogan na may 3-5 salitang nagtataguyod ng ingklusibo at magalang na komunikasyon sa kultura, isang larawang nagpapakita ng wastong pakikipag-usap ng kabataan sa nakatatanda o sa iba't ibang kultura, at isang maikling paliwanag na may 3-5 pangungusap sa likod ng poster kung bakit mahalaga ang mensaheng ito, at ipasa ito sa susunod na araw.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Magpakita ng ilang halimbawa ng poster (maaaring guhit mo mismo o halimbawang mula sa internet) upang magkaroon ng idea ang mga mag-aaral kung ano ang inaasahan nilang gagawin, lalo na sa bahagi ng larawan at slogan. Ipaliwanag na ang poster ay maaaring gawin nang tradisyonal gamit ang cartolina,</p>

	<p>Rubrik ng Pagwawasto:</p> <table><tr><td>Pamantayan</td><td>Puntos</td></tr><tr><td>Paliwanag</td><td>10 pts.</td></tr><tr><td>Larawan</td><td>10 pts.</td></tr><tr><td>Slogan</td><td>5 pts.</td></tr><tr><td>Kabuoan</td><td>25 pts.</td></tr></table>	Pamantayan	Puntos	Paliwanag	10 pts.	Larawan	10 pts.	Slogan	5 pts.	Kabuoan	25 pts.	marker, at crayons, o kaya naman ay digital gamit ang Canva, PowerPoint, o anumang drawing app – walang mali sa alinmang paraan, ang mahalaga ay malinaw ang mensahe ng ingklusibo at magalang na komunikasyon. Sa pagwawasto, gamitin ang rubrik. Pagkatapos mong makuha ang lahat ng poster, maaari mong ipaskil ang mga ito sa dingding ng silid-aralan upang magsilbing paalala sa buong taon tungkol sa kahalagahan ng ingklusibo at magalang na komunikasyon, at upang makita ng mga mag-aaral ang iba't ibang malikhaing interpretasyon ng kanilang mga kaklase.
Pamantayan	Puntos											
Paliwanag	10 pts.											
Larawan	10 pts.											
Slogan	5 pts.											
Kabuoan	25 pts.											
	<p>Opsiyon B: PANONORIN, SUSURIIN, SUSULATIN: Ang Speech Video Challenge</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay bilang takdang-aralin sa mga mag-aaral na manood ng isang maikling talumpati sa YouTube (3-5 minuto) mula sa isang kabataang lider, guro, o barangay official.</p> <p>Gabay na Tanong:</p> <p>(1) Ano ang paniniwala o pananaw na ipinakita ng nagsasalita?</p> <p>(2) Angkop ba ang kanyang wikang ginamit?</p> <p>(3) Ano ang natutunan mo tungkol sa kultural na sensibilidad mula sa kanya? Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Bago mo ibigay ang takdang-aralin, magbigay ng ilang mungkahing YouTube channel o video upang magsilbing gabay ang mga mag-aaral – halimbawa, mga talumpati mula sa TEDxYouth, mga pambansang kumpetisyon sa pagsasalita, o mga video ng mga kabataang lider sa barangay. Para sa mga mag-aaral na walang internet access sa bahay, maaari mong</p>										

	Rubrik ng Pagwawasto:						payagan silang manood ng TV broadcast (tulad ng news coverage ng isang talumpati) o kaya ay makapanayam na lamang ng isang guro, magulang, o lider ng barangay tungkol sa kanilang paniniwala sa isang isyu. Sa pagwawasto, tiyaking nasagot ng mag-aaral ang tatlong tanong nang buo – ang unang tanong ay tungkol sa paniniwala/pananaw, ang pangalawa ay tungkol sa pagiging angkop ng wika, at ang pangatlo ay tungkol sa natutunan sa kultural na sensibilidad – at bigyan ng kaukulang puntos ang bawat sagot (hal. 10 puntos bawat tanong, kabuoang 30 puntos). Maaari mo ring hilingin na isulat ng mag-aaral ang pamagat ng video at ang pangalan ng nagsalita sa itaas ng kanilang papel upang malaman mo kung anong video ang kanilang pinanood.
	Pamantayan	Napakahusay (10)	Mahusay (8)	Katamtaman (6)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (4)	Hindi Nakapasa (0-2)	
	Paniniwala o Pananaw	Nakilala at naipaliwanag nang malinaw at detalyado ang pangunahing paniniwala/pananaw ng nagsalita	Nakilala nang wasto ngunit kulang sa paliwanag	Nakilala ngunit hindi masyadong malinaw	Hindi malinaw ang pagkakilala	Hindi nasagot o walang kaugnayan	
	Pagkaangkop ng Wika	Nasuri nang husto kung angkop ang wika sa kultura ng awdyens at naipaliwanag ang dahilan	Nasuri nang wasto ngunit kulang sa paliwanag	Nasuri ngunit hindi malinaw ang koneksyon sa kultura	Hindi malinaw ang pagsusuri, walang paliwanag	Hindi nasagot o walang kaugnayan	
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)	Natutunan sa Kultural na Sensibilidad	Nagbigay ng malinaw at makabuluhan ng natutunan na may koneksyon sa sariling pagsasalita	Nagbigay ng natutunan ngunit hindi gaanong malalim	May natutunan ngunit masyadong pangkalahatan	Walang malinaw na natutunan	Walang natutunang nabanggit	Para sa Opsiyon A: Bago mo ibigay ang pagsusulit, siguruhing nabasa at naunawaan ng mga mag-aaral ang dalawang stem statements (sitwasyon) – maaari mong basahin nang malakas ang
	Opsiyon A: ALAM MO BA? Hamon ng Wasto at Inklusibong Pananalita Panuto: Ibigay sa mga mag-aaral ang isang 10-item multiple choice test na nakabatay sa dalawang sitwasyon (barangay assembly at pagtitipong pangkabataan) kung saan sasagutin nila ang mga tanong na sumusukat sa kanilang kakayahang tumukoy ng paniniwala, sumuri ng wikang gagamitin, pumili ng angkop na tugon sa						

	<p>sensitibong sitwasyon, at tumutukoy ng ingklusibong wika. Bigyan sila ng 20-25 minuto upang sagutan ito nang indibidwal.</p> <p>BILANG 1-5 (Sitwasyon tungkol sa Barangay Assembly)</p> <div style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px 0;"> <p>Isang kabataang lider ang inanyayahang magsalita sa isang barangay assembly kung saan ang mga nakatatanda at ang kapitan ng barangay ang pangunahing awdyens. Ang kabataan ay nais imungkahi ang pagkakaroon ng ligtas na espasyo para sa mga kabataan at batang may kapansanan sa barangay. Ngunit alam niyang may ilang nakatatanda na naniniwala na "ang kabataan ay dapat sumunod lamang at hindi magsalita sa mga ganitong pagpupulong."</p> </div> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang pangunahing iminumungkahi ng kabataang lider sa barangay assembly? <ul style="list-style-type: none"> • Magkaroon ng paligsahan para sa kabataan • Magkaroon ng ligtas na espasyo para sa kabataan at batang may kapansanan • Palitan ang kapitan ng barangay • Bawalan ang mga kabataan sa pagpupulong • Ayon sa sitwasyon, ano ang paniniwala ng ilang nakatatanda tungkol sa kabataan? <ul style="list-style-type: none"> • Ang kabataan ay dapat magsalita sa pagpupulong • Ang kabataan ay dapat sumunod lamang at hindi magsalita • Ang kabataan ay dapat mamuno sa barangay • Ang kabataan ay dapat magreklamo sa gobyerno • Kung ikaw ang kabataang lider, alin sa sumusunod na pambungad na pahayag ang pinakaangkop sa kultura ng barangay assembly? <ul style="list-style-type: none"> • "Uy, mga tol, makinig kayo sa sasabihin ko!" 	<p>bawat sitwasyon nang dalawang beses upang matiyak na malinaw sa lahat ang konteksto bago sila sumagot sa mga tanong. Ipaliwanag na ang test ay binubuo ng 10 tanong: ang unang 5 tanong ay tungkol sa sitwasyon sa barangay assembly, at ang sumunod na 5 tanong ay tungkol sa sitwasyon sa pagtitipong pangkabataan. Ang bawat tanong ay may apat na pagpipilian (A, B, C, D) at isa lamang ang tamang sagot – maliban sa tanong bilang 9 na nangangailangan ng pagpili sa dalawang pahayag, at tanong bilang 10 na nangangailangan ng maikling paliwanag (hindi multiple choice). Bigyan sila ng 20-25 minuto upang sagutan ang pagsusulit nang indibidwal, at ipaalala na huwag magmadali at basahing mabuti ang bawat sitwasyon at tanong bago pumili ng sagot. Pagkatapos ng takdang oras, kolektahin ang mga sagot at gamitin ang susi ng sagot (answer key) sa pagwawasto – ang tanong bilang 10 ay nangangailangan ng rubrik na nakabatay sa nilalaman at koneksyon sa kultural na</p>
--	---	---

	<ul style="list-style-type: none"> • “Mga minamahal naming kapitan at nakatatanda, magandang araw po sa inyong lahat.” • “Hoy, may iminumungkahi ako, makinig kayo!” • “Mga kaibigan, alam niyo ba kung ano ang problema sa barangay natin?” • Alin sa sumusunod na tugon ang PINAKAMAHUSAY kung may nakatatandang sumalungat sa iminumungkahi ng kabataang lider? Bakit? <ul style="list-style-type: none"> • Manahimik na lamang upang hindi mapahiya ang nakatatanda. • Sumigaw upang iparinig ang kanyang boses. • Magsalita nang mahinahon: “Iginagalang ko po ang inyong opinyon. Nais ko lamang pong ipaliwanag ang aming pananaw.” • Umalis na lamang sa pagpupulong at huwag nang bumalik. • Kung ikaw ang kabataang lider sa sitwasyong ito, alin sa sumusunod ang PINAKAMABISANG PARAAN upang ipakita ang paggalang sa kultura ng mga nakatatanda habang ipinaglalaman ang iyong iminumungkahi? <ul style="list-style-type: none"> • Manahimik na lamang at huwag nang ituloy ang iyong iminumungkahi upang hindi makasakit ng damdamin ng nakatatanda. • Sumigaw at ipilit ang iyong pananaw upang iparinig ang boses ng kabataan kahit na makatanggap ng negatibong reaksiyon. • Magsalita nang mahinahon, gumamit ng “po” at “opo,” at magsimula sa pagsasabing: “Paumanhin po sa abala, ngunit nais ko lamang pong ibahagi ang aming mungkahi para sa kabutihan ng lahat.” • Umalis na lamang sa pagpupulong at mag-post na lamang ng reklamo sa <i>social media</i> upang makakuha ng suporta mula sa ibang kabataan. 	<p>sensibilidad.</p> <p>Talaan ng mga Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. B 3. B 4. C 5. C 6. B 7. C 8. B 9. B 10. C <p>Salig sa SSHS-IDF, ito ay <i>Explaining</i>, dahil sinusukat ng multiple choice test ang kakayahan ng mag-aaral na magbigay-kahulugan sa mga sitwasyon at piliin ang tamang sagot batay sa kanilang pag-unawa sa kultural na sensibilidad at ingklusibong komunikasyon.</p> <p>PPST COT Indicator: Indicator 5.2.2 Monitor and evaluate learner progress using learner attainment data.</p> <p>Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw na
--	--	--

	<p>BILANG 6-10 (Sitwasyon tungkol sa Pagtitipong Pangkabataan)</p> <p>Isang mag-aaral ang inanyayahang magbigay ng talumpati sa isang pagtitipong pangkabataan tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng inklusibong wika (walang diskriminasyon sa kasarian, lahi, o kakayahan). Maraming kabataan ang dumalo, kabilang na ang mga miyembro ng LGBTQ+ community at mga batang may kapansanan. Nais ng mag-aaral na maging kasama at kumportable ang lahat sa kanyang talumpati.</p> <ul style="list-style-type: none"> Ano ang pangunahing paksa ng talumpati sa sitwasyon? <ul style="list-style-type: none"> Paano manalo sa isang patimpalak Ang kahalagahan ng paggamit ng inklusibong wika Paano maging sikat sa <i>social media</i> Ang kasaysayan ng barangay Sino-sino ang mga awdyens na nabanggit sa sitwasyon na dapat isaalang-alang ng nagsasalita sa kanyang talumpati? <ul style="list-style-type: none"> Mga guro at punong-guro lamang Mga nakatatanda at kapitan ng barangay Mga kabataan, kabilang ang LGBTQ+ community at mga batang may kapansanan Mga dayuhan at turista Alin sa sumusunod na pangungusap ang PINAKA-INGKLUSIBO at angkop para sa awdyens na ito? <ul style="list-style-type: none"> “Mga ginoo at binibini, makinig kayo sa aking sasabihin.” “Mga kaibigan, lahat tayo anuman ang ating kasarian, lahi, o kakayahan ay may karapatang marinig.” “Sa mga lalaki lang ang aking mensahe.” “Hindi ko alam kung naiintindihan ninyo ako.” Alin sa dalawang pahayag sa ibaba ang mas inklusibo? <ul style="list-style-type: none"> Pahayag A lamang 	<p>nakapaloob sa isang talumpating may temang sosyal o kultural.</p> <ul style="list-style-type: none"> Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura at pagpapahalaga ng target na awdyens. Naipapakita ang paggalang sa panlipunang gampanin ng iba't ibang kasapi ng komunidad (hal. nakatatanda, lider ng barangay, kapwa kabataan) sa paraan ng pakikipag-usap at pagtugon. <ol style="list-style-type: none"> Nagagamit ang angkop na tono, tindig at pananalita sa mabisang pagtatalumpati. Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging inklusibo (hal. pagkilala sa kasarian, lahi, o kakayahan ng bawat isa). Nakakabibigkas ng talumpati nang may malinaw na layuning pukawin ang kamalayang panlipunan ng madla tungkol sa isang isyung kultural o panlipunan.
--	---	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Pahayag B lamang • Parehong ingklusibo • Parehong hindi ingklusibo <p>Pahayag A:“Magandang araw sa inyong lahat. Umaasa ako na naiintindihan ninyo ang aking sasabihin.”</p> <p>Pahayag B:“Magandang araw po sa ating lahat – sa mga lalaki, babae, at sa mga hindi kumportable sa dalawang ito; sa mga may kakayahan at may kapansanan; sa lahat ng lahi at pinagmulan. Lahat tayo ay mahalaga.”</p> <ul style="list-style-type: none"> • Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng paggamit ng ingklusibong wika? • Tinawag mong “mga ginoo at binibini” ang iyong buong klase kahit alam mong may kaklase kang hindi kumportable sa tawag na iyon. • Sinabi mo sa iyong kaibigan na “panglalaki lang ang larong iyan” dahil naniniwala kang may mga bagay na para lamang sa isang kasarian. • Ginamit mo ang salitang “mga kaklase” sa halip na “mga lalaki at babae” upang maging kasama ang lahat ng iyong kamag-aral. • Hindi mo na lamang kinausap ang iyong kaklase na may kapansanan dahil hindi mo alam ang sasabihin. 	<p>4. Naipaliliwanag sa pamamagitan ng replektibong sanaysay o talakayan kung paano nakaapekto ang kamalayang kultural sa pag-unawa at pagbigkas ng sariling talumpati.</p>
	<p>Opsiyon B: TUGMA-TALUMPATI: Pagsasama ng Teorya at Praktika</p> <p><i>Panuto:</i> Ibigay sa mga mag-aaral ang <i>matching type test</i> na may 10 bilang kung saan tutugmain nila ang Hanay A (mga layunin o kasanayan sa pagsulat at pagbigkas ng talumpati) sa Hanay B (mga halimbawang pahayag o sitwasyon), at bigyan sila ng 15 minuto upang sagutan ito nang indibidwal na may bilin na bawat letra sa Hanay B ay magagamit nang isang beses lamang.</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Bago mo ibigay ang pagsusulit, ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang bawat bilang sa Hanay A ay may katumbas na isang tamang tugma sa Hanay B, at hindi dapat ulitin ang paggamit ng anumang letra. Siguruhing nauunawaan nila ang mga termino sa Hanay A – maaari mong basahin nang malakas</p>

	HANAY A (Layunin / Kasanayan)	HANAY B (Pahayag / Halimbawa)	<p>ang bawat isa at magbigay ng maikling halimbawa upang maging malinaw ang pagkakaiba ng bawat layunin. Bigyan sila ng eksaktong 15 minuto upang sagutan ang pagsusulit, at ipaalala na basahing mabuti ang bawat pahayag sa Hanay B bago pumili ng tugma. Pagkatapos ng takdang oras, gamitin ang susi ng sagot sa pagwawasto – ang bawat tamang sagot ay katumbas ng 1 puntos (kabuuang 10 puntos) – at maaari mong ipabasa ang ilan sa mga tamang tugma upang talakayin sa klase kung bakit iyon ang tamang sagot.</p> <p>Talaan ng mga Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. D 2. F 3. I 4. E 5. C 6. G 7. B 8. A 9. J 10. H
	1. Natutukoy ang mga saloobin, paniniwala, o pananaw sa talumpati	A. “Sa susunod na magtalumpati , magsasanay muna ako sa harap ng salamin at magtatanong sa nakatatanda kung ang aking mga sasabihin ay magalang.”	
	2. Nasusuri kung angkop ang wikang ginamit sa talumpati batay sa kultura ng awdyens	B. “Sa aking repleksyon, natutunan ko na ang paggamit ng ‘po’ at ‘opo’ ay hindi lamang nakagawian kundi isang malalim na pagpapakita ng paggalang sa aming kultura.”	
	3. Naipakikita ang paggalang sa panlipunang gampanin ng nakatatanda o lider	C. Sumulat si Maria ng talumpati gamit ang salitang “mga kababayan” sa halip na “mga ginoo at binibini” upang kasama ang lahat.	
	4. Nagagamit ang angkop na tono, tindig, at pananalita para sa kultural na pagkakakilanlan ng madla	D. Nang mabasa ni Juan ang talumpati tungkol sa kahirapan, sinabi niya: “Naniniwala ang may-akda na ang edukasyon ay solusyon sa kahirapan.”	
	5. Nakasusulat ng talumpating nagsusulong ng pagiging inklusibo	E. Bago magsalita sa harap ng mga nakatatanda, tinitiyak ni Pedro na ang kanyang boses ay mahinahon at gumagamit siya ng “po” at “opo.”	
	6. Nakapagbibigkas ng talumpati nang may layuning pukawin ang kamalayang panlipunan	F. Sinuri ni Ana ang talumpati ng kanyang kaklase at sinabi: “Ang wikang ginamit ay pormal at magalang, ngunit hindi gaanong angkop sa mga kabataan dahil masyadong malalim ang mga salita.”	
	7. Naipapaliwanag kung paano nakaapekto ang	G. Sa kanyang talumpati, sinabi ni Rico: “Mga kaibigan, panahon na upang	

	kamalayang kultural sa sariling pagbigkas	kumilos! Huwag tayong manahimik sa mga isyung nakakaapekto sa ating kinabukasan.”											
	8. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mapabuti ang pagiging sensitibo sa kultura	H. Gumawa si Lisa ng Facebook post na nagtataguyod ng paggalang sa lahat ng relihiyon at kultura.											
	9. Naipakikita ang sensibilidad sa kultural na pagkakakilanlan sa online na interaksyon	I. Sa barangay assembly, tinawag ni Ben ang kapitan bilang “Kapitan” at nagpaturo muna bago magsalita.											
	10. Nakabubuo ng tekstong public-facing na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay	J. Sa isang online forum, tiniyak ni Kim na hindi siya gagamit ng mga salitang nakakasakit sa kasarian ng iba.											
<div>• PAGNINILAY <i>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</i></div>	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table>			Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	
	Gabay na Tanong	Sagot											
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?												
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?												
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?												
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?												
<div>• Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.</div> <div></div> <div></div>													

	<ul style="list-style-type: none"> • Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation. _____ • Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin. _____ • Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. _____ • Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? _____ • Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? _____ _____
--	--

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11


I. LAYUNIN (<i>Pagtukoy sa mga Layunin</i>)	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamín sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at di-hital na espasyo.
Pamantayan sa Pagganap	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i> ; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Pagbibigay-kahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (hal. talumpati, brodkast pangmidya, kultural na pagtatanghal) <p>Pakikilahok</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng angkop na berbal at di-berbal na mga estratehiya ((hal. magagalang na pananalita, hudyat at estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan) upang mabisang makipag-ugnayan tungkol sa iba't ibang kontekstong sosyal at kultural.

	<p>Pagpapahayag</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakabubuo ng magkakaugnay na argumento o naratibong sumasalamain sa pag-unawa sa panlipunang pananagutan, pagkakaiba-iba, at mga kaugalian. <p>Pagninilay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	<p><i>Baran, Stanley J. Introduction to Mass Communication: Media Literacy and Culture. New York: McGraw-Hill Education, 2014.</i></p> <p><i>Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.</i></p> <p><i>Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.</i></p> <p>DO. 42, s. 2016 (Daily Lesson Log / Detailed Lesson Plan Guidelines)</p> <p>Speech Act Theory (J.L. Austin) & Cultural Studies: Ginamit sa bahagi ng Suri-Saloobin at sa Pagtataya.</p> <p>Media Literacy Framework (Center for Media Literacy - CML): Ang aktibidad na Ang Puno ng Brodkast (paghihiwalay ng paksa sa opinyon)</p> <p>https://gemini.google.com/app/f1a204d45c4bc840?android-min-version=301356232&ios-min-version=322.0&is_sa=1&campaign_id=podcasts_bkws&utm_source=sem&utm_medium=paid-</p> <p><i>(Kailangang maisagawa ang mga ito sa bawat paksa o kasanayang pampagkatuto)</i></p>
III. NILALAMAN/ Sitwasyong Komunikatibo	<ul style="list-style-type: none"> • Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diyalogong pampamayanan • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa podcast o publikasyong pampamayanan
IV. TUNGUHIN	<ol style="list-style-type: none"> a. Natutukoy ang pangunahing paksa at ang mga binanggit na opinyon sa isang brodkast pangmidya hinggil sa isang isyung panlipunan. b. Naipaliliwanag kung paano sinasalamain ng talumpati ang saloobin at paniniwala ng isang partikular na pangkat ng tao sa lipunan. c. Natutukoy at nagagamit ang iba't ibang angkop na berbal at di-berbal na estratehiya (tulad ng magagalang na pananalita at mga hudyat sa pagpapadaloy ng usapan na ginagamit sa iba't ibang kontekstong sosyal at kultural. d. Naipaliliwanag ang nabuong argumento o naratibong sumasalamain sa pag-unawa sa panlipunang pananagutan, pagkakaiba-iba, at mga kaugalian. e. Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong panlipunan o interkultural na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulong ng ingklusibo at etikal na diskurso.

• PAMAMARAAN		TALA SA GURO
1. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	<p>1. Paghango sa Dating Kaalaman Opsiyon A: "Sino ang Kausap Mo?" Panuto: Makikinig ang mga mag-aaral sa maikling linya na babasahin ng guro. Tutukuyin kung saang kategorya ito pinakaangkop. Sa PAARALAN, BARANGAY, o KABATAAN. Itataas ng mga mag-aaral ang kamay upang tukuyin kung saang kategorya ito pinakaangkop.</p> <p>Linya 1: <i>"Mga kapwa ko kabataan, hindi hadlang ang edad upang tayo ay maging lider. Gamitin natin ang lakas ng social media para sa kabutihan at hindi sa paninira!"</i></p> <p>Linya 2: <i>"Isang mapagpalang araw po sa ating kagalang-galang na punong-guro, sa mga kapwa ko guro, at sa aking mga minamahal na mag-aaral..."</i></p> <p>Linya 3: <i>"Mga kabarangay, ang kalinisan ng ating mga kanal ay hindi lang trabaho ng mga opisyal. Magtulungan po tayo sa tamang pagtatapon ng basura para maiwasan ang baha."</i></p> <p>Pamprosesong tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bakit mahalagang malaman muna natin kung sino ang makikinig (Audience) bago natin isulat o bigkasin ang isang talumpati? • Ano-anong saloobin, paniniwala, tradisyon, at kultural na pananaw ang masasalamatin sa bawat sipi ng talumpati? <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 1</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A: Babasahin ng guro ang mga maikling linyang hinugot mula sa iba't ibang talumpati. Matapos maisagawa ang pagbabasa, tatawag ang guro ng isang mag-aaral na sasagot sa tanong.</p> <p>Ang gawaing Last Man Standing ay gagawin para sa Opsiyon 1: Maaaring lahukan ng buong klase o pangkatan ang nasabing pagsagot. Ang sinumang mag-aaral na huling nakatayo matapos maibigay ang hudyat ay siyang obligadong sumagot sa katanungan. Ang gawaing ito ay may tatlong minutong nakalaan sa pagsagot. Ito ang maaaring inaasahang sagot: Upang maiangkop ang salitang gagamitin, at mas madaling maiintindihan ang mensahe.</p>
	<p>Opsiyon B: "Talumpati Target: Tugmaang-Tono"</p> <p>Panuto: Babasahin ng mga mag-aaral ang talumpating nasa loob ng kahon. Susuriin ang audience o target na tagapakinig ng mensaheng nakapaloob sa talumpati. Pagkatapos, punan ang graphic organizer sa ibaba.</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Talumpati Target: Tugmaang-Tono Ang aktibidad na ito ay nakatuon sa pagsusuri kung paano nagkakaiba ang tatlong sitwasyon ng talumpati- PAARALAN, BARANGAY, o</p>

"Ang bawat libro, pagsusulit, at puyat natin ngayon ay hindi lamang mga gawain sa silid-aralan, kundi mga konkretong hakbang na unti-unting naglalapit sa atin sa katuparan ng ating mga pangarap."

KABATAAN



Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 3

	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyon A: "Teaser Trailer: Ang Tinig ng Bayan"</p> <p>Panuto: Magpapakita ang guro ng isang maikling audio clip ng isang sikat na podcast (halimbawa: dokumentaryo o panayam) o di kaya ng isang magandang pampamayanang newsletter.</p> <p>Itanong sa klase:</p> <p><i>"Paano kaya natin mapapanatiling buhay ang mga kuwento, kultura, at boses ng ating komunidad gamit ang ganitong mga plataporma?"</i></p>	<p>Para sa Opsiyon A:</p> <p>Ang layunin ng aktibidad na ito ay hindi lang basta basahin ang mga layunin, kundi iparanas agad sa mga mag-aaral ang "vibe" ng pakikipanayam at pagbuo ng podcast/publikasyon upang makuha ang kanilang interes.</p> <p>Malinaw ang Direksyon: Bago magsimula ang pormal na talakayan, alam na ng mga mag-aaral kung ano ang aasahan nilang produkto (output) sa huli.</p>
	<p>Opsiyon B: "Ikonek Mo Ako Challenge"</p> <p>Materyales: Tatlong Word Strips / Flashcards</p> <p>Panuto: Ipapaskil o ipakikita sa mga mag-aaral ang tatlong magkahiwalay na salita o parirala na may kaukulang simbolo:</p> <p>A.Talakayan at diyalogo B. Pakikipanayam (Lider, Nakatatanda, Tagapag-ingat ng Kultura) C.Podcast at publikasyon</p> <p>Ang Hamon (The 1-Minute Challenge): Tumawag ng isang mag-aaral o magtanong sa klase:</p> <p><i>"Sino ang makapagpapakita ng koneksyon ng tatlong salitang ito gamit ang isang pangungusap? Paano sila magkakaugnay?"</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 2</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: Ikonek Mo Ako Challenge</p> <p>Layunin ng gawaing ito na maikonekta ng mga mag-aaral ang mga salitang ipinaskil sa paksang tatalakayin hinggil sa tamang pakikipanayam sa mga nakatatanda, at tagapag-ingat ng kultura.</p> <p>(Maaaring nakasulat sa pisara, PPT slide, o strip ng papel).Pagkatapos sumagot ng mag-aaral, agad na ilalahad ang mga layunin.</p> <p>Alamin natin: Kung paano makikilahok sa mga</p>

		<p>interkultural na talakayan at diyalogo</p> <p>Gawin natin: Ang tamang paraan ng pakikipanayam sa mga lokal na pinuno, nakatatanda, at tagapag-ingat ng kultura</p> <p>Ibahagi natin ang mga kuwentong ito sa pamamagitan ng pagpapalano ng isang podcast o publikasyong pampamayanan.</p>
<p>1. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</p>	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa</p> <p>Opsiyaon A: "Suri-Tinig: Paksa o Opinyon?"</p> <p>Materyales:</p> <ul style="list-style-type: none"> Isang kopya ng maikling <i>transcript</i> ng brodkast (nakasulat sa pisara, slide, o worksheet). "Signal Cards" (Dalawang pirasong papel para sa bawat mag-aaral: Isang may nakasulat na PAKSA at isang OPINYON). <i>Maaari ding itaas na lang ang kanang kamay para sa Paksa, at kaliwang kamay para sa Opinyon kung walang materyales.</i> <p>Panuto: Ipakita at ipabasa sa mga mag-aaral ang maikling sipi na ito mula sa isang kunwaring komentaryong panradyo o podcast tungkol sa isang isyung panlipunan: Magbabato ang guro ng mga pahayag mula sa binasa, at itataas ng mga mag-aaral ang kanilang "Signal Card" kung ito ba ay ang Pangunahing Paksa o isang Opinyon.</p> <p>"Radyo Pamayanan" (Live Broadcast Transcript):</p> <p><i>"Magandang umaga sa ating mga tagapakinig. Ngayong araw ay tatalakayin natin ang panukalang pagtatayo ng malaking modernong mall sa tapat ng ating lumang pampublikong palengke. Sa tingin ko, hindi ito makatutulong dahil tiyak na malulugi ang mga lokal na tinderong matagal nang naghahanapbuhay doon. Ayon</i></p>	<p>Para sa Opsiyaon A:</p> <p>Ang bahaging paglalahad ng halimbawa ay nakaugat sa prinsipyo ng Instructional Design Framework (IDF) at sa siklo ng AID (Activating, Instituting, Demonstrating).</p> <p>Sa simula, binibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng maikling transcript mula sa isang komentaryong panradyo/podcast. Ito ang nagsisilbing activation ng kanilang kaalaman: natututo silang kilalanin ang pagkakaiba ng paksa (main idea) at opinyon (personal na pananaw).</p> <p>Ang paggamit ng "Signal Cards" o simpleng galaw ng kamay ay nakatutulong upang</p>

	<p><i>naman kay Kapitan Santos, maganda itong oportunidad upang magkaroon ng trabaho ang mga kabataan sa ating lugar."</i></p> <p>Tanong 1: <i>"Ang panukalang pagtatayo ng modernong mall sa tapat ng pampublikong palengke."</i></p> <p><i>Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: PAKSA (Ito ang sentro ng usapin).</i></p> <p>Tanong 2: <i>"Hindi ito makatutulong dahil tiyak na malulugi ang mga lokal na tindero."</i></p> <p><i>Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: OPINYON (Ito ay personal na pananaw ng broadcaster na may pahiwatig na "Sa tingin ko").</i></p> <p>Tanong 3: <i>"Maganda itong oportunidad upang magkaroon ng trabaho ang mga kabataan."</i></p> <p><i>Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: OPINYON (Ito naman ang pananaw/panig ni Kapitan Santos).</i></p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 4</i></p>	<p>maging interaktibo at mas madaling maunawaan ang konsepto.</p> <p>Binigyang diin naman ang Instituting dahil naitatag ang bagong konsepto sa pamamagitan ng aktuwal na pagsasanay. Kung saan ang guro ay magbabato ng mga pahayag mula sa transcript, at ang mga mag-aaral ay agad na nag-uuri kung ito ba ay paksa o opinyon. Dito naitatag ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at tamang pag-uuri ng impormasyon.</p> <p>Namamalas din ang Demonstrating sa huling bahagi dahil naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon. Ang simpleng pagtaas ng kamay o paggamit ng "Signal Cards" ay nagsisilbing <i>demonstration</i> ng kanilang kakayahang mag-aplay ng konsepto sa aktwal na sitwasyon. Nagiging malinaw na hindi lamang sila nakikinig, kundi natututo ring mag-analisa ng mga pahayag.</p>
--	---	---

	<p>Opsiyon B: -Visual Mapping at Pagsusuri Iguhit ito sa pisara o ipakita sa slide ang isang simpleng puno na may mga bahagi:</p> <p>Trunko/Katawan ng Puno: Kumakatawan sa Pangunahing Paksa (Ang pundasyon ng buong usapin).</p> <p>Mga Sanga at Dahon: Kumakatawan sa mga Opinyon (Ang iba't ibang pananaw na lumalago mula sa paksa).</p> <p>Hatiin ang pisara /slide sa dalawa gamit ang T-Chart na ito para sa pagbubuod:</p> <table><tr><th>PANGUNAHING PAKSA (Trunko)</th><th> MGA OPINYON (Mga Sanga/Dahon)</th></tr><tr><td>Ang pagbabawal sa single-use plastic sa komunidad.</td><td>1. "Maganda iyan para mabawasan ang basura at baha." (Opinyon A)</td></tr><tr><td></td><td>2. "Mahihirapan ang mga maliliit na tindero dahil mahal ang pamalit na paper bag." (Opinyon B)</td></tr></table> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 5</i></p>	PANGUNAHING PAKSA (Trunko)	 MGA OPINYON (Mga Sanga/Dahon)	Ang pagbabawal sa single-use plastic sa komunidad.	1. "Maganda iyan para mabawasan ang basura at baha." (Opinyon A)		2. "Mahihirapan ang mga maliliit na tindero dahil mahal ang pamalit na paper bag." (Opinyon B)	<p>Para sa Opsiyon B: Ang paggamit ng Visual Mapping (ang metaphora ng puno) at Pagsusuri (ang paggamit ng T-Chart) sa paglalahad ng halimbawa ay isa sa pinakamabisang aplikasyon ng Instructional Design Framework (IDF).</p> <p>Sa halip na purong teksto o kahulugan lamang ang makita ng mga mag-aaral, ang pagguhit ng Puno ay nagbibigay sa kanila ng "mental image."</p> <p>Kapag narinig nila ang salitang "Paksa," agad itong iuugnay ng kanilang utak sa matibay na <i>trunko o katawan ng puno</i>. Kapag narinig ang "Opinyon," maiisip nila ang mga sanga at dahon. Binabawasan nito ang pagkapagod ng utak (<i>cognitive overload</i>) sa pag-unawa ng <i>abstract</i> na konsepto.</p>
PANGUNAHING PAKSA (Trunko)	 MGA OPINYON (Mga Sanga/Dahon)							
Ang pagbabawal sa single-use plastic sa komunidad.	1. "Maganda iyan para mabawasan ang basura at baha." (Opinyon A)							
	2. "Mahihirapan ang mga maliliit na tindero dahil mahal ang pamalit na paper bag." (Opinyon B)							
	<p>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto Ang Berbal at Di-Berbal na Komunikasyon.</p> <p>1. Berbal na Estratehiya -Ang berbal na estratehiya ay tumutukoy sa paggamit ng wika, mga salita, at tono ng boses upang maiparating ang mensahe at mapadaloy nang maayos ang usapan.</p> <p>A. Paggamit ng Magagalang na Pananalita: Anuman ang edad, kasarian, o katayuan sa buhay ng kinakapanayam (bata man, katutubo, opisyal ng pamahalaan, o simpleng mamamayan), dapat tayong gumamit ng mga salitang nagpapakita ng paggalang. <i>Mga</i></p>	<p>Sa bahaging ito, mahalaga na matalakay ng guro ang usaping Berbal at Di-Berbal na Komunikasyon bago magsagawa ng pakikipanayam sa pamayanan dahil ito ang nagsisilbing gabay ng mga mag-aaral upang maging epektibo, magalang, at sensitibo sa</p>						

	<p><i>Halimbawa:</i> "Magandang araw po," "Maraming salamat po sa inyong oras," "Maaari po ba nating mabalikan ang sinabi ninyo ukol sa..."</p> <p>B. Estratehiya sa Pagpapadaloy ng Usapan (Conversation Flow):</p> <p>Paglililaw (Clarifying): Kung hindi malinaw ang sagot, huwag sabihing "<i>Mali ang sagot mo,</i>" kundi gamitin ang: "<i>Ibig ninyo pong sabihin ay...</i>" o "<i>Maaari po bang pakilawig ang bahaging iyon?</i>"</p> <p>Pagpapatunay/Pag-alalay (Validating): Pagpapakita na nakikinig ka sa pamamagitan ng maikling tugon tulad ng "<i>Opo,</i>" "<i>Sang-ayon po ako,</i>" o "<i>Naiintindihan ko po ang inyong punto.</i>"</p> <p>2. Ang Di-Berbal na Estratehiya (Ang Kilos at Katawan)</p> <p>Madalas, mas malakas magsalita ang ating kilos kaysa sa ating bibig. Ang di-berbal na estratehiya ay ang galaw ng katawan, ekspresyon ng mukha, at espasyo na nagpapakita ng ating tunay na saloobin.</p> <p>A. Pagpapanatili ng Eye Contact (Tingin):</p> <p>Ang pagtingin sa mata ng kinakapanayam ay nagpapahiwatig na ikaw ay interesado, nakikinig, at tapat sa iyong layunin. Ang pag-iwas ng tingin o pagtingin sa <i>cellphone</i> habang may kausap ay bastos na ugali at nagpapakita ng kawalan ng interes.</p> <p>B. Kilos at Postura (Body Language):</p> <p>Pagtango (Nodding): Isang mabisang hudyat na ikaw ay sumusunod sa daloy ng kanyang kwento nang hindi siya pinuputol sa pagsasalita.</p> <p>Bahagyang Pag-oong sa Harap (Leaning Forward): Nagpapakita ng aktibong pakikinig.</p> <p>C. Ekspresyon ng Mukha (Facial Expressions):</p> <p>Dapat umangkop ang mukha sa emosyon ng paksa. Kung malungkot ang ikinukuwento ng kinakapanayam (hal. karanasan sa bagyo), huwag kang ngumiti; magpakita ka ng pakikiramay.</p> <p>3. Kontekstong Sosyal at Kultural (Angkop na Pag-uugali)</p> <p>Bilang tagapanayam, kailangan mong maging sensitibo sa kung sino ang iyong kausap at saan kayo nag-uusap.</p>	<p>kanilang pakikipag-ugnayan sa mga lokal na tagapamuno, nakatatanda, at mga tagapag-ingat ng kultura.</p> <p>Ang paggamit ng magagalang na pananalita at tamang tono ng boses ay nakatutulong upang makuha ang tiwala ng kinakapanayam. Nagiging mas bukas sila sa pagbabahagi ng kanilang pananaw at karanasan.</p> <p>Ang berbal na estratehiya tulad ng paglililaw at pagpapatunay ay nakatutulong upang maging malinaw ang daloy ng panayam.</p> <p>Ang di-berbal na komunikasyon (eye contact, kilos, ekspresyon ng mukha) ay nagpapakita ng sinseridad at pakikiramay. Nagbibigay ng mas malalim na koneksyon sa pagitan ng tagapanayam at kinakapanayam.</p> <p>Pagiging Sensitibo sa Konteksto- ang pag-unawa sa kontekstong sosyal at kultural ay nakatutulong upang maiwasan ang mga kilos o tanong na maaaring ituring na bastos o hindi angkop. Nagpapakita ng respeto sa</p>
--	---	---

	<p>Kontekstong Sosyal (Katayuan/Edad): Kung nakikipanayam sa isang nakatatanda o may mataas na katungkulan, panatilihin ang pormalidad. Kung bata naman ang kausap, gumamit ng mas simpleng salita upang hindi sila matakot o mahiya.</p> <p>Kontekstong Kultural (Tradisyon/Paniniwala): May mga kultura (halimbawa sa ilang katutubong pangkat o relihiyon) na ang labis na pagtitig sa mata ay itinuturing na kawalan ng paggalang, o kaya ay bawal ang direktang pagtatanong tungkol sa ilang sensitibong tradisyon nang walang pahintulot ng mga pinuno. Dapat nating alamin ito bago sumabak sa panayam.</p>	<p>tradisyon at paniniwala ng pamayanan.</p> <p>Ang tamang paggamit ng berbal at di-berbal na komunikasyon ay nagreresulta sa mas makabuluhang podcast o publikasyong pampamayanan. Sa madaling salita, ang pagtalakay sa paksang ito ay mahalaga dahil ito ang pundasyon ng epektibong pakikipanayam — hindi lamang upang makuha ang tamang impormasyon, kundi upang maipakita ang respeto, pakikiramay, at pagiging sensitibo sa kultura ng pamayanan.</p>
	<p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyaon A: Virtual Panayam: Tech-Integrated Simulation sa Pamayanan”</p> <p><i>Panuto:</i> Ipakikita ng mga mag-aaral ang paggamit ng berbal at di-berbal na estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan sa pamamagitan ng angkop na kilos, ekspresyon ng mukha, at postura sa iba’t ibang kontekstong sosyal at kultural.</p> <p>Hakbang</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangkatin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang sitwasyon: panayam sa nakatatanda, lokal na opisyal, kabataan, o tagapag-ingat ng kultura. • Sa pagganap ng Simulasyon -isang mag-aaral ang gaganap bilang tagapanayam, isa bilang kinakapanayam, at ang iba ay tagamasid. Dapat ipakita ang paggamit ng berbal (magagalang na pananalita, paglilinaw, pagpapatunay) at di-berbal (eye contact, kilos, ekspresyon ng mukha) na estratehiya. 	<p>Para sa Opsiyaon A:</p> <p>Sa paglinang ng kabihasaan na may pamagat na Virtual Panayam: Tech-Integrated Simulation sa Pamayanan”, malinaw na ito ay nakasunod sa Instructional Design Framework (IDF) at sa konsepto ng Integrative Performance Task dahil: ang Focus ay may malinaw na layunin — paggamit ng berbal at di-berbal na estratehiya sa iba’t ibang konteksto.</p> <p>Ang peer evaluation at video reflection (Flipgrid) ay</p>

	<ul style="list-style-type: none">• Paglalatapat ng EdTech Tools- para sa real-time na pagbabahagi ng feedback, malayang gumamit ang mga mag-aaral ng Padlet/Google Jamboard o Mentimeter: para sa anonymous peer rating ng performance. Flip (Flipgrid) para sa video reflection ng bawat mag-aaral hinggil sa kanilang natutunan.• Sa Peer Evaluation- ang mga tagamasid ay gagamit ng <i>observation checklist</i> sa pagbibigay ng feedback. <p>Observation Checklist (Peer Evaluation Form)</p> <table><tr><th>Aspekto</th><th>Pamantayan</th><th>Marka (1-5)</th><th>Komento</th></tr><tr><td>Berbal na Estratehiya</td><td>Gumamit ng magagalang na pananalita at tamang tono</td><td></td><td></td></tr><tr><td>Pagpapadalo y ng Usapan</td><td>Nakapagtanong nang malinaw, nakapagbigay ng paglilinaw at pagpapatunay</td><td></td><td></td></tr><tr><td>Di-Berbal na Estratehiya</td><td>Eye contact, kilos, postura, ekspresyon ng mukha</td><td></td><td></td></tr><tr><td>Pag-angkop sa Konteksto</td><td>Naipakita ang pagiging sensitibo sa edad, katayuan, at kultura ng kinakapanayam</td><td></td><td></td></tr><tr><td>Kabuoang Pagganap</td><td>Mabisang nakipag-ugnayan sa simulasyon</td><td></td><td></td></tr></table>	Aspekto	Pamantayan	Marka (1-5)	Komento	Berbal na Estratehiya	Gumamit ng magagalang na pananalita at tamang tono			Pagpapadalo y ng Usapan	Nakapagtanong nang malinaw, nakapagbigay ng paglilinaw at pagpapatunay			Di-Berbal na Estratehiya	Eye contact, kilos, postura, ekspresyon ng mukha			Pag-angkop sa Konteksto	Naipakita ang pagiging sensitibo sa edad, katayuan, at kultura ng kinakapanayam			Kabuoang Pagganap	Mabisang nakipag-ugnayan sa simulasyon			<p>nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na magmuni-muni sa kanilang komunikasyon.</p> <p>Ang role-play ng panayam ay aktwal na aplikasyon ng konsepto. Samantala, ang observation checklist at EdTech tools ang nagsisilbing mekanismo ng pagsukat. Kitang-kita din ang Engage dahil ang simulasyon ay interaktibo, gamit ang teknolohiya para sa mas aktibong partisipasyon. Binibigyang-diin nito ang digital integration (EdTech tools tulad ng Padlet, Mentimeter, Flip) at ang simulasyon ng panayam bilang pagsasanay sa berbal at di-berbal na komunikasyon. Sa gawaing ito, makakakuha din ng formative feedback mula sa kapwa mag-aaral sa pamamagitan ng peer evaluation.</p>
Aspekto	Pamantayan	Marka (1-5)	Komento																							
Berbal na Estratehiya	Gumamit ng magagalang na pananalita at tamang tono																									
Pagpapadalo y ng Usapan	Nakapagtanong nang malinaw, nakapagbigay ng paglilinaw at pagpapatunay																									
Di-Berbal na Estratehiya	Eye contact, kilos, postura, ekspresyon ng mukha																									
Pag-angkop sa Konteksto	Naipakita ang pagiging sensitibo sa edad, katayuan, at kultura ng kinakapanayam																									
Kabuoang Pagganap	Mabisang nakipag-ugnayan sa simulasyon																									
	<p>Opsiyon B: “Kulturang Lokal: Tech-Enhanced Pagtatanghal” <i>Panuto:</i> Ipakikita ng mga mag-aaral ang paggamit ng berbal at di-berbal na estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan sa isang pagtatanghal na may kultural na tema, gamit ang tamang kilos, ekspresyon ng mukha, at postura.</p> <p>Pagbuo ng Grupo-Grupuhin ang klase na may 4–5 katao bawat grupo. Ang bawat grupo ay pipili ng lokal na kultural na tema</p>	<p>Para sa Opsiyon B: Kulturang Lokal: Tech-Enhanced Pagtatanghal Ang gawaing “Kulturang Lokal: Tech-Enhanced Pagtatanghal” ay natumbok ang prinsipyo ng SIPT (Strategic Integrative Performance Task) dahil ito ay</p>																								

	<p>Kultural na tema - <i>Maaaring pumili sa sumusunod; pagdiriwang sa barangay, pagtatanghal ng awit/kanta tradisyonal, ritwal o kasaysayan ng pamayanan.</i></p> <p>Pagbuo ng Pagtatanghal</p> <p>Maghanda ang mga mag-aaral ng maikling pagtatanghal (2–3minuto) na nagpapakita ng berbal at di-berbal na komunikasyon.</p> <p>Maghahanda ng QR code na naka-link sa Google Form o Padlet. Ang bawat QR ay naglalaman ng isang interaktibong tanong. I-scan ng mga mag-aara; ang QR code gamit ang kanilang cellphone at magbibigay ng feedback</p> <p>“Ano ang pinakamalakas na bahagi ng pagtatanghal?”</p> <p>“Anong berbal na estratehiya ang mahusay na nagamit?”</p> <p>“Anong di-berbal na kilos ang nakatulong sa mensahe?”</p>	<p>purposeful. Ang pagtatanghal ay hindi basta aktibidad, kundi may malinaw na layunin na paggamit ng berbal at di-berbal na estratehiya sa kontekstong sosyal at kultural.</p> <p>Ang mga sitwasyon (pista, awit, ritwal, tradisyon) ay nakaugat sa tunay na pamayanan, kaya’t may kabuluhan sa buhay ng mag-aaral. Relevant ang gawain ay nakaugnay sa lokal na kultura, kaya’t nakapagtuturo ng respeto sa tradisyon at pagpapahalaga sa pamana.</p> <p>Ang paggamit ng EdTech tool na QR Games ay ginagawang makabago at <i>engaging ang feedback process</i>, na akma sa digital learning environment ng mga mag-aaral. Ang gawain din ay aligned with Intended Learning Outcomes sa pamamagitan ng role-play at pagtatanghal. Samantala, ang rubrik at peer evaluation ay nagsisilbing formative feedback</p> <p>Ito ay purposeful dahil may malinaw na layunin), relevant (nakaugat sa lokal na kultura at digital context), at aligned o nakatuon sa intended learning outcomes). Kaya ito ay isang</p>
--	---	--

		makabuluhang SIPT na nagtataguyod ng praktikal na komunikasyon, respeto sa tradisyon, at digital collaboration.
2. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon Opsiyon A: “Podcast Debate: Panlipunang Pananagutan at Pagkakaiba-iba”</p> <p>Panuto: Bumuo ng magkaugnay na argumento tungkol sa napiling isyung panlipunan sa pamamagitan ng paglikha ng iskrip para sa podcast debate. Sa pakikipag-argumento, ipakita ang paggalang sa pagkakaiba-iba ng mga pananaw at kaugalian. Pagkatapos mag-record ng isang podcast debate (2–3 minuto bawat grupo). Gamitin ang rubrik at peer feedback sa pagtataya ng presentasyon, at gamitin ang Anchor/Spotify for Podcasters sa pag-record ng audio.</p> <p>Mga Paksang panlipunan para sa Argumento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggalang sa Kultura ng Katutubo Paano natin maipapakita ang pananagutan sa pagpapanatili ng tradisyon at kaugalian ng mga katutubong pamayanan? • Solid Waste Management Ano ang papel ng kabataan sa tamang pamamahala ng basura bilang bahagi ng pananagutan sa kalikasan at lipunan? • Gender Equality Bakit mahalagang igalang ang pagkakaiba-iba ng kasarian at tiyakin ang pantay na oportunidad para sa lahat sa lipunan? • Digital Citizenship Paano nagiging pananagutan ng bawat isa ang tamang paggamit ng <i>social media</i> at teknolohiya upang maiwasan ang pagkalat ng maling impormasyon? 	<p>Para sa Opsiyon A: Podcast Debate: Panlipunang Pananagutan at Pagkakaiba-iba</p> <p>Ang gawain na podcast debate sa aplikasyon ay naayon sa prinsipyo ng IDF na 4C’s o 21st Century Skills. Ang gawaing ay nagpapakita ng apat na pinakamahalagang kasanayan sa kasalukuyang panahon: Critical Thinking (Mapanuring Pag-iisip). <i>Ebidensya-</i> makikita ito sa pagpili ng mga paksang panlipunan (Kultura, Kalikasan, Kasarian, Teknolohiya) na walang iisang "tamang" sagot. Kailangan ng mga mag-aaral na magsaliksik at bumuo ng lohikal na argumento na makikita sa pamantayang <i>"Nilalaman at Argumento"</i> ng rubrik.</p> <p>Sa communication- Ang buong output ay isang <i>Podcast Debate</i>. Puwersado ang mga mag-aaral na linawin ang</p>

Rubrik sa Pagmamarka ng Podcast Debate

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Papaunlad (3)	Nangangailangan ng Gabay (2)
Nilalaman at Argumento	Malinaw ang panig. Matatalas, may basehan (evidences), at lohikal ang mga argumentong binitawan. Madaling sundan ang takbo ng debate.	Malinaw ang panig at may basehan ang mga argumento, ngunit may ilang bahagi na kulang sa lalim o paliwanag.	May ipinaglalaban ngunit kulang sa konkretong ebidensya. Paulit-ulit ang ilang puntos.	Hindi malinaw ang panig at walang sapat na ebidensya o pananaliksik na ipinakita.
Teknikal na Kalidad (Spotify for Podcasters)	Napakalinaw ng audio. Angkop ang pagkakagamit ng background music/sound effects nang hindi natatabunan ang boses. Maayos ang pagkaka-edit (smooth transitions).	Malinaw ang audio. May background music at transitions ngunit may kaunting bahagi na medyo malakas o biglang napuputol.	May kaunting ingay (background noise) sa audio. Hindi gaanong swabe ang pagkakagamit ng mga audio tools ng app.	Masyadong maingay ang audio, hindi naririnig ang nagsasalita, o walang ginamit na transition/music man lang.
Boses at Pagkakabigkas	May tamang emosyon, lakas, at bilis ng pananalita. Malinaw ang artikulasyon ng mga salita. Kakikitaan ng kumpiyansa.	Malinaw ang pagsasalita ngunit may ilang sandali na masyadong mabilis o mabagal ang pagbasa ng iskrip.	Parang nagbabasa lang ng kodigo; kulang sa emosyon o enerhiya na angkop sa isang debate.	Mahina ang boses, nauutal, at mahirap intindihin ang mga sinasabi.
Etika at Pagtugon (Rebuttal)	Propesional at may respeto sa katunggali. Matalas at direkta ang pagtira sa argumento ng kalaban, hindi sa pagkatao.	May respeto sa kalaban. Tumugon sa argumento ng kabilang panig ngunit may kaunting kalituan sa counter-argument.	Kulang sa lalim ang tugon sa kalaban (rebuttal); medyo lumilihis sa paksa ang sagot.	Walang naganap na maayos na rebuttal, o naging personal/hindi propesional ang tono ng debate.

Peer Feedback Form (Para sa mga Kaklase)

Gamit ang form na ito, suriin ang podcast ng ibang pangkat. Maaari itong isumite bilang text o kaya ay gamitin ang **"Voice Messages" feature** sa Spotify for Podcasters upang i-record ang feedback na ito para sa kanila.

Pangalan ng Tagasuri: _____

Pangkat na Sinuri: _____

Paksa ng Debate: _____

1. Pagsusuri sa Nilalaman

Ano ang pinakamalakas na argumentong binitawan ng kabilang pangkat? Bakit ito kapani-paniwala?

Sagot: _____

kanilang artikulasyon, tono, at emosyon (makikita sa pamantayang **"Boses at Pagkakabigkas"**), pati na rin ang epektibong pagpapahayag ng saloobin sa loob ng maikling panahon (2–3 minuto).

Collaboration- ang panuto ay malinaw na nagsasabing ito ay gawaing **"bawat grupo"**. Mula sa pagbuo ng script, paghahati ng panig, hanggang sa aktuwal na pag-record sa Spotify for Podcasters, kinakailangan ang solidong team work.

Sa Creativity (Pagkamalikhain)- Hindi ito tradisyunal na debate sa harap ng klase. Ginamit ang digital platform (Spotify for Podcasters) kung saan kailangan nilang maglapat ng angkop na background music, sound effects, at smooth transitions (makikita sa pamantayang **"Teknikal na Kalidad"**).

Binigyan- din din ang 4I's Framework. Ang proseso ng pagkatuto ay dumaan sa apat na kritikal na yugto ng 4I's (Information, Interaction, Integration, Innovation):

Gabay sa paggawa ng Podcast Debate

	<p>2. May bahagi ba ng kanilang argumento na sa tingin mo ay kulang sa ebidensya o nakalilito? Sagot: _____</p> <p>3. Pagsusuri sa Teknikal (Spotify for Podcasters) Kumusta ang kalidad ng audio at paggamit ng app features? [] Napakalinaw at maganda ang transition/background music. [] Maayos naman, pero medyo malakas ang background music kaysa sa boses. [] May mga bahaging maingay o biglang napuputol ang audio.</p> <p>4. Ano ang iyong mairerekomenda upang mas mapaganda ang kanilang pag-edit sa susunod? Sagot: _____</p> <p>5. Ibigay ang iyong "Two Glows and a Wish" (Dalawang magandang bagay na ginawa nila at isang bagay na gagawin o pagbutihin pa nila): 🌟 Glow 1: _____ 🌟 Glow 2: _____ 👉 Wish: _____</p>	<p>Bago sumalang ang mga mag-aaral, siguraduhing ng guro na pamilyar sila sa mga basic features ng Spotify for Podcasters, tulad ng Voice Messages (perpekto para sa peer feedback o pagsagot sa argumento), Background Music/Interludes (para sa maayos na transition), at Editing/Trimming tools. Maaaring magbigay ng input ang guro ukol dito.</p>
	<p>Opsiyon B: Tinig ng Pananagutan: Isang Pakikipanayam (Video Podcast) Panuto: Bumuo ng isang magkaugnay na naratibo at serye ng mga kritikal na tanong at sagot sa paraang pakikipanayam (interview). Ang isang miyembro ay gaganap na <i>Host/Interviewer</i> at ang isa naman ay gaganap na <i>Resource Speaker</i> o eksperto (isang kinatawan ng komunidad, lider-kabataan, o eksperto sa isyu). Sa pakikipanayam, ipakita ang panlipunang pananagutan sa pamamagitan ng paggamit ng berbal (tamang tono, magalang na pananalita, kritikal na tanong) at di-berbal (pagtango, eye contact, bukas na postura, ekspresyon ng mukha) na mga estratehiya na sumasalamain sa paggalang sa pagkakaiba-iba ng pananaw. Mag-record ng video interview na may habang 2–3 minuto bawat grupo.</p>	<p>Ang Opsiyon B ay maiugnay sa ilang RPMS-PPST/IPCRF indicators ng guro, lalo na sa mga domain ng pedagohiya, assessment, at paggamit ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral. Gaya ng Content Knowledge and Pedagogy-PPST Indicator 1.3.2 / 1.3.3 – Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang literacy at critical thinking skills. Bubuo ang mga mag-aaral dito ng kritikal na tanong, susuri sila</p>

	<p>Mga Paksang Panlipunan na pagpipilian para sa Pakikipanayam</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggalang sa Kultura ng Katutubo <i>Focus:</i> Paano natin maipapakita ang pananagutan sa pagpapanatili ng mga tradisyon at kaugalian ng mga katutubong pamayanan nang hindi sila pinagsasamantalahan o itinuturing na eksibisyon lamang? • Solid Waste Management <i>Focus:</i> Ano ang mga kongkretoong hakbang at naratibo ng kabataan sa inyong komunidad na nagpapatunay ng tamang pamamahala ng basura bilang pananagutan sa kalikasan? • Gender Equality <i>Focus:</i> Paano natin mababago ang mga nakasanayang kaugalian sa pamilya o lipunan upang matiyak ang paggalang sa pagkakaiba-iba ng kasarian at ang pagkakapantay-pantay ng mga oportunidad? <p>Peer Feedback Form (Para sa mga Kaklase) <i>Gamitin ang form na ito para sa pagsusuri ng video podcast o pag-interview ng ibang pangkat. Maaari itong isumite bilang papel o kaya ay i-record bilang isang maikling video/audio commentary.</i></p> <p>Pangalan ng Tagasuri: _____</p> <p>Pangkat na Sinuri: _____</p> <p>Paksa ng Panayam: _____</p> <p>1. Pagsusuri sa Nilalaman at Naratibo Ano ang pinakatumatak na pahayag o kuwento mula sa iyong kinapanayam? Bakit ito mahalaga sa lipunan? <i>Sagot:</i> _____</p> <p>2. Pagsusuri sa mga Estratehiya (Berbal at Di-Berbal) Paano ipinakita ng <i>Interviewer</i> at <i>Speaker</i> ang koneksyon sa isa't isa gamit ang kanilang kilos o galaw (di-berbal)? <i>Sagot:</i> _____</p> <p>Naging malinaw at magalang ba ang kanilang tono ng boses (berbal) habang tinatalakay ang sensitibong paksa? Magbigay ng patunay. <i>Sagot:</i> _____</p>	<p>ng mga isyung panlipunan, gagamit sila ng berbal at di-berbal na estratehiya sa komunikasyon.</p> <p>Learning Environment PPST Indicator 2.4.2 / 2.4.3 – Pamamahala ng ligtas, inklusibo, at magalang na kapaligiran sa pagkatuto, paggalang sa magkakaibang pananaw, May pagtalakay sa kultura, kasarian, at kapaligiran nang may sensitibilidad. Indicator 6.2.2 / 6.2.3 – Pag-uugnay ng mga gawaing pampagkatuto sa komunidad. Ang gawaing “Tinig ng Pananagutan: Isang Pakikipanayam (Video Podcast)” ay nakaangkla sa ADI at IDF (Integrative Design Framework), at paggamit ng educational tool (Video Podcast) dahil pinagsasama nito ang makabuluhang diyologo, integrasyon ng iba't ibang kasanayan at disiplina, at paggamit ng teknolohiya bilang midyum ng pagkatuto at pagtataya.</p> <p>Ang ADI ay nakatuon sa pagkatuto sa pamamagitan ng makabuluhan, kritikal, at tunay</p>
--	---	--

		<p>na diyalogo. Tunay na interaksyon at pagbuo ng kahulugan- dahil ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng pakikipanayam kung saan may palitan ng idea sa pagitan ng Host at Resource Speaker.</p> <p>Hindi lamang pag-uulat ang nagaganap kundi pag-unawa sa iba't ibang pananaw tungkol sa mga isyung panlipunan. May kritikal na pagtatanong Dahil inaatasan ang interviewer na bumuo ng mga kritikal na tanong na nag-uudyok ng mas malalim na pagtalakay sa mga usaping pangkultura, pangkapaligiran, pangkasarian at paggalang sa iba't ibang pananaw</p>
	<p>2. Paglalahat</p> <p>Opsiyon A: "Boses ng Pag-unawa"</p> <p>Panuto: Matapos ang talakayan tungkol sa pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diyalogong pampamayanan, bumuo ng isang Reflection Card na sasagot sa sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa 3–5 pangungusap bawat bilang.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bakit mahalaga ang pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, nakatatanda, o tagapag-ingat ng kultura sa pagbuo ng podcast o publikasyong pampamayanan? 2. Paano nakatutulong ang pagiging magalang, mapanuri, at sensitibo sa kultura upang maging matagumpay ang isang pakikipanayam? 	<p>Para sa Opsiyon A:</p> <p>Akmang-akma sa bahaging Paglalahat (Generalization) dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na ibuod, pag-ugnayin, at mailapat ang mahahalagang konseptong natutuhan tungkol sa sitwasyong komunikatibo ng pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diyalogong pampamayanan.</p>

	<p>3. Bilang kabataan, paano mo maipapakita ang responsableng pakikilahok sa mga usaping pangkomunidad gamit ang podcast o publikasyon?</p>	
	<p>Opsiyon B: Pahayag ng Pananagutan <i>Gumawa ng isang maikling slogan (10–15 salita) na naglalarawan sa kahalagahan ng interkultural na diyalogo at pakikilahok sa komunidad.</i></p> <p>Halimbawa: <i>"Makinig, umunawa, at makilahok—bawat tinig ay mahalaga sa komunidad."</i></p>	<p>Para sa Opsiyon B: <i>Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagbubuo ng konsepto (concept formation), repleksyon, at paglalapat ng natutuhan, na siyang pangunahing layunin.</i></p>
	<p>3. Pagtataya Opsiyon A: Kumpas ng Pamayanan: Kamalayan, Kultura, at Kwentuhan"</p> <p>Panuto: Ipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan sa paraang AUDIO VISUAL PODCAST o Digital Community Magazine (Publikasyon)</p> <p>Sitwasyon: Ang inyong barangay o lokal na komunidad ay naglulunsad ng isang <i>Community Cultural & Civic Literacy Drive</i>. Ang iyong pangkat ay naatasan ng Sangguniang Barangay at ng Local Tourism/Cultural Council na lumikha ng isang Audio-Visual Podcast Episode o Isang Digital Community Magazine (Publikasyon) na nagtatampok ng isang malalim na pakikipanayam sa isang lokal na tagapamuno, nakatatanda (elder), o tagapag-ingat ng kultura (culture bearer).</p> <p>Mga Hakbang sa Pagsasagawa Hakbang 1: Pre-Interview at Cultural Sensitivity Briefing (Kamalayang Kultural)</p> <ul style="list-style-type: none"> Bago pumunta sa pakikipanayam, ang bawat pangkat ay gagawa ng isang "Sensibilidad Protocol Sheet." Dito ay isusulat nila ang kanilang mga sagot sa mga tanong na makikita sa ibaba. 	<p>Para sa Opsiyon A: Layunin ng gawain ay ipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Ito ay nakaangkla sa prinsipyo ng Integrative Performance Task dahil may Integrasyon ng mga Asignatura gaya <i>Araling Panlipunan-Pagsusuri</i> sa gampanin ng mga lokal na lider at tradisyon sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan. <i>ICT / Media Literacy:</i> Pag-edit ng audio/video at pagbuo ng digital na publikasyon o podcast. Nakaayon ang Assessment Task sa Learning Objective dahil ang layunin ng aralin ay: Naipaliliwanag kung paano</p>

	<p>1.Sinong lokal na tagapamuno, nakatatanda, o tagapag-ingat ng kultura ang kakapanayamin?</p> <p>2.Ano-anong mga sensitibong paksa o kaugalian (hal. tradisyunal na paniniwala, sensitibong isyung pampamayanan, tamang tawag sa kanilang pangkat) ang dapat isaalang-alang?</p> <p>3.Paano babaguhin o aayusin ng pangkat ang kanilang pananalita at kilos (di-berbal) upang maipakita ang paggalang?</p> <p>Hakbang 2: Ang Pakikipanayam (Pakikilahok at Pagpapahayag)</p> <p>1.Isagawa ang pakikipanayam (2-3 minuto ang i-e-edit na highlights para sa podcast/publikasyon). Ang mga gabay na tanong ay dapat umiikot sa:</p> <p>2.<i>Paano binibigyang-kahulugan ng kanilang kultura/kaugalian ang "pananagutan sa kapwa"?</i></p> <p>3.<i>Ano ang mga hamon kapag nagkakaroon ng talakayan sa pagitan ng mga kabataan ngayon at ng mga nakatatanda (intergenerational/ intercultural dialogue)?</i></p> <p>Hakbang 3: Ang Output (Pagbibigay-kahulugan) Maaaring pumili ang grupo sa dalawang format:</p> <p>Format A (Podcast/Vodcast): Isang audio o video recording na may maikling komentaryo sa simula at wakas kung saan ipinapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan tungkol sa kamalayang kultural.</p> <p>Format B (Publikasyong Pampamayanan): Isang digital magazine article na naglalaman ng transcript ng panayam at isang maikling repleksyong sanaysay.</p>	<p>nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan."</p> <p>ang hinihingi sa mga mag-aaral na output ay: Audio-Visual Podcast o Digital Community Magazine na naglalaman ng: pakikipanayam sa lokal na tagapamuno o culture bearer; pagtalakay sa mga karanasan at pananaw ng komunidad; at pagpapaliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa komunikasyon at pakikilahok.</p> <p>Samakatuwid, ang mismong produkto ay nagsisilbing ebidensiya na naabot ang layunin ng aralin.</p>
--	--	---

Rubrik sa Pagmamarka Gagamitin ang rubrik na ito upang sukatin kung paano nailapat ang kamalayang kultural sa mismong proseso at produkto.				
Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Papaunlad (3)	Nangangailang an ng Gabay (2)
Paliwanag sa Kamalayang Kultural at Sensibilidad	Malinaw, malalim, at komprehensibong naipaliwanag kung paano nakaapekto ang kultura sa kahulugan ng panayam. Kitang-kita ang pag-unawa sa sensibilidad ng kinapanayam.	Naipaliwanag ang epekto ng kamalayang kultural, ngunit may ilang bahagi ng pagsusuri na mababaw o kulang sa koneksyon sa kontekstong panlipunan.	Paimbabaw ang pagpapaliwanag; binanggit ang kultura ngunit hindi naiugnay kung paano ito nakaapekto sa pagbibigay-kahulugan sa diyalogo.	Walang ipinakitang paliwanag o pag-unawa hinggil sa kamalayang kultural at sensibilidad.
Pakikilahok sa Diyalogo (Berbal at Di-Berbal)	Aktibong nakilahok gamit ang mapagpakumbaba at	Maayos ang pakikilahok at nagpakit	Limitado ang interaksyon; parang nagbabasalang ng	Hindi naging magalang o lumabag sa sensibilidad at kaugalian ng

		magalang na pamamaraan. Angkop na angkop ang mga berbal (tono, salita) at di-berbal (pagtango, eye contact) na estratehiya sa kultura ng kausap.	a ng respeto, ngunit may ilang sandali na hindi naging natural ang berbal o di-berbal na tugon sa kinapanayam.	listahan ng tanong at kulang sa di-berbal na senyales ng aktibong pakikinig (active listening).	kinapanayam ang mga kilos o salitang ginamit.	
	Pagpapahayag at Integrasyon ng Nilalaman (Naratibo)	Ang talakayan ay nagpapakita ng magkakaugnay na naratibo na sumasalamin sa panlipunang pananagutan. May mataas na antas ng paggalang sa pagkakaiba-iba ng opinyon.	Magkakaugnay ang naratibo ngunit may mga anggulo sa isyung pampamayanan na hindi masyado ng naipaliwanag nang maayos.	Putol-putol ang daloy ng panayam; hindi nagtagpo ang naratibo ng mag-aaral at ng kinapanayam ukol sa panlipunang pananagutan.	Walang saysay ang naging pagpapahayag; walang temang panlipunan o kultural na nahinuha sa panayam.	
	Teknikal na Pagbuo at Etika (Podcast/Publikasyon)	Napakalinaw ng audio/video o napakaayos ng layout. May kalakip	Maayos ang teknikal na pagkagawa	Magulo ang teknikal na aspeto (maingay na audio o sabog na layout) na	Walang kaayusan ang teknikal na output at walang indikasyon na	

		na patunay ng pagsunod sa etika ng pananaliksik (gaya ng paghingi ng pahintulot o <i>informed consent</i>).	ngunit may kaunting isyu sa audio/video editing o typographical errors sa publikasyon. Ligat sa etika.	nakabawas sa kalidad ng mensaheng kultural.	nirespeto ang pribadong espasyo o karapatan ng kinapanayam.	
<p>OPSIYON B: "Salinlahi: Publikasyong Brochure ng mga Tinig at Talakayang Interkultural" <i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 7</i> Sitwasyon: Ang inyong paaralan, sa pakikipagtulungan ng <i>Local Cultural Affairs Office</i> at ng <i>Sangguniang Kabataan (SK)</i>, ay maglalathala ng isang espesyal na isyu ng magasin ng komunidad o paaralan na pinamagatang "Salinlahi". Ang isyung ito ay maaaring nasa anyong brochure o digital, at print magazine. Ang inyong pangkat ay naatasang magsilbing mga <i>Cultural Photojournalists at Feature Writers</i>. Ang inyong misyon ay makilahok sa isang Diyalogong Pampamayanan o Kuwentuhang Bayan kasama ang mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura (culture bearers) sa inyong lugar. Mula sa diyalogong ito, bubuo kayo ng isang kritikal na tampok na artikulo (Feature Article) na may kasamang larawan, at itampok sa gagawing brochure. Ipapaliwanag ang artikulo ang kahalagahan ng kamalayang kultural at sensibilidad sa pagpapahayag. Ang Proseso ng Pagbuo (The Publication Workflow) 1. Ang Pre-Diyologo: Sensibilidad na Pagpapalano</p>						<p>Para sa Opsiyon B: ng gawaing "Salinlahi: Publikasyong Brochure ng mga Tinig at Talakayang Interkultural" ay nakasunod sa Integrative Performance Task (IPT) Principle dahil pinagsasama nito ang iba't ibang kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga mula sa maraming larangan upang makalikha ng isang makabuluhang produkto na may kaugnayan sa tunay na buhay.</p> <p>Pinagsasama ang iba't ibang asignatura at kasanayan Hindi lamang Filipino ang ginagamit sa gawain. Kabilang din ang:Komunikasyon – pakikipanayam at pakikilahok</p>

	<p>Bago makipag-usap sa mga itinalagang lider o nakatatanda, ang bawat pangkat ng editoryal ay bubuo ng "Cultural Protocol Checklist."</p> <p><i>Gawain:</i> Susuriin ng bawat pangkat ang mga kaugalian ng kanilang kakapanayamin (Halimbawa: May mga salita o paksa bang itinuturing na tabu o bawal? Ano ang tamang paraan ng pagbati o pagpapakita ng paggalang bago magsimula ang panayam?) Layunin nitong matiyak na ang kanilang <i>pakikilahok</i> ay may sapat na sensibilidad at paggalang sa kultura.</p> <p>2. Ang Pakikilahok: Kwentuhang Bayan (The Intercultural Dialogue)</p> <p>Makikipanayam ang pangkat sa mga lokal na tagapamuno (tulad ng mga Barangay Elder, Lider ng mga Katutubo, o mga lokal na Alagad ng Sining). Ang pokus ng talakayan ay:</p> <p><i>Paano binibigyang-kahulugan ng kanilang sektor ang pag-unlad nang hindi nawawala ang kanilang kultural na pagkakakilanlan?</i></p> <p><i>Ano ang mensahe nila sa mga kabataan pagdating sa pagpapahayag ng opinyon sa modernong panahon?</i></p> <p>3. Ang Pagbuo ng Publikasyon: Pagpapahayag na may Kultura</p> <p>Mula sa isinagawang panayam, ang bawat pangkat ay susulat ng isang 2-3 pahinang Digital Feature Article na ilalagay sa gagawing brochure. Ang naratibo ng artikulo ay ibabatay sa mismong kuwento at mga karanasang ibinabahagi sa panayam.</p> <p>Ang Kritikal na Pagsusuri (The Core Objective): Isang nakakahon o hiwalay na kolum kung saan ipapaliwanag ng pangkat <i>kung paano nakaaapekto ang kanilang sariling kamalayang kultural sa paraan ng kanilang pag-unawa at pag-edit ng kuwento ng kinapanayam upang maiwasan ang maling interpretasyon.</i></p>	<p>sa diyalogo. Pananaliksik – pangangalap at pagpapatunay ng impormasyon. Pagsulat – paggawa ng feature article at kritikal na pagsusuri. Media and Information Literacy – pagbuo ng brochure o digital publication.</p> <p>Araling Panlipunan/Kultura – pag-unawa sa identidad, tradisyon, at pananaw ng komunidad.</p> <p>Sining at Disenyo – paggamit ng layout, larawan, kulay, at visual presentation.</p> <p>2. Nakabatay sa tunay na sitwasyon (Authentic Task) Ang mga mag-aaral ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakikipag-ugnayan sa mga lokal na lider, nakatatanda, at culture bearers. • Nangangalap ng totoong impormasyon mula sa komunidad. • Nakalilikha ng publikasyong maaaring gamitin sa paaralan o komunidad.
		<p>Dahil dito, ang gawain ay kahawig ng aktuwal na trabaho ng mga mamamahayag, manunulat, at tagapagtaguyod ng kultura.</p>

		<p>3. Nakatuon sa paglalapat ng kaalaman</p> <p>Hindi sapat na alam lamang ng mga mag-aaral ang konsepto ng kamalayang kultural.</p> <p>Kailangang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maisagawa nila ang sensitibong pakikipanayam. • Mailahad nang tama ang mga pananaw ng kinapanayam. • Maiwasan ang pagkiling at maling interpretasyon. • Mailapat ang mga prinsipyo ng responsableng pagpapahayag. <p>4. Nagpapakita ng Higher-Order Thinking Skills (HOTS)</p> <p>Kinakailangan ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsusuri (Analysis) sa mga pananaw ng komunidad. • Pagpapakahulugan (Interpretation) sa mensahe ng mga kinapanayam. • Pagtataya (Evaluation) sa epekto ng sariling kamalayang kultural sa pagsulat.
--	--	--

		<ul style="list-style-type: none"> • Paglikha (Creation) ng brochure at feature article. <p>5. May malinaw na produkto at performance Ang pagtataya ay hindi lamang nakabatay sa pagsusulit kundi sa: Cultural Protocol Checklist Panayam o diyalogo Feature Article, Kritikal na Pagsusuri, Brochure o Digital Publication Ang mga ito ay kongkretong ebidensiya ng pagkatuto.</p> <p>6. Nagpapalakas ng pagpapahalaga at pagkamamamayan Naipapakita ng mga mag-aaral ang Paggalang sa kultura at pagkakaiba-iba. Responsableng paggamit ng wika at midya, Pakikilahok sa komunidad. Pagpapahalaga sa lokal na kaalaman at karanasan. Konklusyon Ang "Salinlahi" ay isang Integrative Performance Task dahil pinagsasama nito ang kaalaman, kasanayan, pagpapahalaga, at aktuwal na pagganap sa isang makatotohanan at makabuluhang gawain. Hindi</p>
--	--	--

		lamang nito sinusukat kung ano ang alam ng mga mag-aaral, kundi kung paano nila ginagamit ang kanilang natutuhan upang makipag-ugnayan sa komunidad, magsuri ng impormasyon, at makalikha ng isang publikasyong may kamalayang kultural at panlipunang kabuluhan.
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)	<p>Opsiyon A: <i>Panuto:</i> Gumawa ng isang podcast script na may 300-400 salita na: (a) may malinaw na argumento tungkol sa kultural na sensitibidad, (b) may tatlong halimbawa mula sa mga gawain, (c) nagpapakita ng panlipunang pananagutan. Tutumbukin ng podcast na mahikayat ang kapwa kabataan na maging mapanuri, magalang, at responsable sa pakikipagtagalastasan sa loob at labas ng komunidad.</p> <p>Sitwasyon Bilang mga kabataang tagapagtaguyod ng responsableng komunikasyon, inatasan kayo ng inyong paaralan at lokal na komunidad na lumikha ng isang podcast script na magpapaliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensitibilidad sa inyong pakikipag-ugnayan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang sitwasyong panlipunan.</p> <p>Mga Dapat Nilalaman ng Podcast A. Panimula (Introduction)-Maikling pagpapakilala sa paksa. Pagpapahayag ng pangunahing argumento o paninindigan tungkol sa kahalagahan ng kamalayang kultural at sensitibilidad sa komunikasyon. B. Katawan (Body) Talakayin ang iyong argumento sa pamamagitan ng hindi bababa sa tatlong kongkretong halimbawa mula sa mga gawain sa yunit tulad</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Ang gawaing ito ay isang mahusay na halimbawa ng Scaffolded Integrative Performance Task dahil hindi lamang ito nagpapasulat ng isang simpleng sanaysay; pinagsasama-sama nito ang iba't ibang kasanayan (integration) sa isang sistematiko at binalangkas na paraan (scaffolding)/Binalangkas): Ginamit ang mga naunang gawain sa yunit (gaya ng pakikipanayam at pagsusuri) bilang tuntungan o <i>scaffolds</i> upang makabuo ang mag-aaral ng isang mas malawak at masalimuot na produkto—ang script ng podcast. Integrative Pinag-iisa nito ang teorya (kamalayang kultural) at</p>

	<p>ng:interkultural na pakikipanayam; diyalogong pampamayanan; podcast o publikasyong pampamayanan; pagsusuri ng sitwasyong komunikatibo; pakikilahok sa mga usaping panlipunan.</p> <p>Sa bawat halimbawa, ipaliwanag:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang sitwasyon? 2. Paano ipinakita ang kamalayang kultural at sensibilidad? 3. Ano ang naging epekto nito sa pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, o pagpapahayag? <p>C. Paglalapat at Panlipunang Pananagutan</p> <p>Ipaliwanag kung paano magagamit ng mga kabataan ang mga natutuhan upang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • maiwasan ang diskriminasyon at maling interpretasyon; • mapanatili ang paggalang sa kultura at pagkakaiba-iba; <p>Pamantayan: Nilalaman- 40 Organisasyon-30 Wika-30 Kabuoang puntos – 100</p>	<p>praktika (responsableng komunikasyon sa pamamagitan sa lipunan.</p> <p>Alignment sa KPL (Kasanayan, Pagpapahalaga, at Layunin) at mga Komponente: EdTech (Teknolohiyang Pang-edukasyon): Tahasang nakalagay sa pagpili ng Podcast bilang lunsaran. Ang pagbuo ng script para sa isang digital na plataporma ay naghahanda sa mag-aaral sa modernong pamamaraan ng pagpapalaganap ng impormasyon gamit ang teknolohiya.</p> <p>Literacy (Kalinangan sa Pagbasa at Pagsulat): Nasusukat sa pagbuo ng organisadong argumento, kritikal na pagsusuri ng mga sitwasyong komunikatibo, at paggamit ng angkop na antas ng wika na may 300–400 na salita.</p>
	<p>Opsiyon B: Community Newsletter</p> <p>Panuto: Bumuo ng Artikulo para sa Digital Community Newsletter na may 250–350 salita.</p> <p>Gampanin: Kabataang Mamamahayag / Tagapagsalita ng Komunidad</p> <p>I. Mga Gabay at Hakbang</p> <p>Upang matagumpay na mabuo ang artikulo, dadaan ang mga mag-aaral sa sumusunod na mga hakbang na isinagawa sa buong yunit:</p>	<p>Para sa Opsiyon B:</p> <p>Ginamit sa pangyunit na pagtataya ay hindi aksidente; ito ay binuo batay sa mga prinsipyo ng Outcome-Based Education (OBE) at Backward Design. Narito ang malalimang paliwanag kung bakit eksaktong</p>

	<p>1. Hakbang 1 (Pangangalap ng Datos): Balikan ang naging resulta ng inyong <i>interkultural na pakikipanayam</i> o <i>pagsusuri ng sitwasyong komunikatibo</i>. Ayusin ang mga nakalap na bilang, porsyento, o istatistika ukol sa komunikasyon sa inyong barangay.</p> <p>2. Hakbang 2 (Drafting/Pagsulat): Gamit ang mga datos, sumulat ng isang artikulo (250–350 salita) na may pormal ngunit nakahihikayat na tono.</p> <p>3. Hakbang 3 (Paglalapat sa Teknolohiya): Idisenyo ang artikulo gamit ang isang open-source na publishing tool (tulad ng Canva, Google Docs, o Mailchimp) upang maging mukhang totooong bahagi ng isang digital newsletter.</p> <p>Rubrik sa Pagmamarka (Analytic Rubric) Gagamitin ang rubrik na ito upang matiyak na ang lahat ng komponente (EdTech, Literacy, Numeracy) ay malinaw na nakapaloob at nakaangkla sa Kasanayan, Pagpapahalaga, at Layunin (KPL).</p>													
	<table><tr><th>Pamantayan</th><th>Napakahu say (5)</th><th>Mahusay (4)</th><th>Nalilinan g (3)</th><th>Nagsisim ula (2)</th><th>Punt os</th></tr><tr><td>Nilalaman at Argumento (Literacy & Pagpapahala ga)</td><td>Malinaw na nailahad ang argumento ukol sa kultural na sensibilida d; may 3 konkretong halimbawa mula sa yunit at nagpaki ta ng panlipuna</td><td>Nailahad ang argument o at may 3 halimbaw a, ngunit kulang ng kaunting lalim ang bahagi ng panlipuna ng pananagu tan.</td><td>May argument o ngunit 1-2 halimbaw a lamang ang nailagay; Malabo ang koneksyo n sa pananagu tan.</td><td>Hindi malinaw ang argumento o at walang halimbaw ang binanggit mula sa mga gawain.</td><td>/5</td></tr></table>	Pamantayan	Napakahu say (5)	Mahusay (4)	Nalilinan g (3)	Nagsisim ula (2)	Punt os	Nilalaman at Argumento (Literacy & Pagpapahala ga)	Malinaw na nailahad ang argumento ukol sa kultural na sensibilida d; may 3 konkretong halimbawa mula sa yunit at nagpaki ta ng panlipuna	Nailahad ang argument o at may 3 halimbaw a, ngunit kulang ng kaunting lalim ang bahagi ng panlipuna ng pananagu tan.	May argument o ngunit 1-2 halimbaw a lamang ang nailagay; Malabo ang koneksyo n sa pananagu tan.	Hindi malinaw ang argumento o at walang halimbaw ang binanggit mula sa mga gawain.	/5	
Pamantayan	Napakahu say (5)	Mahusay (4)	Nalilinan g (3)	Nagsisim ula (2)	Punt os									
Nilalaman at Argumento (Literacy & Pagpapahala ga)	Malinaw na nailahad ang argumento ukol sa kultural na sensibilida d; may 3 konkretong halimbawa mula sa yunit at nagpaki ta ng panlipuna	Nailahad ang argument o at may 3 halimbaw a, ngunit kulang ng kaunting lalim ang bahagi ng panlipuna ng pananagu tan.	May argument o ngunit 1-2 halimbaw a lamang ang nailagay; Malabo ang koneksyo n sa pananagu tan.	Hindi malinaw ang argumento o at walang halimbaw ang binanggit mula sa mga gawain.	/5									

natumbok ng pagtatayang ito (ang pagsulat ng Newsletter Artikulo) ang mga katangian ng isang Scaffolded Integrative Performance Task :
Tunay na Pagtataya (Authentic Assessment): Sinasagot nito ang madalas na tanong ng mag-aaral na, " <i>Saan ko naman gagamitin ito sa totooong buhay?</i> " Natumbok nito ang tunay na layunin dahil sa mga sumusunod:
<ul style="list-style-type: none">• May Malinaw na Gampanin (Role): Ang mag-aaral ay hindi lang sumasagot bilang "estudyante," kundi bilang isang Kabataang Mamamahayag. Nagbibigay ito ng bigat at seryosong anggulo sa kanilang pagsulat.• May Target na Mambabasa (Audience): Ang sulat ay para sa Komunidad/Barangay, kaya awtomatikong pinag-iisipan ng mag-aaral ang tono, pormalidad, at dulas ng mga salitang kanilang

		ng pananagutan.						
	Pagsusuri at Paggamit ng Datos (Numeracy)	Tahasang gumamit ng tumpak na datos, porsyento, o istatistika (mula sa pagsusuri) upang suportahan ang argumento sa lohikal na paraan.	Gumamit ng datos o bilang ngunit hindi ganap na nailapat o naipaliwa nag ang epekto nito sa argumento.	Binanggit ang mga bilang ngunit mukhang pilit o walang direktang kinalaman sa paksa ng artikulo.	Walang ginamit na anumang datos, bilang, o istatistika sa buong artikulo.	/5		
	Teknikal na Pagsulat at Haba (Literacy)	Napakahusay ng estruktura (Headline, Lead, Body). Sumunod nang tumpak sa habang 250-350 salita.	Maayos ang estruktura. Lumampas o kulang nang kaunti sa bilang ng salita (may pagkakaiba)	May kalituhan sa estruktura ng balita; kulang o sobra ang bilang ng salita sa itinakda.	Hindi organisado ang artikulo at hindi sumunod sa itinakdang bilang ng mga salita.	/5		<p>gagamitin upang hindi makasakit ng iba't ibang kultura.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Direktang Alignment sa KPL: Ang rubrik mismo ay nakadiseno para markahan ang EdTech, Literacy, at Numeracy. Ibig sabihin, kung ano ang itinuro sa buong yunit, iyon lang ang hiningi sa huling pagtataya. Walang "surpresa" sa marka.

		Walang mali sa gramatika.	a ng 10-20 salita).													
	Paglalapatsa Teknolohiya (EdTech)	Ang artikulo ay binuo at inilatag gamit ang digital publishing tool; malikhain, mukhang propesyonal, at madaling basahin (scannable).	Inilatag gamit ang digital tool ngunit hindi gaanong organisado ang layout o font na ginamit.	Sinubukang gamitan ng teknolohiya ngunit plain text lamang at walang format ng isang newsletter .												
VII. PAGNINILAY <i>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</i>	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1 Pagninilay Tsart (3-2-1 Model) 3 Bagay na Aking Natuklasan (Pagbibigay-kahulugan) Magtala ng tatlong (3) realisasyon kung paano nagbabago ang kahulugan ng isang salita, kilos, o mensahe depende sa kultura ng taong kausap mo.</td><td></td></tr><tr><td>Pagninilay "Paano nakatutulong ang pagiging mulat sa kontekstong sosyal at kultural (tulad ng edad, katayuan, o tradisyon) ng iyong kausap upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan? Paano mo iaangkop ang iyong mga di-berbal na kilos kung ang iyong kausap ay may kakaibang</td><td></td></tr></table>					Gabay na Tanong	Sagot	1 Pagninilay Tsart (3-2-1 Model) 3 Bagay na Aking Natuklasan (Pagbibigay-kahulugan) Magtala ng tatlong (3) realisasyon kung paano nagbabago ang kahulugan ng isang salita, kilos, o mensahe depende sa kultura ng taong kausap mo.		Pagninilay "Paano nakatutulong ang pagiging mulat sa kontekstong sosyal at kultural (tulad ng edad, katayuan, o tradisyon) ng iyong kausap upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan? Paano mo iaangkop ang iyong mga di-berbal na kilos kung ang iyong kausap ay may kakaibang						
Gabay na Tanong	Sagot															
1 Pagninilay Tsart (3-2-1 Model) 3 Bagay na Aking Natuklasan (Pagbibigay-kahulugan) Magtala ng tatlong (3) realisasyon kung paano nagbabago ang kahulugan ng isang salita, kilos, o mensahe depende sa kultura ng taong kausap mo.																
Pagninilay "Paano nakatutulong ang pagiging mulat sa kontekstong sosyal at kultural (tulad ng edad, katayuan, o tradisyon) ng iyong kausap upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan? Paano mo iaangkop ang iyong mga di-berbal na kilos kung ang iyong kausap ay may kakaibang																

	kultura?"	
	Pangako sa Komunidad (Pagpapahayag) Sumulat ng isang (1) maikling pahayag o <i>commitment statement</i> (may 20-30 salita) kung paano mo gagamitin ang iyong boses at teknolohiya (EdTech) upang maging ehemplo ng responsableng komunikasyon. <ul style="list-style-type: none"> Ako _____ ay _____ nangangakong... 	
	Hakbang na Aking Babaguhin (Pakikilahok) Magtala ng dalawang (2) personal na gawi o paraan ng pakikilahok (sa paaralan, komunidad, o <i>social media</i>) na babaguhin mo upang mas maipakita ang sensibilidad at maiwasan ang diskriminasyon. <ul style="list-style-type: none"> 1. _____ 2. _____ 	

- Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
- Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
- Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.
- Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
- Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
- Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	Mabisang Komunikasyon	Baitang	11

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	<p>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal, interpersonal, sosyal at kultural na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop, kolaboratibo, sumasalamín sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, pag-unawa sa konteksto, pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng inklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa iba't ibang komunidad, sa parehong pampubliko at dihit na espasyo.</p>
Pamantayan sa Pagganap	<p>Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal, interpersonal, sosyal, at kultural na sitwasyong komunikatibo; nakikibahagi sa komunikasyong intrapersonal kabilang ang pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakalalahok sa mahahabang usapan at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang personal, interpersonal, sosyal, at kultural; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong na may kaugnayan sa nilalaman at layunin ng mga pag-uusap at korespondensiya; nakalilikha ng maiikli at mahahabang personal at interpersonal na korespondensiya sa mga anyong gaya ng liham, email, text o chat, at mga post sa <i>social media</i>; nakikilahok sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba't ibang pangkat panlipunan at kultural nang may sensibilidad sa mga pamantayang kultural at gawi: at nakalilikha ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal tulad ng mga anunsiyong panserbisyo publiko, lathalain o opinyon, naratibong kultural, blog ng komunidad, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng inklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.</p>
Mga Kasanayang Pampagkatuto	<p>Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:</p> <p>PAGBIBIGAY-KAHULUGAN</p> <ul style="list-style-type: none"> Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o <i>biassa</i> mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural (hal. <i>social media post, podcast, art exhibit, pista o festival</i>). <p>PAKIKILAHOK</p> <ul style="list-style-type: none"> Naipakikita ang sensibilidad sa mga panlipunang gampanin, pangkatang dinamika at kultural na pagkakakilanlansang interaksyong <i>face-to-face</i> at <i>online</i>.

	<p>PAGPAPAHAYAG</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakabubuo ng mga tekstong <i>public-facing</i> (hal. blog, komentaryo, adbokasiyang post sa <i>social media</i>, o maikling opinyon o kolum) na nagsusulong ng pagiging inklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunan. <p>PAGNINILAY</p> <ul style="list-style-type: none"> Naipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan. 	
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	<p>Chatgpt.com (ginamit ang Ai na ito sa pagbuo ng mga larawan, illustration at graphic organizer)</p> <p>Department of Education. (2025). <i>DM_s2025_048r: Strengthened senior high school curriculum pilot implementation</i>.</p> <p>Department of Education. K to 12 Curriculum Guide sa Filipino. Pasig City: Department of Education, 2016.</p> <p>Department of Education. Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Pasig City: Department of Education, 2017.</p> <p>Heitin, Liana. "Digital Citizenship and Responsible Online Behavior." Education Week, 2018.</p> <p>https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DM_s2025_048r.pdf#3</p> <p>https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/MABISANG-KOMUNIKASYON.pdf#2</p> <p>Moran, Michael G., and Michelle Ballif. Digital Literacy for Technical Communication. New York: Routledge, 2020.</p>	
III. NILALAMAN/ SITWASYONG KOMUNIKATIBO	<p>Paggawa ng <i>blog post</i> o <i>contents</i> sa <i>social media</i> tungkol sa katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, o mga kilusang panlipunan</p>	
IV. TUNGUHIN	<ol style="list-style-type: none"> Natutukoy ang kahulugan ng blog at mga bahagi nito sa paggawa ng content sa <i>social media</i>. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng blog bilang midyum sa pagpapahayag ng katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, at isyung panlipunan. Nakabubuo ang mag-aaral ng isang makabuluhang blog content na malikhain, organisado, at nakahihikayat upang ipakita at maipaglaban ang kultural na identidad at adbokasiyang panlipunan. Nakagagawa ng isang brochure gamit ang blog na naisulat tungkol sa mga katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, at isyung panlipunan. 	
V. PAMAMARAAN	TALA SA GURO	
A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	Opsiyon A: BLOG BITS DETECTIVE CHALLENGE Mga Hakbang sa Pagsasagawa (Misyong Dapat Tapusin)	Para sa Opsiyon A: BLOG BITS DETECTIVE

- **HAKBANG 1: I-decode ang Kahulugan (Jumbled Words)**
Ayusin ang mga pinaghalo-halong salita sa loob ng sobre upang mabuo ang tamang depinisyon ng isang "Blog". Idikit ang buong depinisyon sa pinakataas na bahagi ng inyong manila paper.
- **HAKBANG 2: Suriin at Ayusin ang mga Bahagi (Cut-outs)**
Basahin at suriin ang mga piraso ng papel. Tukuyin kung aling bahagi ang:
Pamagat, Manunulat, Panimula, Katawan, at Wakas
- **HAKBANG 3: Idikit sa Manila Paper**
Ihanay ang mga nahanap na bahagi ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng isang blog. Lagyan ng label ang bawat bahagi gamit ang inyong pentel pen.
- **HAKBANG 4: I-report ang Misyon**
Ihanda ang pangkat para sa isang maikling pagbabahagi ng natapos na gawain sa harap ng klase.

Pamantayan	5	4	3	2	1
Tamang Kahulugan ng Blog	Ganap na tama at malinaw	May maliit na kamalian	Bahagya ng tama	Malabo ang sagot	Mali ang sagot
Pagkilala sa mga Bahagi ng Blog	Kumpleto at tama lahat	1 bahagi ang mali	2-3 bahagi ang mali	Marami ng mali	Walang tamang sagot
Kooperasyon ng Pangkat	Aktibong lahat ng miyembro	Karamihan ay aktibo	Kalahati lang ang aktibo	Kaunti ang nakilahok	Walang kooperasyon

CHALLENGE

Ang gawaing ito ay idinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang kahulugan ng blog at makilala ang mga bahagi nito sa isang masaya at kolaboratibong paraan. Bago simulan ang gawain, ihanda ang mga kinakailangang materyales tulad ng sobre na naglalaman ng jumbled words para sa depinisyon ng blog, mga cut-out na bahagi ng blog, manila paper, pandikit, at pentel pen. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat at ipaliwanag na sila ay gaganap bilang mga "Blog Detectives" na may misyong tuklasin at buuin ang isang kumpletong blog.

Ang PPST 2.4.1 ay lantad sa gawaing ito dahil ang buong disenyo nito ay nakatuon sa paglikha ng isang suportado, interaktibo, at masiglang kapaligiran kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan, aktibong nakikilahok, at nagaganyak na matuto nang mag-isa at kasama ang iba. Ang pagiging "Blog Detective" ay hindi lamang isang tema – ito ay

		isangratehiya na nagpapataas ng social engagement at motivation, na siyang buod ng PPST 24.1.																									
	<p>Opsiyon B: STORY OF A BLOGGER</p> <p>Ako ay isang blogger. Sa aking unang blog post, aking napagtanto na...</p> <p>Kahulugan ng blog: _____</p> <p>Mga bahagi ng blog: _____</p> <p>Aking karanasan: _____</p> <p>Kahalagahan ng blog: _____</p> <table><tr><th>Pamantayan</th><th>4 (Napakahusay)</th><th>3 (Mahusay)</th><th>2 (Katamtaman)</th><th>1 (Nangangailangan pa ng pag-unlad)</th></tr><tr><td>Nilalaman</td><td>Kumpleto at tama ang idea</td><td>May kaunting kulang</td><td>Limitado ang idea</td><td>Hindi malinaw</td></tr><tr><td>Pag-unawa</td><td>Malinaw ang kahulugan ng blog at ang bahagi nito</td><td>May ideangunit hindi buo</td><td>Kulang ang paliwanag</td><td>Walang pag-unawa</td></tr><tr><td>Pagkamalikhain</td><td>Napakamalikhain ng salaysay</td><td>Malikhain g sapat</td><td>Simple lamang</td><td>Walang creativity</td></tr><tr><td>Organisasyon</td><td>Maayos at sunod-sunod ang idea</td><td>May kaunting pagkakamali</td><td>Magulo ang daloy</td><td>Walang ayos</td></tr></table> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 1</p>	Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan pa ng pag-unlad)	Nilalaman	Kumpleto at tama ang idea	May kaunting kulang	Limitado ang idea	Hindi malinaw	Pag-unawa	Malinaw ang kahulugan ng blog at ang bahagi nito	May ideangunit hindi buo	Kulang ang paliwanag	Walang pag-unawa	Pagkamalikhain	Napakamalikhain ng salaysay	Malikhain g sapat	Simple lamang	Walang creativity	Organisasyon	Maayos at sunod-sunod ang idea	May kaunting pagkakamali	Magulo ang daloy	Walang ayos	<p>Para sa Opsiyon B: STORY OF A BLOGGER</p> <p>Ang aktibidad na ito ay idinisenyo bilang isang reflective writing task upang matulungan ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang paunang kaalaman tungkol sa blog sa pamamagitan ng personal na pagninilay. Bago simulan ang gawain, ipaliliwanag ng guro na sila ay gaganap bilang isang “baguhang blogger” na magbabahagi ng kanilang unang karanasan at pag-unawa sa blog at mga bahagi nito. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa Instructional Design Framework (IDF) partikular sa <i>Activation of Prior Knowledge at Constructivist Learning</i>, kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang bubuo ng kahulugan mula sa kanilang sariling karanasan at dating kaalaman sa <i>social media</i>.</p> <p>Ang aktibidad ay tumutugon saPPST Domain 3: Diversity</p>
Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan pa ng pag-unlad)																							
Nilalaman	Kumpleto at tama ang idea	May kaunting kulang	Limitado ang idea	Hindi malinaw																							
Pag-unawa	Malinaw ang kahulugan ng blog at ang bahagi nito	May ideangunit hindi buo	Kulang ang paliwanag	Walang pag-unawa																							
Pagkamalikhain	Napakamalikhain ng salaysay	Malikhain g sapat	Simple lamang	Walang creativity																							
Organisasyon	Maayos at sunod-sunod ang idea	May kaunting pagkakamali	Magulo ang daloy	Walang ayos																							

		<p><i>of Learners, partikular sa Strand 3.1 (Learners' gender, needs, strengths, interests, and experiences).</i></p>
	<p>2. Paglalahad ng Layunin</p> <p>Opsiyon A: BLOGQUEST</p> <p>Panuto: Tutuklasin at bubuoin ng mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at kolaboratibong pagkatuto.</p> <p>Tuklasin ang mga layunin ng aralin gamit ang teknolohiya. Mga Hakbang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. I-scan ang <i>QR code</i> na ibibigay ng inyong guro. 2. Basahing mabuti ang nilalaman nito. 3. Talakayin sa inyong pangkat kung ano ang ipinahihiwatig ng materyal. 4. Sagutin ang sumusunod: <div style="background-color: #e6f2ff; padding: 10px; border-radius: 10px;"> <p>MGA GABAY NA TANONG (Misyong Sasagutin) Basahin, suriin, at talakayin sa inyong pangkat ang nakatalagang materyal. Isulat ang inyong kolektibong sagot sa espasyong inilaan sa ibaba.</p> <p>1. Suriin ang kabuuan ng ipinakita o binasang materyal. Ano ang pangunahing paksa, mensahe, o impormasyon na ipinakikita nito?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>2. Mula sa inyong pagsusuri, ano ang pinakamahalagang aral, kasanayan, o kaalaman na inaasahang matutuhan ng isang tao matapos itong mapanood o mabasa?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>3. Paano magagamit ang impormasyon o paksang ito sa paggawa ng isang makabuluhang blog o vlog? Sa palagay ninyo, paano ito makatutulong upang makapukaw ng interes ng mga mambabasa o manonood sa internet?</p> <p>_____</p> <p>_____</p> </div> <ol style="list-style-type: none"> 5. Ibahagi ang inyong sagot sa Padlet o Mentimeter. 	<p>Para sa Opsiyon A: BLOGQUEST</p> <p>Nakatuon ang gawaing ito sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral bago simulan ang pag-aaral. Ayon sa IDF, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag nauunawaan ng mga mag-aaral ang direksiyon at layunin ng aralin.</p> <p>Iniangkla ang aktibidad na ito sa Constructivism (Piaget at Vygotsky). Naniniwala ang teoryang ito na ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula sa kanilang mga karanasan. Sa gawaing ito, natutuklasan nila mismo ang mga layunin sa pamamagitan ng digital exploration.</p> <p><i>PPST Domain 1: Indicator 1.3.2 Sa BLOGQUEST, ang pagbabasa, pagsusuri, at pagkuha ng impormasyon mula sa mga digital na gawain ay nagpapalakas sa literacy skills ng mga mag-aaral.</i></p>

	<p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 2</i></p> <p>Opsiyon B: GALLERY WALK GOAL DISCOVERY</p> <p>Mga Hakbang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pumunta sa bawat learning station. • Suriin nang mabuti ang mga larawan. • Sagutin ang mga tanong sa bawat istasyon. <p>Estasyon 1 Ano ang ipinakitang kultura?</p> <hr/> <p>Estasyon 2 Paano ito maibabahagi sa <i>social media</i>?</p> <hr/> <p>Estasyon 3 Anong mensahe ang nais mong ipahayag?</p> <hr/> <p>Estasyon 4 Ano ang papel ng blog o vlog sa pagpapalaganap ng kultura?</p> <hr/> <p>Hamon Batay sa inyong nakita, ano sa tingin ninyo ang mga layunin ng ating aralin ngayon?</p> <hr/>	<p>Para sa Opsiyon B: GALLERY WALK GOAL DISCOVERY Ang gawaing ito ay nagpapakilos sa dating kaalaman ng mga mag-aaral upang magkaroon sila ng mas malinaw na pag-unawa sa mga layunin ng aralin.</p> <p>Nakabatay ang gawaing ito sa Teoryang Social Constructivism (Vygotsky). Ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon at kolaborasyon. Sa Gallery Walk, natututo ang mga mag-aaral mula sa pananaw ng kanilang mga kaklase. Ayon din sa Experiential Learning ni Kolb, mas tumatatak ang kaalaman kapag ang mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa isang karanasan bago ito pagnilayan.</p> <p><i>PPST Domain 1: 1.3.2 –Sa Gallery Walk, sinusuri, binibigyang-kahulugan, at pinag-uugnay ng mga mag-aaral ang mga impormasyon sa bawat istasyon upang matuklasan ang layunin ng aralin. Nahahasa rito ang</i></p>
--	--	--

		<p>kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip.</p> <p>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 3</p>
<p>• Integrasyon ng Bagong Kaalaman</p>	<p>1. Paglalahad ng Halimbawa Opsiyon A: BANTAY-TALA: DIGITAL NA PAGLALAKBAY SA BLOG NG KULTURA</p>  <p><u>Habang Inaayos ang Flood Control: Practical Tips para Protektado ang Bahay sa Baha – Grand Philippines</u> <i>Panuto:</i> Ikaw ay isang digital cultural explorer na susuri sa isang blog tungkol sa kultura at panlipunang isyu. Mga Hakbang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • I-scan ang QR code o buksan ang link na ibinigay ng guro. • Basahin nang mabuti ang blog. • Suriin ang nilalaman, larawan, at bahagi ng blog. • Sagutin ang mga guide questions sa worksheet. • Gumawa ng maikling digital reflection. • I-submit ang sagot sa Google Form o Padlet. <p> DIGI-CULTURE BLOG ANALYSIS SHEET 1. Ano ang paksa ng blog na iyong binasa?</p>	<p>Para sa Opsiyon A: BANTAY-TALA: DIGITAL NA PAGLALAKBAY SA BLOG NG KULTURA</p> <p>Ang gawaing ito ay isang digital inquiry-based learning activity kung saan ang mga mag-aaral ay susuri ng mga blog na tumatalakay sa katutubong kultura, pamanang kultural, at panlipunang isyu. Sa pamamagitan ng teknolohiya, inaasahang mauunawaan nila ang blog bilang isang makabagong midyum ng komunikasyon at adbokasiya.</p> <p>Layunin nitong malinang ang critical reading skills, digital literacy, at reflective thinking ng mga mag-aaral habang iniuugnay ang blog sa realidad ng kultura at lipunan.</p> <p>Ang aktibidad ay nakaangkla sa Constructivist Theory (Piaget at Vygotsky) kung saan ang mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula</p>

	2. Ano ang pangunahing mensahe nito?						sa kanilang karanasan sa digital na kapaligiran, at Connectivism (Siemens) kung saan ang pagkatuto ay nangyayari sa pamamagitan ng koneksyon sa digital resources. GABAY NA TANONG 1. Ano ang blog batay sa iyong binasa? 2. Paano ito naiiba sa tradisyunal na teksto? 3. Paano nito ipinapakita ang kultura ng Pilipino? 4. Bakit mahalaga ang pagpapakita ng katutubong identidad sa blog? 5. Ano ang papel ng larawan at video sa blog? 6. Paano nakatutulong ang blog sa modernong komunikasyon? Tinutugunan ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang: Naipaliliwanag ang kahalagahan ng blog bilang midyum sa pagpapahayag ng katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, at isyung panlipunan.
	3. Anong panlipunang isyu ang tinalakay sa blog?						
	4. Bakit mahalaga ang blog sa pagpapahayag ng kultura at isyu sa lipunan?						
	5. Ano ang iyong natutuhan mula sa blog na iyong binasa?						
	PAMANTAYAN	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Nangangailangan ng Pag-unlad)	PUNTO OS	
	1. Pag-unawa sa Nilalaman ng Blog	Lubos na naunawaan ang blog; malinaw na natukoy ang paksa, mensahe, at layunin nito.	Naunawaan ang karamihan ng nilalaman ngunit may kaunting detalye na hindi malinaw.	Limitado ang pag-unawa; may mahahalagang bahagi ng blog na hindi natukoy.	Hindi naunawaan ang nilalaman ng blog.	/4	
	2. Pagsusuri sa Bahagi ng Blog (Structure Awareness)	Kompletong natukoy ang lahat ng bahagi ng blog (title, introduction, body, media, conclusion) at naipaliwanag ang gamit ng bawat isa.	Natukoy ang karamihan sa bahagi ngunit may isa na hindi malinaw ang paliwanag .	Ilang bahagi lamang ang natukoy; kulang ang paliwanag.	Hindi natukoy ang mga bahagi ng blog.	/4	

	3. Pag-uugnay sa Kultura at Panlipunang Isyu	Malalim, makabuluhan, at kritikal ang pag-uugnay ng blog sa kultura, identidad, at isyung panlipunan.	May malinaw na pag-uugnay ngunit hindi ganap na detalyado.	Bahagyang naiuugnay ang blog sa kultura o isyu.	Walang malinaw na ugnayan sa kultura o panlipunang isyu.	/4
	4. Digital Literacy at Paggamit ng Teknolohiya	Mahusay at responsable ang paggamit ng digital platform; malinaw ang proseso ng online analysis at submission.	Maayos ang paggamit ng teknolohiya ngunit may kaunting gabay na kailangan.	Limitado ang kakayahan sa paggamit ng digital tools; kailangan ng tulong.	Hindi nagamit nang maayos ang teknolohiya.	/4
	5. Kritikal na Pag-iisip (Analytical Thinking)	Napakataas ng antas ng pagsusuri; malinaw ang lohikal at kritikal na pag-iisip sa lahat ng sagot.	May mahusay na pagsusuri ngunit hindi lubos na malalim.	Simpleng pagsusuri lamang; kulang sa lalim ng pag-iisip.	Walang ipinakitang pagsusuri o lohikal na pag-iisip.	/4
	6. Reflection Output (Sariling Pagninilay)	Napaka-makabuluhan, malalim, at personal ang reflection; malinaw ang natutunan at aplikasyon.	Maayos at malinaw ang reflection ngunit kulang sa lalim.	Simpleng reflection lamang; limitado ang insight.	Walang malinaw na reflection o hindi nasagot.	/4

	<p>Opsiyon B: DALOY-TALA: MAPA NG BLOG AT KULTURA</p> <p><u>https://anglagablabcnhs.blogspot.com/2026/05/wang-od-at-ang-buhay-na-tradisyong-ng.html?m=1</u></p> <p><i>Panuto:</i> Bubuoin ng mga mag-aaral ang isang <i>system map</i> na nagpapakita kung paano gumagana ang blog bilang midyum ng kultura at panlipunang pagpapahayag.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Basahin ang ibinigay na case topic • Isipin kung ano ang idea o paksa (Input) ng blog. • Tukuyin kung paano isinusulat o binubuo ang blog (Process). • Ilahad ang magiging final output o blog post. • Isama ang maaaring feedback ng mambabasa (komento, likes, shares). • Iguhit o punan ang system map sa manila paper. • Maghanda para sa presentasyon sa klase. • Ipaliwanag kung paano nakatutulong ang blog sa pagpapahayag ng kultura at isyung panlipunan. 	<p>Para sa Opsiyon B: DALOY-TALA: MAPA NG BLOG AT KULTURA</p> <p>Ang gawaing ito ay naglalayong maunawaan ng mga mag-aaral ang blog bilang isang sistematikong daluyan ng impormasyon gamit ang modelo ng Input-Process-Output-Feedback (IPOF). Sa pamamagitan ng pagbuo ng system map, maipapakita ng mga mag-aaral kung paano ginagamit ang blog upang maipahayag ang katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, at panlipunang isyu sa lohikal at organisadong paraan.</p> <p>Ang blog ay hindi lamang sulatin kundi isang komunikasyong sistema na may malinaw na daloy ng impormasyon mula idea hanggang sa reaksyon ng mambabasa.</p> <p>Tinutugunan ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang: Naipaliliwanag ang kahalagahan ng blog bilang midyum sa pagpapahayag ng katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, at isyung panlipunan.</p>
--	---	--

WANG-OD AT ANG BUHAY NA TRADISYON NG BATOK



APO WANG-OD (MARIA OGGAY)

MARIA OGGAY, ay isang mambabatok mula sa Butbut tribe ng Buscalan, Kalinga... Buhay na simbolo ng sinaunang sining.

Ang kanyang sining ay hindi lamang dekorasyon... isang paraan ng pagkilala... Katia ng haino ng pumbabato ng pagkilala, bathay ng mlatoya katway na manbala ng mao nakaram at lkuurang mas sa globalisasyon.

Ang kanyang sining ay mambabatok mula sa Butbut tribe ng Buscalan, Buaurang nang partan ng kanyang mambabatok, maghoyon ny mangam ng pagkilala ay mambabatok at simbolo ng hang paraan ng pagkilala.

IDENTIDAD AT KASAYSAYAN


1. Identidad
Ang kanyang sining ay hindi lamang dekorasyon... isang paraan ng pagkilala...



2. Katapangan



3. Kasaysayan



LOKAL AT DAYUHANG SA BUSCALAN

KULTURA NG BATOK AT HAMON



Kultura ng Batok

Mahalagang testamento ng yaman manunang kulturang ng yaman...
Malalim na ugnayan ng tao, kalikasan, at espiritwalidad.



Hamon ng Globalisasyon
Nahaharap sa hamon ng Kalinga village hutyan oha ng modern digital digital... Mahalagang mapanatili at maprotektahan.

LOKAL AT DAYUHANG TURISTA SA BUSCALAN



PAANO PANGALAGAAN

☒ **Edukasyon at Kamalayan**



☒ **Responsableng Turismo**



☒ **Dokumentasyon**



INSTITUSYONAL NA SUPORTA




SI APO WHANG-OD AY HINDI LAMANG ISANG MAMBABATOK... Buhay na simbolo ng katatagan at ganda... Muallim pang Iniray kang mang manghiatan sa arangunang sinirng:ng pangantakan mang mambabatok sawa manefia sang mambabatok ng Buacalan.. Mangaruman ay nambabatok nn asang lanamani ang isapayayan at sinharina paglisasan, sukoa ng mataung awo kaykiliyong sitanuhitarnikan sa minibatok, malalim na sasinung nang sanaro ng kultorart namlaoni.

Comments Share

Modified News

MAPA NG GABAY SA SISTEMA: WANG-OD AT ANG TRADISYON NG BATOK



	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang inilagay ninyo sa INPUT at bakit ito mahalaga? 2. Paano ninyo inorganisa ang PROCESS sa paggawa ng blog? 3. Ano ang naging OUTPUT ng inyong blog system? 4. Paano nakatutulong ang FEEDBACK sa pagpapabuti ng blog? 5. Paano naipapakita ng blog ang katutubong kultura at identidad? 6. Bakit mahalaga ang blog sa pagpapahayag ng pamanang kultural? 7. Paano nito naipapakita ang mga isyung panlipunan? 8. Paano mo mailalarawan ang blog bilang isang “system”? 9. Anong bahagi ng system ang pinakamahalaga? Bakit? 10. Ano ang mangyayari kung mawawala ang feedback stage? 	
	<p>2. Pagtatalakay ng Bagong Konsepto</p> <p>Ano ang Blog? Ang blog ay isang uri ng <i>online na sulatin</i> at regular na ina-update at maaaring naglalaman ng opinyon, impormasyon, karanasan, o adbokasiya tungkol sa isang paksa. Maaaring personal, pang-edukasyon, o pangkomunidad, at madalas ay may halong teksto, larawan, video, at iba pang media. Sa konteksto ng kasalukuyang lipunan, ang blog ay naging isang makabagong midyum ng komunikasyon kung saan ang mga tao ay malayang nakapagpapahayag ng idea tungkol sa kultura, identidad, at mga isyung panlipunan. Ang blog ay isang pinaikling salita mula sa “weblog” isang uri ng website o plataporma kung saan ang isang indibidwal o grupo ay naglalathala ng mga artikulo, opinyon, kwento, o impormasyon na nakaayos ayon sa petsa (karaniwang ang pinakabago ang nauuna). Ito ay isang online journal o diary na maaaring basahin ng sinuman sa internet. Ang blog ay mahalaga dahil ito ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Daluyan ng kultura at identidad – naipapakita ang katutubong tradisyon, paniniwala, at pamumuhay; 	<p>Sa pagsasakatuparan ng masusing pagtatalakay sa kahulugan, bahagi, uri, at mga tips sa pagsulat ng blog, ang guro ay inaasahang magsimula sa pamamagitan ng pag-activate ng dating kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng maikling tanong tulad ng “Ano ang mga nababasa ninyong blog sa <i>social media</i>?” o “Ano ang pagkakaiba ng blog at ordinaryong post sa Facebook?” upang maiugnay ang bagong aralin sa kanilang karanasan sa digital na mundo. Pagkatapos nito, ipapakita ng guro ang malinaw na depinisyon ng blog bilang isang digital na midyum ng komunikasyon at</p>

- **Boses ng lipunan** – nagbibigay-lakas sa mga isyung panlipunan tulad ng karapatan, edukasyon, at kalikasan;
- **Plataporma ng pagkatuto** – nagiging espasyo para sa pagbabahagi ng kaalaman at karanasan; at
- **Kasangkapan sa digital communication** – mabilis at malawak ang abot ng impormasyon.

Sa pananaw ng **Social Constructivism (Vygotsky)**, ang blog ay hindi lamang pagsulat kundi isang paraan ng **pakikipag-ugnayan at pagbuo ng kahulugan sa lipunan**.

Mga Pangunahing Katangian ng Blog:

Katangian	Paglalarawan
Regular na update	Madalas na naglalathala ng bagong nilalaman (daily, weekly, o monthly)
Kronolohikal ang ayos	Ang pinakabagong post ang unang makikita
Personal o opinyon-based	Karaniwang nagpapahayag ng personal na pananaw ng may-akda
Interaktibo	May komento, like, share, at iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan sa mambabasa
Impormal o conversational	Karaniwang mas casual ang tono kumpara sa tradisyonal na pamamahayag

pagpapahayag, at ipaliliwanag ang kahalagahan nito sa pagpapakita ng katutubong kultura, pamanang kultural, at panlipunang isyu. Sa bahaging ito, maaaring gumamit ang guro ng halimbawa ng aktuwal na blog o screenshot upang mas mailarawan ang konsepto.

Sunod, tatalakayin ng guro ang mga **bahagi ng blog** tulad ng pamagat, panimula, katawan, multimedia elements, at wakas sa pamamagitan ng breakdown at pag-aanalisa ng isang sample blog post, kung saan ipapakita kung paano nagsasama-sama ang bawat bahagi upang makabuo ng malinaw at epektibong mensahe.

Pagkatapos ay lilinawin din ang **mga uri ng blog** tulad ng personal blog, educational blog, cultural blog, at advocacy blog, at ipaliliwanag kung paano nagkakaiba ang layunin at target audience ng bawat isa. Sa puntong ito, mahalagang magbigay ang guro ng mga kongkreto halimbawa na nakatuon sa kultura at panlipunang isyu upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto.

	Mga Bahagi ng Isang Blog Post Ang bawat blog post ay binubuo ng sumusunod na mga mahahalagang bahagi:			Kasunod nito, ipaliliwanag ang mga tips sa pagsulat ng epektibong blog tulad ng pagpili ng malinaw na paksa, pagsunod sa lohikal na estruktura, paggamit ng angkop na wika, pagsasama ng multimedia, at pagbibigay ng makabuluhang mensahe, habang binibigyang-diin kung paano nakatutulong ang mga ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at digital literacy ng mga mag-aaral. Sa kabuuan ng talakayan, inaasahang gagamit ang guro ng interaktibong pamamaraan tulad ng pagtatanong, pag-aanalisa ng halimbawa, at maikling kolaboratibong gawain upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa huling bahagi, isasagawa ng guro ang pagpoproseso ng natutunan sa pamamagitan ng synthesis questions na mag-uugnay sa blog bilang midyum ng pagpapahayag ng identidad, kultura, at adbokasiyang panlipunan, at ihahanda ang mga mag-aaral para sa susunod na gawain kung saan sila ay bubuo na ng sariling blog content.
	Bahagi	Kahulugan	Halimbawa	
	Pamagat/Headline	Ang pangalan ng blog post; dapat itong kaakit-akit at nakapupukaw ng atensyon	"5 Paraan para Maging Produktibo sa Online Class"	
	Tala ng May-akda	Pangalan ng manunulat	"Ni Juan Dela Cruz"	
	Petsa ng Paglathala	Kailan na-post ang artikulo	"March 15, 2025"	
	Panimula/ Introduksyon	Unang talata na naghahatak ng atensyon at nagpapakilala sa paksa	"Sa panahon ng pandemya, maraming estudyante ang nahirapang mag-adjust sa online learning. Narito ang ilang tips..."	
	Katawan	Pangunahing nilalaman na nagpapaliwanag, nagbibigay ng detalye, o nagkukuwento	Binubuo ng ilang talata na may sub-headings, bullet points, o larawan	
	Larawan/Multimedia	Mga imahe, video, o infographic na sumusuporta sa teksto	Larawan ng estudyanteng nag-aaral gamit ang laptop	
	Call-to-Action (CTA)	Pag-anyaya sa mambabasa na gumawa ng isang bagay	"Mag-iwan ng komento sa ibaba!" o "I-share ito sa iyong kaibigan!"	
	Tags/Hashtag	Mga keyword na nagpapadali sa paghahanap ng blog	#OnlineLearning #ProductivityTips	
	Footer	Karagdagang impormasyon tulad ng links sa ibang posts o social media	"Basahin din: Paano Maging Focus sa Pag-aaral"	

	<p>Tips sa Pagsusulat ng Epektibong Blog</p> <p>1. Pumili ng malinaw at makabuluhang paksa</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tiyaking ang paksa ay may kaugnayan sa kultura, karanasan, o isyung panlipunan. • Iwasan ang sobrang lawak na paksa; magpokus sa tiyak na idea. <p>2. Sundin ang lohikal na estruktura</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gumamit ng malinaw na pagkakasunod-sunod: panimula → katawan → wakas. • Siguraduhing may flow ang idea upang madaling maunawaan ng mambabasa. <p>3. Gumamit ng malinaw at angkop na wika</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang komplikadong salita kung hindi kinakailangan. • Gumamit ng wikang akma sa target na mambabasa. • Para sa blog na may temang kultura, maaaring gamitin ang Filipino o lokal na wika upang mas maging makabuluhan. <p>4. Iugnay ang nilalaman sa totoong buhay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng halimbawa mula sa kultura o lipunan. • Ipakita kung paano ito nakaaapekto sa tao at komunidad. <p>5. Gumamit ng angkop na media</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maglagay ng larawan, video, o infographic na may kaugnayan sa paksa. • Siguraduhing may paliwanag ang bawat media. <p>6. Magbigay ng malinaw na mensahe o paninindigan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang gustong iparating ng blog? • Ano ang panawagan sa mambabasa? <p>7. I-edit at repasuhin ang isinulat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Suriin ang grammar, organisasyon, at daloy ng idea. • Tiyaking malinaw at walang kalituhan. <p>Tandaan: Ang blog ay hindi lamang simpleng sulatin sa internet. Ito ay isang makapangyarihang boses ng indibidwal at komunidad na maaaring magmulat, magturo, at magbigay-inspirasyon. Sa tamang</p>	<p>Tinutuhog ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang:</p> <p>Natutukoy ang kahulugan ng blog at mga bahagi nito sa paggawa ng content sa <i>social media</i>.</p>
--	--	---

	<p>paggamit nito, nagiging tulay ito sa pag-unawa sa kultura, identidad, at mga isyung panlipunan.</p> <p>3. Paglinang ng Kabihasaan</p> <p>Opsiyon A: BLOG ICON HUNT <i>Panuto:</i> Tutukuyin at ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng blog sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga simbolo at larawang ipinapakita ng guro.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Masusing pagmasdan ang mga larawang ipapakita ng guro. • Tukuyin kung ano ang ipinapakita ng bawat larawan o simbolo. • Isulat ang sagot sa mga gabay na tanong. • Ibahagi ang sagot sa klase kung tatawagin. • Kumpletuhin ang Reflection Box pagkatapos ng gawain. <p>Ano ang ipinapakita ng larawan?</p> <hr/> <p>Saan ito makikita sa isang blog?</p> <hr/> <p>Ano ang maaaring gamit nito?</p> <hr/> <p>REFLECTION BOX</p> <p>✍ Sa tingin ko, ang blog ay</p>	
		<p>Para sa Opsiyon A: Ang Blog Icon Hunt ay isang gawaing biswal na naglalayong malinang ang paunang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto at mga bahagi ng blog sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-uugnay ng mga simbolo o larawang karaniwang makikita sa isang blog. Sa gawaing ito, hinahasa ang kanilang kakayahang magmasid, magbigay-kahulugan, at bumuo ng sariling konsepto tungkol sa blog bilang paghahanda sa mas malalim na pagtalakay ng aralin.</p> <p>Ipakita ng guro ang iba't ibang larawan o icon na karaniwang makikita sa isang blog tulad ng profile icon, comment section, menu bar, search button, at larawan ng blog post. Hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ang bawat larawan at sagutin ang mga gabay na tanong tungkol sa kung ano ang ipinapakita nito, saan ito matatagpuan sa isang blog, at ano ang gamit nito. Pagkatapos ng talakayan, pasulatin ang</p>

		<p>mga mag-aaral sa Reflection Box ng kanilang sariling pagpapakahulugan sa blog batay sa mga impormasyong kanilang natuklasan mula sa gawain.</p> <p><i>Ang gawaing ito ay tumutugon sa PPST Domain 1, Strand 1.5 – Paglalapat ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang literacy at critical thinking skills ng mga mag-aaral, sapagkat gumagamit ito ng visual na pamamaraan upang mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bagong konsepto.</i></p> <p>Tinutuhog ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang: Natutukoy ang kahulugan ng blog at mga bahagi nito sa paggawa ng content sa <i>social media</i>.</p>
	<p>Opsiyon B: BLOG BEAT CHALLENGE</p> <p><i>Panuto:</i> Makikinig at makikilahok ang mga mag-aaral sa rhythmic beat na ipapakita ng guro (clapping, desk tapping, o simpleng percussion). Pagkatapos ay sasagot sa tanong:</p> <p>“Ano mga konsepto ang iyong naalala kapag naririnig ninyo ang salitang ‘blog’?”</p>	<p>Para sa Opsiyon B: BLOG BEAT CHALLENGE</p> <p>Sa bahaging ito, gagamitin ng guro ang musika at ritmo upang makuha ang atensyon at interes ng mga mag-aaral bago ipakilala ang paksa ng blog. Magsisimula ang guro sa</p>

	<ul style="list-style-type: none"> • Hahatiin ang klase sa maliliit na grupo. • Bawat grupo ay bibigyan ng mga salitang gagamitin sa chant/jingle: <ul style="list-style-type: none"> a. Blog b. Title c. Content d. Comment e. Share • May 3 minuto upang makabuo ng isang maikling chant o jingle na may ritmo. • Ipepresenta ng bawat grupo ang kanilang likha sa klase sa pamamagitan ng sabayang pagbigkas, pagpalakpak, o simpleng galaw. • Hikayatin ang creativity, ritmo, at malinaw na pagpapakita ng kahulugan ng blog. <p>Paalala</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gamitin ang lahat ng ibinigay na salita. • Siguraduhing may ritmo at sabayang presentasyon. • Maging malikhain at masaya sa pagganap. <p>Gabay na Tanong (para sa reflection pagkatapos ng presentasyon)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang natutunan ninyo tungkol sa blog sa pamamagitan ng chant? • Aling bahagi ng blog ang pinakamadaling tandaan? Bakit? • Paano nakatulong ang ritmo sa pagkatuto ninyo? 	<p>pamamagitan ng pagtugtog ng isang maikling rhythmic beat gamit ang clapping, desk tapping, o isang simpleng percussion instrument. Pagkatapos, magtatanong ang guro: <i>“Ano ang pumapasok sa inyong isipan kapag naririnig ninyo ang salitang ‘blog’? Paano natin ito maaaring kantahin o isayaw?”</i> Ang tanong na ito ay magsisilbing hook upang maiugnay ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa bagong aralin. Susunod, ipaliliwanag ng guro na sa aktibidad na ito, gagawa sila ng chant o jingle na naglalaman ng kahulugan at mga bahagi ng blog.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hatiin ang klase sa maliliit na grupo. • Bigyan sila ng mga salitang: Blog, Title, Content, Comment, Share • Bigyan ng 3 minuto upang makabuo ng chant o jingle. • Ipapresenta ito sa klase. <p><i>PPST Domain 1, Strand 1.3 – Application of teaching strategies that develop learners’ active participation, creativity, and higher-order thinking skills.</i></p>
--	--	---

<p>C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</p>	<p>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon</p> <p>Opsiyon A: PAGTUKLAS AT PAGGALANG SA KULTURA</p> <p>Panuto:</p> <ol style="list-style-type: none"> Pumili ng isang bansa (hal. Japan, India, Korea, Saudi Arabia, France, atbp.). Suriin ang kanilang kultura, tradisyon, at kaugalian. Ihambing ito sa kulturang Pilipino. Gamit ang Venn Diagram paghambing ang kultura ng mga bansa. <ul style="list-style-type: none"> Pangalan ng bansa at kultura Natatanging kaugalian Pagkakaiba sa kulturang Pilipino Paraan ng paggalang sa kulturang ito Personal na repleksyon 	<p>Para sa Opsiyon A: PAGTUKLAS AT PAGGALANG SA KULTURA</p> <p>Ang <i>Culture Choice</i> ay isang performance-based na gawain na naglalayong linangin ang kamalayan, pag-unawa, at paggalang ng mga mag-aaral sa iba't ibang kultura sa buong mundo sa pamamagitan ng pagsusuri at paghahambing nito sa kulturang Pilipino. Sa gawaing ito, inaasahang makabubuo ang mga mag-aaral ng isang mini blog na naglalarawan ng natatanging kaugalian ng napiling bansa, ang pagkakaiba nito sa kulturang Pilipino, at mga angkop na paraan ng pagpapakita ng respeto sa naturang kultura.</p> <p>Ang gawaing ito ay nagtataguyod ng global awareness, cultural sensitivity, at critical thinking habang hinuhubog din ang kasanayan sa pagsulat at pagpapahayag ng idea sa isang blog format.</p> <p>PPST Domain 1, Strand 1.1 & 1.6 – Pagpapakita ng paggalang sa diversity at paggamit ng culturally responsive teaching</p>
---	---	--

	<p style="text-align: center;">“Paggalang sa Kultura: Tulay ng Pagkakaisa ng mga Bansa”</p> <p>Ang kultura ay repleksyon ng pagkakakilanlan ng isang bansa—ito ang kabuuan ng kanilang tradisyon, paniniwala, wika, at pamumuhay. Sa isang mundong mabilis magbago at nagiging mas konektado, mas nagiging mahalaga ang pagrespeto sa karapatan ng bawat kultura. Ang paggalang sa kultura ng iba ay hindi lamang simpleng asal, kundi isang paraan ng pagkilala sa kanilang dignidad bilang tao at bilang lahi.</p> <p>Pag-unawa bilang Simula: Ang pagrespeto sa kultura ay maaaring simulan sa pag-unawa. Halimbawa, sa bansang Japan, mahalaga ang bowing bilang tanda ng paggalang sa pagbati at pasasalamat. Sa India, ginagamit ang Namaste na may pagsasama ng palad bilang simbolo ng restepeto at espiritwal pagkilala sa kapwa. Sa South Korea, mahalaga ang tamang pagyuko lalo na sa nakatatanda bilang bahagi ng kanilang Confucian values. Sa Middle Eastern countries, ang konserbatibong pananamit at paggalang sa relihiyosong paniniwala ay mahalagang aspeto ng kanilang kultura.</p> <p>Bilang mga Pilipino, mahalaga rin ang ating sariling tradisyon tulad ng pagmamano, pakikisama, at bayanihan. Ngunit sa pakikisalamuha sa ibang lahi, kinakailangan nating maging bukas-isip, maingat sa ating salita, at sensitibo sa kanilang paniniwala at gawi.</p> <p>Ang ilang paraan upang respetuhin ang ibang kultura ay:</p> <ul style="list-style-type: none">  • Pag-aaral ng kanilang wika at tradisyon  • Pag-iwas sa diskriminasyon at stereotyping  • Paggalang sa kanilang paniniwala at relihiyon  • Pagiging sensitibo sa kanilang kaugalian at batas  • Pagtanggap sa pagkakaiba-iba bilang normal at mahalaga 	<p><i>strategies upang mapaunlad ang global awareness ng mga mag-aaral.</i></p>
	<p>Opsiyon B: BLOGTUKLAS: Boses ng Kultura, Tinig ng Lipunan</p> <p>Panuto: Hahatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang Blog Card na naglalaman ng maikling sipi mula sa isang blog tungkol sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Katutubong kultura • Pamanang kultural • Isyung panlipunan • Tradisyon at kaugalian <p>Babasahin at susuriin ng mga mag-aaral ang nilalaman. Pagkatapos, sasagutin ang mga sumusunod na tanong sa manila paper:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang pangunahing paksa ng blog? 	<p>Para sa Opsiyon B:</p> <p>Ang <i>BlogTuklas: Boses ng Kultura, Tinig ng Lipunan</i> ay isang interaktibong gawain kung saan susuriin ng mga mag-aaral ang iba't ibang blog excerpts o screenshots na tumatalakay sa kultura, tradisyon, at mga isyung panlipunan. Sa pamamagitan ng collaborative analysis at gallery walk, matutuklasan nila kung paano nagiging mabisang plataporma ang blog sa</p>

	<p>2. Anong kultura, tradisyon, o isyung panlipunan ang ipinapakita nito?</p> <p>3. Paano nakatutulong ang blog upang maipahayag at mapanatili ang pagkakakilanlan ng isang pangkat o komunidad?</p> <p>4. Bakit mahalagang magkaroon ng blog tungkol sa ganitong paksa?</p> <p>☐ Ipapaskil ng bawat pangkat ang kanilang output.</p> <p>☐ Isasagawa ang Gallery Walk kung saan iikot ang mga mag-aaral upang mabasa ang output ng ibang pangkat.</p> <p>☐ Maglalagay sila ng sticky note na naglalaman ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isang bagong kaalaman • Isang tanong • Isang komento 	<p>pagpapahayag ng identidad, adbokasiya, at kamalayang panlipunan.</p> <p>Sa gawaing <i>BlogTuklas: Boses ng Kultura, Tinig ng Lipunan</i>, maghahanda ang guro ng mga sipi o screenshot mula sa mga blog na tumatalakay sa iba't ibang aspekto ng kulturang Pilipino at mga isyung panlipunan. Hahatiin ang klase sa mga pangkat at bibigyan ng pagkakataong suriin ang kanilang nakatalagang blog excerpt gamit ang mga gabay na tanong. Pagkatapos ng talakayan, magsasagawa ng Gallery Walk upang maibahagi at maikumpara ang mga natuklasan ng bawat pangkat. Sa pamamagitan ng kolaboratibong pagkatuto at pagsusuri, mauunawaan ng mga mag-aaral kung paano nagsisilbing makapangyarihang midyum ang blog sa pagpapahayag ng katutubong pagkakakilanlan, pagpapanatili ng pamanang kultural, at pagpapalaganap ng kamalayang panlipunan.</p> <p>PPST Domain 1, Strand 1.3</p>
--	--	--

		<p><i>“Paglalapat ng mga estratehiya sa pagtuturo na nagpapalawak ng literacy skills, critical thinking skills, at higher-order thinking skills.”</i> Natutugunan ito dahil ang mga mag-aaral ay nagsusuri, nagbibigay-kahulugan, at nag-uugnay ng impormasyon mula sa mga blog patungo sa mas malawak na usapin ng kultura at lipunan.</p>
	<p>2. Paglalahat Opsiyon A: DIGITAL SCAVENGER HUNT</p> <p>Mga halimbawa ng Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> • The Poor Traveler • YugaTech • Rappler <p><i>Panuto:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Gamit ang Cellphone o anomang device, hanapin ang mga blog mula sa ibinigay na websites. 2. Sagutin ang sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang paksa ng blog? <hr/><hr/><hr/> • Anong uri ng blog ito? <hr/><hr/><hr/> 	<p>Para sa Opsiyon A: DIGITAL SCAVENGER HUNT</p> <p><i>Ang Blog Quest: Digital Scavenger Hunt</i> ay isang collaborative at technology-based na gawain kung saan ang mga mag-aaral ay gagamit ng internet-enabled devices upang hanapin, suriin, at ikonekta ang impormasyon mula sa iba’t ibang blog sites tulad ng <u>The Poor Traveler</u>, <u>YugaTech</u>, <u>Panlasang Pinoy</u>, at iba pa upang makabuo ng pag-unawa sa konsepto at uri ng blog. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang aktibong pagkatuto at digital literacy habang hinahanap nila ang mga hinihinging impormasyon.</p>

	<ul style="list-style-type: none"> Ano ang natutuhan ninyo? <hr/> <hr/> <hr/> <p>3. Pumili ng isang blog at i-share sa klase ang inyong natuklasan.</p> <hr/> <hr/> <hr/> <p>4. Gumamit ng malinaw at organisadong presentasyon.</p> <hr/> <hr/> <hr/>	<p>Gagawin ito ng guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay na tanong at task cards, paghahati ng klase sa grupo, at pagbibigay ng malinaw na oras upang magsagawa ng online scavenger hunt. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa responsible digital use at pag-aanalisa ng impormasyon habang pinapakita ang outputs sa klase.</p> <p>Ang aktibidad ay nakabatay sa Experiential Learning Theory ni Kolb, kung saan natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktwal na karanasan, paggalugad, at refleksyon gamit ang digital resources.</p> <p><i>PPST Domain 2, Strand 2.6 – Use of ICT to facilitate teaching and learning</i></p>
	<p>Opsiyon B: MY BLOG DIGEST JOURNAL</p> <p>Panuto:</p> <ol style="list-style-type: none"> Pumili ng isang blog mula sa listahan. Basahin at unawain ang nilalaman nito. Sagutin sa journal: <ul style="list-style-type: none"> Ano ang paksa ng blog? Ano ang mga pangunahing idea? Ano ang natutunan mo? 	<p>Para sa Opsiyon B: MY BLOG DIGEST JOURNAL</p> <p>Ang <i>My Blog Digest Journal</i> ay isang individual learning activity kung saan ang bawat mag-aaral ay magbabasa ng isang piling blog at magsusulat ng maikling journal na naglalaman ng buod,</p>

	<p>○ Paano mo ito magagamit sa araw-araw?</p> <p>4. Sumulat ng 1–2 talatang journal reflection.</p> <p>Mungkahing Blog sites</p> <ul style="list-style-type: none"> • TeacherPH • Entrepreneur Philippines • Project Vanity 	<p>natutunan, at personal na reaksiyon. Layunin nitong mapaunlad ang reading comprehension, critical thinking, at reflective writing skills ng mga mag-aaral.</p> <p>Gagawin ito ng guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng listahan ng mga blog sites, pagbibigay ng gabay na tanong, at pagpapaliwanag ng pamantayan sa pagsulat. Ang guro ay magsisilbing facilitator habang ang mag-aaral ay malayang nag-aanalisa at nagsusulat ng kanilang journal output.</p> <p>Ang gawain ay nakaangkla sa Constructivist Theory ni Jean Piaget, kung saan ang mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan batay sa kanilang sariling pag-unawa at karanasan sa binasang teksto.</p> <p><i>PPST Domain 1, Strand 1.4 – Development of higher-order thinking skills through reading and writing activities</i></p>
--	---	---

	<div>3. Pagtataya</div> <div>Opsiyon A: COMMUNITY INNOVATION ADVOCACY PITCH</div>	<div>Para sa Opsiyon A: COMMUNITY INNOVATION ADVOCACY PITCH</div> <div>Ang Integrated Performance Task (IPT) na ito ay isang mabisang kagamitan para sa guro upang masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral. Gagamitin ito ng guro sa pamamagitan ng paggabay sa mga mag-aaral sa bawat hakbang ng pagbuo ng proyekto, mula sa pagsusuri ng suliranin hanggang sa paglalahad ng pitch. Maglalaan ang guro ng mga rubrik batay sa mga pamantayan tulad ng katumpakan sa sukat at epektibong komunikasyon.</div> <div>Lantad sa gawaing ito ang Experiential Learning dahil ang sitwasyon ay hango sa totoong hamon sa kanilang barangay. Nililinang din ang Social Constructivism sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pangkat at pakikipag-ugnayan sa komunidad.</div> <div>Natuhog ng gawaing ito ang Indicator 1.1.2 Kuhang-kuha</div>				
	<table><tr><td>Goal :</td><td><ul style="list-style-type: none">• Pagbuo at paglalahad ng isang Community Innovation Advocacy Pitch na nagmumungkahi ng prototipong solusyon sa suliraning may kaugnayan sa kalamidad na nararanasan ng barangay.• Paglikha ng isang mungkahing solusyon na tumutugon sa suliraning pangkalamidad habang isinasaalang-alang ang heograpiya, kultura, karanasan, umiiral na mga gawain, at pangangailangan ng komunidad.• Paglalapat ng kasanayan sa paggamit ng iskala sa pamamagitan ng pagsukat, conversion, proporsyon, pagbuo ng sketch, blueprint, diagram, at layout.• Pagsusuri sa iminungkahing inobasyon batay sa pagiging praktikal, kaligtasan, pagiging abot-kaya, at kaangkupan sa pangangailangan ng barangay.• Pagpapakita ng kasanayan sa matematikal na pangangatwiran, paglalapat ng mga konsepto sa Pisika, komunikasyon, adbokasiya, at kamalayang panlipunan at pangkultura.• Pagbibigay-katwiran sa mga desisyong pangdisenyo kaugnay ng espasyo, iskala, badyet, materyales, bilang ng mga makikinabang, at kalagayan ng komunidad.• Paglalahad ng isang adbokasiya na may malinaw na panawagan sa pagkilos upang hikayatin ang suporta, pagpapaunlad, pagpapatupad, o pagpopondo sa mungkahing solusyon.• Paglinang ng kamalayan sa sarili, mabisang pakikipagtulungan, responsableng pagpapasya, at kahandaan para sa pag-aaral, karera, pakikilahok sa komunidad, at mga sitwasyon sa tunay na buhay.</td></tr><tr><td>Role :</td><td>Gagampanan ng mga mag-aaral ang papel ng mga tagapagtaguyod ng inobasyon sa komunidad. Susuriin nila ang isang lokal na suliranin, magdidisenyo ng prototype, gagawa ng mga modelong may iskala, magsusuri ng gastos at posibilidad ng pagpapatupad, bubuo ng mga materyales sa komunikasyon, at maghahain ng isang advocacy pitch upang makahikayat ng suporta para sa kanilang inobasyon.</td></tr></table>	Goal :	<ul style="list-style-type: none">• Pagbuo at paglalahad ng isang Community Innovation Advocacy Pitch na nagmumungkahi ng prototipong solusyon sa suliraning may kaugnayan sa kalamidad na nararanasan ng barangay.• Paglikha ng isang mungkahing solusyon na tumutugon sa suliraning pangkalamidad habang isinasaalang-alang ang heograpiya, kultura, karanasan, umiiral na mga gawain, at pangangailangan ng komunidad.• Paglalapat ng kasanayan sa paggamit ng iskala sa pamamagitan ng pagsukat, conversion, proporsyon, pagbuo ng sketch, blueprint, diagram, at layout.• Pagsusuri sa iminungkahing inobasyon batay sa pagiging praktikal, kaligtasan, pagiging abot-kaya, at kaangkupan sa pangangailangan ng barangay.• Pagpapakita ng kasanayan sa matematikal na pangangatwiran, paglalapat ng mga konsepto sa Pisika, komunikasyon, adbokasiya, at kamalayang panlipunan at pangkultura.• Pagbibigay-katwiran sa mga desisyong pangdisenyo kaugnay ng espasyo, iskala, badyet, materyales, bilang ng mga makikinabang, at kalagayan ng komunidad.• Paglalahad ng isang adbokasiya na may malinaw na panawagan sa pagkilos upang hikayatin ang suporta, pagpapaunlad, pagpapatupad, o pagpopondo sa mungkahing solusyon.• Paglinang ng kamalayan sa sarili, mabisang pakikipagtulungan, responsableng pagpapasya, at kahandaan para sa pag-aaral, karera, pakikilahok sa komunidad, at mga sitwasyon sa tunay na buhay.	Role :	Gagampanan ng mga mag-aaral ang papel ng mga tagapagtaguyod ng inobasyon sa komunidad. Susuriin nila ang isang lokal na suliranin, magdidisenyo ng prototype, gagawa ng mga modelong may iskala, magsusuri ng gastos at posibilidad ng pagpapatupad, bubuo ng mga materyales sa komunikasyon, at maghahain ng isang advocacy pitch upang makahikayat ng suporta para sa kanilang inobasyon.	
Goal :	<ul style="list-style-type: none">• Pagbuo at paglalahad ng isang Community Innovation Advocacy Pitch na nagmumungkahi ng prototipong solusyon sa suliraning may kaugnayan sa kalamidad na nararanasan ng barangay.• Paglikha ng isang mungkahing solusyon na tumutugon sa suliraning pangkalamidad habang isinasaalang-alang ang heograpiya, kultura, karanasan, umiiral na mga gawain, at pangangailangan ng komunidad.• Paglalapat ng kasanayan sa paggamit ng iskala sa pamamagitan ng pagsukat, conversion, proporsyon, pagbuo ng sketch, blueprint, diagram, at layout.• Pagsusuri sa iminungkahing inobasyon batay sa pagiging praktikal, kaligtasan, pagiging abot-kaya, at kaangkupan sa pangangailangan ng barangay.• Pagpapakita ng kasanayan sa matematikal na pangangatwiran, paglalapat ng mga konsepto sa Pisika, komunikasyon, adbokasiya, at kamalayang panlipunan at pangkultura.• Pagbibigay-katwiran sa mga desisyong pangdisenyo kaugnay ng espasyo, iskala, badyet, materyales, bilang ng mga makikinabang, at kalagayan ng komunidad.• Paglalahad ng isang adbokasiya na may malinaw na panawagan sa pagkilos upang hikayatin ang suporta, pagpapaunlad, pagpapatupad, o pagpopondo sa mungkahing solusyon.• Paglinang ng kamalayan sa sarili, mabisang pakikipagtulungan, responsableng pagpapasya, at kahandaan para sa pag-aaral, karera, pakikilahok sa komunidad, at mga sitwasyon sa tunay na buhay.					
Role :	Gagampanan ng mga mag-aaral ang papel ng mga tagapagtaguyod ng inobasyon sa komunidad. Susuriin nila ang isang lokal na suliranin, magdidisenyo ng prototype, gagawa ng mga modelong may iskala, magsusuri ng gastos at posibilidad ng pagpapatupad, bubuo ng mga materyales sa komunikasyon, at maghahain ng isang advocacy pitch upang makahikayat ng suporta para sa kanilang inobasyon.					

	Audience :	Ang mga target na tagapakinig ay kinabibilangan ng mga guro mula sa iba't ibang asignatura, mga inimbitahang stakeholder gaya ng mga opisyal ng barangay at SK, mga lider ng komunidad, at mga kamag-aral.	ito sa gawain dahil pinag-uusap at pinag-iisa nito ang iba't ibang asignatura gaya ng Matematika (pagsukat, conversion, iskala), Pisika (mga konsepto sa disenyo), at Filipino/Komunikasyon (pagsulat ng ulat at advocacy pitch).
	Situation :	Ang barangay ay nahaharap sa mga suliraning may kaugnayan sa kalamidad gaya ng pagbaha, storm surge, pagguho ng lupa, tagtuyot, kakulangan sa tubig, hindi maayos na evacuation center, at iba pang hamong nakaaapekto sa kaligtasan at kabuhayan ng mga mamamayan. Bilang pangkat ng mga tagapagtaguyod ng inobasyon, kinakailangan ninyong bumuo ng isang praktikal at napapanatiling solusyon gamit ang mga konsepto sa Pisika, pagsukat, conversion, at iskala habang isinasaalang-alang ang kultura, heograpiya, at pangangailangan ng komunidad.	
	Product/ Performance :	Ang pangunahing output ay isang Community Innovation Advocacy Pitch na susupportahan ng isang Advocacy Brochure. Mga katibayan ng pagkatuto: <ul style="list-style-type: none"> • Prototype Development Plan • Prototype Adaptability Plan • Feasibility and Comparison Report • Advocacy Brochure • Advocacy Pitch • Individual Monitoring Sheet at Work Gallery • Reflection Guide 	
	Standards :	Ang pagtataya ay nakabatay sa: <ul style="list-style-type: none"> • Pag-unawa sa konteksto ng komunidad at pagiging sensitibo sa aspektong sosyo-kultural • Wastong paglalapat ng mga konsepto sa Pisika • Katumpakan sa pagsukat, conversion, iskala, at representasyon • Epektibong komunikasyon at adbokasiya • Mabisang kolaborasyon at positibong ugnayan • Integrasyon ng iba't ibang larangan ng pagkatuto <p>Ituturing na matagumpay ang gawain kung makalilikha ang mga mag-aaral ng isang makabuluhan, makatotohanan, at ebidensiyang nakabatay na inobasyon na tumutugon sa pangangailangan ng komunidad at maipagtatanggol ito sa pamamagitan ng malinaw at mapanghikayat na presentasyon.</p>	

	<p>3. Pagtataya Opsiya B: BLOGBOKASIYA BLOGBOKASIYA: “Healthy Me, Stronger We” – Pagsulat ng Blog para sa Health Awareness Makabuo ng isang blog post na tumatalakay sa kahalagahan ng kalusugan gamit ang kaalaman mula sa iba’t ibang asignatura: General Biology, General Mathematics, PKLP (Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino), at Life and Career Skills.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Gumawa ng isang blog post na may pamagat na may kaugnayan sa kalusugan (hal. <i>“Healthy Lifestyle: Susi sa Mas Mahabang Buhay”</i>). 2. Ang blog ay dapat may sumusunod na bahagi: <ul style="list-style-type: none"> • kahalagahan ng kalusugan • paliwanag sa katawan at epekto ng healthy/unhealthy habits • simpleng datos (hal. calorie intake, exercise minutes, survey results) • epekto ng kalusugan sa lipunan at komunidad • personal na plano para sa healthy lifestyle • sariling paninindigan 3. Maaaring isulat ito sa printed form o digital blog format (Word/Google Docs/Blog platform). 4. Isumite sa itinakdang araw. 	<p>Para sa Opsiya A: Sa implementasyon ng <i>Blogbokasiya</i>, ang guro ay magsisimula sa pagtalakay ng konsepto ng kalusugan bilang isang multidisiplinaryong paksa gamit ang guided questioning at real-life scenarios upang maiugnay ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral, pagkatapos ay magbibigay ng structured task kung saan ang mga mag-aaral ay gagawa ng blog na may integrasyon ng GenBio concepts (hal. body systems at health processes), GenMath (hal. statistics o health data interpretation), PKLP (hal. epekto ng kalusugan sa lipunan at komunidad), at Life and Career Skills (hal. self-management at healthy habits). Ang gawain ay nakaangkla sa Constructivist Learning Theory kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman mula sa interdisiplinaryong karanasan, at tumutugon sa PPST Domain 1, Strand 1.6 na nakatuon sa paggamit ng interdisciplinary teaching strategies upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at aplikasyon ng kaalaman.</p>
--	---	---

	BLOGBOKASIYA: “Healthy Me, Stronger We”					Tinutugunan ng gawaing ito ang hinimay na kasanayang: <i>Nakabubuo ang mag-aaral ng isang makabuluhang blog content na malikhain, organisado, at nakahihikayat upang ipakita at maipaglaban ang kultural na identidad at adbokasiyang panlipunan.</i>
	Pamantayan	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 Nangangailang an ng Pagsasanay	
	Integrasyon ng Nilalaman (4 na Assignatura)	Kumpleto, malinaw, at mahusay ang pagsasama ng GenBio, GenMath, PKLP, at Life & Career Skills.	Karamihan sa mga asignatura ay naipakita nang maayos.	May isa hanggang dalawang asignatura lamang ang malinaw na naipakita.	Walang malinaw na integrasyon ng mga asignatura.	
	Katumpakan ng Konsepto	Lahat ng konsepto ay tama, angkop, at batay sa aralin.	Karamihan ay tama ngunit may kaunting pagkakamali.	May ilang maling konsepto o hindi malinaw na paliwanag.	Hindi tama o hindi akma ang nilalaman.	
	Kreatibidad at Presentasyon	Lubos na malikhain, orihinal, at mahusay ang pagkakabuo ng blog.	Malikhain ngunit may ilang simpleng bahagi.	Limitado ang kreatibidad at presentasyon.	Hindi maayos at kulang sa kreatibidad ang output.	
	Kritikal na Pag-iisip	Malalim, makabuluhan, at mahusay ang pagsusuri at ugnayan ng idea.	May sapat na pagsusuri at pag-unawa.	Limitado ang pagsusuri at paliwanag.	Walang malinaw na pagsusuri o pag-unawa.	
	Organisasyon at Linaw	Napakaayos, lohikal, at madaling maunawaan ang blog.	Maayos ngunit may kaunting kalituhan.	Hindi gaanong organisado at may kalituhan.	Magulo at mahirap unawain ang output.	

	<p>Opsiyon C: CULTURE CONNECT BLOG: Respeto sa Kultura, Tulay ng Pagkakaisa Gagawa ang mga mag-aaral ng isang Culture Connect Blog na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, tradisyon, at pagkakakilanlan ng iba’t ibang pangkat ng tao.</p> <p>Panuto:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Gumawa ng isang blog na may pamagat na may kaugnayan sa pagrespeto sa kultura (hal. <i>“Iba-iba Man, Isa ang Layunin: Pagkakaisa sa Kultura”</i>). 2. Ang blog ay dapat may sumusunod na bahagi: <ul style="list-style-type: none"> • kahulugan ng kultura at respeto • pagkakaiba-iba ng lahi at pisikal na katangian ng tao • simpleng datos tungkol sa cultural diversity (hal. bilang ng pangkat etniko o survey) • kultura at tradisyon ng Pilipino at kahalagahan nito • paano magpakita ng respeto sa kultura sa araw-araw • Konklusyon – sariling pananaw sa paksa 3. Maaaring isulat sa papel o digital format (Word/Google Docs/blog platform). 4. Isumite sa itinakdang oras. 	<p>Para sa Opsiyon C: Sa pagsasagawa ng <i>Culture Connect Blog</i>, ang guro ay magsisimula sa pagtalakay ng konsepto ng kultura gamit ang larawan, video clips, at guided questioning upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral, kasunod nito ay ipapaliwanag ang performance task kung saan gagawa ang mga mag-aaral ng blog na tumatalakay sa kahalagahan ng pagrespeto sa kultura na may integrasyon ng GenBio (pagkakaiba-iba ng tao at lahi), GenMath (pagsusuri ng datos tulad ng population diversity o cultural statistics), PKLP (kultura at lipunang Pilipino), at Life and Career Skills (pakikisalamuha, respeto, at pakikipag-ugnayan sa iba).</p> <p>Ang gawaing ito ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kahulugan mula sa sariling karanasan at pananaw.</p> <p>Tumutugon sa PPST Domain 1, Strand 1.6 na nakatuon sa</p>
--	--	--

		interdisciplinary teaching upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba.
	<p>4. Karagdagang Gawain</p> <p>Opsiyon A: CABBAGE RELAY: BLOG-TUKLASAN SA LOOB NG REPOLYO!</p> <p>Panuto:</p> <ul style="list-style-type: none"> ☐ Bumuo ng isang malaking bilog kasama ang klase. ☐ Ipasa ang cabbage habang tumutugtog ang musika. ☐ Kapag tumigil ang musika at ikaw ang may hawak ng cabbage: <ul style="list-style-type: none"> • Kumuha ng isang dahon. • Basahin nang malakas ang tanong. • Sagutin ito sa loob ng 15 segundo. ☐ Makinig at makilahok sa bawat round. ☐ Sikaping makakuha ng pinakamaraming puntos. <p>MGA HALIMBAWANG TANONG SA DAHON NG CABBAGE</p> <p>Kahulugan ng Blog</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang ibig sabihin ng blog? 2. Ano ang pagkakaiba ng blog at vlog? 3. Bakit tinatawag na blog? 4. Magbigay ng dalawang uri ng blog. 5. Ano ang Travel blog? 6. Ano ang Educational blog? 7. Ano ang unang hakbang sa paggawa ng blog? 8. Bakit mahalaga ang paggawa ng script bago mag-blog? 9. Ano ang kahalagahan ng target audience sa blog? 10. Bakit mahalaga ang editing sa paggawa ng blog? 	<p>Para sa Opsiyon A:</p> <p>Ang <i>Cabbage Relay: Blog-Tuklasan sa Loob ng Repolyo!</i> ay isang interaktibong gawaing pampagkatuto na naglalayong linangin at masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan, uri, katangian, at paraan ng pagsulat ng vlog sa pamamagitan ng isang masaya at kolaboratibong laro. Bubuo ng malaking bilog ang klase at ipapasa ang isang improvised cabbage na binubuo ng mga dahon na may nakapaloob na mga tanong habang tumutugtog ang musika. Kapag huminto ang musika, ang mag-aaral na may hawak ng cabbage ay kukuha ng isang dahon at sasagutin ang tanong na nakasulat dito upang makakuha ng puntos.</p> <p>Ang gawaing ito ay nakabatay sa Active Learning Theory, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng paggalaw,</p>

		<p>pakikipag-ugnayan, at agarang paglalapat ng kanilang kaalaman.</p> <p>Natutugunan nito ang PPST Domain 1, Strand 1.5 na tumutukoy sa paggamit ng mga estratehiyang nagpapaunlad ng literacy skills, critical thinking, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.</p>
	<p>Opsiyon B: ICON-TO-BLOG CHALLENGE: Sundan ang Landas ng Isang Blogger</p> <p><i>Panuto:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> ☐ Suriing mabuti ang mga icon na nasa infographic. ☐ Tukuyin kung anong hakbang sa pagsulat ng blog ang kinakatawan ng bawat icon. ☐ Isulat ang inyong sagot sa Task Card. ☐ Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang bawat hakbang sa pagbuo ng isang epektibong blog. ☐ Makilahok sa talakayan at ibahagi ang inyong mga idea sa klase. ☐ Kumpletuhin ang reflection question pagkatapos ng gawain. 	<p>Para sa Opsiyon B:</p> <p>Ang Icon-to-Blog Challenge ay isang interaktibong gawain kung saan susuriin ng mga mag-aaral ang mga icon na kumakatawan sa bawat hakbang sa pagsulat ng blog at iuugnay ang mga ito sa wastong proseso ng pagbuo ng isang makabuluhang blog. Sa pamamagitan ng visual sequencing, collaborative discussion, at reflective learning, mauunawaan nila ang kahalagahan ng bawat yugto ng pagsulat mula sa pagbuo ng idea hanggang sa publikasyon at pagtanggap ng feedback, na nakaangkla sa Multimodal Learning Theory ni Richard Mayer kung saan pinagsasama ang biswal at berbal na pagkatuto upang mapalalim</p>



		<p>ang pag-unawa at memory retention ng mga mag-aaral.</p> <p><i>Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 4</i></p>
<p>VI.PAGTATAYANG PANGYUNIT (Pagtataya sa Natutuhan)</p>	<p>3. Pagtataya Opsiyon A: <i>Panuto:</i> Piliin ang pinakamainam na sagot at ipapaliwanag ang sagot ng mga mag-aaral sa isang pangungusap kung kinakailangan.</p> <p>1. Kung ihahambing ang isang personal blog at isang news blog (tulad ng Rappler), alin sa sumusunod ang HINDI angkop na pagkakaiba?</p> <p>a. Ang personal blog ay opinyon-based; ang news blog ay fact-based. b. Ang personal blog ay kronolohikal ang ayos; ang news blog ay hindi. c. Ang personal blog ay impormal ang tono; ang news blog ay pormal. d. Ang personal blog ay interaktibo; ang news blog ay hindi.</p> <p>2. Isang blogger ang sumulat ng “5 Paraan para Maging Produktibo sa Online Class.” Alin sa sumusunod ang pinakamabisang Call-to-Action (CTA) para sa kontekstong ito?</p> <p>a. “Mag-subscribe sa aking YouTube channel.” b. “I-share ang iyong paboritong tip sa comment section.” c. “Bumili ng aking productivity ebook.” d. “I-like ang aking Facebook page.”</p> <p>3. Bakit mahalaga ang “petsa ng paglathala” sa isang blog post? Pumili ng pinakamalalim na dahilan.</p> <p>a. Upang malaman ng mambabasa kung gaano na katagal ang post. b. Upang masunod ang kronolohikal na ayos ng blog. c. Upang masuri ng mambabasa ang kaugnayan at bisa ng</p>	<p>Para sa Opsiyon A: Ang pagtatayang ito (Opsiyon A) ay isang pagsusulit na may limang (5) aytem na maramihang pagpili (<i>Multiple Choice</i>) na may mataas na antas ng pag-iisip (<i>Higher-Order Thinking Skills o HOTS</i>). Layunin nitong sukatin hindi lamang ang pangkaisipang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga bahagi at uri ng blog, kundi pati na rin ang kanilang kakayahang magsuri (<i>critical analysis</i>), mag-uri (<i>differentiation</i>), at maglapat ng mga teoryang pampagkatuto (gaya ng <i>Social Constructivism</i>) sa digital na konteksto. Hinihingi rin sa gawain ang pagbibigay ng isang pangungusap na rason upang matiyak ang lalim ng pag-unawa ng mag-aaral sa kanilang napiling sagot at maiwasan ang hulaan.</p>

	<p>impormasyon sa kasalukuyang panahon.</p> <p>d. Upang makita kung sino ang unang sumulat ng paksa.</p> <p>4. Ayon sa teksto, ang blog ay “daluyan ng kultura at identidad.” Alin sa sumusunod na sitwasyon ang PINAKAMAHUSAY na halimbawa nito?</p> <p>a. Isang tech blog na nagrereview ng bagong smartphone.</p> <p>b. Isang personal blog ng isang OFW na nagkukuwento ng kanyang karanasan sa ibang bansa at pagpapanatili ng kulturang Pinoy.</p> <p>c. Isang food blog na nagluluto ng Italian pasta.</p> <p>d. Isang fashion blog na nagpapakita ng damit mula sa Paris.</p> <p>5. Sa pananaw ng Social Constructivism ni Vygotsky, alin sa sumusunod ang HINDI akma sa papel ng blog?</p> <p>a. Ang blog ay isang espasyo para sa pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng komento at diskusyon.</p> <p>b. Ang blog ay isang personal na talaan na hindi nangangailangan ng interaksyon ng iba.</p> <p>c. Ang blog ay nagsisilbing “zone of proximal development” kung saan natututo ang mambabasa sa mas eksperto.</p> <p>d. Ang blog ay nagpapahintulot ng collaborative na pagkatuto sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan.</p>	<p>SAGOT (Answer Key na may maikling paliwanag)</p> <ul style="list-style-type: none"> • d— Ang news blog ay maaari ring interaktibo (may komento, share). Hindi ito eksklusibo sa personal blog. • b— Ang CTA na “I-share ang iyong paboritong tip” ay direktang kaugnay sa paksa at naghihikayat ng interaksyon. • c— Pinakamalalim dahil sa konteksto ng pagiging napapanahon ng impormasyon; hindi lang para sa ayos. • b— Ang OFW blog na nagkukuwento ng kulturang Pinoy ay direktang nagpapakita ng “daluyan ng kultura at identidad.” • b— Ang Social Constructivism ay nakatuon sa interaksyon; ang pagsasabing “hindi nangangailangan ng interaksyon” ay salungat dito
--	--	---

	<p>Opsiyon B: BLOG CHECKPOINT: “MISSION: PASS THE BLOG ZONE!”</p> <p>Layunin</p> <p>Malagpasan ang lahat ng checkpoints sa pamamagitan ng tamang pagsagot sa mga tanong tungkol sa blog.</p> <ul style="list-style-type: none"> ☐ Makinig sa bawat tanong na ibibigay ng guro. ☐ Sagutin nang malinaw at tama ang bawat checkpoint question. ☐ Kung mali ang sagot, makinig sa paliwanag at subukang muli. ☐ Sikaping makumpleto ang lahat ng checkpoints. ☐ Kapag natapos ang lahat ng tanong, ikaw ay magiging: <p>🏆 “BLOG MASTER”</p> <p>Panuntunan ng Laro</p> <ul style="list-style-type: none"> • Dapat makapasa sa lahat ng checkpoints • Walang pwedeng lumaktaw na tanong • May instant feedback at retry chance • Target: 100% completion <p>SAMPLE CHECKPOINT QUESTIONS</p> <p>CHECKPOINT 1: Kahulugan ng Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang blog? <p>CHECKPOINT 2: Layunin ng Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang pangunahing layunin ng blog? <p>CHECKPOINT 3: Bahagi ng Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ano ang tinatawag na bahagi kung saan isinusulat ang pangunahing idea? <p>CHECKPOINT 4: Uri ng Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng isang halimbawa ng uri ng blog. <p>CHECKPOINT 5: Kahalagahan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bakit mahalaga ang blog sa komunikasyon? <p>REWARD SYSTEM</p> <ul style="list-style-type: none"> • 5/5 Passes – 🌟 Blog Master • 4/5 Passes – 👍 Skilled Blogger • 3/5 Passes – 🟦 Developing Blogger • 2 pababa – 🔄 Needs Retry Mission 	<p>Para sa Opsiyon B:</p> <p>Ang Blog Checkpoint: Mission Pass the Blog Zone ay isang formative assessment na gamified quiz activity kung saan susukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa konsepto, bahagi, uri, at layunin ng blog. Ang bawat tanong ay itinuturing na “checkpoint” na kailangang malagpasan ng mga mag-aaral upang matagumpay na makumpleto ang mission. Ang guro ay magsisilbing game master na magpapakita ng mga tanong isa-isa at magbibigay ng agarang feedback upang maitama ang mga maling sagot at mapalalim ang pagkatuto. Ang aktibidad ay nakabatay sa Behaviorist Learning Theory na nagbibigay-diin sa agarang reinforcement at mastery learning upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makakamit ang minimum learning competency bago magpatuloy sa mas mataas na antas ng aralin.</p>
--	---	--

<div>VII. PAGNINILAY</div> <div>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</div>	<table><tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr><tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr><tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr><tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr><tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr></table>	Gabay na Tanong	Sagot	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?		2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?		3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?		4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	
	Gabay na Tanong	Sagot									
	1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?										
	2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahihirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?										
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?										
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?										
	<div>1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.</div> <div></div>										
	<div>2. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.</div> <div></div>										
	<div>3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan sa aralin.</div> <div></div>										
	<div>4. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.</div> <div></div>										
<div>5. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?</div> <div></div>											
<div>6. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punong-guro at superbisor?</div> <div></div>											

